# MGA PARAAN NG PAGTUTURO

## HARVESTIME INTERNATIONAL INSTITUTE

Ang kursong ito ay bahagi ng **Harvestime International Institute,** isang programang inihanda upang mabigyang kakayahan ang mga mananampalataya tungo sa mabisang pag-aaning espirituwal.

Ang batayang paksa ng pagsasanay na ito ay ituro ang mga itinuro ni Jesus, kung paanong ang mga mangingisda, kolektor ng buwis at iba pa, ay binago Niya at naging mga mabubungang Cristiano at ang mga ito ay naghatid ng ebanghelyo sa kanilang daigdig na may kapahayagan ng kapangyarihan.

Ang manwal na ito ay isang kurso na kabilang sa ilang mga *modules* ng kurikulum na gumagabay sa mga mananampalataya mula sa paglalarawan sa isip, tungo sa pagsasagawa, pagpaparami, at pagsasangkot upang maabot ang ebanghelisasyon.

Para sa dagdag na impormasyon tungkol sa mga dagdag na mga kurso, sumulat sa:

© Harvestime International Institute

# NILALAMAN

Paano Gamitin ang Manwal na ito . . . . . . . .
I

Mga Mungkahi Para Sa Sama-samang Pag-aaral . . . . . .
II

Pambungad . . . . . . . . . . .
1

Mga Layunin ng Kurso . . . . . . . . .
2

1. Pambungad Sa Pagtuturo . . . . . . . . . .
4

2. Isang Guro Na Mula Sa Dios: Ang Misyon . . . . . . .
16

3. Isang Guro Na Mula Sa Dios: Ang Mensahe- I Bahagi . . . . .
31

4. Isang Guro Na Mula Sa Dios: Ang Mensahe- II Bahagi . . . . .
38

5. Isang Guro Na Mula Sa Dios: Mga Pamamaraan- I Bahagi . . . .
57

6. Isang Guro Na Mula Sa Dios: Mga Pamamaraan- II Bahagi . . . .
71

7. Mga Gamit Na Tulong Sa Pagtuturo . . . . . . . .
91

8. Pagsusuri Sa Mga Tagapakinig . . . . . . . . .
99

9. Pagsasaad Ng Mga Layunin . . . . . . . . .
115

10. Paghahanda Ng Aralin . . . . . . . . .
. 124

11. Pagtataya ( Evaluation ) . . . . . . . . . . 138

12. Pagpili At Pagbubuo Ng Kurikulum . . . . . . . . 145

13. Pagtuturo Sa Mga Hindi Nakakabasa At Hindi Nakakasulat . . . . 156

14. Pagsasanay Ng Guro . . . . . . . . . . 162

15. Ang Pambungad Sa Pangangaral . . . . . . . . 172

16. Paghahanda Ng Sermon . . . . . . . . . . 181

Mga Sagot Sa Pansariling Pagsusulit . . . . . . . . 199

# PAANO GAMITIN ANG MANWAL NA ITO

## PORMAT NG MANWAL

Bawat Aralin ay binubuo ng:

**Mga Layunin:** Ito ang mga layunin na dapat maabot sa pag-aaral ng kabanata. Basahin muna ang mga ito bago simulan ang aralin.

**Susing Talata:** Ang talatang ito ang nagbibigay diin sa kaisipan ng kabanata. Memoryahin ito.

**Nilalaman ng Kabanata:** Pag-aralan ang bawat seksyon. Gamitin ang iyong Biblia sa pagtingin sa mga reperensya na hindi nalimbag sa manwal.

**Pansariling-Pagsusulit:** Isagawa ang pagsusulit na ito pagkatapos pag-aralan ang kabanata. Sikaping sagutin ang mga tanong na hindi ginagamit ang Biblia o ang manwal na ito. Pag natapos na ang Pansariling-Pagsusulit, ihambing ang inyong mga sagot sa Seksyon ng mga Sagot sa dulo ng aklat.

**Para sa Dagdag na Pag-aaral:** Ang seksyon na ito ay tutulong sa iyo na ituloy ang iyong pag-aaral ng Salita ng Diyos, palaguin ang iyong kakayahang mag-aral, at iangkop ang iyong natutuhan sa buhay at ministeryo.

**Pangwakas na Pagsusulit:** Kung ang pag-enrol mo sa kursong ito ay upang makaipon ng credits, kailangang kumuha ka ng Pangwakas na Pagsusulit para sa kursong ito. Sa pagtatapos ng kursong ito, kumpletohin ang pagsusulit at ibalik ito ayon sa tagubilin upang mabigyan ng grado.

## DAGDAG NA KAILANGANG GAMIT

Kakailanganin mo ang salin sa Tagalog- Ang Biblia

I

# MGA MUNGKAHI PARA SA SAMA-SAMANG PAGAARAL

## UNANG PAGTITIPON

**Pasimula:** Magsimula sa panalangin at pagpapakilala. Magkilanlan at ilista ang mga mag-aaral.

**Ilatag ang mga Pamamaraan sa Grupo:** Tiyakin kung sino ang mangunguna sa mga pagtitipon, ang oras, ang lugar, at petsa para sa mga sesyon.

**Praise and Worship:** Anyayahan ang presensya ng Espiritu Santo sa inyong mga sesyon ng pagasasanay.

**Ipamahagi ang mga Manwal sa mga Mag-aaral:** Ipabatid ang paksa ng manwal, pormat, at mga layunin ng kurso na nakatala sa mga paunang pahina ng manwal na ito.

**Ibigay ang Unang Takdang-Aralin:** Babasahin ng mga mag-aaral ang mga itinakdang kabanata at gawin ang Pangsariling-Pagsusulit bago maganap ang unang pagtitipon. Ang

bilang ng kabanata na masasakop kada pagtitipon ay naka depende sa haba, nilalaman ng mga kabanata at kakayahan ng grupo.

## PANGALAWA AT MGA SUMUSUNOD NA MGA PAGTITIPON

**Pasimula:** Manalangin. Tanggapin at irehistro ang sinumang bagong mag-aaral at bigyan sila ng manwal. Ilista ang mga present. Magdaos ng Praise and Worship.

**Pagbabalik-Aral:** Magbigay ng maikling buod ng mga pinag-aralan sa nakaraang pagtitipon.

**Aralin:** Talakayin ang bawat seksyon ng kabanata na ginagamit ang mga **PAMAGAT NA NAKATITIK NANG MALALAKING MGA LETRA** bilang balangkas ng pagtuturo. Hayaang magtanong o mag-komentaryo ang mga mag-aaral sa kanilang mga napag-aralan na. Iangkop ang mga aralin sa buhay at mga ministeryo ng iyong mga mag-aaral.

**Pansariling-Pagsusulit:** Balikan ang Pansariling-Pagsusulit na natapos na ng mga mag-aaral. (Pansinin: Kung hindi mo nais na tingnan ng mga mag-aaral ang mga sagot sa Pansariling-Pagsusulit, maaari mong alisin ang mga pahina ng mga sagot sa dulo ng manwal.)

**Para sa Dagdag na Pag-aaral:** Maaari mong gawin ng sama-sama o isahan ang mga proyekto .

**Pangwakas na Pagsusulit:** Kung ang iyong grupo ay nag-patala para magkaroon ng credit, kailangan ang Pangwakas na Pagsusulit. Magpa-kopya para sa bawat mag-aaral at pangasiwaan ang pagsusulit sa pagtatapos ng kurso.

II

**MODULE:** Pagpaparami
**KURSO:** Mga Paraan Ng Pagtuturo

# PAMBUNGAD

Ang paksa ng kursong ito ay "*Mga Paraan Ng Pagtuturo."* "Ang Pagtuturo" ay ang pagpapabatid ng mga bagay sa isang tao. Ang pagtuturo ng Biblia ay pagbibigay ng kaalaman at pagpapakita kung paano isasagawa ang kaalamang iyon sa personal na buhay at ministeryo. Ang mga "Taktika" ay mga paraan upang maabot ang tinutudla, pakay, o layunin. Sa militar, ang paksa ng mga "taktika" ay nagtuturo sa mga sundalo kung paano sila gagamit ng mga armas upang madaig ang kaaway. Gayon din sa larangang espirituwal. Kung ating gagamitin ang mga paraan ng Dios o mga "taktika," magagapi natin ang mga kaaway na espirituwal, pati ang sanglibutan, ang laman at si Satanas kasama ang lahat ng kanyang kapangyarihan.

Sa "Mga Paraan ng Pagtuturo" matututuhan mo kung paano ang paggamit ng isang malaking sandata. Ito ang tabak ng Espiritu na siyang Salita ng Dios (Efeso 6: 17). Matututo ka ng mga paraan ng pangangaral at pagtuturo ng Salita ng Dios na ang layunin ay talunin ang kaaway. Ang ginagamit sa kursong ito ay ang Salita ng Dios, ang Banal na Biblia, na siyang kapahayagan na pinagmumulan ng lahat ng pagtuturo. Sa pagtuturo ng pamamaraan ng Biblia, ang guro, ang paksa, at ang paraan ay dapat may pagkakaisa sa Biblia.

Ang pagtuturo ay hindi lamang pagbabahagi ng doktrina o impormasyon. Dapat maranasan ng mga mag-aaral ang Dios, hindi lang makakuha ng impormasyon tungkol sa Kanya. Ang pagtuturo ay paglilipat ng buhay at paraan ng pamumuhay. Ang <u>buhay</u> na dapat ibahagi sa mga mag-aaral ay bagong buhay kay Jesuscristo sa pamamagitan ng pagkapanganak na muli (Juan 3). Ang <u>uri ng buhay</u> na ibabahagi ay buhay sa Kaharian ng Dios. Ang mga mag-aaral ay dapat maturuan kung paano mamuhay bilang mga "mamamayan" sa Kaharian, na pinag-aaralan ang mga pribilehiyo at responsabilidad ng kanilang posisyon.

Kung minsan, tayo ay nasisiyahan nang manghiram ng mga gawa ng tao ng mga sistema ng edukasyon sa halip na pinag-aaralan at isinasagawa ang ipinahayag ng Salita ng Dios patungkol sa pagtuturo. Ang kursong ito ay nagbibigay ng diin sa mensahe at mga paraan ng pagtuturo. Matututuhan mo at isasagawa mo ang mga paraan ng Guro ng mga guro, si Jesucristo. Mauunawaan mo ang gawain na gagampanan ng Dios Ama, ang Anak, at ang Espiritu Santo sa iyong pagtuturo.

Mga panuntunan ay ibinigay upang suriin ang mga nakikinig, pagsasaad ng mga layunin,

paghahanda ng aralin, paggamit ng iba't ibang mga paraan ng pagtuturo, at pagtataya (evaluate) ng iyong pagtuturo. Ang kaugnayan ng pagtuturo at pangangaral ay sinusuri at ang mga panuntunan ay ibinibigay para sa pangangaral ng mga mensaheng mula sa Biblia. Matututo ka rin na magsanay ng iba na magturo at kung paano mo ibabagay ang iyong pagtuturo sa mga taong hindi nakakabasa.

Kung kumukuha ka ng mga kurso ng Harvestime International Institute sa tamang pagkakasunud-sunod, ito ang pangalawang kurso sa Module na pinamagatang "Pagpaparami," isang module na nagdidetalye kung paano darami sa pamamagitan ng pagbabahagi sa iba ng mga espirituwal na katotohanan na natutuhan mo. Ang mga ibang kurso sa Module ay " ang *"Pananaw Sa Mundo Batay sa Biblia," "Mga Paraan ng Pagpapalago,"* at *"Mga Prinsipyo ng Kapangyarihan."*

# MGA LAYUNIN NG KURSO

Sa pagtatapos mo ng kursong ito, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

- Ipaliwanag ang pagkakaiba ng posisyon ng guro, ng kaloob ng pagtuturo, at ang utos sa lahat ng mananampalataya na magturo.
- Ibigay ang buod ng misyon at mga paraan ng Guro ng mga guro, si Jesucristo.
- Ipaliwanag ang mga gawain na gagampanan ng Ama, Anak, at Espiritu Santo sa pagtuturo.
- Gumamit ng mga paraan ng Biblia sa pagtuturo.
- Ipaliwanag ang misyon ng guro.
- Maglista ng mga katangian ng mga guro ayon sa Biblia.
- Suriin ang tagapakinig.
- Isaad ang mga layunin ng pagtuturo.
- Magturo ng isang aralin sa Biblia.
- Ipaliwanag ang kaugnayan ng pagtuturo at pangangaral.
- Mangaral ka ng isang mensahe mula sa Biblia.
- Gumawa at gumamit ng "audio-visual aids."
- Timbangin ang iyong pagtuturo at pangangaral.
- Magsanay ka ng iba na magturo.
- Mamili ka at/o gumawa ng kurikulum na mula sa Biblia.
- Ibagay ang iyong pagtuturo sa mga hindi nakakabasa.

# UNANG KABANATA

## PAMBUNGAD SA PAGTUTURO

**MGA LAYUNIN:**

Sa pagtatapos ng kabanatang ito, inaasahan na magagawa mo ang mga sumusunod:

- Tukuyin ang isang reperensiya sa Bagong Tipan na inuutusan ang mga mananampalataya na magturo.
- Ibigay ang katuturan ng mga salitang "magturo," "guro," at "pagtuturo."
- Ipaliwanag kung bakit natin kailangan ng mga guro.
- Ipaliwanag ang pagkakaiba ng guro bilang lider at ang kaloob ng pagtuturo.
- Tukuyin kung sino ang tuturuan.
- Magbigay ng dalawang pangunahing layunin ng pagtuturo.
- Maglista ng mga babala na ibinigay sa mga guro.

**SUSING MGA TALATA:**

> **Dahil dito magsiyaon nga kayo, at gawin ninyong mga alagad ang lahat ng mga bansa, na sila'y inyong bautismuhan sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo:**
>
> **Na ituro ninyo sa kanila na kanilang ganapin ang lahat ng mga bagay na iniutos Ko sa inyo: at narito, Ako'y sumasa inyong palagi, hanggang sa katapusan ng sanglibutan. (Mateo 28: 19-20)**

### PAMBUNGAD

Ikaw ba ay nakapagpaliwanag na sa ibang tao ng isang bagay na hindi niya alam? Maaaring ipinakita mo sa kanya kung paano gawin ang isang bagay. Kung gayon, nakaranas ka nang magturo.

Maaaring itinatanong mo sa iyong sarili, "Bakit ko kailangang pag-aralan ang leksiyon na ito? Bakit ako kailangang kumuha ng kurso sa "Mga Paraan ng Pagtuturo?" Sa kabanatang ito ay malalaman mo kung bakit bawat mananampalataya ay dapat matutong magturo. Malalaman mo ang kahulugan ng pagtuturo, ang mga pangunahing layunin ng pagtuturo, kung bakit kailangan ang mga guro, at sino ang dapat turuan.

Malalaman mo ang pagkakaiba ng guro bilang lider, ang kaloob ng pagtuturo, at ang pangkalahatang utos sa lahat ng mananampalataya na magturo. Malalaman mo rin ang maselang responsabilidad ng pagtuturo sa pag-aaral mo ng mga babala mula sa Biblia.

## ANG UTOS NA MAGTURO

Sa pasimula pa ng kasaysayan ng Biblia, iniutos na ng Dios sa Kanyang bayan na ituro ang Kanyang Salita:

> **At ang mga salitang ito, na Aking iniuutos sa iyo sa araw na ito, ay sasa iyong puso;**
>
> **At iyong ituturo ng buong sikap sa iyong mga anak, at iyong sasalitain tungkol sa kanila pagka ikaw ay nakaupo sa iyong bahay, at pagka ikaw ay lumalakad sa daan, at pagka ikaw ay nahihiga at pagka ikaw ay bumabangon. (Deuteronomio 6: 6-7)**

Ang pagtuturo ng Salita ng Dios ay katungkulan ng bawat mananampalataya sa panahon ng Lumang Tipan.

Pagkatapos ng Kanyang kamatayan at pagkabuhay na maguli, bago Siya bumalik sa Langit, nagbigay si Jesucristo sa Kanyang mga tagasunod ng mahahalagang tagulibin:

> **Dahil dito magsiyaon nga kayo, at gawin ninoyng mga alagad ang lahat ng mga bansa, na sila'y inyong bautismuhan sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo:**
>
> **Na ituro ninyo sa kanila na kanilang ganapin ang lahat ng mga bagay na iniutos Ko sa inyo: at narito, Ako'y sumasa inyong palagi, hanggang sa katapusan ng sanglibutan. (Mateo 28: 19-20)**

Ang bawat tagasunod ni Jesus ay inatasang magturo sa "lahat ng bansa." Dapat dalhin ang mga tao sa pagsisisi at binyagan sa pangalan ni Jesus, at turuan sila sa “lahat ng bagay” na itinuro ni Jesus.

Lahat ng naglilingkod sa Panginoon ay dapat “maalam” magturo sa iba:

> **At ang alipin ng Panginoon ay… sapat na makapagturo…(II Timoteo 2: 24)**

Lahat ng mga lumago na sa pananampalataya ay dapat nang magturo sa iba. Sinansala ni Pablo ang mga hindi pa lumalagong espirituwal at hindi nagtuturo:

> **Sapagkat nang kayo’y nararapat ng maging mga guro dahil sa kaluwatan, ay muling kayo’y nangangailangan na kayo’y turuan ninoman ng mga unang simulain ng aral ng Dios; at naging tulad sa mga nangangailangan ng gatas, at hindi ng pagkaing matigas. (Hebreo 5: 12)**

Ang mga mananampalatayang ito ay hindi pa lumalago sa kanilang buhay espirituwal kaya hindi sila makapagturo sa iba. Sila mismo ay nangangailangan ng mga unang turo (ang gatas ng Salita). Ang bawat mananampalataya ay dapat magturo. Kaya nga ang paksa ng pagtuturo ay mahalaga sa lahat ng Kristiyano.

## ANG KAHULUGAN NG PAGTUTURO

Ang ibig sabihin ng "magturo" ay magpaliwanag, ipakita, magbigay ng impormasyon, magbigay ng kaalaman, magsanay, at magpatnubay sa pag-aaral ng iba. Ang "guro" ay isa na nagtuturo. Ang "pagtuturo" ay ang pagbibigay ng paliwanag at pagsasanay sa iba.

## BAKIT KAILANGAN ANG MGA GURO?

Ang pagtuturo at pangangaral ng mga tunay na mananampalataya ang paraang pinili ng Dios upang maabot ang mga bansa ng Evangelio. Basahin ang kuwento ng isang bating (lider) sa Ethiopia sa Gawa 8: 26-40. Ang taong ito ay nasa tamang lugar na espirituwal. Siya ay nasa Jerusalem kung saan ang dakilang templo ng pagsamba ay naroon (Gawa 8:27). Naroon siya sa tamang layunin. Naparoon siya upang sumamba (Gawa 8: 27). Binabasa niya ang tamang aklat. Binabasa niya ang bahagi ng Salita ng Dios sa Isaias 53:7 (Gawa 8: 30). Subalit kailangan pa rin niya ng isang tao na tumulong sa kaniya upang maunawaan niya ito. Kailangan niya ng isang guro. Ipinadala ng Dios si Felipe upang turuan siya. Ang bating ay tumanggap sa Evangelio at napabinyag sa tubig.

Kung walang mga guro, ang mga taong hindi pa ligtas ay parang mga tupang walang pastor. Hindi nila alam kung saan paroroon:

> **At lumabas Siya at nakita ang lubhang maraming tao, at nahabag Siya sa kanila, sapagkat sila'y gaya ng mga tupa na walang pastor: at Siya'y nagpasimulang turuan sila ng maraming bagay. (Marcos 6: 34)**

Kahit ang mga mananampalataya ay nagkakaroon ng problema kung walang wastong pagtuturo. Ang sabi ng Dios ay:

> **Ang Aking bayan ay nasira dahil sa kakulangan ng kalaman…(Oseas 4:6)**

## MGA PANGUNAHING MGA LAYUNIN

Mayroong dalawang pangunahing mga layunin ng pangangaral at pagtuturong Biblikal: Panghihikayat at pagka-alagad. Ginagamit ng Dios ang mga mananampalataya na bahagi ng Kanyang Iglesia upang matupad ang mga layuning ito.

Ang Iglesia ay isang grupo ng mga tao na nakarinig at tumugon sa tawag ng Dios at nagkakaisa sa pananampalataya kay Jesucristo. Ito ay binubuo ng mga tunay na mananampalataya na nagsisi ng kanilang kasalanan at tumanggap kay Jesuscristo bilang Tagapagligtas.

Ang Iglesia lokal ay isang grupo ng mga mananampalataya na nagbuklod sa isang lugar upang tuparin ang mga layunin ng Dios sa dakong iyon. Ang bawat lokal na Iglesia ay bahagi ng tinatawag ng Bagong Tipan na Katawan ni Cristo. Ang Katawan ni Cristo ay ang Iglesia na binubuo ng mga mananampalataya ng lahat ng edad at panahon sa lahat ng dako sa sanglibutan.

Ang Iglesia ay tinawag na Katawan ni Cristo sapagkat ito ang daan kung saan matutupad ng Dios ang Kanyang mga nilalayon para sa mundo ngayon. Si Jesus ang ulo ng Iglesia. Ang mga mananampalataya ang Kanyang katawan, nagdadala ng mga layunin Niya sa lupa.

Ang pangunahing layunin ng Dios sa mundo ay inilalarawan sa aklat ng Efeso:

> **…ayon sa Kaniyang minagaling na ipinasiya Niya sa Kaniya rin:**
>
> **Sa pagiging katiwala sa kaganapan ng panahon, upang tipunin ang lahat ng mga bagay kay Cristo… (Efeso 1: 9-10)**
>
> **Na sa Kaniya'y mayroon tayo ng ating katubusan sa pamamagitan ng Kaniyang dugo, na kapatawaran ng ating mga kasalanan, ayon sa mga kayamanan ng Kaniyang biyaya. (Efeso 1:7)**

Ang layunin ng Dios ay ang bawat tao ay magkaroon ng personal na kaugnayan sa Kaniya sa pamamagitan ni Jesus. Ang Kaniyang paraan upang matupad ito ay sa pamamagitan ng Iglesia:

> **Upang ngayo'y sa <u>pamamagitan ng Iglesia</u>, ay maipakikilala sa mga pamunuan at sa mga kapangyarihan sa sangkalangitan ang kapuspusan ng karunungan ng Dios,**
>
> **Ayon sa panukalang walang hanggan na ipinanukala kay Cristo Jesus na Panginoon natin…(Efeso 3: 10-11)**

Ang bawat mananampalataya ay dapat ibahagi ang Evangelio ni Jesucristo at patnubayan ang iba sa wastong kaugnayan sa Dios. Ito ang tinatawag na "panghihikayat."

Subalit basahin mo uli ang susing talata ng kursong ito:

> **Dahil dito magsiyaon nga kayo, at <u>gawin ninyong mga alagad</u> ang lahat ng mga bansa, na sila'y inyong bautismuhan sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo:**
>
> **<u>Na ituro ninyo sa kanila na kanilang ganapin ang lahat ng mga bagay</u> na iniutos Ko sa inyo: at narito, Ako'y sumasa inyong palagi, hanggang sa katapusan ng sanglibutan. (Mateo 28: 19-20)**

Pagkatapos tanggapin ang mensahe ng Evangelio, ang mga bagong mananampalatya ay dapat maturuan ng "lahat ng bagay" na iniutos ni Jesus. Dapat nilang matutuhan kung paano mamuhay sa Kaharian ng Dios kung saan sila ay kabahagi na ngayon. Ang ganitong uri ng pagtuturo ay tinatawag na "pagka-alagad." Panghihikayat at pagka-alagad ang pangunahing layunin ng pagtuturo at pangangaral na Biblikal.

## SINO ANG DAPAT NATING TURUAN?

Dalawang pangkat ng mga tao ang dapat nating turuan:

### LAHAT NG MGA BANSA:

Dapat nating turuan ang mga hindi mananampalataya. Ang bawat tao sa bawat bansa ay dapat makarinig ng Evangelio. Nagagawa natin ito sa pamamagitan ng pangangaral at pagtuturo ng Salita ng Dios:

> **Dahil dito magsiyaon nga kayo, at gawin ninyong mga alagad ang lahat ng mga bansa, na sila'y inyong bautismuhan sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo. (Mateo 28: 19)**

### MGA TAONG TAPAT:

Dapat din nating turuan ang mga "tapat" na lalake at babae na maging mananampalataya ni Jesus…

> **Na ituro ninyo sa kanila na kanilang ganapin ang lahat ng mga bagay na iniutos Ko sa inyo: at narito, Ako'y sumasa inyong palagi, hanggang sa katapusan ng sanglibutan. (Mateo 28: 20)**

Ang mga taong ito ay dapat ipagpatuloy ang prosesong ito sa pagtuturo sa iba:

> **At ang mga bagay na iyong narinig sa akin sa gitna ng maraming saksi, ay siya mo ring ipagkatiwala sa mga taong tapat, na makapagtuturo naman sa mga iba. (II Timoteo 2: 2)**

Ang bawat taong tinuruan ay dapat magturo sa iba na magtuturo rin naman sa iba. Ito ang modelo ng patuloy na pagtuturo na nagpaparami upang lalong palaganapin ang Evangelio sa buong mundo:

> **Datapuwat ang tinuturuan sa aral ng Dios ay makidamay doon sa nagtuturo sa lahat ng mga bagay na mabuti. (Galacia 6: 6)**

## URI NG MGA GURO

Maraming uri ng mga guro sa mundo. May mga guro sa paaralang pampubliko sa lahat ng baitang, mula sa pagkabata hanggang sa kolehio. Sa bawat trabaho ay may mga guro

na makapagtuturo ng mga tanging gawain o paglilingkod. Subalit kung pinag-uusapan natin ang mga guro sa kursong ito, hindi natin pinag-uusapan ang mga guro sa sistema ng edukasyon sa mundo. Tinutukoy natin ang mga guro na inilalagay ng Dios sa Iglesia at ang gawain ng pagtuturo ng mga mananampalataya.

Natutuhan mo na ang lahat ay dapat magturo ng Evangelio [panghihikayat] at turuan ang mga bagong hikayat [pagka-alagad]. Dagdag sa pangkalahatang utos ng pagtuturo, nagbigay ang Dios sa mga mananampalataya ng tanging kaloob ng pagtuturo:

> **At ang Dios ay naglagay ng ilan sa Iglesia, una-una'y mga apostol, ikalawa'y mga propeta, ikatlo'y mga guro… (I Corinto 12: 28)**
>
> **At pinagkalooban Niya ang mga iba na maging… mga guro…(Efeso 4: 11)**

Maraming mga abilidad ang ibinigay ng Dios na tinatawag na mga "kaloob na espirituwal." Ang mga kakayahang ito ang tumutulong sa mga mananampalataya na magampanan ang layunin ng Dios sa ministeryo. May dalawang kaloob na espirituwal sa pagtuturo. Mayroong <u>posisyon ng pangunguna</u> na guro at ang <u>kaloob ng pagsasalita</u> ng pagtuturo. Ang mga ito ay may tanging kaloob ng pagbabahagi ng Salita ng Dios sa isang epektibong paraan na ang iba ay natututo at naisasagawa ang natutuhan. Ang kanilang abilidad sa pagtuturo ay higit pa sa kakayahan ng karaniwang mananampalataya para sa panghihikayat at pagka-alagad. Mayroon silang pahid at nakadarama ng "tawag" na magturo at mangaral ng Salita ng Dios.

Inilalagay ng Dios ang ilan sa kanila sa mga posisyon ng pangunguna upang bigyan ng patnubay ang mga nagaganap sa Iglesia. Ipinakikita sa Gawa 13: 1-4 ang pagiging lider ng isang guro. Ang iba any may tanging pahid ng Dios upang magturo, subalit walang posisyon ng pangunguna sa Iglesia. Nagtuturo lamang sila, hindi sila nagpapatnubay sa mga nagaganap sa Iglesia.

Hindi lahat ay may kakayahang manguna bilang guro. Hindi lahat ay may kaloob na espirituwal ng pagtuturo. Isinulat ni Pablo:

> **Lahat baga'y mga apostol? lahat baga'y mga propeta? lahat baga'y mga guro?… (I Corinto 12: 29)**

Ang sagot sa mga tanong na ito ay "Hindi." Hindi lahat ay may mga kaloob na espirituwal na ganito. Ang Katawan ni Cristo ay tulad ng katawan ng tao. Ang bawat tao ay may iba't-ibang katungkulan kung paanong ang bawat bahagi ng iyong katawan ay may iba't-ibang silbi:

> **Sapagkat kung paanong sa isang katawan ay mayroong tayong maraming mga sangkap, at ang lahat ng mga sangkap ay hindi pareho ang gawain:**
>
> **Ay gayon din tayo, na marami, ay iisang katawan kay Cristo, at mga sangkap na sama-sama sa isa't isa.**

> **At yamang may mga kaloob na nagkakaibaiba ayon sa biyaya na ibinigay sa atin…ay gamitin natin ang ating sarili sa ating ministeryo…o ang nagtuturo, ay sa kaniyang pagtuturo. ( Roma 12: 4-7)**

Mahalaga na ma-diskubre mo ang iyong kaloob na espirituwal, sapagkat kung ang buong Katawan ay gumawa ng maayos na ang bawat isa ay nasa kanyang tamang lugar, ang mga layunin ng Dios ay natutupad:

> **Na dahil sa Kaniya'y ang buong katawan na nakalapat na mabuti at nagkakalakip sa pamamagitan ng tulong ng bawat kasukasuan, ayon sa paggawang nauukol sa bawat iba't ibang sangkap, ay nagpapalaki sa katawan sa ikatitibay ng kaniyang sarili sa pagibig. (Efeso 4: 16)**

<u>Subalit tandaan:</u> Kahit wala ka nitong tanging kaloob ng pagtuturo, tinawag ng Dios ang LAHAT ng mananampalataya na magturo ng Evangelio sa lahat ng bansa sa panghihikayat at sa pagsasanay ng mga bagong hikayat sa proseso ng pagka-alagad.

## ANO ANG ITUTURO?

Ang Salita ng Dios ang awtoridad na pinagbabatayan ng lahat ng pagtuturo sa Biblia. Ang buong kapahayagan ng Salita ng Dios ay dapat ituro. Kapag nagturo ka ng Salita ng Dios hindi lamang doktrina o impormasyon ang dapat ituro. Dapat mong ibahagi ang buhay at ang paraan ng pamumuhay. Ibinabahagi mo ang buhay ni Jesus at sinisikap na madala ang lahat ng tao sa tamang relasyon sa Kanya. Itinuturo mo ang paraan ng pamumuhay sa Kaharian ng Dios na kung saan ang mga bagong mananampalataya ay kabahagi. Maaaring gumamit ng iba't ibang aklat sa pagtuturo, subalit ang mga ito ay dapat tugma sa Salita ng Dios.

Sa mga susunod na aralin ay matututuhan mo ang detalye ng nilalaman ng pagtuturo ng Biblia sa pag-aaral mo ng mga itinuro ni Jesus at ng mga lider ng unang Iglesia pagbalik Niya sa Langit.

## MGA BABALA

May tatlong babala mula sa Biblia na ibinigay ang Dios tungkol sa pagtuturo:

### ANG PAGTUTURO AY BATAY SA SALITA NG DIOS, HINDI SA MGA DOKTRINA NG MGA TAO:

> **Datapuwat walang kabuluhan ang pagsamba nila sa Akin, na nagtuturo ng kanilang pinakaaral ng mga utos ng mga tao. ( Marcos 7: 7)**

Ang pagtuturo ng mga batas ng tao, mga utos, at mga doktrina ay "walang kabuluhan." Ang ibig sabihin nito ay hindi ito magtatagumpay at walang buting magagawa. Ang pagtuturong maka-Biblia ay hindi batay sa talino ng tao:

**Na ang mga bagay na ito ay atin namang sinasalita, hindi sa mga salitang itinuturo ng karunungan ng tao, kundi sa itinuturo ng Espiritu; na iniwawangis natin ang mga bagay na ayon sa espiritu sa mga pananalitang ayon sa espiritu. ( I Corinto 2: 13)**

Sa karunungan ng Dios ay natutupad ang Kanyang mga layunin sa buhay ng mga tinuturuan:

**…Si Cristo na nasa inyo, na pagasa ninyo sa kaluwalhatian:**

**Na Siya naming inihahayag, na pinaaalalahanan ang bawat tao at tinuturuan ang bawat tao, sa buong karunungan, upang maiharap naming sakdal kay Cristo ang bawat tao. (Colosas 1: 27-28)**

## DAPAT IPAMUHAY NG MGA GURO ANG KANILANG ITINUTURO:

**Ikaw nga na nagtuturo sa iba, hindi mo tinuturuan ang iyong sarili? Ikaw na nangangaral sa tao na huwag magnanakaw, ay nagnanakaw ka?**

**Ikaw na nagsasabing ang tao ay huwag mangalunya, ay nangangalunya ka? Ikaw na nasusuklam sa mga diosdiosan, ay nanakawan mo ang mga templo? (Roma 2: 21-22) (Tingnan din ang Mateo 5: 19)**

Ang mga guro ay dapat ipamuhay ang kanilang itinuturo sapagkat sila ay hahatulan ayon sa kanilang itinuro:

**Huwag maging guro ang marami sa inyo, mga kapatid ko, yamang nalalamang tayo'y tatanggap ng lalong mabigat na hatol. (Santiago 3: 1)**

Ang mga guro ay dapat may kaalaman sa Salita ng Dios ayon sa kanyang karanasan. Ibig sabihin nito ay dapat nilang maunawaan sa pamamagitan ng karanasan (hindi lang kaalaman sa isip) kung ano ang kanilang itinuturo. Sinabi ni Pablo ang tungkol sa…

**Na nagsisipagnasang maging guro ng kautusan, bagaman hindi nila natatalastas kahit ang kanilang sinasabi, kahit ang kanilang buong tiwalang pinatutunayan. (I Timoteo 1: 7)**

Ang pagkaunawa ay dumarating sa karanasan at sa pagsasagawa mo ng Salita ng Dios sa iyong sariling buhay.

## MAGKAKAROON NG MGA BULAANG MGA GURO:

**Ngunit may nagsilitaw din naman sa bayan na mga bulaang propeta, na gaya naman sa inyo'y magkakaroon ng mga bulaang guro, na mangagpapasok sa lihim ng mga makakapahamak na mga hidwang pananampalataya, na**

> **itatatuwa pati ang Panginoon na bumili sa kanila, na mangagtataglay sa kanilang sarili ng madaling pagkapahamak. ( II Pedro 2: 1)**

Ang iba sa mga bulaang gurong ito ay makahahalina ng malalaking pulutong ng mga tao sapagkat ang sasabihin nila ay iyong gustong marinig ng mga tao.

> **Sapagkat darating ang panahon na hindi nila titiisin ang magaling na aral; kundi, pagkakaroon nila ng kati ng tainga, ay magsisipagbunton sila sa kanilang sarili ng mga gurong ayon sa kanilang sariling mga masasamang pita;**
>
> **At ihihiwalay sa katotohanan ang kanilang mga tainga, at mga ibabaling sa katha. (II Timoteo 4: 3-4 )**

Maraming mga bulaang mga guro ang magkakaroon ng maling motibo. Magtuturo sila para sa pakinabang na pinansiyal:

> **Na ang kanilang mga bibig ay nararapat matikom; mga taong nagsisipanggulo sa buong mga sangbahayan, na nangagtuturo ng mga bagay na di nararapat, dahil sa mahalay na kapakinabangan. ( Tito 1: 11)**

Hindi mo dapat tanggapin ang mga doktrina ng mga bulaang guro:

> **Datapuwat kahima't kami, o isang anghel na mula sa Langit, ang mangaral sa inyo ng anomang evangelio na iba sa aming ipinangangaral sa inyo, ay matakuwil.**
>
> **Ayon sa aming sinabi nang una, ay muling gayon ang aking sinasabi ngayon, Kung ang sinoman ay mangaral sa inyo ng anomang evangelio na iba kay sa inyong tinanggap na, ay matakuwil. (Galacia 1: 8-9)**

# PANSARILING PAGSUSULIT

1.Isulat ang Susing Mga Talata na kinabisa mo.

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

2. Maglista ka ng reperensiya sa Bagong Tipan na nag-uutos sa mga mananampalataya na magturo. ______________________________

3. Ibigay ang kahulugan ng mga salitang ito:

Magturo:_______________________________________________________________

Guro: __________________________________________________________________

Pagtuturo: ______________________________________________________________

4. Bakit natin kailangan ang mga guro?

______________________________________________________________________

5. Ibigay ang pagkakaiba ng guro bilang lider at ang kaloob ng pagtuturo.

_____________________________________________________________________

6. Ang pangungusap bang ito ay tama o mali? “Hindi lahat ng mananampalataya ay may kaloob o posisyon ng pagtuturo, subalit lahat ng mananampalataya ay dapat magturo.” Ang pangungusap ay ___________________.

7. Sino ang dapat nating turuan? _____________________________________________

8. Anu-ano ang dalawang pangunahing layunin ng pagtuturong Biblikal?

________________________________ at ____________________________________

9. Maglista ng tatlong mga babala mula sa Biblia na tinalakay sa araling ito.

______________________________ _____________________________________

_____________________________________

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nasa katapusan ng huling kabanata ng manwal na ito.)

# PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

1. Ang II Pedro kabanata 2 at ang aklat ni Judas ay naglista ng mga personal na katangian kung paano natin makikilala ang mga bulaang guro.

2. Kung hindi mo alam kung ano ang kaloob na espirituwal na ibinigay sa iyo ng Dios, basahin mo ito sa Harvestime International Institute na kursong pinamagatang, "*Ang Ministeryo ng Espiritu Santo."* Matutulungan kang diskubrihin ang iyong espirituwal na kaloob.

3. Ang kurso ng Harvestime International Institute na pinamagatang, "*Panghihikayat ng Kaluluwa,"* ay nagpapaliwanag kung paano manghihikayat sa paraang ang pagpaparami ay magpapatuloy, kung paanong ang lebadura ay kumakalat sa tinapay.

4. Ang kurso ng Harvestime International Institute na pinamagatang, "*Mga Paraan ng Pagpapalago,"* ay nagtuturo nang detalye kung paano mag-aalaga ng mga bagong mananampalataya.

5. Pag-aralan ang mga sumusunod na halimbawa ng mga guro sa Bagong Tipan. Sino ang mayroong posisyon ng pangunguna sa mga ito? Sino naman ang may kaloob ng pagtuturo?

| | |
|---|---|
| -Apollos: | Gawa 18: 24-25 |
| -Aquila at Priscilla | Gawa 18: 26 |
| -Pablo: | Gawa 20: 20-21, 27; 21: 28 |
| -Walang pangalan: | Gawa 13: 1 |
| -Pedro: | Gawa 5: 28-29 |

6. Sa araling ito natutuhan mo na sa mula pa ng kasaysayan ng Biblia inutusan na ng Dios ang mga tao na ituro ang Kaniyang mga Salita. Ipagpatuloy mo ang iyong pag-aaral ng paksa ng pagtuturo sa Lumang Tipan sa pamamagitan ng pagbasa ng mga sumusunod na reperensiya sa iyong Biblia:

Deuteronomio 4: 9,10,14; 6:9,20; 5:31; 11:19; 17:11; 20:18; 24:8; 31:19; 33:10
Exodo 4:12,15; 18:20; 24:12; 35:34
Levitico 10:11; 14:57
Mga Awit 119:99
Kawikaan 9:9; 16:23
Mikias 3:11
II Cronica 17:7
Ezra 7:10
Mga Hukom 3:2; 13:8
I Samuel 12:23
II Samuel 1:18
I Hari 8:36
II Hari 17:27

7. Narito ang ilang bagay na nais ituro sa atin ng Dios:

Mga Awit 18:34; 25:4-12; 27:11; 32:8; 34:11; 45:4; 51:13; 71:17; 86:11; 90:12; 94:10,12; 105:22; 119:12,68,99,102,104,124,135,171; 143:10; 144:1
II Samuel 22:35
Isaias 2:3; 28:9,26; 48:17
I Cronica 25:7
Mikias 4:2

8. Pag-aralan ang mga talatang ito tungkol sa pagtuturo:

Mga Awit 2:10
Kawikaan 5:13; 1:2-8; 4:1,13; 6:23; 8:10,33; 9:9; 10:17; 12:1; 13:1; 15:33; 19:20, 27; 21:11; 23:12,23; 24:32
Isaias 8:11
Lucas 1:4
Roma 2:18
Filipos 4:12
II Timoteo 3:16

9. May mga maselang resulta ang tumatanggi sa pagtuturo ng Dios. Pag-aralan ang mga sumusunod na mga talata:

Kawikaan 1:7; 5:12,13,23; 13:18; 15:5,32; 16:22
Jeremias 17:23; 32:33
Mga Awit 50:17

# IKALAWANG KABANATA

## ISANG GURO NA MULA SA DIOS: ANG MISYON

**MGA LAYUNIN:**

Sa pagtatapos mo ng kabanatang ito, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

- Ipaliwanag ang gawain ng Ama, ng Anak, at ng Espiritu Santo sa pagtuturo.
- Tukuyin si Jesucristo na pinakadakilang Guro, isang halimbawa para sundin ng lahat.
- Tukuyin ang mga katangian sa paguugali na dapat makita sa buhay ng isang guro.
- Ipaliwanag ang misyon ni Jesus bilang isang Guro na galing sa Dios.
- Ibigay ang buod kung saan, kailan, at sino ang tinuruan ni Jesus.
- Magbigay ng reperensiya sa Biblia na nagpapatunay na tayo ay sinugo ni Jesus kung paanong Siya ay sinugo ng Dios.
- Tukuyin ang iyong misyon bilang isang guro na galing sa Dios.

**SUSING TALATA:**

> **Ito rin ay naparoon sa Kaniya nang gabi, at sa Kaniya'y nagsabi, Rabi, nalalaman naming Ikaw ay isang guro na nagbuhat sa Dios; sapagkat walang makagagawa ng mga tanda na Iyong ginagawa, maliban na kung sumasa Kaniya ang Dios. (Juan 3:2)**

**PAMBUNGAD**

Sa kabanatang ito matututuhan mo ang gawain ng Ama, ng Anak, at ng Espiritu Santo sa pagtuturong Biblikal. Matututuhan mo ang detalye ng misyon ni Jesus, "isang Gurong galing sa Dios." Mula sa pag-aral na ito ay madi-diskubre mo ang banal na layunin ng iyong misyon bilang isang guro.

**MGA BANAL NA KINATAWAN NG PAGTUTURO**

Ang pagtuturong Biblikal ay binibigyang kapangyarihan ng mga banal na kinatawan. Ang kahulugan nito ay mayroong mga kapangyarihang espirituwal sa likod ng ganitong pagtuturo. Hindi ito basta pagtuturo ng tao. Ang banal na kinatawan ng pagtuturong Biblikal ay ang Dios Ama, ang Anak na si Jesucristo, at ang Espiritu Santo.

**ANG DIOS AMA:**

Napag-aralan mo sa nakaraang kabanata na ang Dios ang naglalagay ng mga mananampalataya sa Iglesia na may espirituwal na kaloob at posisyon ng pagtuturo (Efeso 4:11). Sa pagtuturong Biblikal ang paksang itinuturo ay ang Salita ng Dios.

Matututuhan mo pa ito sa susunod na kabanata sa iyong pag-aaral ng mensahe ng Guro na galing sa Dios.

Ang Dios Ama ang nagpadala kay Jesucristo sa lupa upang turuan tayo tungkol sa Kaniya at upang magbigay ng kaligtasan sa buong sangkatauhan:

> **Sapagkat gayon na lamang ang pagsinta ng Dios sa sanglibutan, na ibinigay Niya ang Kaniyang bugtong na Anak, upang ang sinomang sa Kaniya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan.**
>
> **Sapagkat hindi sinugo ng Dios ang Anak sa sanglibutan upang hatulan ang sanglibutan; kundi upang ang sanglibutan ay maligtas sa pamamagitan Niya. (Juan 3: 16-17)**

**<u>SI JESUCRISTO:</u>**

Si Jesucristo, ang Anak ng Dios, ang pinakadakilang gurong espirituwal sa buong panahon. Si Jesus ay ipinadala sa lupa ng Dios Ama:

> **Ito rin ay naparoon sa Kaniya nang gabi, at sa Kaniya'y nagsabi, Rabi, nalalaman naming <u>Ikaw ay isang guro na nagbuhat sa Dios;</u> sapagkat walang makagagawa ng mga tanda na Iyong ginagawa, maliban na kung sumasa Kaniya ang Dios. (Juan 3:2)**

Dahil sa si Jesus ay isinugo sa lupa bilang isang guro na kumakatawan sa Dios, Siya ang halimbawa na dapat sundin ng mga nagtuturo ng Biblia. Si Jesus ang nagsusugo ng mga mananampalataya bilang mga guro sa sanglibutan:

> **…Kung paanong pagkasugo sa Akin ng Ama, ay gayon din naman sinusugo Ko kayo.**
>
> **At lumapit si Jesus sa kanila at sila'y Kaniyang kinausap, na sinasabi, Ang lahat ng kapamahalaan sa langit at sa ibabaw ng lupa ay naibigay na sa Akin.**
>
> **<u>Dahil dito magsiyaon nga kayo, at gawin ninyong mga alagad ang lahat ng mga bansa,</u> na sila'y inyong bautismuhan sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo:**
>
> **Na <u>ituro</u> ninyo sa kanila na kanilang ganapin ang lahat ng mga bagay na iniutos Ko sa inyo: at narito, Ako'y sumasa inyong palagi, hanggang sa katapusan ng sanglibutan. (Mateo 28: 18-20)**

## ANG ESPIRITU SANTO:

Nang si Jesus ay bumalik sa Langit pagkatapos ng Kaniyang kamatayan at pagkabuhay na maguli, ang Espiritu Santo ay ipinadala ng Dios upang maging guro na naninirahan sa mga mananamplataya. Ang Espiritu Santo ay nasa iyo at tinuturuan ka ng mga bagay tungkol sa Dios:

> **Datapuwat ang Mangaaliw, samakatuwid baga'y ang Espiritu Santo, na susuguin ng Ama sa Aking pangalan, Siya ang magtuturo sa inyo ng lahat ng mga bagay, at magpapaalaala ng lahat na sa inyo'y Aking sinabi. (Juan 14:26)**

Ang mga dagdag na gawain ng Espiritu Santo sa pagtuturo ay nahayag sa mga sumusunod ng mga talata. Ang Espiritu Santo:

1. Nagbibigay ng tagubilin sa "lahat ng mga bagay" na itinuro ni Jesus (Juan 14:26).
2. Tinutulungan kang alalahanin ang natutuhan mo (Juan 14:26).
3. Pinapatnubayan ka sa lahat ng katotohanan (Juan 16:13).
4. Nagpapahayag ng mga bagay na mangyayari sa plano ng Dios (Juan 16:13).
5. Ipinahahayag ang "malalalim na mga bagay" ng Dios (I Corinto 2:10).
6. Siya ang kaalaman sa likod ng pagtuturo ng Biblia (I Corinto 2: 13).
7. Tinuturuan ka ng dapat mong sabihin sa mga oras ng krisis (Lucas 12:12).
8. Pinapahiran ka upang maglingkod (Lucas 4:18. I Juan 2:27).
9. Tumutulong sa pananalangin sa mga nag-aaral (Roma 8:26).

Ang Espiritu Santo ay gumagawa rin sa mga buhay ng iyong tinuturuan:

1. Habang ikaw ay nagtuturo, ang Espiritu Santo ang espirituwal na kapangyarihan na sumusumbat sa mga makasalanan upang sila ay tumugon sa mensahe ng Evangelio (Juan 16:7-11).
2. Ang Espiritu Santo ang nagpapahayag ng Panginoong Jesus sa kanila (Juan 16:14).
3. Ang Espiritu Santo ang nag-aakay sa kanila para maging "born again" (Juan 3:5, 6, 8).
4. Siya ang mag-aakay sa kanila sa buhay sa Espiritu sa halip na sa laman (Galacia 5: 16).
5. Siya ang magbibigay ng katunayan sa kanilang puso ng katotohanan ng Salita ng Dios (Gawa 5: 29-32).

## ANG GURO NG MGA GURO

Si Jesus ang halimbawa na dapat sundin ng mga Kristiyanong guro. Siya ang modelo ng pagtuturong Biblikal. Dahil dito, mahalagang maalaman mo lahat ng dapat malaman tungkol sa Kaniya bilang guro. Una, tingnan natin ang mga katangian sa buhay ni Jesus na dapat makita sa buhay ng mga gurong Kristiyano:

## ANG BUNGA NG ESPIRITU SANTO:

Ang "bunga" ng Espiritu Santo ay nakikita sa buhay ni Jesus. Ang espirituwal na "bunga" ay ang positibong mga katangian na gustong palaguin ng Espiritu Santo sa buhay ng mga mananampalataya:

> **…ang bunga ng Espiritu ay pagibig, katuwaan, kapayapaan, pagpapahinuhod, kagandahang-loob, kabutihan , pagtatapat,**
>
> **Kaamuan, pagpipigil; laban sa mga gayong bagay ay walang kautusan. (Galacia 5: 22-23)**

Basahin ang mga aklat ni Mateo, Marcos, Lucas, at Juan at pansinin kung paanong ang mga katangiang ito ay nakita sa buhay ni Jesus. Ang bawat guro na puspos ng Espiritu Santo ay dapat ding magpakita ng mga ganitong katangian. Ang espirituwal na bunga, hindi mga kaloob, ang tunay na katunayan ng ministeryo.

> **At ang buong karamihan ay nangagtaka, at nangagsabi, Ito kaya ang anak ni David? (Mateo 12: 23)**

## MGA DAMDAMIN NI JESUS:

Dagdag sa espirituwal na bunga, si Jesus din ay modelo ng wastong mga damdamin na dapat ay makita sa buhay ng mga guro ng Salita ng Dios. Ang mga sumusunod na mga talata ay nagpapakita ng mga paguugaling ito:

-Si Jesus ay may malaking kahabagan para sa mga tao at sa kanilang pangangailangan: Mateo 15:32; Marcos 1: 32-35; 8: 2-3; Lucas 10:54-56; 19:41

-Ang kahabagang ito ang nagbunsod sa Kaniya na mamagitan para sa Kaniyang mga tinuruan: Mateo 11:21-24; 23: 37-39

-Ang resulta nito ay pagmamalasakit sa gawain ng Kaniyang Ama: Lucas 2: 49; Juan 4: 34; 9:4

-Hindi hinatulan ni Jesus ang Kaniyang mga tinuruan: (Marcos 2: 17; Juan 8: 1-11). Tinanggap Niya ang mga tao kung nasaan sila at inakay Niya sila sa uri ng pananampalataya na dapat nilang kalagyan. Hindi Niya hinatulan si Tomas nang siya'y nag-alinlangan (Juan 20: 24-29). Hindi Niya hinatulan ang pinuno na nagisip na dapat pa siyang pumaroon sa bahay upang ipanalangin ang kaniyang anak na babae (Mateo 9: 18-26) bagamat naipakita na ito'y hindi na kailangan (Mateo 8: 5-13).

-Bagamat hindi siya humahatol, hindi naman Niya kinukonsinte ang kasalanan. Ibig sabihin nito ay hindi niya sinasang-ayunan ang kasalanan: Mateo 11: 21-24; 15: 3-9; 12: 12-13; Marcos 10:17; Lucas 5: 31-32; 19: 45-46

-Nagpakita si Jesus ng pagtitiwala sa Dios para sa mga bagay na imposible: Marcos 10: 17; 11: 22-24; Lucas 18: 27

-Nagpakita Siya ng katapangan at kapamahalaan sa Kaniyang pagtuturo: Mateo 21: 23-27; Marcos 8: 38; 11: 24-33; Lucas 5: 24

-Pinakamahalaga, mayroon Siyang puso ng alipin para doon sa pinaglilingkuran Niya: Mateo 20: 25-28; 23:2-12; Marcos 10: 42-45; Lucas 22: 25-27

## ANG MISYON NG PANGINOON

Kung pinaguusapan ang "misyon" ni Jesus, ang tinutukoy natin ay ang mga sumusunod:

Bakit nagturo si Jesus.
Kailan at saan Siya nagturo.
Sino ang tinuruan Niya.
Ano ang itinuro Niya.
Paano Siya nagturo.

Suriin natin bakit, kailan, saan, at sino ang tinuruan ni Jesus. Ang mga susunod na kabanata ay magbibigay diin sa mensahe [ano] at paraan [paano] ng Kaniyang misyon.

## BAKIT SIYA NAGTURO:

Nagturo si Jesus sapagkat inutusan Siya ng Dios na gawin ito. Ang misyon [layunin] ni Jesus ay ibinuod sa mga sumusunod na mga talata sa Biblia:

**Huwag ninyong isiping Ako'y naparito upang sirain ang kautusan o ang mga propeta: Ako'y naparito hindi upang sirain, kundi upang ganapin. (Mateo 5: 17)**

**…Hindi Ako naparito upang tumawag ng mga matuwid, kundi ng mga makasalanan. (Mateo 9: 13)**

**Huwag ninyong isiping Ako'y naparito upang magdala ng kapayapaan sa lupa: hindi Ako naparito upang magdala ng kapayapaan, kundi tabak. (Mateo 10: 34)**

(Ang ibig sabihin ni Jesus ay ang Kaniyang mensahe ay magiging sanhi ng pagkakahati; ang iba ay tatanggap dito at ang iba ay hindi.)

**Hindi Ako sinugo kundi sa mga tupang nangaligaw sa bahay ni Israel. (Mateo 15: 24)**

**Sapagkat ang Anak ng tao ay naparito upang iligtas ang nawala. (Mateo 18: 11) (Tingnan din ang Lucas 19: 10)**

**Hindi Ako naparito upang tumawag ng mga matuwid, kundi ng mga makasalanan. (Marcos 2: 17)**

**Magsiparoon tayo sa ibang dako ng mga kalapit na bayan, upang Ako'y makapangaral din naman doon; sapagkat sa ganitong dahilan Ako'y naparito. (Marcos 1: 38)**

**At sila'y nagsiparoon sa ibang nayon. (Lucas 9: 56)**

**At sinabi Niya sa kanila, Ganyan ang pagkasulat, na kinakailangang maghirap ang Cristo, at magbangong muli sa mga patay sa ikatlong araw;**

**At ipangaral sa Kaniyang pangalan ang pagsisisi at pagpapatawad ng mga kasalanan sa lahat ng mga bansa, magbuhat sa Jerusalem.**

**Kayo'y mga saksi ng mga bagay na ito. (Lucas 24: 46-48)**

**Sinabi sa kanila ni Jesus, Ang pagkain Ko ay ang Aking gawin ang kalooban ng sa Akin ay nagsugo, at tapusin ang Kaniyang gawa. (Juan 4: 34)**

**Sapagkat bumaba Akong mula sa Langit, hindi upang gawin Ko ang Aking sariling kalooban, kundi ang kalooban ng nagsugo sa Akin. (Juan 6: 38)**

**…Ako'y ipinanganak dahil dito, dahil dito Ako naparito sa sanglibutan, upang bigyang patotoo ang katotohanan…(Juan 18: 37)**

**Ako'y naparito na isang ilaw sa sanglibutan, upang ang sinomang sumampalataya sa Akin ay huwag manatili sa kadiliman. (Juan 12: 46)**

**Sinasalita Ko ang mga bagay na Aking nakita sa Aking Ama…(Juan 8: 38)**

**…Ako'y naparito upang sila'y magkaroon ng buhay, at magkaroon ng kasaganaan nito. (Juan 10: 10)**

## KAILAN AT SAAN SIYA NAGTURO:

Nagturo si Jesus sa araw ng Sabbath:

**At nagsipasok sila sa Capernaum; at pagdaka'y pumasok siya sa sinagoga ng araw ng Sabbath at nagtuturo. (Marcos 1: 21) (Tingnan din ang Lucas 4: 31; 6:6; 13:10)**

Nagturo si Jesus araw-araw:

**At nagtuturo Siya araw-araw sa templo… (Lucas 19: 47)**

Nagturo Siya sa mga bayan at mga nayon:

> **Magsiparoon tayo sa ibang dako ng mga kalapit na bayan, upang Ako'y makapangaral din naman doon; sapagkat sa ganitong dahilan Ako'y naparito. (Marcos 1: 38)**
>
> **At nililibot ni Jesus ang lahat ng mga bayan at mga nayon, na nagtuturo… (Mateo 9: 35) (Tingnan din ang Mateo 11:1; Marcos 1: 38; 6:6; Lucas 13: 22)**

Siya ay nagturo sa mga sentro ng pagsamba:

> **At nilibot ni Jesus ang buong Galilea, na nagtuturo sa mga sinagoga nila… (Mateo 4: 23) (Tingnan din ang Mateo 13: 54; Marcos 1: 21; 6:2; Lucas 4: 15; 6:6; 13:10; Juan 6:59; 18:20).**
>
> **At pagpasok Niya sa templo, ay nagsilapit sa Kaniya ang mga pangulong saserdote at ang matatanda sa bayan, samantalang Siya'y nagtuturo… (Mateo 21:23) (Tingnan din ang Mateo 26:55; Marcos 12:35; 14:49; Lucas 19:47; 20:21; 21:37; Juan 7:14, 28; 8:2,20)**

Nagturo Siya kahit saan at sa lahat ng dako:

> **At muling lumabas at naparoon Siya sa tabi ng dagat; at lumapit sa Kaniya ang buong karamihan, at sila'y Kaniyang tinuruan. (Marcos 2: 13) (Tingnan din ang Marcos 4:1; 10:1; Lucas 5:3).**

**SINO ANG KANIYANG TINURUAN:**

Nagturo si Jesus ng maraming mga tao:

> **At pagkakita sa mga karamihan, ay umahon Siya sa bundok… At binuka Niya ang Kaniyang bibig at tinuruan sila, na sinasabi… (Mateo 5: 1-2)**

**(**Tingnan ang "Para Sa Dagdag Na Pag-aaral" sa kabanatang ito para sa mga reperensiya tungkol sa ministeryo ni Jesus sa mga karamihan).

Nagturo si Jesus ng mga indibiduwal na mga tao:

Tingnan ang Juan 3 at 4 at ang "Para Sa Dagdag Na Pag-aaral" na bahagi nitong kabanatang ito para sa mga reperensiya ng paglilingkod ni Jesus sa mga indibiduwal.

Nagturo si Jesus ng mga lalake at mga babae mula sa lahat ng antas ng kabuhayan:

-Nagturo Siya ng mayaman: Marcos 10: 17-22

-Nagturo Siya ng mahihirap: Lucas 4: 18

-Tinuruan Niya ang lahat ng antas ng lipunan: Ang babaeng Samaritana ay galing sa mababang uri (Juan 4). Si Nicodemo ay isang pinuno at kabilang sa mataas na antas ng lipunan (Juan 3).

-Tinuruan Niya ang Kaniyang mga kalahi:

> **Hindi Ako sinugo kundi sa mga tupang nangaligaw sa bahay ni Israel. (Mateo 15: 24)**
>
> **…na nagtuturo sa buong Judea, magbuhat sa Galilea hanggang sa dakong ito. (Lucas 23: 5)**

-Tinuruan Niya ang ibang mga lahi. Tingnan ang Juan 4 kung saan tinuruan Niya ang babaeng Samaritana.

-Nagturo Siya sa mga lider ng relihiyon:

> **At nangyari nang isa sa mga araw na yaon, na Siya'y nagtuturo; at may nangakaupo doong mga Fariseo at mga guro sa kautusan, na nagsipanggaling sa bawat nayon ng Galilea at Judea at Jerusalem: at ang kapangyarihan ng Panginoon ay sumasa Kaniya upang magpagaling. (Lucas 5: 17)**

-Nagturo Siya ng lahat ng edad: Nagturo Siya ng mga batang pinuno (Marcos 10:17-22) at isang lalake na naghintay ng 38 na taon para sa isang himala (Juan 5: 1-16).

-Ang Kaniyang misyon ng pagtuturo ay sa buong mundo, mga tao ng bawat kultura, tribo, at wika:

> **Datapuwat sinabi Niya sa kanila, Dapat namang ipangaral Ko sa mga ibang bayan ang mabubuting balita ng Kaharian ng Dios: sapagkat sa ganito ay sinugo Ako. (Lucas 4: 43)**

<u>Nagbigay si Jesus ng tanging pagtuturo sa Kaniyang mga alagad:</u>

> **At sila'y tinutruan Niya ng maraming mga bagay sa mga talinghaga, at sinabi sa Kanila sa Kaniyang pagtuturo. (Marcos 4: 2)**
>
> **Nang magkagayon ay iniwan Niya ang mga karamihan, at pumasok sa bahay: at sa Kaniya'y nagsilapit ang Kaniyang mga alagad, na nagsisipagsabi, Ipaliwanag Mo sa amin ang talinghaga tungkol sa mga pangsirang damo sa bukid. (Mateo 13: 36)**

Tinuruan ni Jesus ng mga tanging aralin ang Kaniyang mga alagad sapagkat sila ang sinasanay upang mangasiwa sa Iglesia.

Kung minsan ay pinagsasama ni Jesus ang iba't ibang grupo at tinuturuan silang magkakasama: Tingnan ang Lucas 15: 1-17:11.

## "KAYA SINUSUGO KO KAYO"

Nagbitiw si Jesus ng isang mahalagang pangungusap para sa Kaniyang mga tagasunod na kasama ang lahat ng mga tunay na mananampalataya. Ang sabi Niya…

> **Kung paanong pagkasugo sa Akin ng Ama, ay gayon din naman sinusugo Ko kayo. (Juan 20: 21)**

Ang ibig sabihin nito ay ang mga mananampalataya ay sinugo sa sanglibutan na may misyon na tulad ng kay Jesus. Tulad ni Jesus, tayo ay mga gurong "galing sa Dios." Sa maikling pangungusap ang ating misyon sa pagtuturo ay ganito: Kung paanong sinugo si Jesus ng Ama, gayon din tayo sinusugo upang tuparin ang gayon ding mga layunin. Ang Kaniyang misyon ay ating misyon. Dahil sa ang ating misyon ay katulad din ng kay Jesus, dapat nating sundin ang Kaniyang halimbawa sa kung sino ang tuturuan, saan, at kailan magtuturo. Ang ating misyon ay sa lahat ng tao, kahit saan, kahit kailan.

# PANSARILING PAGSUSULIT

1.Isulat ang Susing Talata na kinabisa mo.

_______________________________________________________________________

_______________________________________________________________________

2.Ano ang gawain ng Dios Ama sa pagtuturo?

_______________________________________________________________________

_______________________________________________________________________

3. Ano ang gawain ni Jesuscristo sa pagtuturo?

_______________________________________________________________________

_______________________________________________________________________

4. Anu-ano ang mga gawain ng Espiritu Santo sa pagtuturo?

_______________________________________________________________________

_______________________________________________________________________

_______________________________________________________________________

5.Punan ang puwang ng mga tamang salita.

Si _______________ ______________ ang Guro ng mga guro, isang modelo na dapat sundin ng lahat.

6. Ilista ang ilan sa mga positibong personal na katangian na dapat palaguin sa buhay ng isang guro.

_______________________________________________________________________

_______________________________________________________________________

7. Ibigay ang buod ng misyon ni Jesus bilang guro na nagmula sa Dios.

_______________________________________________________________________

_______________________________________________________________________

8. Sumulat ng maikling buod tungkol sa mga paksang ito. Sa ministeryo ni Jesus sa lupa...

Saan nagturo si Jesus?

Kailan nagturo si Jesus?

Sino ang tinuruan ni Jesus?

9. Anong reperensiya sa Biblia ang nagpapakita na tayo ay sinugo ng Dios tulad ng pagkasugo kay Jesus?

10. Ibigay ang buod ng iyong misyon bilang guro na nagbuhat sa Dios.

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nasa katapusan ng huling kabanata ng manwal na ito.)

# PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

1. Pag-aralan ang mga sumusunod na reperensiya para sa dagdag na pag-aaral sa ministeryo ni Jesus sa karamihan:

**Mateo:** 5: 1-2; 7:28-29; 8:1-2 [indibiduwal sa gitna ng karamihan]; 8:16-17,34; 9:1-8,36-38; 11:7; 13:1-9; 14:13-23; 15:30-39; 17:14; 19:2; 20:29-34; 21:8-11; 22:23; 26:47

**Marcos:** 1:33-35,45; 2:1-5,7-15,20-21,32-35; 4:1-36; 5:14-17,21-43; 6:2-5,33-46,55-56; 7:24,31-37; 8:1-9; 9:14-27; 10:1,46-52; 11:8-10; 14:43-52; 15:8

**Lucas:** 2:45-52; 4:16-30,40-44; 5:1,15-16,18-26; 6:17-7:1; 7:11-18; 8:1,37,40,56; 9:12-18,37; 12:1; 13:11-17; 18:35-43; 19:1-10,36-40; 22:47; 23:1

**Juan:** 2:1-11; 4:39-42; 5:1,13; 6:5-15,22; 7:40; 8:1-9; 12:9,12-13

2. Pag-aralan ang mga sumusunod na reperensiya para sa dagdag na pag-aaral tungkol sa ministeryo ni Jesus sa mga indibiduwal:

**Mateo:** Kabanata 8 (ketongin, alipin, biyenang babae ni Pedro, isang escriba); Kabanata 9 (isang taong lumpo, babaeng dinudugo, isang bata); 12:9-13 (isang taong tuyo ang kamay); 12:22 (inaalihan ng demonyo); 15:21-28 (babaeng may anak na babae na inaalihan ng demonyo); 17:17-18 (lalakeng may anak na lalake na inaalihan ng demonyo); 19:16-22 (isang mayaman na lalake); 22: 34-40 (isang abogado); 26: 6-13 (babaeng may pabango).

**Marcos:** 1: 23-26 (tao sa sinagoga na may masamang espiritu); 1:40-45 (ketongin); 5:1-20 ("Pulutong"); 8:22-26 (bulag na lalake); 10:46-52 (bulag na si Bartimaeus).

**Lucas:** 7:11-17 (patay na tao); 8:2 (Maria Magdalena); 9: 57-62 (mga nagnanais maging alagad); 10:25-37 (isang abogado); 10:38-42 (Marta); 12: 13-15 (isang lalaking may malasakit sa mana); 13: 10-17 (babaeng may espiritu ng sakit); 13: 23-30 (isang nais magtanong); 14:1-6 (lalakeng namamaga); 19: 1-10 (Zaqueo).

**Juan:** 1:47-51(Natanael); Kabanata 3 (Nicodemo); 4:4-42 (babaeng Samaritana); 5:1-16 (lumpong lalake sa Betesda); 8:1-11 (babaeng nahuli sa pangangalunya); Kabanata 9 (lalakeng bulag nang ipanganak); Kabanata 11 (Lazarus, Marta); 13:1-10; 21:15-25 (Pedro); 19:25-27 (Kaniyang ina); 20:11-18 (Maria); 20: 24-29 (Tomas).

3. Si Jesus ay tinawag na "guro" ng 48 na beses sa mga Evangelio. Hanapin at markahan ang mga reperensiyang ito sa iyong Biblia.

4. Ang Harvestime International Institute ay may kursong, *"Ang Ministeryo ng Espiritu Santo"*na nagbibigay ng dagdag na kaalaman tungkol sa kahalagahan ng Espiritu Santo sa buhay at ministeryo.

5. Natutuhan mo sa araling ito na si Jesus ay nagturo kahit saan at kahit kailan. Sinunod Niya ang prinsipyo ng Lumang Tipan na ibinigay sa Deuteronomio 6:6-7. Basahin mo ang mga talatang ito sa iyong Biblia.

6. Pag-aralan ang mga sumusunod na tsart upang madagdagan ang pagkaunawa mo sa mga banal na kinatawan sa pagtuturo ng Biblia:

**Ang Likas ng Kapahayagan**
**I Corinto 2: 9-13**

| | |
|---|---|
| Datapuwat gaya ng nasusulat, Ang mga bagay na hindi nakita ng mata, at ni narinig ng tainga, ni hindi pumasok sa puso ng tao, anomang mga bagay na inihanda ng Dios sa kanila na nangagsisiibig sa Kaniya. | ang kaalaman ay hindi batay sa karanasan ng tao |
| Ngunit ang mga ito ay ipinahayag sa atin ng Dios sa pamamagitan ng Espiritu; sapagkat nasisiyasat ng Espiritu ang lahat ng mga bagay, oo, ang malalalim na bagay ng Dios. Sapagkat sino sa mga tao ang nakakakilala ng mga bagay ng tao, kundi ang espiritu ng tao, na nasa kaniya? Gayon din naman ang mga bagay ng Dios ay hindi nakikilala ng sinoman, maliban na ang Espiritu ng Dios. | ang layunin ng Espiritu Santo sa pagtuturo |
| Ngunit ating tinanggap, hindi ang espiritu ng sanglibutan, kundi ang Espiritung mula sa Dios; upang ating mapagkilala ang mga bagay na sa atin ay ibinigay na walang bayad ng Dios. | ang layunin ng kapahayagan |
| Na ang mga bagay na ito ay atin namang sinasalita, hindi sa mga salitang itinuturo ng karunungan ng tao, kundi sa itinuturo ng Espiritu; na iniwawangis natin ang mga bagay na ayon sa espiritu sa mga pananalitang ayon sa espiritu. | ang kapahayagan ay ibinibigay sa mga salitang itinuro ng Espiritu Santo |

**<u>I Corinto 2: 1 – 4: 7</u>**

| **<u>Ang Ating Bahagi</u>** | **<u>Ang Bahagi ng Dios</u>** |
|---|---|
| Hindi ako napariyan na may kagalingan sa pananalita o sa karunungan, walang maalaman anoman maliban si Jesucristo na napako sa krus | |
| ang aming pangangaral ay hindi sa mga salita ng karunungan, kundi sa ………………………….. | patotoo ng Espiritu at ng kapangyarihan |
| nangagsasalita kami ng karunungan sa mga may gulang…………………………………………. | ito ay inihayag ng Dios |
| | -Ang Espiritu ang naghayag ng mga bagay na hindi alam ng taong natural |
| | -Ipinahayag Niya ang malalalim na mga katotohanan ng Dios |
| | -Siya lamang ang nakauunawa ng isipan ng Dios |
| | -Siya ang nagbibigay ng pagka-unawa ng kahabagan ng Dios |
| ang mga espirituwal na katotohanang ito ay nabibigkas natin………………………………………. | Sa pamamagitan ng pagtuturo ng Banal na Espiritu |
| pinahahalagahan natin ito………………………………….. | sa pamamagitan ng pang-unawang espirituwal |
| nasa atin ang pag-iisip ni Cristo | |
| tayo'y mga alipin lamang …………………………………. | Na pinagkalooban ng Dios ng gawain |
| ang iba sa atin ay nagtatanim, ang iba ay nagdidilig……….. | Subalit ang Dios ang nagpapalago |
| wala tayong magagawa sa ating sarili, kung itutulad sa…… | Dios na nagpapalago |
| iisa ang pakay ng nagtatanim at nagdidilig…………………. | subalit ang bawat isa ay tatanggap ng gantimpala |

| **Ang Ating Bahagi** | **Ang Bahagi ng Dios** |
|---|---|
| | ayon sa kaniyang ginawa |
| tayo ay kamanggagawa ng Dios; kayo ang Kaniyang bukirin, Kaniyang tahanan. | Ayon sa utos ng Dios |
| Ang isa ay ang arkitekto na naglalagay ng pundasyon (si Cristo), ang isa ay nagtatayo sa ibabaw nito. Ang bawat isa ay mag-ingat kung paano siya magtayo…………………………………….. | Sa araw ng paghuhukom, susubukin sa apoy lahat ng gawa ng tao; kung siya ay makapasa, tatanggap siya ng gantimpala |
| tayo ang templo ng Dios ……………………………………… | Dito ang permanenteng tahanan ng Espiritu |
| ang karunungan ng sanglibutan ay kamangmangan sa Dios; huwag ipagmapuri ninoman sa mga tao, sapagkat lahat ng bagay [espirituwal] ay sa iyo kay Cristo, sa Dios tayo ay alipin ni Cristo at katiwala ng katotohanan ng Dios, na dapat maging karapat-dapat na pagkatiwalaan……………………………………………… | ang tanging hukom natin ay ang Dios mismo. Siya ang maghahayag ng mga sekretong motibo at mag-bibigay ng karapatdapat na papuri |
| | lahat ng nasa atin ay kaloob ng Dios, at wala tayong maipagmamalaki. |

# IKATLONG KABANATA

## ISANG GURO NA MULA SA DIOS: ANG MENSAHE – I BAHAGI

**MGA LAYUNIN:**

Sa pagtatapos ng kabanatang ito, inaasahang masasagot mo ang mga sumusunod:

- Ibigay ang buod ng pangunahing mensahe na itinuro ni Jesuscristo.
- Ibigay ang reperensiya sa Biblia na nagbubuod ng mga elemento ng Evangelio.
- Kilalanin na ang mga mananampalataya ay dapat magturo ng mensahe na katulad ng itinuro ni Jesus.
- Kilalanin na ang pangangaral at pagtuturo ay dapat sundan ng kapahayagan ng kapangyarihan ng Dios.
- Tukuyin ang Biblia bilang batayan ng pagtuturo tungkol sa Kaharian ng Dios.

**SUSING MGA TALATA:**

> **At samantalang kayo'y nangaglalakad, ay magsipangaral kayo, na mangagsabi, Ang kaharian ng langit ay malapit na.**
>
> **Mangagpagaling kayo ng mga maysakit, mangagpabangon kayo ng mga patay, mangaglinis kayo ng mga ketong, mangagpalabas kayo ng mga demonio; tinanggap ninyong walang bayad, ay ibigay ninyong walang bayad. (Mateo 10: 7-8)**

**PAMBUNGAD**

Sa nagdaang kabanata ay natutuhan mo ang misyon ni Jesus ng pagtuturo na ngayon ay responsabilidad ng lahat ng mananampalataya. Pinag-aralan mo ang mga katangian ng Kaniyang pamumuhay na dapat ay makita rin sa iyong buhay bilang isang guro. Natutuhan mo kung bakit, kailan, saan, at sino ang tinuruan ni Jesus.

Sa kabanatang ito at sa susunod ay matututuhan mo kung ano ang itinuro ni Jesus. Hindi Siya habang buhay nagturo ng mga alagad. Mayroon lamang Siyang maiikling mga taon, kaya binigyang diin Niya sa Kaniyang pagtuturo ang mahahalagang mga konsepto. Ang nilalaman ng Kaniyang mensahe ay dapat maging pokus ng iyong pagtuturo.

## ANG PANGUNAHING MENSAHE

Ang pangunahing mensahe ni Jesus ay maaaring ibuod sa isang pangungusap: Itinuro Niya ang lahat ng bagay tungkol sa Kaharian ng Dios.

Ang lahat ng tao ay nabubuhay sa natural na mundong ito. Nabubuhay sila sa isang bayan o nayon na bahagi ng isang bansa. Ang bansang iyon ay isang kaharian ng mundo. Dagdag sa natural na kaharian ng mundo ay mayroong dalawang espirituwal na kaharian. Ang bawat tao ay nakatira sa isa sa dalawang kahariang ito: Ang Kaharian ni Satanas o ang Kaharian ng Dios. Ang mga hindi mananampalataya ay bahagi ng Kaharian ni Satanas. Si Satanas ang naghahari sa kanilang buhay. Ang kanilang pamumuhay ay hindi makadios, imoral, makalaman, at makasalanan. Sila na nagsisi na ng kasalanan at tumanggap kay Jesus bilang sariling Tagapagligtas ay bahagi ng Kaharian ng Dios. Ang Dios ang kanilang Hari at Siya ang naghahari sa kanilang mga buhay.

Ang Evangelio ng Kaharian ng Dios ang pangunahing layunin ng buhay ni Cristo. Pinasimulan Niya ang Kaniyang ministeryo sa pagsasabi ng pagdating ng Kaharian:

> **Mula noon ay nagpasimulang mangaral si Jesus, at magsabi, Mangagsisi kayo; sapagkat malapit na ang Kaharian ng Langit. (Mateo 4: 17)**

Tinapos Niya ang Kaniyang ministeryo sa lupa sa pamamagitan ng pagtuturo ng mga bagay “tungkol sa Kaharian.”

> **Na sa kanila nama’y napakita rin Siyang buhay, sa pamamagitan ng maraming mga katunayan, pagkatapos na Siya’y makapaghirap, na napakikita sa kanila sa loob ng apat na pung araw, at nagpahayag ng mga bagay tungkol sa kaharian ng Dios. (Gawa 1: 3)**

Sa pagitan ng pasimula at pagtatapos ng Kaniyang ministeryo sa lupa, ang Kaharian ng Dios ang pokus ng Kaniyang pagtuturo. Sinabi Niya:

> **Dapat namang ipangaral Ko sa ibang bayan ang mabubuting balita ng Kaharian ng Dios: sapagkat sa ganito ay sinugo Ako. (Lucas 4: 43)**

Ang mga talinhaga ni Jesus ay nakapokus sa Kaharian. Ang Kaniyang mga himala ay katunayan ng gawa ng Kaharian ng Dios. Itinuro ni Jesus sa mga tao kung paano makakapasok sa Kaharian sa pamamagitan ng karanasan ng kapanganakang muli (Juan 3). Ito ang panghihikayat. Tinuruan din ni Jesus ang mga tao kung paano mamuhay sa Kaharian ng Dios sa pamamagitan ng pagsunod sa pamumuhay sa Kaharian. (Halimbawa, basahin ang Mateo 5-7). Ito ang pagka-alagad.

Dahil sa kahalagahan ng paksa ng Kaharian ng Dios, ang Harvestime International Institute ay nag-aalok ng kursong pinamagatang “*Pamumuhay Na Pinaghaharian ng Dios.”* Kung hindi mo pa nakukuha ang kursong ito, mahalaga na gawin mo ito. Naglalaman ito ng detalyadong pagtuturo sa Evangelio ng Kaharian.

Ang *"Mga Saligan ng Pananampalataya,"*isa pang kursong inaalok ng Harvestime International Institute, ay nagtuturo ng mga pangunahing katotohanan [espirituwal na mga "saligan"] kung saan nakasalig ang Kaharian.

Kung kinukuha mo ang mga kursong ito sa tamang ayos ay nakuha mo na ang mga ito at nauunawaan mo na kung paano mamuhay bilang bahagi ng Kaharian ng Dios. Ito ang mensahe na dapat mong ipangaral at ituro sa iba.

## MGA PANGUNAHING ELEMENTO NG EVANGELIO

Narito ang mga talata sa Bagong Tipan na nagbibigay ng buod ng pangunahing mensahe ng Evangelio:

> **Ngayo'y ipinatatalastas ko sa inyo, mga kapatid, ang Evangelio na sa inyo'y aking ipinangaral, na inyo namang tinanggap, na siya naman ninyong pinananatilihan,**
>
> **Sa pamamagitan naman nito'y ligtas kayo kung matiyaga ninyong iingatan ang salitang ipinangaral ko sa inyo, maliban na kung kayo'y nagsipanampalataya nang walang kabuluhan.**
>
> **Sapagkat ibinigay ko sa inyo una sa lahat, ang akin namang tinanggap: na si Cristo ay namatay dahil sa ating mga kasalanan, ayon sa mga kasulatan,**
>
> **At Siya'y inilibing; at Siya'y muling binuhay nang ikatlong araw ayon sa mga kasulatan. (I Corinto 15: 1-4)**

Ang mga pangunahing elemento ng mensahe ng Evangelio ay na si Jesus ay namatay para sa ating mga kasalanan ayon sa Kasulatan, Siya'y inilibing, at Siya'y nabuhay na maguli ayon sa Kasulatan. Kung ikaw ay mangangaral at magtuturo ng Evangelio ng Kaharian, kasali sa mensahe mo ang mga katotohanang ito. Si Jesus ang tampok sa mensahe ng Evangelio. Ang pagtuturong Biblikal ay dapat nakatuon sa panghihikayat [kung paano papasok sa Kaharian ng Dios] o pagka-alagad [paano mamuhay sa Kaharian ng Dios].

## ANG SALITA NG DIOS

Itinuro ni Jesus ang mensahe ng katotohanan:

> **…Guro, nalalaman naming Ikaw ay totoo, at itinuturo Mong may katotohanan ang daan ng Dios… (Mateo 22: 16)**

Nagturo Siya ng doktrina:

> **At sila'y tinuruan Niya ng maraming bagay sa mga talinhaga, at sinabi sa kanila sa Kaniyang pagtuturo…(Marcos 4: 2)**

Matututuhan mo sa iyong pag-aral ng mga paraan ng pagtuturo ni Jesus na Siya ay madalas gumamit ng mga talata mula sa Lumang Tipan. Ang pagtuturong Biblikal ay dapat kalakip ang buong kapahayagan ng Salita ng Dios, sapagkat ito ang saligan ng pagtuturo na nagtuturo sa atin kung paano mamuhay sa Kaharian ng Dios:

> **Ang lahat ng kasulatan na kinasihan ng Dios ay mapapakinabangan din naman sa pagtuturo, sa pagsansala, sa pagsaway, sa ikatututo na nasa katuwiran:**
>
> **Upang ang tao ng Dios ay maging sakdal, tinuruang lubos sa lahat ng mga gawang mabuti. (II Timoteo 3: 16-17)**

## ANG UTOS SA MGA MANANAMPALATAYA

Ang mga mananampalataya ay inutusan ni Jesus na magturo at mangaral ng ganoon ding mensahe: Ang Evangelio ng Kaharian ng Dios. Sinabi ni Jesus sa Kaniyang mga alagad:

> **At samantalang kayo'y nangaglalakad, ay magsipangaral kayo, na mangagsabi, Ang kaharian ng langit ay malapit na.**
>
> **Mangagpagaling kayo ng mga maysakit, mangagpabangon kayo ng mga patay, mangaglinis kayo ng mga ketong, mangagpalabas kayo ng mga demonio; tinanggap ninyong walang bayad, ay ibigay ninyong walang bayad. (Mateo 10: 7-8)**
>
> **At sinabi Niya sa kanila, Magsiyaon kayo sa buong sanglibutan, at inyong ipangaral ang Evangelio sa lahat ng kinapal. (Marcos 16: 15)**

Ang pagtuturo ni Jesus ay laging may kasamang diin sa pagpaparami. Sila na naging bahagi ng Kaharian ng Dios ay may katungkulang magparami at magdala ng iba sa Kaharian. Sa ganitong paraan darami ang Kaharian at kakalat sa buong mundo. Ang mga bagong hikayat ay dapat maging mga alagad. Ang isang disipulo ay yaong estudiyante ng isang guro na isinasagawa ang kaniyang natututuhan. Ang mga alagad ay dapat maging mga apostol. Ang apostol ay isa na isinugo na may tanging misyon na kinakatawan ang nagsugo.

Sapagkat tinanggap mong walang bayad ang Evangelio mula kay Jesus, dapat mo itong ibahagi ng walang bayad sa iba. Itong padron na ito ay ibinuod ni Apostol Pablo:

> **At ang mga bagay na iyong narinig sa akin sa gitna ng maraming saksi, ay siya mo ring ipagkatiwala sa mga taong tapat, na makapagtuturo naman sa mga iba. (II Timoteo 2:2)**

Mahalaga na ikaw ay matapat sa pagkakalat ng Evangelio ng Kaharian, sapagkat kapag natapos mo ang gawain, ang mga kaharian ng mundong ito ay magwawakas:

> **At ipangangaral ang Evangeliong ito ng Kaharian sa buong sanglibutan sa pagpapatotoo sa lahat ng mga bansa; at kung magkagayo'y darating ang wakas. (Mateo 24: 14)**

## <u>ANG KAPAHAYAGAN NG KAPANGYARIHAN</u>

Ang mensahe ng Kaharian ng Dios ay hindi lamang isang mensahe sa labi. Dapat itong sundan ng kapahayagan ng gawa ng kapangyarihan ng Kaharian. Sabi ni Jesus:

> **Sumasa Akin ang espiritu ng Panginoon, Sapagkat Ako'y pinahiran Niya upang ipangaral ang mabubuting balita sa mga dukha: Ako'y sinugo Niya upang itanyag sa mga bihag ang pagkaligtas, At sa mga bulag ang pagkakita, Upang bigyan ng kalayaan ang nangaaapi. (Lucas 4: 18)**

Ang Kaharian ng Dios ay ipinakita kung paano ito itinuro ni Jesus:

> **At nilibot ni Jesus ang buong Galilea, na nagtuturo sa mga sinagoga nila, at ipinangangaral ang Evangelio ng Kaharian, at nagpapagaling ng lahat ng sarisaring sakit at ng lahat ng karamdaman na nasa mga tao. (Mateo 4: 23)**
>
> **Kaya't ang sinomang sumuway sa isa sa kaliitliitang mga utos na ito, at ituro ang gayon sa mga tao, ay tatawaging kaliitliitan sa kaharian ng langit: datapuwat ang sinomang gumanap at ituro, ito'y tatawaging dakila sa kaharian ng langit. (Mateo 5: 19)**

Nang utusan ni Jesus ang Kaniyang mga alagad na ikalat ang Evangelio ng Kaharian, sinabi Niyang…

> **Mangagpagaling kayo ng mga may sakit, mangagpabangon kayo ng mga patay, mangaglinis kayo ng mga ketong, mangagpalabas kayo ng mga demonio: tinanggap ninyong walang bayad, ay ibigay ninyong walang bayad. (Mateo 10: 8)**

Ang mensahe ng Kaharian ng Dios ay dapat sundan ng kapahayagan ng Kaniyang kapangyarihan na nagbabago ng mga buhay. Dahil sa kahalagahan ng paksang ito, ang Harvestime International Institute ay nag-alok ng kursong pinamagatang *"Mga Prinsipyo ng Kapangyarihan."* <u>Ang mga paraan ng pagtuturo na natutuhan mo sa kursong ito ay dapat sundan ng kapahayagan ng kapangyarihan,</u> kaya nga mahalaga na pag-aralan at isagawa ang mga prinsipyo na itinuro sa mga kursong ito.

# PANSARILING PAGSUSULIT

1. Isulat ang Susing mga Talata na kinabisa mo.

_______________________________________________________________________

_______________________________________________________________________

_______________________________________________________________________

_______________________________________________________________________

2. Ano ang pangunahing mensahe na itinuro si Jesucristo?

_______________________________________________________________________

_______________________________________________________________________

3. Magbigay ng isang reperensiya sa Biblia na nagbubuod ng mga pangunahing mga elemento ng mensahe ng Evangelio.

   _____________________________________________________________________

4. Tama ba o mali ang pangungusap na ito? Ang mga mananampalataya ay dapat ipangaral at ituro ang mensahe na itinuro ni Jesus.
   Ang pangungusap na ito ay ____________________________________.

5. Ang pagtuturo at pangangaral ng Evangelio ay dapat sundan ng kapahayagan ng ___________________________ ng Dios.

6. Alin ang saligang aklat sa pagtuturo ng Kaharian ng Dios?

   _____________________________________________________________________

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nasa katapusan ng huling kabanata ng manwal na ito.)

# PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

1. Kumuha ka ng kopya ng kurso ng Harvestime International Institute na pinamagatang *"Pamumuhay Na Pinaghaharian Ng Dios"* para sa dagdag na pag-aaral ng espirituwal na Kaharian na itinuro ni Jesus.

2. Ang *"Mga Saligan ng Pananampalataya"* ay isang kurso ng Harvestime International Institute na nagpapaliwanag ng mga katotohanang pinagbabatayan ng Evangelio ng Kaharian ng Dios. Mahalaga na matutuhan mo rin ito.

3. Kumuha ka ng kurso ng Harvestime International Institute na pinamagatang, *" Mga Prinsipyo ng Kapangyarihan,"* para sa dagdag na pag-aaral kung paano ang kapahayagan ng kapangyarihan ay maisasanib sa pagtuturo at pangangaral.

# IKA-APAT NA KABANATA

## ISANG GURO NA MULA SA DIOS: ANG MENSAHE – II BAHAGI

**MGA LAYUNIN:**

- Ipagpatuloy ang mensaheng itinuro ni Jesus.
- Gamitin ang araling ito upang ibahagi ang mga aral ni Jesucristo sa iba.

**SUSING TALATA:**

> **At ito ang pasabing aming narinig sa Kaniya at sa inyo'y aming ibinabalita, na ang Dios ay ilaw, at sa Kaniya'y walang anomang kadiliman. (I Juan 1:5)**

### PAMBUNGAD

Ang pangkalahatang mensahe ni Jesus ay ang Evangelio ng Kaharian. Subalit ano ang mga tiyak na detalye ng Kaniyang pagtuturo?

### PAANO PAG-ARALAN ANG ITINURO NI JESUS

1. Guhitan mo sa mga aklat ng Mateo, Marcos, Lucas, Juan at Mga Gawa unang kabanata, ang lahat ng sinabi ni Jesus.

2. Pag-aralan mo ang Gawa at ang Mga Sulat [Roma hanggang Judas] sa Bagong Tipan. Masdan mo kung ano ang itinuro ng mga mananampalataya sa kanilang pagtupad ng utos na ibinigay ni Jesus na magturo.

3. Gamitin ang mga sumusunod na banghay upang pag-aralan at ituro kung ano ang itinuro ni Jesus.

### PAGTUTURO NG ITINURO NI JESUS

Ang outline na ito ay naglilista ng lahat ng paksa na itinuro ni Jesus sa Kaniyang buong ministeryo dito sa lupa. Ang mga aral ay nahahati sa grupo ayon sa paksa.

May apat na pangunahing mga aklat sa Biblia kung saan nakatala ang mga aral ni Jesus. Ito ang mga aklat nila Mateo, Marcos, Lucas, at Juan. Madalas ay nauulit ang mga aral ni Jesus sa apat na aklat. Ang mga reperensiya sa kabanatang ito ay isinaayos upang pagsamahin ang mga magkakatulad na mga pangyayari. Ang outline na ito ay tutulong sa iyo na magturo ng mahahalagang mga katotohanan na itinuro ni Jesus. Ikaw ay masasangkapan upang ikaw ay makapagbahagi ng Kaniyang Evangelio sa mga bansa ng sanglibutan.

Pansinin: Dahil sa banghay ng reperensiya ng kabanatang ito, wala nang "Pansariling Pagsusulit" o "Para Sa Dagdag Na Pag-aaral" na mga bahagi rito.

## ANG KADIOSAN

### ANG DIOS AMA:

Mateo 11:27; 19:17;,26; 22:32; 23:9
Marcos 12:26-27,29; 10:18,27
Lucas 10:22; 18:19,27; 20:37-38
Juan 4:24; 5:17,37; 6:46; 10:29; 14:28,31; 15:8

### ANG ANAK, SI JESUCRISTO:

#### Banal na Kalikasan:

Mateo 9:5-6; 10:32-33; 11:4-6,27; 12:6,41-42; 16:13,15,17,27; 21:42; 22:42-45; 23:10; 26:53,64; 27:11; 28:18

Marcos 2:9-11,28; 8:27,29; 12:10-11,35-37; 14:62; 15:2

Lucas 5:23-24; 6:5; 7:22-23; 9:18-20; 10:22; 11:20,31-32; 19:40; 20:17-18,41-44; 22:69-70; 23:3

Juan 1:51; 3:13; 4:10,26,32; 5:17,19-23,26-27,30-32,34,36-37,39,41; 6:27,29,35,46,51,62; 7:17-18; 8:14,16-19,23,25,29,42,50,54-56,58; 9:35,37; 10:25,30,34-48; 12:30,44-45; 13:31-32; 14:1,6,7,9-11,20; 15:23; 16:15,27-28; 17:1-3,5,8,10-11,21-24,28-29; 18:36-37; 19:11

#### Kaniyang Pagkatao:

Mateo 3:15; 8:20; 11:19; 26:10-13,38-39,42,45; 27:46
Marcos 14:7-9,26,34,36,41; 15:34
Lucas 7:34; 9:58; 22:28,42; 24:39,41
Juan 4:7; 12:7-8; 19:26,28; 20:27; 21:5,12

#### Ang Kaniyang Misyon:

Mateo 4:4; 5:17; 9:12-13; 10:34-36; 11:15; 15:26; 18:11-13; 21:33-40

Marcos 1:38; 2:17; 4:21-22; 7:16,27; 12:1-9

Lucas 2:49; 4:18-19,21,23-27,43; 5:31-32; 8:16,17; 11:3-,33; 12:2-3,14,49,51-53; 13:32-33; 19:10; 20:9-16

Juan 3:19-21; 4:13,14,34; 5:25,28-30; 6:38-40,50,55,56,58; 7:7,16; 8:12,26; 9:3-5,39; 10:1-5,7,9-18,27-29; 11:4,9,10; 12:26,27,47-50; 13:20; 18:15,16,37

**Ang Kaniyang Ministeryo:**

Mateo 9:15,37,38; 12:25-30; 20:28
Marcos 2:19; 3:23-27; 10:45
Lucas 5:34; 11:17-23
Juan 2:4; 3:11; 4:35-38; 12:35,36

**Ang Kaniyang Posisyon:**

Mateo 10:29-30; 11:28-31

Lucas 4:18,19; 8:52

Juan 6:37; 7:37; 10:9; 11:25,26; 12:32; 14:1,2,6,13,14,16,27; 15:1,2,4-6,9-11,15-16,18,19; 16:1,4,23,24,33

**ANG ESPIRITU SANTO:**

Mateo 10:19,20; 12:31,32; 28:19
Marcos 3:28,29
Lucas 12:10-12
Juan 3:8; 6:63; 16:7-11,13,14; 20:22
Gawa 1:8

## ANG KAHARIAN NG DIOS AT ANG LANGIT

Mateo 4:17; 5:20; 6:33; 7:21; 8:11; 10:7; 11:11-13; 13:3-8,11,18-33,37-50,52; 16:28; 22:2-14; 25:14-30; 26:29

Marcos 4:3-8,11-20,26-29; 9:1; 14:25

Lucas 8:5-15; 9:27; 10:11; 11:20; 12:31; 13:18-21,29,30; 17:20,21; 19:12-27; 21:31; 22:18

## ANG IGLESIA

Mateo 5:13-15; 12:48-50; 16:18,19; 18:17-20; 21:13; 23:16-21; 24:22,31
Marcos 3:33-35; 11:17; 12:10; 13:20,27
Lucas 8:21; 11:23; 12:32; 19:26
Juan 2:16; 4:23,24; 13:35; 17:20,21; 20:23

## ANG KAUTUSAN, ANG MGA KASULATAN, ANG MGA PROPETA

Mateo 5:17,18; 7:12; 8:4; 11:13; 21:42; 26:54
Marcos 1:44; 12:10,11; 14:21,29
Lucas 5:14; 10:26,28; 16:16,17,29-31; 17:14; 18:31; 21:22; 22:22,37; 24:25,26,44,46
Juan 5:39,45-47; 7:12,19; 8:17,18; 10:34-36; 15:25

## ANG SALITA

Mateo 4:4; 7:24-27; 11:15; 13:3-9,19-23; 28:19,20

Marcos 4:3-9,14-20,23,24; 13:31

Lucas 4:4,18,19,43; 6:46-49; 8:5-8,10-15,18; 10:24

Juan 3:11; 5:24,25,28,46,47; 6:63; 7:17,18; 8:14,31,32,38,45-57; 10:27; 12:47-50; 14:10,21,23-25; 15:7,10,12,14,15,17,20,22; 16:12,13,25,33; 17:6-8,13,14,19,20,25,26; 18:20,37

## ANG LUMA AT BAGONG MGA KAPANAHUNAN

Ang "lumang kapanahunan" ay tumutukoy sa paraan na ang Dios ay nakitungo sa sangkatauhan sa panahong nakatala sa Lumang Tipan. Sakop nito ang mga batas ng gobiyerno at ang iba't ibang mga sacripisyo para sa kasalanan na inilarawan sa aklat ng Levitico.

Ang "bagong kapanahunan" ay ang bagong paraan ng pakikitungo ng Dios sa sangkatauhan mula sa ministeryo ni Jesus sa lupa. Kilala ito sa tawag na panahon ng biyaya kung saan ang sacripisyo para sa kasalanan ay ginawa minsan at para sa lahat sa pamamagitan ng kamatayan ni Jesus sa krus.

## ANG PROPETANG NAGPAPAHAYAG NG BAGONG KAPANAHUNAN:

Ang lalakeng nagngangalang Juan Bautista ay isang propetang ipinadala mula sa Dios upang ipahayag sa mga tao ang bagong kapanahunan. Nagturo si Jesus tungkol sa kaniya sa mga sumusunod na mga talata:

Mateo 7:11; 11:7-11,14,18; 21:25
Marcos 9:13; 11:30
Lucas 7:24-28,33; 20:4
Juan 5:33,35

## MGA ARAL TUNGKOL SA MGA DISPENSASYON:

Ang mga aral ni Jesus tungkol sa luma at bagong kapanahunan ay makikita sa mga sumusunod na mga talata:

Mateo 5:17; 11:27; 26:27,28
Marcos 14:24
Lucas 10:22; 16:16; 22:20
Juan 4:23; 5:25; 6:32,33,49,58
I Corinto 11:25

## ANG MGA ALAGAD

Pumili si Jesus ng labingdalawang mga lalake bilang Kaniyang mga alagad dito sa Kaniyang ministeryo sa lupa.

## PANGKALAHATANG MGA TURO:

Ang mga sumusunod na mga aral ay ibinigay sa mga alagad bilang isang grupo:

Mateo 13:11,16,17,51; 16:8-11; 17:7; 18:18; 21:2,3; 23:10; 24:9; 26:38,40,45
Marcos 4:11,12,35; 6:31; 8:17-20; 11:2,3; 13:9,11,13; 14:27,32,34,41; 16:15
Lucas 8:10,22; 10:23,24; 19:30,31; 21:14-19; 22:28-30,35,36,38; 24:49
Juan 6:61,67,70; 12:30; 14:25,31; 15:12,16-20,27; 16:2,3,27,32; 20:21-23

## MGA TIYAK NA MGA TURO:

Ang mga sumusunod na aral ay ibinigay sa mga tiyak na alagad:

### Si Pedro at si Andres:

Mateo 4:19
Marcos 1:17

### Si Mateo:

Mateo 9:9
Marcos 2:14

### Si Pedro:

Mateo 16:17-19,23; 17:25-27; 26:34
Marcos 8:33; 14:30,37
Lucas 5:4,10; 22:31,32,34,51
Juan 1:42; 13:7,8,10,36,38; 18:11; 21:15-19,22

**Si Tomas:**

Juan 20:27,29

**Si Felipe:**

Juan 14:9

**Si Judas Iscariote:**

Juan 13:27

## ANG PAGSUGO SA MGA ALAGAD

Mga tanging salita ang binitiwan ni Jesus nang Kaniyang suguin ang Kaniyang mga alagad upang magbahagi ng Evangelio ng Kaharian.

**MGA SALITA PARA SA MGA ALAGAD:**

Mateo 10:5-42
Marcos 6:10,11
Lucas 9:3-5

**MGA SALITA PARA SA PITUNGPO:**

Lucas 10:3-12,16,19,20

## ANG MGA PANALANGIN NI JESUS

Ang mga talatang ito ay ang mga nakatala na panalangin ni Jesus. Dagdag sa mga natutuhan mo na kung ano ang itinuro ni Jesus tungkol sa panalangin, mahalagang suriin kung paano Niya isinagawa ang Kaniyang mga turo sa Kaniyang sariling buhay panalangin.

Mateo 6:9-13; 11:25,26; 26:36,39,42
Marcos 14:36
Lucas 10:21; 11:2-4; 22:42
Juan 11:41,42; 17:1-26

## MGA PANGYAYARI SA BUHAY NI JESUS

Itinuro ni Jesus ang mga espesyal na mga pangyayari na magaganap sa Kaniyang buhay at ginamit Niya ang mga okasyong ito upang ibahagi ang mga katotohanan ng Dios. Narito ang mga pangyayari:

**PAGDURUSA AT TUKSO:**

Mateo 17:12; 13:57; 26:38
Mark 6:4; 9:12; 14:34
Lucas 4:24; 9:22; 17:25; 22:28; 24:46

**ANG HULING HAPUNAN:**

Mateo 26:18,26-29
Marcos 14:13-15,22,24,25
Lucas 22:8,10-12,15-20
I Corinto 11:24,25

**ANG PAGKAKANULO:**

Mateo 17:22; 26:2,21,23-25,46,50,55
Marcos 14:18,20,21,42,48,49
Lucas 22:21,22,48,52,53
Juan 13:18,19,26; 18:4,5,7,8,23

**ANG PAGKAPAKO SA KRUS:**

Lucas 9:44; 22:37
Juan 3:14; 8:28; 12:31,32

**MGA PANANALITA SA KRUS:**

Mateo 27:46
Marcos 15:34
Lucas 23:34,43,46
Juan 19:26,27,28,30

**PAGKAMATAY, PAGKABUHAY NA MAGULI, AT PAG-AKYAT SA LANGIT:**

Mateo 12:40; 17:19,22,23; 20:18,19; 26:12,31,32
Marcos 9:31; 10:33,34; 14:8,27,28
Lucas 5:35; 9:22; 12:50; 18:31-33
Juan 2:19; 3:13; 6:62; 7:33,34; 8:21; 10:17,18; 12:7,23,24; 13:33; 14:19,29; 16:5-7,16,19-22,25,26,32; 20:17

**MGA SINALITA PAGKATAPOS MABUHAY NA MAGULI:**

Mateo 28:9,10,18-20
Marcos 16:15-18
Lucas 24:17,19,25,26,36,38,39,41,44,46-49
Juan 20:15-17,19,21-23,26,27; 21:5,6,10,12,19,22
Gawa 1:4,5,7,8

## MGA HULA

Maraming itinuro si Jesus sa paksa ng mga hula. Ang hula ay ang kapahayagan ng mga bagay na hindi pa nagaganap. Ito ay mensahe ng Dios tungkol sa hinaharap. Ang mga hula na itinuro ni Jesus ay patungkol sa:

### ANG PANGALAWANG PAGPARITO NI JESUCRISTO:

Mateo 24:6-47; 25:1-13; 26:64
Marcos 2:20; 8:38; 13:7-36; 14:62

### JERUSALEM:

Mateo 5:34,35; 23:37-39; 24:2
Marcos 13:2
Lucas 13:34,35; 19:42-44; 21:20-24; 23:28-31
Juan 4:21

### ANG MGA JUDIO:

Mateo 8:11,12; 10:6; 11:16-19; 15:24,26; 21:31,32; 22:2-7
Marcos 7:27
Lucas 7:31-35; 21:24; 22:67,68
Juan 4:22; 7:19,21; 8:37-47; 9:41; 10:26,32; 18:20,36

### MGA ESCRIBA, MGA PARISEO, AT MGA SADUCEO:

Mateo 12:34; 15:7-9,14; 16:6;23:2-7,13-15,25-27,29-36
Marcos 7:6; 8:15; 12:38-40
Lucas 11:39,40-44,46-52; 12:1; 20:46,47
Juan 5:42

### ANG MGA GENTIL:

Mateo 8:11; 21:43; 22:8-10; 24:14; 28:19
Marcos 13:10; 16:15
Lucas 13:29; 24:46,47
Juan 10:16

### MGA BULAANG PROPETA AT MGA BULAANG TURO:

Mateo 7:15-18,20; 24:4,5,11,23,24,26
Marcos 13:5,6,21,22
Lucas 6:39,43,44; 17:1,2,22,23; 21:8
Juan 10:1,8

## KASALANAN

Ang kasalanan ay ang pagsuway sa kautusan ng Dios. Nagturo si Jesus tungkol sa kasalanan:

### SI SATANAS AT ANG KASALANAN:

Mateo 4:10; 12:26,27; 13:19; 16:23; 25:41
Marcos 3:23,26; 4:15; 8:33
Lucas 4:8; 10:18; 11:18,19; 22:31
Juan 8:34-36; 14:30

### PAMUMUSONG:

Mateo 12:31,32; 15:19
Marcos 3:28,29; 7:21,22
Lucas 12:10

### PAG-AALINLANGAN:

Mateo 14:31; 17:17,20
Marcos 2:8; 9:19; 16:16
Lucas 9:41
Juan 3:11,12,18; 4:48; 5:38,40,43-47; 6:64; 8:24,45-47; 12:47,48; 15:22,24

### PAGPAPAIMBABAW:

Mateo 6:2,16; 15:7,8; 23:13-15,25,27-29
Marcos 7:6; 12:40
Lucas 11:44; 12:1; 20:47

### PAGMAMATAAS:

Mateo 23:5-7,12
Marcos 7:21,22; 12:38,39
Lucas 11:43; 14:11; 20:46

### GALIT:

Mateo 5:22

### PAGPATAY:

Mateo 5:21; 15:19; 19:17,18
Marcos 7:21; 10:19

Lucas 18:20
Juan 8:44

**PANGANGALUNYA, PAKIKIAPID, KALIBUGAN:**

Mateo 5:27,28,32; 15:19; 19:9,11,12,17,18
Marcos 7:21,22; 10:11,12,19
Lucas 16:18; 18:20

**PAGHIHIWALAY NG MAG-ASAWA:**

Mateo 5:31,32; 19:8,9
Marcos 10:3,5,11,12
Lucas 16:18

**PAGNANAKAW:**

Mateo 15:19; 19:17,18
Marcos 7:21,22; 10:19
Lucas 18:20

**PAGSAKSI SA DI KATOTOHANAN, PANDARAYA, PANLILINLANG:**

Mateo 15:19; 19: 17,18
Marcos 7:21,22; 10:19
Lucas 18:20
Juan 8:44

**MASAMANG PAG-IISIP, MASAMANG MATA, KAMANGMANGAN:**

Mateo 6:23; 9:4; 15:19; 20:15
Marcos 7:21,22
Lucas 11:34

**PAG-IIMBOT:**

Marcos 7:21,22
Lucas 12:15-21

**MATERIYALISMO AT KAMUNDUHAN:**

Mateo 6:19-21,24; 12:39; 13:3,22; 16:4; 24:38,39
Marcos 4:3,7,18,19; 8:12
Lucas 8:14; 9:60; 10:41,42; 11:29; 14:16-24; 16:1-9,13,15; 17:26-29; 21:34
Juan 4:48; 6:27

**PAGPAPALIBAN:**

Ang magpaliban ay patuloy na pinatatagal bago gawin ang isang bagay.

Mateo 24:45-51
Lucas 12:42-47; 13:25-28; 14:16-20

**PAGHATOL:**

Mateo 7:1-5; 12:7
Marcos 4:24
Lucas 6:37,41,42
Juan 8:7,10,11,15

**PAGKABULAG NG PUSO:**

Mateo 13:13-15; 15:14; 16:2,3
Marcos 4:12; 8:18,21
Lucas 8:10; 12:54-56

**PANGLALAMIG:**

Ang manglamig sa pananampalataya ay ang tumalikod sa pagsunod kay Jesus.

Mateo 12:43-45
Lucas 11:24-26

**PAGLAPASTANGAN SA MGA BANAL NA BAGAY:**

Ang paglapastangan sa mga banal na bagay ay ang hindi paggalang sa mga bagay na kaugnay ng Dios. Mateo 7:6

**PAGTANGGI:**

Mateo 10:14,15; 11:22,23; 12:34,41,42; 13:13-15; 16:4; 18:7; 21:19; 23:13-15,25,27,29,33-36
Marcos 6:11; 8:12; 11:14
Lucas 6:24-26; 9:5; 10:10-15; 11:29,32,42,44,46,47,49-52

## KATUWIRAN

Maraming panahon ang ginugol ni Jesus sa pagtuturo ng paksa ng katuwiran, kung paanong mamuhay na may wastong kaugnayan sa Dios, sa iba, at sa sarili.

**MGA PANAWAGAN SA KATUWIRAN:**

Mateo 4:19; 8:22; 9:9; 14:29
Marcos 1:17; 2:14; 4:24; 10:21; 19:21
Lucas 5:27; 9:59,60; 18:22
Juan 1:38,39,43; 12:26; 21:19

**PANANAMPALATAYA:**

Mateo 8:10,13,26; 9:22,28,29; 14:27; 15:18; 17:20; 21:22
Marcos 4:40; 5:34,36; 6:50; 7:29; 9:23; 10:52; 11:22-24; 16:16-18
Lucas 7:9,50; 8:25,48,50; 17:6,19; 18:8,42
Juan 3:18; 6:20,29; 7:38; 9:35; 11:15,25,26,40,42; 14:1,12; 16:31; 20:27,29

**KALIGTASAN SA PAMAMAGITAN NG PANANAMPALATAYA:**

Marcos 16:16
Juan 3:14-16,18; 5:24; 6:40,47; 11:25,26

**PAGSISISI:**

Mateo 4:17; 21:28-32
Marcos 1:15
Lucas 13:2-5; 15:4-32

**PAGBABAUTISMO:**

Mateo 21:25; 28:19
Marcos 11:30; 16:16
Lucas 20:4
Juan 3:5
Gawa 1:5

**PAGBABAGONG BUHAY:**

Mateo 9:16,17
Marcos 2:21,22
Lucas 5:36-39
Juan 3:3,5-8,10

**MABUBUTING GAWA:**

Mateo 5:16; 7:16-27; 12:33; 13:3,4,8,23; 21:19
Marcos 3:33-35; 4:3,4,8,20; 11:14
Lucas 6:43,44,46-49; 10:30-37; 13:6-9
Juan 7:17; 10:37,38; 15:8,16

**ANG MGA DAKILANG UTOS:**

Mateo 7:12; 22:37-40
Marcos 12:29-31
Lucas 6:31

**PAGIBIG:**

Mateo 5:43-47; 7:12
Lucas 6:27,28,32-35
Juan 13:34,35; 14:23,24; 15:12,13,17

**PAGKAKAWANG GAWA:**

Mateo 5:42; 6:1-4; 19:21
Marcos 10:21; 12:43,44
Lucas 6:30,38; 11:41; 12:33,34; 14:12-14; 16:9; 18:22; 21:2,4

**PAGPAPATAWAD AT PAGKAKASUNDO:**

Mateo 5:23-26; 6:14,15; 9:2,5,6; 16:18,19; 18:18,22-35
Marcos 2:5,9-11; 11:25-26
Lucas 5:20,23,24; 6:37; 7:40-48; 12:58,59; 17:3,4; 23:34; 24:46,47
Juan 20:23

**KAHABAGAN:**

Mateo 5:7; 9:13; 18:15-17,27,33
Lucas 6:36

**PAGTANGGI SA SARILI:**

Mateo 10:37-39; 16:24-26
Marcos 8;34-37
Lucas 9:23-25; 14:26,27-33; 17:33
Juan 12:25

**KALINISAN AT KADALISAYAN NG PUSO:**

Mateo 5:8,27,28; 6:22-24; 9:4; 12:34,35; 15:10,11,16-20
Marcos 7:18-23; 10:15
Lucas 4:12; 6:45; 11:34-36,41; 16:13; 18:17

**KALINISAN NG PANANALITA:**

Mateo 5:33-37; 12:36,37; 23:20-22

**PANANAGUMPAY SA LAMAN:**

Mateo 5:29,30; 6:16-18; 17:21; 18:8,9
Marcos 9:29,43-49

**PAGSUNOD AT PAGPAPASAKOP:**

Mateo 26:39,42; 28:19,20
Marcos 4:16
Lucas 22:42
Juan 7:17,18; 8:29,50; 14:15,21' 15:14; 18:11

**PAGPAPASAKOP SA NAMAMAHALA:**

Mateo 17:25-27; 22:19-21
Marcos 12:15-17
Lucas 20:24,25

**PAGTATAPAT AT PAGBABANTAY:**

Mateo 24:42-47; 25:13; 26:41
Marcos 13:33-37; 14:38
Lucas 12:35-40,42-44,47,48; 16:10-12; 21:36; 22:40,46

**KATATAGAN AT PANANATILI:**

Mateo 5:13; 10:22; 13:3-9,18-23; 24:13
Marcos 4:3-9,13-20; 9:50; 13:13
Lucas 9:62; 14:34,35
Juan 8:31,32

**PAGTITIYAGA:**

Lucas 21:19
Gawa 1:7

**KATAPANGAN:**

Mateo 8:26; 14:27; 17:7
Marcos 4:40; 5:36; 6:50
Lucas 8:50
Juan 6:20

**HINDI LUMALABAN:**

Mateo 5:38-41,43-45; 26:52
Lucas 6:27-30

**KABABAANG-LOOB AT KAAMUAN:**

Mateo 5:3,5; 11:25,26; 18:3,4; 20:25-27; 23:8,11,12
Marcos 9:33,35; 10:15,42-44
Lucas 9:48; 14:8-11; 18:14,17; 22:25-27
Juan 13:7,8,10,12-17

**PAGTITIWALA SA PAGTUSTOS NG DIOS:**

Mateo 6:25-34
Lucas 12:6,7,22,24-32

**PAGTANAW NG UTANG NA LOOB:**

Mateo 8:4
Marcos 1:44; 5:19
Lucas 5:14; 7:40-48,50; 8:39; 17:17,18

**PAGPAPARAYA:**

Marcos 9:39-41
Lucas 9:50

**KATUNGKULAN:**

Lucas 17:7-10

**KASAKDALAN:**

Mateo 5:48; 7:13,14; 19:21
Marcos 10:21
Lucas 6:40; 12:57; 13:24; 18:22

**ANG MGA PAG-UUGALI:**

Mateo 5:3-12; 11:6; 13:16
Lucas 6: 20-23; 7:23; 10:23; 11:28

## MGA TANGING PAGTUTURO

Nagturo si Jesus ng mga ibang mahahalagang paksa na inilagay natin sa pamagat na "Mga Tanging Pagtuturo." Ang mga ito ay:

**KATUBUSAN SA KASALANAN:**

Mateo 17:12; 20:18,19,28; 26:24,31,39,42
Marcos 9:12; 10:33,34,45; 14:21,24,36
Lucas 9:22,56; 13:34,35; 18:31-33; 19:10; 21:28; 22:19,22,37,42; 24:26,44,46,47
Juan 3:13-16,18; 5:39; 6:38-40,51; 8:24,28,56; 10:7,9-11,15-18,36; 11:25,26; 12:24,27,32,47; 13:7,8; 14:19; 15:13; 16:7,20,22,33; 17:1-4,19-21,23; 18:11; 19:30
I Corinto 11:24,25

**PANTAY-PANTAY SA ILALIM NG KATUBUSAN:**

Mateo 20:1-15

**PANALANGIN:**

Mateo 6:5-13; 7:7-11; 18:19,20; 21:22; 26:41
Marcos 11:24; 14:38
Lucas 11:2-13; 18:2-8,10-14; 22:40,46
Juan 4:24; 14:13,14; 15:7; 16:23,24

**ANG TITIK AT ANG ESPIRITU:**

Mateo 15:3-8,10,11,16-20; 23:16-26,28
Marcos 7:6-8,14,15,18-23
Lucas 11:39,40,42,44
Juan 6:63; 7:24

**IPINASYA SA UNA PA LAMANG:**

Mateo 15:13; 20:23; 22:14; 24:22,31
Marcos 10:40; 13:20,27
Lucas 18:7
Juan 6:37,43-45,64,65; 15:16

**PAGHAHAYAG NG PANANAMPALATAYA:**

Mateo 10:32,33
Marcos 5:19; 8:38
Lucas 8:39; 9:26; 12:8,9

**PANSARILING PANANAGOT:**

Mateo 13:12; 22:11-13
Marcos 4:23-25
Lucas 8:18; 12:47,48
Juan 9:41

**PAGGAWA AT PANSARILING PAGLAGO:**

Mateo 20:6; 25:14-30
Lucas 19:12-26

**ANG SABBATH:**

Mateo 12:3-5,8,11,12
Marcos 2:25-28; 3:4
Lucas 6:3-5,9; 13:15,16; 14:3,5

**PAG-AASAWA:**

Mateo 19:4-6; 22:30
Marcos 10:6-9; 12:25
Lucas 20:34,35

**MGA BATA:**

Mateo 18:3-6,10,14; 19:14; 21:16
Marcos 9:37,42; 10:14,15
Lucas 9:48; 18:16,17

**MGA MAHIHIRAP:**

Mateo 11:5; 19:21; 26:11
Marcos 10:21; 14:7
Lucas 4:18,21; 6:20; 14:13,14; 18:22
Juan 12:8

**MGA MAYAYAMAN:**

Mateo 19:23,24
Marcos 10:23-25
Lucas 14:12; 16:19-31; 18:24,25

**KALUMBAYAN:**

Mateo 5:4; 10:38; 11:28; 16:24; 23:38,39; 24:7,8; 26:38,39,4

Marcos 4:16,17; 8:34;13:19; 14:34,36
Lucas 6:21; 9:23; 14:27; 21:22-26; 22:42; 23:28-30; 24:38
Juan 12:27; 14:1,27; 16:5,6,20-22; 18:11

**KAPAYAYAPAAN AT KAPAHINGAHAN:**

Mateo 9:22; 10:13; 11:28-30; 26:45
Marcos 4:39; 5:34; 6:31; 9:50; 14:41
Lucas 7:50; 8:48; 10:5,6,41,42; 12:29; 19:42; 24:36
Juan 14:1,23,27; 16:33; 20:19,21,26

**KAGALAKAN:**

Mateo 5:11; 6:17; 9:2; 13:44; 14:27; 18:12,13; 25:21,23
Marcos 6:50
Lucas 6:21-23; 10:20; 11:36; 15:4-10,32
Juan 4:36; 8:56; 13:17; 15:11; 16:20-22,24; 17:13

**KARUNUNGAN:**

Mateo 7:24; 10:16; 11:15,25; 13:51; 15:16; 16:2,3; 21:16; 24:45-47
Marcos 4:12; 7:14,16; 8:17,18,21
Lucas 6:47,48; 8:10; 10:21; 12:42-44,54-56; 16:1-8
Juan 8:12; 9:41; 12:46

**KAMATAYAN AT PARAISO:**

Mateo 8:22; 9:24; 10:8,28; 16:28; 17:9,23; 22:32
Marcos 5:39; 9:1,31; 10:34; 12:25-27; 14:34
Lucas 7:22; 9:27,60; 12:4,5,20; 16:31; 18:33; 20:35-38; 23:43; 24:46
Juan 5:21,25,28,29; 6:39,40,49,58; 10:17,18; 11:4,14; 12:24; 15:13

## MGA TANGING PANANALITA SA MGA INDIBIDUWAL

Itong huling pangkat ng mga turo ni Jesus ay may espesyal na mga sinalita Niya sa mga indibiduwal sa Kaniyang ministeryo dito sa lupa. Ang mga ito ay:

**NATANAEL:**

Juan 1:47

**BABAENG SAMARITANA:**

Juan 4:7, 16-18

**ZAQUEO, ISANG PUBLIKANO:**

Lucas 19:5,9

**MGA BULAG NA LALAKE SA JERICO:**

Mateo 20:32

**MGA ESCRIBANG NAGTATANONG:**

Marcos 9:16

**MGA ANAK NI ZEBEDEO:**

Mateo 20:21-23
Marcos 10:36,38-40

**MGA KAPATID NI JESUS:**

Juan 7: 6-8

**ANG NAGTATANONG NA ESCRIBA:**

Marcos 12: 34

**SI MARTA:**

Lucas 10:41,42

**MGA PUNONG SASERDOTE AT MATATANDA:**

Mateo 21:24,25,27
Marcos 11:29,30,33
Lucas 20:3,4,8

**MGA DISIPULO NG MGA PARISEO AT MGA HERODIANO:**

Mateo 22:18
Lucas 20:23

**ANG DAKILANG SASERDOTE:**

Juan 18:21

**SI PILATO:**

Juan 18: 34

# IKA-LIMANG KABANATA

## ISANG GURO NA MULA SA DIOS: MGA PAMAMARAAN
## I BAHAGI

**<u>MGA LAYUNIN:</u>**

Sa pagtatapos ng kabanatang ito, maipapaliwanag mo na kung paano ginamit ni Jesus ang mga paraan ng pagtuturong sumusunod:

- Mga Himala
- Kapamahalaan
- Pagibig at Kahabagan
- Pakikisalamuha at Paggaya
- Pagtugon
- Pagkakatiwala ng tungkulin sa iba
- Kapaligiran
- Pagpapakita ng Paraan ng Paggawa
- Ang Prinsipyo ng Unti-unting Pagkatuto
- Pagpapangkat ng mga Mag-aaral

**<u>SUSING TALATA:</u>**

> **At nililibot ni Jesus ang lahat ng mga bayan at mga nayon, na nagtuturo sa mga sinagoga nila, at ipinangangaral ang Evangelio ng Kaharian, at pinagagaling ang sari-saring sakit at ang sari-saring karamdaman.**
> **(Mateo 9: 35)**

**<u>PAMBUNGAD</u>**

Natutuhan mo na kung kailan, saan, bakit nagtuturo, at ano ang itinuro ni Jesus sa Kaniyang ministeryo dito sa lupa. Dito at sa susunod na kabanata ay pag-aaralan mo kung <u>paano</u> nagturo si Jesus. Nakatuon ang mga araling ito sa mga paraan na ginamit ni Jesus sa pagtuturo. Ang paraan ay isang plano, sistema, mga hakbang, o paano ginagawa ang isang bagay. Ang paraan ng pagtuturo ni Jesus ay nagsasaad kung <u>paano</u> Siya nagturo.

Madalas ang Iglesia ay nasisiyahan nang gumamit ng mga sekular na pamamaraan sa pagtuturo sa halip na iyong mga naihayag sa Salita ng Dios. Ang pinakamabuting paraan ng pagtuturo ng Biblia ay yaong mga ginamit ni Jesus at napatunayang mabisa. Ang araling ito ay nakapokus sa mga pangkalahatang pamamaraan na nakita sa pagtuturo ni

Jesus. Ang susunod na kabanata ay patungkol sa mga tiyak na paraan ng pagtuturong pasalita.

## MGA HIMALA

Natutuhan mo na ang mensahe ng guro ay dapat sundan ng kapahayagan ng kapangyarihan ng Dios. Ang nakikitang kapangyarihan ang humihimok sa mga tao na makinig sa Salita ng Dios:

> **At nang dumating ang Sabbath, ay nagpasimulang magturo Siya sa sinagoga: At marami sa nangakakarinig sa Kaniya ay nangagtataka, na nangagsasabi, Saan nagkaroon ang taong ito ng mga bagay na ito? at, Anong karunungan ito na sa Kaniya'y ibinigay, at anong kahulugan ng gayong mga makapangyarihang gawa na ginagawa ng Kaniyang mga kamay? (Marcos 6: 2) (Tingnan din ang Mateo 13: 54)**

Gumamit si Jesus ng mga himala upang ihanda ang puso ng mga tao na tumanggap ng mga mensahe. Basahin mo ang kuwento ng bulag na lalake mula sa pagkabata na pinagaling ni Jesus sa Juan 9. Bunga ng pagpapagaling na ito ang kapangyarihan ng Dios ay nahayag sa kanyang mga kapitbahay (9:8), sa mga pinuno ng relihiyon (9:13), at sa kanyang sambahayan (9:18). Sa Juan 9: 41-50, ginamit ni Jesus ang kagalingang ito upang magturo ng mensahe mula sa Dios patungo sa mga lider ng relihiyon.

Ang mga himala ni Jesus ay nakatulong sa mga tao sa oras ng kanilang pangangailangan. Sa pag-aaral mo pa ng mga himala sa "Para Sa Dagdag Na Pag-aaral" sa kabanatang ito, makikita mo kung paanong ang mga himala ay tumugon sa materyal, pisikal, emosyonal, espirituwal, pag-iisip, at mga natural na pangangailangan ng mga tao. Ang mga demonio ay pinalayas, ang patay ay binuhay, ang may sakit ay pinagaling, ang nagugutom ay pinakain, at sila na nangangailangan ng pagpapalaya ay nakamit ito.

Walang hihigit na magaling na ilustrasyon ng katunayan ng mensahe ng Biblia kay sa demonstrasyon ng kapangyarihan ng Dios. Ang kapangyarihang ito ang tumutugon sa pangangailangan ng tao at bumabago ng kanilang mga buhay. Kaya nga ipinagkatiwala ni Jesus ang kapangyarihang espirituwal sa Kaniyang mga alagad:

> **At pinalapit Niya sa Kaniya ang labingdalawa, at nagpasimulang sinugo sila na daladalawa; at binigyan Niya sila ng kapamahalaan laban sa mga karumaldumal na espiritu. (Marcos 6: 7)**
>
> **At samantalang kayo'y nangaglalakad, ay magsipangaral kayo, na mangagsabi, Ang kaharian ng langit ay malapit na.**
>
> **Mangagpagaling kayo ng mga may sakit, mangagpabangon kayo ng mga patay, mangaglinis kayo ng mga ketong, mangagpalabas kayo ng mga demonio: tinanggap ninyong walang bayad, ay ibigay ninyong walang bayad. (Mateo 10: 7-8)**

**Katotohanan, katotohanang sinasabi Ko sa inyo, Ang sa Akin ay sumasampalataya, ay gagawin din naman niya ang mga gawang Aking ginagawa; at lalong dakilang mga gawa kay sa rito ang gagawin Niya; sapagkat Ako'y paroroon sa Ama. (Juan 14:12)**

## KAPAMAHALAAN

Nagturo si Jesus na may kapamahalaan. Ang ibig sabihin ng "kapamahalaan" ay ang paggamit ng kapangyarihang mag-utos. Tulad ng mga himala, ang pagtuturo ng may kapamahalaan ay nakagaganyak sa mga nakikinig:

**At nangagtaka sila sa Kaniyang aral: sapagkat sila'y tinuturuan Niyang tulad sa may kapamahalaan, at hindi gaya ng mga eskriba. (Marcos 1:22) (Tingnan din ang Mateo 21:23).**

Ang ibang mga modernang tagapagturo ay pinagsasabihan ang guro na "maging kabilang ka sa grupo" sa halip na magturo ka ng may kapamahalaan. Subalit si Jesus ay nagturo ng may kapamahalaan. Ang kapamahalaan ni Jesus ay ibinigay ng Dios. Bago Siya nagbalik sa Langit, binigyan tayo ng Dios ng espirituwal na kapamahalaan:

**Kung paanong pagkasugo sa akin ng Ama, ay gayon din naman sinusugo Ko kayo. (Juan 20: 21)**

Ipinangako ni Jesus ang kapamahalaan (kapangyarihan) sa mga mananampalataya upang ayudahan sila na magturo at mangaral bilang mga saksi ng Evangelio:

**Datapuwat tatanggapin ninyo ang kapangyarihan, pagdating sa inyo ng Espiritu Santo: at kayo'y magiging mga saksi Ko sa Jerusalem, at sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa kahulihulihang hangganan ng lupa. (Gawa 1:8)**

Ang edukasyon, kalagayan sa lipunan, o natural na abilidad ay hindi batayan ng Biblikal na kapamahalaan. Ang ating kapamahalaan sa pagtuturo ay nanggagaling kay Jesucristo.

## PAGIBIG AT KAHABAGAN

Hindi hinahatulan ni Jesus ang Kanyang mga tinuturuan. Nagpakita Siya sa kanila ng pagibig at kahabagan. Nang mahuli ang isang babae sa sala ng pangangalunya, hindi siya hinatulan (Juan 8:11). Nang ginamit ni Maria ang mamahaling pabango upang ibuhos sa Kaniya, hindi siya hinatulan na nag-aksaya siya ng pera na maaari sanang naitulong sa mga mahihirap. Naunawaan Niya ang dahilan sa likod ng kanyang ginawa at siya ay minahal (Mateo 26:10-13).

Nahabag si Jesus sa mga bulag (Marcos 10:46-62) at sa mga bata (Marcos 10:13-16) nang ang Kanyang mga alagad ay walang malasakit. Minahal din ni Jesus ang mayamang lalake na pinili ang kanyang yaman kaysa sumunod sa Kaniya (Marcos 10: 17-22).

Pinagaling ni Jesus ang tainga ng sundalo na umaresto sa Kanya (Lucas 22:50-51). Ang kahabagan ni Jesus ang nagbunsod sa Kanya na idalangin ang mga tao na Kanyang pinaglilingkuran (Marcos 6:34) at ang kanilang mga lunsod (Lucas 19:41).

Ang I Corinto 13 ang nagsabi na anumang ministeryo (kasali ang pagtuturo) kung ginagawa nang walang pagibig ay bale wala. Ang mga guro ay dapat magpakita ng pagibig, malasakit, at kahabagan sa mga estudiyante o kaya ay "walang halaga ito."

## PAKIKISALAMUHA AT PAGGAYA

Nang tawagin ni Jesus ang Kanyang mga alagad, Siya ay may tiyak na pakay:

> **At naghalal Siya ng labingdalawa, upang sila'y makisama sa Kaniya, at upang sila'y suguin Niyang magsipangaral,**
>
> **At magkaroon ng kapamahalaang magpalayas ng mga demonio. (Marcos 3: 14-15)**

Ang mga alagad ay unang tinawag upang makasama ni Jesus, upang matuto mula sa Kaniya sa pamamagitan ng halimbawang ibinigay Niya. Ang kaalaman ay natututuhan sa pamamagitan ng pakikisalamuha bago ito maintindihan sa pamamagitan ng paliwanag. Ang mga alagad ay dapat "kasama" ni Jesus na may ginagawa. Hindi sila tagapakinig lamang. Sila ay nanonood at ginagaya ang Kanyang ginagawa. Ipinamuhay ni Jesus at ipinakita ang Kanyang itinuturo. Ang Kanyang halimbawa ng pamumuhay ng Kanyang mga aral ang pinaka-epektibong paraan ng pagtuturo na iyong masusundan.

Ipinakita ni Jesus sa Kanyang mga estudyante kung paano ipamuhay ang mga turo sa Biblia araw-araw. Sa pagtuturo ng aralin tungkol sa panalangin, Siya ay nanalangin. Upang ituro ang kahalagahan ng Kasulatan, sinitas Niya ito. Upang ituro ang kahalagahan ng pagpapalaganap ng Evangelio, ginawa Niya ito. Upang ipaliwanag ang kapangyarihan ng Dios, ipinakita Niya ito.

Ang matuwid na buhay ng isang guro ang nagdaragdag ng kredibilidad sa kanyang mensahe. Ang guro ay dapat magkaroon ng pakikisalamuha sa kanyang mga estudyante araw-araw, at mga situwasyon ng pagmiministeryo upang matuto sila sa pamamagitan ng pakikisama.

## PAGTUGON

Mula nang sabihin ni Jesus sa Kanyang mga alagad na "Sumunod kayo sa Akin," umasa si Jesus na sila ay tumugon sa mga mensahe Niyang itinuturo. Sinabi Niya sa mga lalake at babae na lumapit sila sa Kanya at dalhin ang kanilang krus (Marcos 8: 34-35). Sinugo Niya sila na magpatotoo sa kanilang mga pamilya (Marcos 5:19) at mga pinuno ng relihiyon (Lucas 5:14). Sinabi Niya sa ilan na ipagbili ang kanilang kayamanan (Marcos 10:31), maghugas sa tangke ng tubig (Juan 9:7) at iba pang mga utos.

Ang pagtuturo ay hindi kumpleto kung hindi ipinamumuhay ang mga aralin. Dapat turuan ang mga estudyante na ipamuhay ang kanilang natutuhan. Dapat sila maging taga gawa ng Salita, hindi lamang tagapakinig:

> **Datapuwat maging tagatupad kayo ng Salita, at huwag tagapakinig lamang, na inyong dinadaya ang inyong sarili.**
>
> **Sapagkat kung ang sinoman ay tagapakinig ng Salita at hindi tagatupad, ay katulad siya ng isang tao na tinitingnan ang kanyang talagang mukha sa salamin:**
>
> **Sapagkat minamasdan niya ang kaniyang sarili, at siya'y umaalis at pagdaka'y kaniyang nalilimutan kung ano siya.**
>
> **Ngunit ang nagsisiyasat ng sakdal na kautusan, ang katutusan ng kalayaan, at nananatiling gayon, na hindi tagapakinig na lumilimot, kundi tagatupad na gumagawa, ay pagpapalain ang taong ito sa kaniyang ginagawa. (Santiago 1: 22-25)**

Ang paglagong espirituwal ay hindi sinusukat sa kung ano ang naririnig ng estudyante, subalit kung ano ang kaniyang <u>ginagawa</u> sa kaniyang naririnig. Dapat maranasan ng mga estudyante ang Salita sa iyong pagtuturo, hindi puro impormasyon tungkol dito. Dapat nilang makilala ang Dios, hindi lang tungkol sa Dios. Ang pagkatuto ay nangangailangan ng "paggawa" gayon din ang "pagtuturo." Ipinakita ito ni Jesus sa Kaniyang sariling ministeryo:

> **Ang unang kasaysayan na ginawa ko, Oh Teofilo, ay tungkol sa lahat na pinasimulang <u>ginawa</u> at <u>itinuro</u> ni Jesus. ( Gawa 1:1)**

Ang sabi ni Jesus:

> **Kaya't ang sinomang sumuway sa isa sa kaliitliitnang mga utos na ito, at ituro ang gayon sa mga tao, ay tatawaging kaliitliitan sa kaharian ng langit; datapuwat ang sinomang <u>gumanap at ituro</u>, ito'y tatawaging dakila sa kaharian ng langit. ( Mateo 5: 19)**

Tinuruan Niya ang Kaniyang mga alagad na "gawin" at "ituro":

> **At ang mga apostol ay nangagpisan kay Jesus; at isinaysay nila sa Kaniya ang lahat ng mga bagay na kanilang <u>ginawa</u>, at ang lahat ng kanilang <u>itinuro</u>. (Marcos 6:30)**

Sa iyong pagtuturo ay bigyan mo ng pagkakataon ang mga estudyante na tumugon. Matututuhan mo pa ito ng higit sa Ika-Sampung Kabanata, "Paghahanda ng Aralin." Subalit ang pagtugon ay hindi yaong mumurahing uri na pang-emosyon lamang. Nilinaw ni Jesus na may halaga ang pagtugon sa Evangelio:

**At pinalapit Niya sa Kaniya ang karamihan pati ng kaniyang mga alagad, at sa kanila'y sinabi, Kung ang sinomang tao ay ibig sumunod sa Akin, ay tumanggi sa kaniyang sarili, at pasanin ang kaniyang krus, at sumunod sa Akin.**

**Sapagkat ang sinomang magibig iligtas ang kaniyang buhay ay mawawalan nito: at ang sinomang mawalan ng kaniyang buhay dahil sa Akin at sa Evangelio ay maililigtas yaon. (Marcos 8: 34-35)**

## PAGTATAKDA (DELEGATION)

Sa pasimula pa ng panahon, nagtakda na ang Dios ng responsabilidad sa mga tao. Binigyan sila ng asignatura na panganlan ang mga hayop, magtayo ng arko, mga tabernakulo, mga templo, at mga pader. Si Jesus ay nagtakda rin ng mga proyekto sa Kaniyang mga alagad. Sinabi Niya na pakanin ang mga karamihan (Mateo 14:16). Sinugo sila na ipangaral ang Evangelio at magpagaling ng mga may sakit (Mateo 10: 9-10). Inaasahan Niyang darami sila sa espirituwal na larangan (Juan 15).

Inihanda ni Jesus ang Kaniyang mga estudyante na kunin ang Kaniyang lugar pagbalik Niya sa Langit. Unti-unting inatasan sila ng mga responsabilidad sa ministeryo, sa pagtuturo, at sa pangangaral. Dapat kang magturo na inihahanda mo ang iyong mga estudyante na kunin ang iyong lugar. Upang maihanda sila nang maayos, dapat kang magtakda ng responsabilidad para sa Salita na ipinagkatiwala mo sa kanila.

Bilang isang guro, dapat kang magkaroon ng mga espirituwal na hantungan para sa iyong mga estudyante. Dapat kang maghanda ng mga aralin at mga proyekto upang maabot nila ang itinakdang hantungan. Ang pagtatakda ng responsabilidad para sa ministeryo ay mahalagang bahagi ng prosesong ito.

## KAPALIGIRAN

Ginamit ni Jesus ang natural na kapaligiran kung saan naroon ang mga tao, upang magturo ng mga espirituwal na mga leksyon. Kasali sa "kapaligiran" ang pisikal, sosyal at kultural, at mga espirituwal na kondisyon na nakapalibot sa tao. Ito ang lipunan kung saan nakatira, nagtatrabaho, at naglilingkod ang taong ito.

Ginawa ni Jesus na ang bawat aralin ay maging bahagi ng tunay na buhay ng tao. Tinuruan Niya ang tao kung saan siya nakatira, gumagawa, o naglilingkod. Patuloy tayong tinuturuan ng Dios sa buhay sa pamamagitan ng mga problema at mga hamon na kinakaharap natin sa araw-araw. ( Ito ang paraan ng Harvestime International Institute. Kaya ang kursong ito ay dumarating sa iyo kung saan KA nakatira at nagtatrabaho.)

Hindi umasa si Jesus sa mga pormal na pagtuturo sa silid, mga klase ng Sabbath, o sa pulpito. Tulad ng natutuhan mo sa Ikalawang Kabanata, sinamantala Niya ang lahat ng hindi pormal na situwasyon upang magturo. Kahit saan Siya nandoon, nagtuturo Siya. Ginamit Niya ang mga pangyayari sa buhay upang magturo ng aralin. Nang may

madaanan Siyang libing, binuhay Niya ang patay na lalake (Lucas 7: 11-15). Nang Siya ay nauuhaw, nagbigay Siya ng leksyon tungkol sa tubig na buhay (Juan 3). Nang makita Niya ang isang pobreng babae na nagdala ng handog sa templo, nagsermon Siya tungkol sa pagbibigay (Marcos 12:41-44).

Mas madali matutuhan ang mga bagay na may kaugnayan sa kapaligiran. Dapat ay praktikal ang mga pagkatuto at may kaugnayan sa mga problemang hinaharap nila. Ang mensahe ay dapat makatulong sa kanilang mga espesyal na pangangailangan. Kung ibinabagay mo ang mga katotohanan ng Salita ng Dios sa pangaraw-araw na buhay, tinatawag itong "application."Ginagamit mo ang iyong natutuhan sa mga pangyayari sa buhay.

Iba't iba ang mga kalagayan sa bawat kultura at nagbabago depende sa nakikinig. Kaya nga dapat ay kilala mo ang iyong mga estudyante upang mailapat mo ang Salita sa kanilang mga buhay. Matututuhan mo pa ito sa ibang leksyon na pinamagatang "Pagsusuri sa mga Nakikinig" at "Paghahanda ng Aralin."

## PAGPAPAKITA NG PARAAN NG PAGGAWA

Gumamit si Jesus ng "visual aids" sa Kanyang pagtuturo. Ang "visual aid" ay isang bagay, simbolo, o aksiyon na ipinakikita kung ano ang itinuturo. Halimbawa, nang nais ni Jesus na ituro ang damdamin ng bata na kinakailangan upang makapasok sa Kaharian…

> **At kinuha Niya ang isang maliit na bata, at inilagay sa gitna nila: at siya'y Kaniyang kinalong, na sa kanila'y sinabi Niya,**
>
> **Ang sinomang tumanggap sa isa sa mga ganitong maliliit na bata sa Aking pangalan, ay Ako ang tinatanggap: at ang sinomang tumanggap sa Akin, ay hindi Ako ang tinatanggap, kundi yaong sa Aki'y nagsugo. ( Marcos 9: 36-37)**

Nang ipinaliwanag ni Jesus ang kahulugan ng Kaniyang kamatayan, ginamit Niya ang mga simbolo ng tinapay at alak (Marcos 14: 22-25). Nang itinuro ni Jesus ang aralin tungkol sa mababang paglilingkod, hinugasan Niya ang mga paa ng mga alagad (Juan 13: 1-17). Gumamit si Jesus ng mga "visual aids" tulad ng mga bulaklak (Mateo 5: 28) at mga ibon (Mateo 5: 26) upang ipakita kung ano ang nais Niyang ituro.

Ang Ika-Pitong Kabanata sa manwal na ito, " Mga Gamit na Tulong sa Pagtuturo," ay nagmumungkahi ng mga gamit sa pagtuturo na maaari mong bilhin o gawin, depende sa iyong kultura, pananalapi, at mga materiales na makukuha. Subalit kahit na wala kang pera o mga gamit na makukuha, maaari kang gumamit ng mga bagay sa iyong kapaligiran upang bigyan ng ilustrasyon ang iyong itinuturo. Si Jesus ay walang salapi o kagamitan upang gumawa ng "visual aids." Gumamit Siya ng simpleng mga bagay mula sa Kaniyang palibot.

## ANG PRINSIPYO NG UNTI-UNTING PAGKATUTO

Alam ni Jesus na ang Kaniyang mga estudyante ay isa-isa lamang ang matututuhan sa isang leksyon. Dahil dito, inayos Niya ang Kaniyang pagtuturo sa pamantayan na kanilang mauunawaan:

> **At sa pamamagitan ng gayong maraming talinghaga ay sinaysay Niya sa kanila ang salita, ayon sa makakaya ng kanilang pakinig. (Marcos 4: 33)**
>
> **Mayroon pa Akong maraming bagay na sa inyo ay sasabihin, ngunit ngayon ay hindi ninyo mangatitiis. (Juan 16:12)**

Ang bawat pangkat ng mga estudyante at ang bawat isa ay hindi magkakatulad ang bilis ng pagkatuto. Ang kakayahan ng mga estudyante na matuto ay apektado ng maraming mga bagay. Matututuhan mo pa ito sa Ika-Walong Kabanata, "Pagsusuri sa mga Nakikinig."

## ANG PAGPAPANGKAT NG MGA ESTUDYANTE

Ibinagay ni Jesus ang Kaniyang pagtuturo sa iba't ibang grupo ng mga estudyante.

### MALALAKING GRUPO:

Ginamit Niya ang "lecture" na pamamaraan upang magturo sa malaking grupo. Hindi Niya pinahintulutan ang pagsabad o pagtugon hanggang sa matapos ang aralin. Ito ang pinakamabuti para sa malalaking grupo. Ganito rin ang ginagawa sa pangangaral. Tingnan ang halimbawa sa Mateo 5-7.

### MALILIIT NA GRUPO:

Kadalasan sa maliliit na grupo pumapayag si Jesus na makilahok ang nakikinig. Tingnan ang mga halimbawa sa Marcos 8: 10-12; 14-21; 27-30.

### MGA INDIBIDUWAL:

Ginamit ni Jesus ang pakikipag-usap sa mga indibiduwal. Kinausap Niya sila at nagtanong at sumagot ng mga tanong. Ang paraang ito ay tulad ng karaniwang pakikipag-usap ng dalawang tao. Tingnan ang mga halimbawa sa Juan 3 at 4.

# PANSARILING PAGSUSULIT

1. Isulat ang Susing Talata na kinabisa mo.

Sa bawat isa sa mga sumusunod, ibigay mo ang buod ng natutuhan mo sa araling ito.
Paano ginamit ni Jesus ang …

2. Mga Himala:

3. Kapamahalaan:

4. Pagibig at Kahabagan:

5. Pakikisama at Paggaya:

6. Pagtugon:

7. Pagtatalaga ng Tungkulin:

8. Kapaligiran:

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

9. Pagpapakita ng Paraan ng Paggawa:

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

10. Ang Prinsipyo ng Unti-unting Pagkatuto:

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

11. Pagpapangkat ng mga Mag-aaral:

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nasa katapusan ng huling kabanata sa manwal na ito.)

# PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

1. Pag-aralan pa ang mga himala na ginawa ni Jesus upang tumulong sa mga nangangailangan:

## MGA HIMALA NG PAGBUHAY SA MGA PATAY

-Ang kaisaisang anak na lalake ng balo, sa kanilang paghahatid sa hukay:
Lucas 7:11-16
-Ang anak na babae ni Jairo, pinuno ng sinagoga: Marcos 5:22-24, 35-43;
Mateo 9: 18-26; Lucas 8: 41,42,49-56
-Si Lazaro, apat na araw nang patay: Juan 11:32-44
-Ang Kaniyang sariling katawan, sa ikatlong araw ng pagkamatay: Lucas 24:1-7;
Juan 19:42- 20:14; Marcos 16: 9-11

## MGA HIMALA NG PAGPAPALAYAS NG MGA DEMONIO

-Isang lalake na may karumaldumal na espiritu: Marcos 1: 23-26; Lucas 4:33-37
-Ang taong may demonio na bulag at pipi: Mateo 12: 22-23; Marcos 3: 19-30;
Lucas 11: 14-23
-Ang dalawang tao na sinasapian ng "Pulutong," nakakatakot at mabagsik:
Mateo 8: 28-34; itulad sa Lucas 8:26-39 at Marcos 5: 1-20
-Isang pipi na inaalihan ng demonio: Mateo 9:32-35
-Anak na babae ng Cananeo: Marcos 7: 24-30; Mateo 15: 22-28
-Ang batang lalakeng himatayin, nabigo ang mga alagad: Mateo 17:14-21; itulad sa
Marcos 9:14-39; Lucas 9:37-43
-Ang piping demonio: Marcos 9: 14-26

## MGA HIMALA NG PAGPAPAGALING

-Anak ng mahal na tao, may lagnat: Juan 4: 46-54
-Biyanang babae ni Pedro, may lagnat: Marcos 1:29-31; Mateo 8:14-17;
Lucas 4:38-39
-Taong puno ng ketong: Marcos 1:40-45; Mateo 8:2-4; Lucas 5:12-16
-Taong lumpo na dala ng apat katao: Marcos 2: 3-12; Mateo 9:1-8; Lucas 5: 17-26
-Taong nakahandusay, 38 taong may sakit: Juan 5: 1-16
-Lalaking tuyo ang kamay: Marcos 3:1-5; Lucas 6:6-10; itulad sa Mateo 12:9-13
-Ang alipin ng Senturion, lumpo: Mateo 8: 5-13; Lucas 7:1-10
-Babaeng 12 taong dinudugo: Marcos 5:25-34; Lucas 8:43-48; Mateo 9:20-22
-Nakakita ang dalawang lalake: Mateo 9:27-31
-Nakarinig at nakapagsalita ang lalake: Marcos 7: 32-37
-Nakakita ang lalake: Marcos 8: 22-26
-Nakakita ang taong pinanganak na bulag: Juan 9
-Babaeng 18 taong may sakit: Lucas 13: 11-17
-Isang lalakeng namamaga: Lucas 14:1-6-

-Sampung mga ketongin: Lucas 17:11-19
-Nakakita ang pulubi: Lucas 18: 35-43; Itulad sa Mateo 20:29-34
-Nakakita si Bartimeo: Marcos 10: 46-52; itulad sa Mateo 20: 29-34
-Ang tainga ni Malcus, alipin ng Dakilang saserdote: Lucas 22:50-51

## MGA HIMALA NG PAGTUGON SA PANGANGAILANGAN

-Tubig na ginawang alak: Juan 2: 1-11
-Ang lambat ni Pedro na napuno ng malaking huli ng isda: Lucas 5: 1-11
-Limang libong mga lalake, puwera mga babae at mga bata, pinakain:
Mateo 14: 15-21; Marcos 6: 35-44; Lucas 9: 12-17; Juan 6: 5-14
-Apat na libong mga lalake, puwera mga babae at mga bata, pinakain: Mateo 15: 32-39; Marcos 8: 1-10
-Isang isda na pinagkunan ng perang pambayad sa buwis: Mateo 17:27
-Isang malaking huli ng isda: Juan 21: 6-14

## MGA HIMALA NG PAGHATOL

-Nalunod ang mga baboy na tumakbong pababa mula sa mataas na lugar: Mateo 8:30-32
-Natuyo ang puno ng igos: Mateo 21: 18-21; Marcos 11: 12-14, 20-24

## MGA HIMALA NG PAGPAPALAYA

-Pinalaya Niya ang Kaniyang sarili mula sa Kaniyang mga kaaway: Lucas 4: 30
-Ang hangin at dagat ay sumusunod sa Kaniyang salita: Marcos 4: 37-41; Mateo 8: 23-27; Lucas 8:22-25
-Niligtas si Pedro na lumakad sa tubig patungo kay Jesus: Mateo 14: 28-31; Marcos 6: 45-52
-Huminto ang hangin, ang bangka ay biglang nasa lupa: Juan 6: 21; Marcos 6:51-52
-Ang mga inutusang kumuha sa kaniya ay tumumbang patalikod: Juan 18: 4-6

## MGA HIMALA NA HINDI GINAWA NI CRISTO, SUBALIT PAGPAPATUNAY SA KANIYANG PAGKADIOS

-Ang patnubay ng tala sa Bethlehem sa mga Mago: Mateo 2: 1-9
-Ang mga tanda sa Kaniyang bautismo: Mateo 3: 16-17; Marcos 1: 9-12; Lucas 3: 21-23
-Mga tanda sa Kaniyang pagbabagong anyo: Mateo 17: 1-14; Lucas 9: 28-37; Marcos 9: 1-14
-Ang katugunan sa Kaniyang panalangin: Juan 12: 28-30
-Mga tanda sa Kaniyang kamatayan: Mateo 27: 45-53
-Mga tanda sa Kaniyang pagkabuhay na maguli: Mateo 28:2; Marcos 16:4
-Mga tanda sa Kaniyang pag-akyat sa langit: Marcos 16:19; Lucas 24:50-51; Gawa 1: 6-12

2. Kung natapos mo ang takdang gawain bilang 1 napag-aralan mong lahat ng mga himala na ginawa ni Jesus kaalinsabay ng Kaniyang pagtuturo. Ngayon basahin mo ang mga aklat nila Mateo, Marcos, Lucas, at Juan at pag-aralan mo ang mga paraan ng pagtuturo na ginamit ni Jesus. Isulat mo ang mga halimbawa na makikita mo sa sumusunod na tsart:

<u>Kapamahalaan:</u> Mga Halimbawa sa :

| Mateo | Marcos | Lucas | Juan |
|---|---|---|---|
| | | | |

<u>Pagibig at Kahabagan:</u> Mga Halimbawa sa:

| Mateo | Marcos | Lucas | Juan |
|---|---|---|---|
| | | | |

<u>Pakikisalamuha at Paggaya:</u> Mga Halimbawa sa :

| Mateo | Marcos | Lucas | Juan |
|---|---|---|---|
| | | | |

<u>Pagtugon:</u> Mga Halimbawa sa:

| Mateo | Marcos | Lucas | Juan |
|---|---|---|---|
| | | | |

<u>Pagtatalaga ng Tungkulin:</u> Mga Halimbawa sa:

| Mateo | Marcos | Lucas | Juan |
|---|---|---|---|
| | | | |

Kapaligiran: Mga Halimbawa sa:

Mateo Marcos Lucas Juan

Pagpapakita ng Paraan ng Paggawa: Mga Halimbawa sa:

Mateo Marcos Lucas Juan

Ang Prinsipyo ng Unti-unting Pagkatuto: Mga Halimbawa sa:

Mateo Marcos Lucas Juan

Pagpapangkat ng mga Mag-aaral: Mga Halimbawa sa:

Mateo Marcos Lucas Juan

Mga Indibiduwal

Maliliit ng Grupo

Malalaking Grupo

# IKA-ANIM NA KABANATA

## ISANG GURO NA MULA SA DIOS: MGA PAMAMARAAN – II BAHAGI

**MGA LAYUNIN:**

Sa pagtatapos ng kabanatang ito, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

- Ibigay mo ang buod ng mga pamamaraang ginamit ni Jesus sa pagtuturo:
  - Mula sa Nalalaman tungo sa Hindi nalalaman (Known to Unknown)
  - Pangkalahatan tungo sa Tiyak (General to Specific)
  - Mga Araling Ginagamitan ng Mga Bagay (Object Lessons)
  - Mga Talinhaga
  - Mga Kasaysayan ng mga Kaso (Case Studies)
  - Paggamit ng Mga Kasulatan
  - Mga Kabaligtaran (Contrasts)
  - Mga Problema
  - Mga Okasyon

**SUSING TALATA:**

> **At pagdating sa Kaniyang sariling lupain, ay kanilang tinuruan sila sa Kanilang sinagoga, ano pa't sila'y nangagtaka, at nangagsabi, Saan kumuha ang taong ito ng ganitong karunungan, at ng ganitong mga makapangyarihang gawa? (Mateo 13: 54)**

### PAMBUNGAD

Karamihan ng pagtuturo ni Jesus ay pasalita. Isa lamang ang nakatala na isinulat Niya ang Kaniyang mensahe (Juan 8: 6). Ang kabanatang ito ay nakatuon sa mga tiyak na mga paraan ng pagtuturo na pasalita ni Jesus.

### MULA SA NALALAMAN TUNGO SA HINDI NALALAMAN

Ginamit ni Jesus ang nalalaman upang ituro ang hindi nalalaman. Ginamit Niya ang luma upang ipakilala ang bago. Nagpasimula Siya sa mga katotohanang alam at nauunawaan ng mga tao, at mula roon ay nagturo Siya ng mga katotohanang hindi nila alam.

Halimbawa, Magbabanggit si Jesus ng katotohanan mula sa Lumang Tipan, at magpapakita ng bagong katotohanan. (Tingnan ang Mateo 5: 17-48).

Ang pagtuturo ay dapat magresulta sa pag-unawa. Ang pagpapakita ng mga bagong katotohanan sa pamamagitan ng pagtatayo sa nalalaman na ng nakikinig ay isang mabuting paraan na maabot ang hangaring ito. Mahalaga na maunawaan ng mga tao ang mensahe…

> **Sapagkat kung ano ang iniisip niya sa loob niya, ay gayon siya… (Kawikaan 23: 7)**

## PANGKALAHATAN TUNGO SA TIYAK

Nagpapahayag ang Dios ng kaalaman sa isang patuloy na kapahayagan. Kumikilos Siya mula sa pangkalahatan tungo sa tiyak. Isang pangkalahatang kapahayagan ay ginagawa, pagkatapos ay daragdagan ng tiyak na detalye. Halimbawa, ang pangkalahatang hula tungkol sa Tagapagligtas ay ibinigay sa Genesis 3:15. Pagkalipas ng ilang panahon, ipinahayag ng Dios ang detalye tungkol sa darating na Tagapagligtas, sa pamamagitan ng mga propeta sa Lumang Tipan.

Sa Juan 6:35 ipinakita ni Jesus ang pangkalahatang katotohanan na Siya ang tinapay ng buhay. Pinalawig ni Jesus itong katotohanang ito sa Juan 6:51-58. Nagbigay Siya ng detalye tungkol sa Kaniyang katawan bilang tinapay ng buhay na dapat kainin kung sila ay makararanas ng buhay na walang hanggan. Ginamit ni Jesus ang modelong ito ng pagtuturo na magandang prinsipyo ng pagkatuto na dapat mong sundan.

## MGA ARALING GINAGAMITAN NG MGA BAGAY

Gumamit si Jesus ng mga karaniwang mga bagay at simbolo na alam ng Kaniyang mga tagapakinig upang magturo ng mga katotohanan mula sa Biblia. Ginamit Niya ang mga lirio sa parang at ang mga ibon upang magturo ng pagkalinga ng Dios (Mateo 6: 26-30). Ginamit Niya ang pangingisda at pag-aani upang ipakita ang pangangailangan para sa mga manggagawa na umabot sa mga hindi pa ligtas (Juan 4:35 at Mateo 4: 19).

Gumamit si Jesus ng pinirasong tinapay bilang simbolo ng Kaniyang nadurog na katawan at alak bilang simbolo ng Kaniyang dugo ( Lucas 22: 19-20). Ginamit Niya ang paghuhugas ng mga paa ng mga alagad upang ipakita ang kababaan ng loob sa pangunguna (Juan 13: 1-17). Tinawag ni Jesus ang isang maliit na bata bilang simbolo ng kababaan at pagtitiwala na kinakailangan sa pagpasok sa Kaharian ng Dios (Marcos 10: 13-16). Gumamit Siya ng maraming simbolo upang ipakita ang Kaharian ng Dios, tulad ng mga talinhaga ng lambat, ng binhi, panirang damo at trigo, lebadura, buto ng mustasa, atbp.

Kung gumagamit ng mga bagay para sa aralin, dapat ang mga ito ay karaniwang mga bagay o simbolo na pamilyar sa estudyante.

## MGA TANONG AT MGA SAGOT

Madalas gumamit si Jesus ng mga tanong at mga sagot sa Kaniyang pagtuturo. Sa maraming pagkakataon, nagtatanong si Jesus upang ang mga tagapakinig ay mag-isip. Kung minsan ay naghihintay Siya ng kasagutan (Mateo 16: 13-16). Kung minsan naman ay nagtatanong si Jesus ng tanong na walang kasagutan. Ginagawa Niya ito upang mag-isip ang mga nakikinig at gumawa ng kanilang pagpapasiya (Lucas 10: 25-37; Marcos 10: 17-18).

Kung minsan ang Kaniyang mga tanong ay paglalahad ng problema upang pag-isipan (Mateo 21: 25-27). Sa ibang pagkakataon naman ay magtatanong Siya upang mag-isip ang mga tao (Mateo 5: 13). Kung minsan ang buong pag-uusap ay susnud-sunod na mga tanong (Mateo 16: 9-12). Madalas ang tugon ni Jesus sa tanong ay isang tanong din (Mateo 9: 14-15; 12:10-11; 15: 1-3; 21: 23-25).

Ginamit ni Jesus ang pagtatanong sa iba't ibang paraan. Magagamit mo rin ito ng ganito:

-Bilang pambungad sa isang aralin: Mateo 21: 28
-Kasunod ng isang aralin: Mateo 21: 40
-Upang alalahanin ang alam na: Marcos 2: 25-26
-Upang masaling ang konsiensya ng mga nakikinig: Mateo 23: 17
-Upang lumago ang pananampalataya: Marcos 8: 29
-Upang linawin ang isang sitwasyon: Marcos 10: 3
-Upang sawayin ang namimintas: Marcos 2: 25-26
-Bilang pangganyak sa isang isipan o pagsasaliksik: Mateo 6: 25-31
-Timbangin ang ibang dapat gawin: Mateo 9: 5
-Lalong maunawaan ang mga mag-aaral: Mateo 16: 15

Ang guro ay maaaring:

-Magtanong sa buong klase.
-Magtanong sa isang estudyante.
-Isulat ang mga tanong sa mga papel o pagsusulit.

Ang mga estudyante ay maaaring:

-Magtanong sa guro.
-Magtanungan sa isa't isa.
-Magtanong base sa kanilang sinaliksik sa Salita ng Dios.

Narito ang mga mungkahi upang kayo ay makapagtanong nang maayos:

-Isang tanong lamang ang itanong sa isang pagkakataon. Nakalilito sa estudyante ang higit sa isang tanong.

-Tumahimik ka matapos kang magtanong. Maghingtay na sumagot ang estudyante.

-Sundan ang pangkalahatang tanong ng isang mas tiyak na tanong sa paksa ring iyon.
-Pahalagahan ang sagot ng estudyante. Pagsalabayan ang mga sagot. Huwag hihiyain ang estudyanteng mali ang kasagutan.

-Magtanong ng "bukas" na tanong, sa halip na "saradong" tanong. Ang "saradong" tanong ay yaong nasasagot ng simpleng "oo" o "hindi." Ang mga saradong tanong ay hindi nagtuturo sa estudyante na mag-isip at mag-aral. Narito ang halimbawa ng isang "saradong" tanong:

> "Namatay ba si Jesus sa krus?"

Ang tanong na ito ay sasagutin lamang ng "oo." Narito ang halimbawa ng "bukas" na tanong:

> "Bakit namatay si Jesus sa krus?"

Higit sa "oo" o "hindi" ang sagot dito. Lalong pinag-iisip ang mga estudyante tungkol sa pagkamatay ni Jesus. Maaari silang sumagot ng maraming kasagutan:

> "Sapagkat ito ang pakay kung bakit Siya sinugo ng Dios dito sa mundo."
> "Dahil sa dakilang pagibig Niya sa buong mundo."
> "Upang iligtas ang mga tao sa kasalanan."
> "Para sa ating kagalingan at kaligtasan."
> "Para sa aking personal na kasalanan."

Ang bawat isa sa mga kasagutang ito ay maaaring mapagsalabayan tungkol sa pagkamatay ni Jesus sa krus.

Ang "Para Sa Dagdag Na Pag-aaral" na bahagi ng kabanatang ito ay magbibigay sa iyo ng pagkakataon na lalong matuto tungkol sa mga pagtatanong ni Jesus at kung paano ang paggamit ng mga tanong sa iyong pagtuturo.

## MGA TALINHAGA

Ang talinhaga ay isang kuwento na gumagamit ng halimbawa mula sa natural na mundo upang magpakita ng espirituwal na katotohanan. Ang literal na kahulugan ng salitang "talinhaga" ay "pagtabihin, upang paghambingin." Sa mga talinhaga, si Jesus ay gumamit ng natural na halimbawa at inihambing ito sa katotohanang espirituwal. Ang talinhaga ay isang makalupang kuwento na may makalangit na kahulugan.

Madalas gamitin ni Jesus ang talinhaga bilang paraan ng pagtuturo:

> **At sa pamamagitan ng gayong maraming talinghaga ay sinaysay Niya sa Kanila ang salita, ayon sa makakaya ng kanilang pakinig. (Marcos 4:33)**

Ang mga talinhaga ay dapat ipaliwanag upang maunawaan:

**At hindi sila kinakausap kundi sa talinghaga: datapuwat sa Kaniyang sariling mga alagad ay bukod na ipinaliliwanag ang lahat ng mga bagay. ( Marcos 4: 34)**

Minsan ay tinanong si Jesus ng mga alagad kung bakit Siya gumagamit ng mga talinhaga sa pagtuturo. Ang sagot Niya ay:

**…Sa inyo'y ipinagkaloob ang mangakaalam ng mga hiwaga ng kaharian ng langit, datapuwat hindi ipinagkaloob sa kanila. (Mateo 13:11) (Tingnan din ang Lucas 8: 10).**

Ang mga tao na may espirituwal na pag-iisip ay nakauunawa ng mga talinhaga. Sila na may karnal na pag-iisip ay hindi:

**Ngunit ang taong ayon sa laman ay hindi tumatanggap ng mga bagay ng Espiritu ng Dios: sapagkat ang mga ito ay kamangmangan sa kaniya; at hindi niya nauunawa, sapagkat ang mga yaon ay sinisiyasat ayon sa espiritu. (I Corinto 2: 14)**

Ang taong may pag-iisip na esprituwal ay yaong ipinanganak na muli sa espiritu. Pag-aralan ang Juan 3 para sa paliwanag tungkol sa karanasan ng pagiging "born again."

Ang mga talinhaga na itinuro ni Jesus ay patungkol sa mga paksa na alam ng nakikinig. Kapag ikaw ay nagturo, maaari mo ring gamitin ang mga talinhaga na ginamit ni Jesus, subalit maaari ka ring lumikha ng mga talinhaga sa mga paksang pamilyar sa iyong tagapakinig.

Sapagkat iba't iba ang mga kultura, ang mga talinhaga na nauunawaan sa America del Norte ay maaaring hindi maunawaan ng mga tao sa Australia, Africa, Asia, Latin America, at Europa. Ang bawat uri ng tao ay dapat mayroong talinhaga na kaugnay ng kanilang mga karanasan. Para sa dagdag na pag-aaral sa paksang ito ng talinhaga tingnan ang bahagi ng araling ito sa "Para Sa Dagdag Na Pag-aaral."

## MGA KASAYSAYAN NG MGA KASO

Tulad ng mga talinhaga, ang mga kaso ay kuwento na nagpapakita ng mga katotohanan sa Biblia. Subalit ang mga kaso ay mga tunay na kuwento na aktuwal na nangyari. Halimbawa, ang kuwento ni Lazaro at ng mayamang lalake ay aktuwal na kaso. Si Lazaro at ang mayamang lalake ay mga tunay na tao.

Maaari mong gamitin ang mga kaso na ginamit ni Jesus upang magturo ng aralin. Tingnan ang "Para Sa Dagdag Na Pag-aaral" na bahagi ng kabanatang ito para sa dagdag na mga halimbawa ng mga kaso na ginamit ni Jesus. Maaari ka ring gumamit ng mga modernang kaso. Gamitin mo ang mga halimbawa mula sa iyong sariling karanasang

espirituwal. Gamitin mo ang mga kaso ng mga modernang espirituwal na mga lider upang magpakita ng katotohanan mula sa Biblia.

## PAGGAMIT NG MGA KASULATAN

Sa panahon ni Jesus, ang Lumang Tipan pa lamang ang nasusulat. Alam ni Jesus ang mga Kasulatan sa Lumang Tipan at lagi Niyang ginagamit ito sa Kaniyang pagtuturo. Pumunta ka sa "Para Sa Dagdag Na Pag-aaral" na bahagi ng kabanatang ito at repasuhin ang ilang sinalita ni Jesus mula sa Lumang Tipan.

Mahalaga na gamitin mo ang Salita ng Dios sa iyong pagtuturo sapagkat ang Kaniyang salita ang pinaka-epektibo upang maabot ang iyong mga layuning espirituwal:

> **Magiging gayon ang Aking salita na lumalabas sa bibig Ko: hindi babalik sa Akin na walang bunga, kundi gaganap ng kinalulugdan Ko, at giginhawa sa bagay na Aking pinagsuguan. (Isaias 55:11)**

## MGA KABALIGTARAN

Gumamit si Jesus ng maraming kabaligtaran sa pagtuturo. Ang kabaligtaran ay kung ang dalawang bagay ay magkabalintuna o hindi pareho. Halimbawa, ibinigay ni Jesus ang pagkakaiba ng mabuti at masama, liwanag at kadiliman, mayaman at mahirap upang ipakita ang mga katotohanan na Kaniyang itinuturo.

Ang kabaligtaran ay magagamit sa pagtuturo ng mga espirituwal na pagkakaiba. Maaari kang gumamit ng mga sarili mong halimbawa ng kabaligtaran o gamitin mo ang ginamit ni Jesus sa Kaniyang mga estudyante. Pag-aralan mo ang mga kabaligtaran na ginamit ni Jesus sa "Para Sa Dagdag Na Pag-aaral" na bahagi ng kabanatang ito.

## MGA PROBLEMA

Gumamit si Jesus ng mga problema sa pang araw-araw na buhay upang magturo ng aralin. Ang tunay na pag-iisip at pagkatuto ay madalas nagpapasimula sa isang problema. Halimbawa, ang escriba ay may problema sa kung sino ang may karapatang magpatawad ng kasalanan (Marcos 2:7).

> **At nang makita ng mga eskriba at mga Fariseo, na Siya'y kumakaing kasalo ng mga makasalanan at ng mga maniningil ng buwis, ay nagsipagsabi sa Kaniyang mga alagad, Ano ito na Siya'y kumakain at umiinom na kasalo ng mga maniningil ng buwis at ng mga makasalanan? (Marcos 2: 16)**

Ginamit ni Jesus ang mga problemang ito upang magturo ng mga espirituwal na katotohanan. Para sa ibang halimbawa ng paggamit ng problema sa pagtuturo, tingnan ang "Para Sa Dagdag Na Pag-aaral" na bahagi ng kabanatang ito.

## MGA OKASYON

Ginamit ni Jesus ang mga okasyon na bahagi ng pang araw-araw na buhay upang magturo ng mga aralin. Ginamit Niya ang okasyon ng pag-igib ng tubig ng babae sa balon upang ituro ang aralin tungkol sa tubig na buhay (Juan 4). Nang si Jesus ay pinulaan kung bakit kumakaing kasama ng mga Fariseo, ginamit Niya ang okasyong ito upang ituro ang aralin ng dalawang may pagkakautang (Lucas 7: 36-50).

Tingnan ang "Para Sa Dagdag Na Pag-aaral" na bahagi ng kabanatang ito para sa iba pang halimbawa ng paggamit ng okasyon bilang paraan ng pagtuturo.

# PANSARILING PAGSUSULIT

1. Isulat ang Susing Talata na kinabisa mo.

_______________________________________________________________________

_______________________________________________________________________

Sumulat ng maikling buod ng mga sumusunod ng mga pamamaraan ng pagtuturo na ginamit ni Jesus:

2. Mula sa Nalalaman tungo sa Hindi Nalalaman:

_______________________________________________________________________

_______________________________________________________________________

3. Pangkalahatan tungo sa Tiyak:

_______________________________________________________________________

_______________________________________________________________________

4. Mga Araling ginagamitan ng mga Bagay:

_______________________________________________________________________

_______________________________________________________________________

5. Mga Tanong at mga Sagot:

_______________________________________________________________________

_______________________________________________________________________

6. Mga Talinhaga:

_______________________________________________________________________

_______________________________________________________________________

7. Mga Kasaysayan ng Mga Kaso:

_______________________________________________________________________

_______________________________________________________________________

8. Paggamit ng mga Kasulatan:

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

9. Mga Kabaligtaran:

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

10. Mga Problema:

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

11. Mga Okasyon:

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nasa katapusan ng huling kabanata ng manwal na ito.)

# PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

Ang mga sumusunod na mga gawain ay magbibigay ng dagdag na pag-aaral para sa bawat paksa na tinalakay sa araling ito:

## MULA SA NALALAMAN TUNGO SA HINDI NALALAMAN

Pag-aralan ang mga sumusunod ng mga reperensya kung saan ginamit ni Jesus ang paraan na mula sa nalalaman tungo sa hindi nalalaman:

**Mateo:** 5:17-48; 12:3-8,38-42; 16: 5-12

**Marcos:** 2:23-28; 7:9-13; 8:17-21; 10: 17-20

**Lucas:** 4:16-21; 6:3-5; 11:29-32; 13: 1-5,15-16; 24:44-48

**Juan:** 3:14-15; 5:33-36,46-47; 6:32-33; 7:21-24; 8:39-59; 10:34-38

## PANGKALAHATAN TUNGO SA TIYAK

Isa sa pinakamagandang halimbawa ng pagtuturo mula sa pangkalahatan tungo sa tiyak ay matatagpuan sa Juan 6:35. Ipinaliwanag ni Jesus ang pangkalahatang konsepto ng Kaniyang kamatayan sa krus. Ibinigay Niya ang mga detalye sa Juan 6:35-58. Sa Mateo ibinigay ni Jesus ang pangkalahatang impormasyon tungkol sa Kaniyang kamatayan sa Mateo 9:43-45, subalit hindi ito naunawaan ng mga alagad. Ipinaliwanag Niya ang mga detalye sa Mateo 18: 31-34, at naunawaan din nila nang nakumpleto na ang Kaniyang pagtuturo sa paksang ito sa Mateo 22: 15-23.

Makahahanap ka ba ng iba pang halimbawa kung paano ginamit ni Jesus ang paraang ito ng pagtuturo?

## MGA ARALING GINAGAMITAN NG MGA BAGAY

Pag-aralan ang mga sumusunod na reperensya kung saan ginamit ni Jesus ang mga bagay o simbolo upang magturo ng mga espirituwal na katotohanan. Gumawa ka ng tsart upang tukuyin ang katotohanang espirituwal na itinuturo ni Jesus. Ang mga pamagat ng tsart ay tulad nito:

| Bagay/Simbolo | Reperensya | Katotohanang Itinuturo Niya |
|---|---|---|

Gamitin ang mga reperensyang ito upang mabuo mo ang tsart:

**Mateo:** Pangingisda 4:19; asin 5:13; ilaw 5:14-16; mga ibon 6:26; mga lirio 6:28-33; puwing at tahilan 7:1-5; mga pinto 7:13-14; mga lobo at tupa 7:15; bunga 7:16-20; dalawang bahay 7:24-27; mga zorra at mga ibon 8:20; mga damit at mga alak 9:16-17;

pag-aani 9:37-38; mga tupa at mga lobo 10:16; mga maya 10:29-31; pamatok 11:28-30; mga binhi at mga lupa 13:1-43; kayamanan 13:44,52; perlas 13:45-46; lambat 13:47-50; halaman 15:10-14; panahon 16: 1-4; bata 18:1-6; tupa 18:12-14; kamelyo at karayom 19:23-26; puno ng igos 21:18-22; bato 21:42-44; denario 22:15-22; lamok at kamelyo 23:24; mga saro at mga pinggan 23:25-26; libingan 23:27; tupa at mga kambing 25:31-33; tinapay at alak 26:26-29

**Marcos:** Isda 1:16-18; mga binhi at mga lupa 4; tinapay at mga aso 8:25-30; asin 9:50; mga bata 10:13-16; kamelyo at karayom 10:23-27; denario 12:13-17; tinapay at alak 14:22-25

**Lucas:** Isda 5:9-10; mga damit at balat na sisidlan 5:36-39; mga puno 6:43-45; dalawang bahay 6:48-49; mga lupa at mga binhi 8; pag-aani 10:2; mga tupa at mga lobo 10:3; ilaw 11:33-36; mga pinggan at mga saro 11:39-40; mga libingan 11:44; mga maya 12:6-7; uwak 12:22-24; mga lirio 12:27-31; panahon 12:54-57; mustasa 13:17-19; lebadura 13:20-21; mga digmaan at mga moog 14:26-33; asin 14:34-35; tupa 15:1-7; pilak 15:8-10; buto ng mustasa 17:6; bata 18:16-17; bato 20:17-18; denario 20:20-26; tinapay at alak 22:19-22; mga puno ng igos 21:29-33

**Juan:** Hangin 3:8; tubig 4:13-14, 7:37-38; pag-aani 4:35; ilaw 8:12, 9:5, 12:46; pastor 10; butil ng trigo 12:23-24; puno at mga sanga 15; babaeng nanganganak 16: 19-21; nagpapakain ng tupa 21:15-17; naghuhugas ng mga paa 13:1-17

## MGA TANONG AT MGA SAGOT

Pag-aralan ang mga sumusunod ng mga reperensya kung saan gumamit si Jesus ng mga tanong at mga sagot bilang paraan ng pagtuturo:

**Mateo:** 5:13,46,47; 6:25-31; 7:3,4,9-11,16,22; 8:26; 9:4,5,15,28; 10:25,29; 11:7-9,16; 12:4,5,11,12,26,27,29,34,48; 13:27,28,51; 14:31; 15:13,16,17,34; 16:3,8-11,13,15,26; 17:17,25; 18:12,33; 19:5,17; 20:6,13,15,21,22,32; 21:16,25,28,31,40,42; 22:12,18,22,31,32,42-45; 23:17,19,33; 24:2,45; 25:37-39,44; 26:10,40,50,53-55; 27:46

**Marcos:** 2:8,9,19,25,26; 3:4,23,33; 4:13,21,30,40; 5:30,39; 6:38; 7:18,19; 8:5,12,17-21,27,29,36,37; 9:16,19,21,33,50; 10:3,18,36,38,51; 11:3,17,30; 12:9-11,15,16,24,26,35,37; 13:2; 14:6,14,37,48; 15:34

**Lucas:** 2:49; 5:22,23; 6:4,9,32-34,39,41,42,46; 7:24-26,31,42,44; 8:25,30,44; 9:18,20,25,41; 10:26,36; 11:5,6,11-13,18,19,40; 12:6,14,17,20,24-26,28,42,49,51,56,57; 13:2,4,7,15,16,18,20; 14:3,5,28,31,34; 15:4,8; 16:2,3,5,7,11,12; 17:7-9,17; 8:7,8,19,41; 19:31; 20:3,4,13,15,17,23,24,41,44; 22:11,27,35,46,48,52; 23:31; 24:17,19,26,38,41

**Juan:** 1:38,50; 2:4; 3:10,12; 5:6,44,47; 6:5,61,62,67,70; 7:19,23; 8:10,43,46; 9:35; 10:32,34,36; 11:9,26,34,40; 12:27; 13:12,38; 14:9,10; 16:5,19,31; 18:4,7,11,23,34; 20:15; 21:5,15-17,22,23

## MGA TALINHAGA

| Paksa | Reperensya |
|---|---|
| Ang puwing at tahilan | Lucas 6: 37-43 |
| Ang dalawang gusali | Mateo 7:24-27; Lucas 6:47-49 |
| Mga bata sa palengke | Mateo 11:16; Lucas 7: 32 |
| Dalawang may pagkakautang | Lucas 7:41 |
| Ang karumaldumal na espiritu | Mateo 12:43-45; Lucas 11:24-26 |
| Ang iniisip ng mayamang lalake | Lucas 12:16 |
| Ang puno ng igos na walang bunga | Lucas 13:6-9 |
| Ang manghahasik | Mateo 13:3-8; Marcos 4:3-8; Lucas 8: 5-8 |
| Ang mga pangsirang damo | Mateo 13: 24-30 |
| Ang binhi | Marcos 4: 26 |
| Ang buto ng mustasa | Mateo 13:31,32; Marcos 4:31,32 Lucas 13:19 |
| Ang lebadura | Mateo 13:33; Lucas 13:21 |
| Ang kandila | Mateo 5:15; Marcos 4:21; Lucas 8:16; 11:33 |
| Ang lambat | Mateo 13:47,48 |
| Ang kayamanang nakatago | Mateo 13:44 |
| Ang mahalagang perlas | Mateo 13:45,46 |
| Ang puno ng sangbahayan | Mateo 13:52 |
| Ang kasalan | Mateo 9:15; Marcos 2:19,20; Lucas 5:34,35 |
| Ang damit na may tagpi | Mateo 9;16; Marcos 2:21; Lucas 5:36 |
| Ang mga bote ng alak | Mateo 9:17; Marcos 2:22; Lucas 5:37 |
| Ang pag-aani | Mateo 9:37; Lucas 10:2 |
| Ang kaalit | Mateo 5:25; Lucas 12:58 |
| Ang dalawang may utang | Mateo 18:23-35 |
| Ang mabuting Samaritano | Lucas 10:30-37 |
| Ang tatlong tinapay | Lucas 11:5-8 |
| Ang tunay na pastor | Juan 10:1-16 |
| Ang makipot na pintuan | Mateo 7:14; Lucas 13:24 |
| Ang mga panauhin | Lucas 14:7-11 |
| Ang piging ng kasalan | Mateo 22:2-9; Lucas 14:16-23 |
| Ang damit na pangkasal | Mateo 22:10-14 |
| Ang moog | Lucas 14:28-30 |
| Ang haring makikipagdigma | Lucas 14:31 |
| Ang nawawalang tupa | Mateo 18:12,13; Lucas 15:4-7 |
| Ang nawawalang salapi | Lucas 15:8,9 |
| Ang alibughang anak | Lucas 15:11-32 |
| Ang lilong katiwala | Lucas 16: 1-9 |

| | |
|---|---|
| Ang mapilit na balo | Lucas 18:2-5 |
| Ang Fariseo at ang publicano | Lucas 18:10-14 |
| Ang katungkulan ng alipin | Lucas 17: 7-10 |
| Ang mga manggagawa sa ubasan | Mateo 20:1-16 |
| Ang mga talento | Mateo 25: 14-30; Lucas 19:11-27 |
| Ang dalawang anak | Mateo 21:28 |
| Ang mga magsasakang mamamatay-tao | Mateo 21:33-43; Marcos 12:1-19; Lucas 20:9-16 |
| Ang puno ng igos | Mateo 24:32; Marcos 13:28 |
| Ang nagbabantay na puno ng sangbahayan | Mateo 24:43; Lucas 12:39 |
| Ang taong nasa malayong paglalakbay | Marcos 13:34 |
| Ang ugali ng dalawang alipin | Mateo 24:45-51; Lucas 12: 42-46 |
| Ang sampung dalaga | Mateo 25:1-12 |
| Ang nagbabantay na mga alipin | Lucas 12:36-38 |
| Ang puno at ang mga sanga | Juan 15:1-6 |

Ngayon ay gumawa ka ng mga modernang talinhaga:

1. Pumili ka ng katotohanan sa Biblia na nais mong ituro.
2. Mag-isip ka ng isang situwasyon, kalagayan, o halimbawa na mauunawaan ng tagapakinig.
3. Lumikha ka ng talinhaga (kuwento), ginagamit ang halimbawang ito, na nagtuturo ng katotohanan mula sa Biblia na nais mong ituro.

Tandaan: Ang talinhaga ay dapat magpakita ng katotohanang nais mong ituro. Ang pagkukuwento para lamang magkuwento ay hindi epektibo. Dapat ay may kaugnayan ito sa Salita ng Dios.

## MGA KASAYSAYAN NG MGA KASO

Pag-aralan ang mga sumusunod na kasaysayan ng mga kaso. Makahahanap ka ba ng iba sa pagtuturo ni Jesus?

| **Mga Kasaysayan ng Kaso** | **Reperensya** |
|---|---|
| Juan Bautista | Mateo 11:7-19; Lucas 7:24-25 |
| Lazaro at ang mayamang lalake | Lucas 16: 19-31 |

Ngayon ay lumikha ka ng sarili mong kasaysayan ng mga kaso. Mag-isip ka ng tunay na nangyari na magtuturo ng katotohanan mula sa Biblia. Halimbawa, may kilala ka ba na isang taong tumanggap kay Jesus bago siya namatay sa isang aksidente? Maaari mong gamitin ang "kasaysayang" ito upang ituro ang mensaheng "Ngayon ang Araw ng Kaligtasan."

Anong personal na karanasan ang naranasan mo na nagtuturo ng katotohanan sa Biblia? Ikuwento mo ang iyong sariling "kasaysayan ng kaso" (tinatawag din itong personal na

patotoo). Gamitin mo ang buhay ng mga dakilang lider na espirituwal sa ngayon bilang kasaysayan ng kaso. Paano nakita sa kanilang buhay ang mga katotohanan ng Salita ng Dios?

## PAGGAMIT NG MGA KASULATAN

Pag-aralan ang mga sumusunod na reperensya kung saan ginamit ni Jesus ang mga Kasulatan sa Kaniyang pagtuturo:

| Mga Okasyon sa Bagong Tipan | Mga Reperensya sa Lumang Tipan |
|---|---|
| Mateo 4:4: | Deuteronomio 8:3 |
| Mateo 4:7: | Deuteronomio 6:16 |
| Mateo 4:10: | Deuteronomio 6:13 |
| Mateo 5:21: | Exodo 20:13; Deuteronomio 5:17 |
| Mateo 5:27: | Exodo 20:14; Deuteronomio 5:18 |
| Mateo 5:31: | Deuteronomio 24: 1,3 |
| Mateo 5:33: | Levitico 19:12; Mga Bilang 30:2; Deuteronomio 23:21 |
| Mateo 5:38: | Exodo 21:24; Levitico 24:20; Deuteronomio 19:21 |
| Mateo 5: 43: | Levitico 19:18 |
| Mateo 9:13; 12:7: | Oseas 6: 6 |
| Mateo 11:10: | Malakias 3:1 |
| Mateo 13:14,15: | Isaias 6:9,10 |
| Mateo 15:4: | Exodo 20:12; Deuteronomio 5:16 |
| Mateo 15:4: | Exodo 21:17; Levitico 20: 9 |
| Mateo 15:8,9: | Isaias 29:13 |
| Mateo 19:4 | Genesis 1:27, 5:2 |
| Mateo 19:5: | Genesis 2:24 |
| Mateo 19:18,19: | Exodo 20:12-16; Deuteronomio 5:16-20 |
| Mateo 21;16: | Awit 8:2 |
| Mateo 21:42: | Awit 118:22 |
| Mateo 21:13: | Isaias 56:7; Jeremias 7:11 |
| Mateo 22:32: | Exodo 3: 6 |
| Mateo 22:37: | Deuteronomio 6:5 |
| Mateo 22:39: | Levitico 19:18 |
| Mateo 22:44: | Awit 110:1 |
| Mateo 26:31: | Zacarias 13:7 |
| Mateo 27:46: | Awit 22:1 |
| Lucas 22:37: | Isaias 53:12 |
| Lucas 23:46: | Awit 31:5 |
| Lucas 4:18: | Isaias 61:1,2 |
| Juan 10:34: | Awit 82:6 |
| Juan 13:18: | Awit 41:9 |
| Juan 15:25: | Awit 35:19, 69:4 |

## MGA KABALIGTARAN

Pag-aralan ang mga sumusunod na mga reperensya kung saan gumamit si Jesus ng mga kabaligtaran sa Kaniyang pagtuturo:

**Mateo:**

Kabanata 5-7 Ang Sermon sa Bundok ay gumamit ng mga kabaligtaran.

9:12 Magaling/may sakit
9:13 Matuwid/makasalanan
9:16 Lumang damit/bagong damit
9:17 Lumang alak/bagong alak
10:26 Nakatago/nahayag
10:27 Kadiliman/kaliwanagan
10:28 Katawan/kaluluwa
10:32-33 Ipahayag/itatuwa
10:34 Kapayapaan/tabak
12:33 Mabuting puno/masamang puno
12:35 Mabuting tao/masamang tao
12:37 Mga salitang nag-aaring ganap/mga salitang naghahatol
13:12 Sila na mayroon/sila na wala
13:13 Sila na nakakarinig/sila na hindi nakakarinig
13:30 Trigo/panirang damo; mabuti/masamang lupa
13:47-50 Mabuti/masamang isda; masama/ makatarungan
15:25 Iligtas ang buhay/mawala ang buhay
18:23-35 Sila na mga pinatawad/ sila na hindi
16:19-18:18 Tinatalian/kinakalagan
19:30 Una/huli
20:16 Tinawag/pinili
20:25-28 Tagapaglingkod/alipin
21:28-30 Anak na gumagawa/ anak na hindi gumagawa
21:42 Batong tinanggihan/panulukang bato
23:11 Ang pinakdakila ang siyang alipin
23:12 Itinaas/ibinaba
23:24 Lamok/kamelyo
23:25-28 Labas at loob ng pinggan
24:40-41 Ang mga kinuha at mga naiwan
25:1-4 Matalinong mga dalaga/mga dalagang mangmang
25:29 Nagbigay/hindi kumuha

**Marcos:**

2:17 Magaling/maysakit, matuwid/makasalanan
2:19-20 Mga nag-aayuno/ mga hindi
2:21 Lumang damit/ bagong damit

| | |
|---|---|
| 2:22 | Lumang alak/bagong alak |
| 2:27 | Ang Sabbath para sa tao/ ang tao para sa Sabbath |
| 3:4 | Gumawa ng mabuti o masama sa Sabbath |
| 2:4 | Mabuting lupa/masamang lupa |
| 4:12 | Nakakikita at nakakarinig/ hindi nakakikita o nakaririnig |
| 4:22 | Mga bagay na nakatago/ mga bagay na nahahayag |
| 4:25 | Naibigay/ hindi naibigay |
| 4:31-32 | Pinakamaliit na buto/pinakamalaking halaman |
| 4:40 | Takot/pananampalataya |
| 7:6-13 | Mga doktrina/mga tradisyon |
| 7:14-15 | Sa loob/sa labas |
| 8:33 | Mga bagay ng Dios/mga bagay ng tao |
| 8:35 | Magligtas ng buhay/mawala ang buhay |
| 9:40 | Laban sa atin/para sa atin |
| 9:50 | Mabuting asin/masamang asin |
| 10:43-44 | Pinakadakila/pinaka-aba, Ang nangunguna ang alipin |
| 11:27-33 | Bautismo ni Juan? Mula sa Langit o sa tao? |
| 12:17 | Cesar/Dios |
| 12:27 | Dios ng mga patay/Dios ng mga buhay |
| 12:44 | Nagbibigay mula sa kasaganaan/ nagbibigay kahit nangangailangan |
| 14:38 | Espiritu/laman |

**Lucas:**

| | |
|---|---|
| 5:31 | Magaling/maysakit |
| 5:32 | Matuwid/makasalanan |
| 5:36 | Bagong damit/lumang damit |
| 5:37-38 | Bagong alak/lumang alak |
| Kabanata 6 | Maraming mga kabaligtaran sa kabanatang ito |
| 7:20-21 | Juan Bautista/Jesus |
| 7:47 | Malaking magmahal/kaunti |
| 8:17-18 | Lihim/Hayag; mayroon/wala |
| 9:24 | Magkaroon ng buhay/ mawalan ng buhay |
| 9:48 | Pinakamaliit/pinakadakila |
| 9:56 | Sirain/iligtas |
| Kabanata 10 | Paano kikilos sa mga lugar na kayo ay tinanggap/ ano ang gagawin kung tinanggihan |
| 11:23 | Para sa Kaniya/laban sa Kaniya |
| 11:34 | Magaling na mata/masamang mata |
| 11:35 | Liwanag/dilim |
| 11:39 | Malinis sa labas/loob hindi |
| 12:2-3 | Natatakpan/nahayag |
| 12:8-9 | Ipahayag/itatuwa |
| 12:47-48 | Kakaunting latay/maraming latay |
| 12:51 | Kapayapaan/pagkakahati |
| 13:9 | Mabuting bunga/masamang bunga |

| | |
|---|---|
| 13:30 | Huli/una |
| 14:8-11 | Itinaas/ibinaba |
| 14:12-14 | Mayaman/mahirap |
| 14:30 | Sinimulan subalit hindi natapos |
| 14:34-35 | Asin/asin na walang alat |
| 15:4-10 | Nawala/nakita |
| 15:11-32 | Mabuting anak/masamang anak |
| 16:10-12 | Tapat sa kakaunti/tapat sa marami |
| 16:13 | Dalawang panginoon |
| 16:15 | Pinahahalagahan ng tao, hindi ng Dios |
| 16:19-20 | Mayamang lalake/mahirap na lalake |
| 17:33 | Hanapin ang buhay/ibigay ang buhay |
| 17:34-36 | Ang isa’y nakasama/ang isa’y naiwan |
| 18:10-14 | Pagkakaiba ng dalawang taong nanalangin |
| 19:12-27 | Pagkakaiba kung paanong ginamit ng mga lalake ang mga talento |
| 19:46 | Bahay panalanginan/yungib ng mga magnanakaw |
| 20:17-18 | Tinanggihang bato/panulukang bato |
| 20:38 | Dios ng mga patay/Dios ng mga buhay |
| 21:1-4 | Mga kaloob ng mayayaman/mahihirap |
| 22:25-30 | Pinakadakila/pinakamaliit |
| 23:31 | Luntiang puno/punong tuyo |

**Juan:**

| | |
|---|---|
| 3:6 | Ipinanganak sa laman/espiritu |
| 3:12 | Mga bagay na panglupa/mga bagay na makalangit |
| 3:17 | Hindi upang hatulan kundi upang iligtas |
| 3:19-21 | Liwanag/kadiliman |
| 4:13-14 | Buhay/natural na tubig |
| 5:24 | Kamatayan tungo sa buhay |
| 5:29 | Mabuti/masamang pagkabuhay na maguli |
| 6:32-33 | Tinapay ni Moises/tinapay ng Dios |
| 6:63 | Espiritu/laman |
| 7:18 | Ating kaluwalhatian/ Kaniyang kaluwalhatian |
| 7:24 | Dalawang paghuhukom |
| 8:12 | Liwanag/kadiliman |
| 8:23 | Sa mundong ito/ hindi sa mundong ito |
| 8:35 | Ang alipin/ ang anak |
| 8:47 | Nakikinig/hindi nakikinig |
| 9:39 | Bulag/nakakikita |
| 10:1-18 | Ang mabuting pastor/ang magnanakaw |
| 10:25-29 | Ang aking tupa/ tupa ng iba |
| 10:37-38 | Gumagawa ng mga gawa/hindi gumagawa |
| 12:24-35 | Nagliligtas ng buhay/nawawalan ng buhay |
| 12:35-36,46 | Liwanag/kadiliman |
| 12:47 | Humahatol/nagliligtas |

| | |
|---|---|
| 13:16 | Alipin/Panginoon |
| 14:12 | Mga gawa/ mas dakilang mga gawa |
| 14:23-24 | Tumutupad/hindi tumutupad ng mga gawa |
| 14:27 | Kapayapaan ng Dios/kapayapaan ng sanglibutan |
| 15:2 | Mga sangang nagbubunga/ mga sangang hindi nagbubunga |
| 15:15 | Mga alipin/ mga kaibigan |
| 15:19 | Taga sanglibutan/ hindi taga sanglibutan |
| 16:20-22 | Kalungkutan magiging kagalakan |
| 20:27 | Walang pananampalataya/ nananampalataya |
| 20:29 | Nakakita at nanampalataya/sila na hindi nakakita |
| 21:18 | Pagkakaiba ni Pedro nang siya'y bata pa at nang tumanda na. |

## MGA PROBLEMA

Pag-aralan ang mga sumusunod na reperensya kung saan gumamit si Jesus ng mga problema sa Kaniyang pagtuturo:

| **Mga Tao** | **Mga Problema Nila** |
|---|---|
| Mga escriba (Marcos 2:7) | Sino ang makapagpapatawad ng mga kasalanan? |
| Mga escriba at mga Fariseo (Marcos 2:16) | Ang pagkikisalamuha ni Jesus sa mga publikano at mga makasalanan. |
| "Sila" (Marcos 2:18) | Bakit hindi nag-aayuno ang mga alagad |
| Ang mga Fariseo (Marcos 2:24) | Pangingiling sa araw ng Sabbath. |
| Ang mga escriba (Marcos 3:22) | Kung paano nagpalayas ng mga demonio si Jesus. |
| Mga kababayan (Marcos 6:2,3) | Ang pinagmumulan ng kapangyarihan ni Jesus. |
| Mga escriba at mga Fariseo (Marcos 7:5) | Bakit ang mga alagad ay hindi sumusunod sa mga tradisyon. |
| Mga Fariseo (Marcos 8:11) | Naghahanap sila ng tanda. |
| Pedro, Santiago, Juan (Marcos 9:11) | Ang pagdating ni Elias. |
| Mga alagad (Marcos 9:34) | "Sino ang pinakadakila?" |
| Si Juan at ang iba (Marcos 9:38) | Pagpapasensiya sa ibang mga manggagawa. |

| Mga Tao | Mga Problema Nila |
|---|---|
| Ang mga Fariseo (Marcos 10:2) | Paghihiwalay ng mag-asawa. |
| Ang mayamang pinuno (Marcos 10:17) | Pagmana ng walang hanggang buhay. |
| Si Santiago at si Juan (Marcos 10:37) | Pag-upo sa Kaniyang kanan at kaliwa. |
| Mga punong saserdote, mga escriba at matatanda (Marcos 11:28) | Ang kapamahalaan ni Jesus. |
| Mga Fariseo at Herodiano (Marcos 12:14) | Pagbibigay ng buwis kay Cesar. |
| Mga Saduceo (Marcos 12:23) | Ang pagkabuhay na maguli. |
| Isang escriba (Marcos 12:29) | Ang unang utos. |
| Sila Pedro, Santiago, Juan at Andres (Marcos 13:4) | Kailan magaganap ang mga bagay na ito? |
| Ang ilan sa hapunan ni Simon (Marcos 14:4) | Ang pag-aaksaya ng pabango. |
| Ang dakilang saserdote (Marcos 14:61) | Kung si Jesus nga ang Cristo. |

## MGA OKASYON

Pag-aralan ang mga okasyon sa buhay na ginamit ni Jesus upang magturo ng aralin:

| Ang Okasyon | Ang Aralin | Reperensya |
|---|---|---|
| Nakakita ng mga nagtitinda sa templo | Paglilinis ng templo | Mateo 21:12-13; Marcos 11:15-17 |
| Lumapit si Nicodemo sa Kaniya | Pagtuturo ng kapanganakang muli | Juan 3: 1-21 |
| Pakikitungo sa babaeng Samaritana | Pagbabago ng buhay | Juan 4:1-42 |

| Ang Okasyon | Ang Aralin | Reperensya |
|---|---|---|
| Lumapit ang ketongin sa Kaniya | Paglilinis ng katawan | Mateo 8:1-4; Marcos 1:40-45 Lucas 5:12-14 |
| Ang pagdadala ng lalaking may sakit | Espirituwal at pisikal na kagalingan | Mateo 8:5-13 Lucas 7: 1-10 |
| Nakita Niya ang maysakit na nakahiga sa tabi ng Bethesda | Pisikal na kagalingan | Juan 5:1-19 |
| Ang pagrereklamo ng mga Fariseo sa mga alagad na namimitas ng mais sa araw ng Sabbath | Pagtuturo ng tamang relasyon ng tao at ng Sabbath | Mateo 12:1-8; Marcos 2:23-28 Lucas 6: 1-5 |
| "Nang makita ang karamihan" | Ang Sermon sa Bundok | Mateo 5-7 |
| Pagkaing kasalo ni Simon na Fariseo | Ang dalawang may utang | Lucas 7:41 |
| Ang pagdating ng Kaniyang Ina at mga kapatid | Pagtuturo na mas mahalaga ang relasyong espirituwal | Mateo 12:46-50 Marcos 3:31-35; Lucas 8:19-21 |
| Ang tanong ng mga alagad, "Bakit ka nagtuturo sa pamamagitan ng mga talinhaga?" | Pagtuturo tungkol sa mga hiwaga ng Kaharian | Mateo 13:10-17 |
| Ang hiling ng mga alagad na ipaliwanag ang talinhaga ng mga panirang damo. | Pagtuturo tungkol sa mga anak ng masama. | Mateo 13:36-43 |
| "Bakit nakikikain ang inyong Panginoon sa mga publicano?" | Pagtuturo tungkol sa mga magaling at mga may-sakit. | Mateo 9: 10-13 |

# IKA-PITONG KABANATA

## MGA GAMIT NA TULONG SA PAGTUTURO

**MGA LAYUNIN:**

Sa pagtatapos ng kabanatang ito, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

- Ibigay ang kahulugan ng "mga gamit na tulong sa pagtuturo."
- Ipaliwanag kung ano ang "audio-visual aids."
- Ipaliwanag ang kahalagahan ng "audio-visual aids."
- Gumawa ng mga "audio-visual aids."
- Pahalagahan ang mga gamit sa pagtuturo.

**SUSING MGA TALATA:**

> **At kinuha Niya ang isang maliit na bata, at inilagay sa gitna nila: at siya'y Kaniyang kinalong, na sa kanila'y sinabi Niya,**
>
> **Ang sinomang tumanggap sa isa sa mga ganitong maliliit na bata sa Aking pangalan, ay Ako ay tinatanggap; at ang sinomang tumanggap sa Akin, ay hindi Ako ang tinatanggap, kundi yaong sa Aki'y nagsugo. (Marcos 9:36-37)**

**PAMBUNGAD**

Sa araling ito ay matututuhan mo ang iba't ibang mga materyales na magagamit mo sa iyong pagtuturo. Maaaring hindi mo makamit ang lahat ng mga materyales na tatalakayin dito dahil sa iyong kinalalagyan o situwasyong pananalapi. Sapagkat ang mga kurso ng Harvestime International Institute ay ginagamit sa maraming mga lugar, ang kabanatang ito ay isinali para doon sa mga maaaring magtamo ng mga materyales na ito. Nagsali rin dito ng mga gamit sa pagtuturo na hindi na bibilhin o mangangailangan ng espesyal na kagamitan.

**MGA GAMIT NA TULONG SA PAGTUTURO**

Ang gamit sa pagtuturo ay isang bagay na tumutulong sa iyo sa pagtuturo ng aralin. Kaya ito tinatawag na "tulong." Ang isang tulong sa pagtuturo ay maaaring isang gawain o proyekto na tumutulong sa estudyante na maunawaan ang isang katotohanan sa Biblia. Maaari rin itong maging isang bagay na nakikita, naririnig, o nahihipo. Ang bagay na ito ay tinatawag na "audio-visual aid."

Ang kahulugan ng "audio" ay pandinig. Ang "visual" ay nakikita. Ang "audio-visual aid" ay isang bagay na nakikita, naririnig, o nahihipo at nakakatulong sa pagkatuto. Kung minsan ang tulong ay sa pandinig lamang, tulad ng "casette recording" o plaka.

Kung minsan naman ito ay purong sa paningin, tulad ng larawan na nagdadala ng isang katotohanan. Kung minsan, pinagsasama ang pandinig at pagkakita bilang tulong sa pagtuturo. Ang halimbawa nito ay isang pelikula o video na may tunog.

## ANG KAHALAGAHAN NG MGA TULONG SA PAGTUTURO

Ang mga tulong sa pagtuturo ay mahalaga sapagkat ang pagkakita, pakikinig, at paggawa ang mga paraan ng pagkatuto. Ayon sa pagsusuri, tayo ay nakakaalaala ng:

…10% ng ating naririnig,
…50% ng ating nakikita,
…70% ng ating ginagawa,
…at 90% ng ating nakikita, naririnig, sinasabi, at ginagawa.

Dahil dito, mahalaga na paghaluin ng guro ang pandinig, pagkakita, at mga ginagawa bilang tulong sa pagtuturo.

## MGA URI NG GAMIT BILANG TULONG SA PAGTUTURO

Narito ang mga gamit bilang tulong sa iyong pagtuturo:

### KARANIWANG MGA BAGAY:

Maaari kang gumamit ng mga karaniwang mga bagay na matatagpuan sa kapaligiran upang ituro ang isang aralin. Gumamit si Jesus ng mga ganito. Gumamit Siya ng mga bulaklak, mga kandila, mga ibon, isda, binhi, trigo, mga bata, at mga bato bilang ilustrasyon sa mga leksyon.

### MGA LARAWAN:

Maaaring gumamit ng mga retrato, mga larawan sa dyaryo, mga aklat at mga magasin.

### SLIDES:

Ito ay mga negatives ng mga retrato na nasa maliit na kuwadrong karton at maaaring ipakita sa pader o screen sa pamamagitan ng isang slide projector. Maraming nabibiling mga slides tungkol sa iba't ibang mga paksang Kristiyano. Ang mga ito ay nakahanda nang ipalabas sa projector. Ang ibang slide sets ay may kasamang tape na nagsasalita.

Maaari ka ring gumawa ng sarili mong slides kung ikaw ay may tamang gamit. Kakailanganin mo ng camera, film sa pagkuha ng retrato upang gawing slides, at isang projector upang ipalabas ang yari nang slides.

**COMPUTER AT INTERNET:**

Maraming mga programa sa pagtuturo ng Biblia para sa computer. Libu-libong mga websites ang mayroon sa Internet. Malalaking tulong ito sa pagtuturo.

**MGA PELIKULA AT VIDEO-CASSETTES:**

Ang mga pelikula at video-cassettes ay mga larawang kumikilos na may tunog na nangangailangan ng espesyal na projector para ipalabas. Maraming mga pelikulang Kristiyano at video-cassette na nabibili o maaari ka ring gumawa ng sarili mong pelikula o video kung mayroon kang tamang kagamitan.

**MGA PLAKA AT AUDIO-CASSETTES:**

Ang mga plaka at audio cassettes ay tape na may magnet na nakakapag recording ng tunog. Maraming mga musika at mga tapes sa pagtuturo na mabibili. Maaari ka ring gumawa ng iyong sariling tape kung mayroon kang cassette recorder.

**MGA MATERYALES SA PAGSASALIKSIK NG BIBLIA:**

Himukin ang mga estudyante na gumamit ng mga Konkordansya ng Biblia, diksionaryo, atlas, "word study books," at mga komentaryo kung mayroon. Matututuhan nila lalo ang aralin na itinuturo mo at lalo silang matututo na magsaliksik ng Biblia.

**OVERHEAD PROJECTOR:**

Ang overhead projector ay isang makina na nagpapakita ng mga larawan na nakasulat sa "transparencies." Mga mapa, outline, mga titik ng awit, at mga reperensya ay maaaring isulat sa "transparencies" at ipakita sa screen.

**MGA PROYEKTO:**

Bayaang gumawa ng proyekto ang mga estudyante upang lalong matandaan ang napag-aralan. Maaari silang gumawa ng mapa o larawan, magtayo ng modelo ng isang bagay [tulad ng tabernakulo sa Lumang Tipan], sumulat ng report, o gumawa ng tsart o graph. Mga praktikal na ministeryo ay maaari ding gawing proyekto tulad ng panghihikayat sa iba, pagdalaw sa maysakit, pagpapakain sa mga nagugutom, atbp. Ang mga proyekto ang humihimok sa mga estudyante na isagawa ang "Salita" sa halip na maging taga-pakinig lamang.

**MGA MAPA:**

Ang mga mapa ang nagbibigay ng pagkaunawa sa mga estudyante ng mga lugar na pinangyarihan sa Biblia. Maaari silang gumuhit ng mapa o pag-aralan ito na kaugnay ng aralin.

**MGA PAGLALAKBAY:**

Isa itong magandang paraan ng pagtulong sa mga estudyante para sila matuto. Maaari silang bumisita sa isang Bible Museum, sa bilangguan, bahay-pahingahan, atbp., upang lalong matuto at maisagawa ang kanilang mga natutuhan.

**MGA TSART AT GRAPH:**

Lumikha ng tsart o graph bilang ilustrasyon ng aralin. Ang tsart ay makapaglilista ng mga mahahalagang puntos ng aralin o talatang kakabisahin. Ang mga graphs ay ginagamit sa paghahambing.

**MGA LARO AT PUZZLES:**

Isang magandang idea sa pagtuturo sa mga bata ay ang paggawa ng mga laro at puzzles na binubuo sa dagdag na ikatututo. Halimbawa, isulat ang mga salita ng talatang sasauluhin sa hiwa-hiwalay na cards at paghaluin sila. Bayaang ayusin ng mga bata ang mga ito sa tamang ayos. Tutulong ito sa pagkabisa ng talata.

**DRAMA:**

Maaaring ipakita ang aralin sa Biblia sa pamamagitan ng drama. Upang magawa ito, ang bawat estudyante ay bibigyan ng bahagi o karacter ng Biblia na nais nilang gampanan.

**PUPPETS:**

Ang paggamit ng puppets ay isang paraan din ng pagganap ng mga kuwento sa Biblia. Ito ay mga maliliit na tao o hayop na maaaring gamitin upang ipakita ang drama ng kuwento. Maaari silang magawa mula sa karton, tela, o ibang mga materyales.

**PISARA O WHITEBOARD:**

Ang mga board na ito ay may pintura o "coating" sa ibabaw para masulatan, mabura ang isinulat, at magamit ulit. Maaaring gamitin ng guro ang board upang isulat ang mahahalagang parapo, mga talata, o banghay ng aralin. Maaari ding gumuhit dito ng mga larawan at mga ilustrasyon. Maaari ding gamitin ito ng mga estudyante sa ganitong paraan.

**ANG BOARD NA MAY FLANELA:**

Ang "flannel graph" ay isang board na tinakpan ng flanela upang dumikit ang mga larawan na may flanela sa likod. Ang mga kompanya na gumagawa ng mga leksyon ay gumagawa rin ng mga "flannel graph figures" [ mga salita, mga talata, at mga larawan] na kaugnay ng aralin sa Biblia. Maaari ka ring gumawa ng iyong mga larawan at dikitan mo ng flanela sa likod nito upang magamit sa flannel board.

**MGA FLASH CARDS:**

Ang "flash cards" ay mga piraso ng cardboard na hinahawakan at isa-isang ipinakikita sa mga estudyante. Halimbawa, maaari kang gumawa ng flash cards para sa talatang sasauluhin. Ang harap ay maaaring sulatan ng buong talata. Ang likod naman ay ang reperensya ng talatang iyon. Pag ipinakita mo ang reperensya, sasabihin ng klase ang tamang talata. Pag ipinakita mo ang talata, ibibigay naman nila ang tamang reperensya.

**MGA AWIT:**

Ang mga awit ay maaaring gamitin bilang tulong sa pagtuturo. Gamitin ang awit na:

-Kaugnay ng aralin na ibinahagi mo.

-Nanghihingi ng tugon na inaasahan mo sa aralin. Halimbawa, pagtanggap sa Evangelio , kung ito ang paksa ng aralin.

-Bagay sa espiritu ng leksyon: Masaya o mabagal at sumasamba.

**MGA PATOTOO:**

Ang mga patotoo ng mga estudyante o panauhin ay maaaring gamitin bilang halimbawa sa aralin. Halimbawa, kung ang leksyon ay tungkol sa pagpapalaya, hilingin ang isa na magpatotoo tungkol sa pagpapalayang nangyari sa kaniya.

**PAGKABISA:**

Ang pagkabisa ng mga talata, mga kuwento, at mga kaalaman ay magandang paraan kung paano matatandaan ang mga aralin sa Biblia.

**MGA PAGSUSULIT:**

Maaaring bigyan ng pagsusulit ang mga estudyante upang matandaan ang pinag-aralan. Ang test ay maaaring pasalita o pasulat. Pagkaraan ng test, repasuhin ang anumang paksa kung saan nahirapan ang mga estudyante.

**PAGKUKUWENTO AT BALIK-ARAL:**

Kung ikaw ay nagtuturo ng mga bata, ipakuwento mo sa kanila ang napag-aralan ninyo. Ang mga may edad na ay maaaring magbigay ng buod ng aralin. Repasuhin ang aralin sa pamamagitan ng talakayan, mga tanong at mga sagot.

## PINAGKUKUNAN NG MGA TULONG SA PAGTUTURO

Ikaw mismo ay makagagawa ng mga gamit sa pagtuturo. Ang iba ay maaaring bilhin. Kung wala kang pondo o mahiraman ng mga gamit, gumamit ka ng mga simpleng bagay sa iyong kapaligiran, o mga aktibidades na hindi nangnangailangan ng mga ito.

Walang salapi si Jesus para sa mga gamit upang gumawa ng mga tulong sa pagtuturo, subalit madalas Niya itong gamitin sa pamamagitan ng pagpili ng mga ilustrasyon mula sa natural na kapaligiran. Maaari ka ring humiram ng mga audio-visual aids at mga kagamitan mula sa mga kaanib ng iyong iglesia, sa ibang iglesia, sa mga library, sa mga eskuwelahang pampubliko, o sa headquarters ng inyong denominasyon.

## PAGSUSURI NG MGA TULONG SA PAGTUTURO

Gamitin ang mga tanong na ito sa pagsusuri ng iyong mga tulong sa pagtuturo:

1. Ito ba ay kaugnay ng aralin? Nakakatulong ba ito na gawing malinaw ang iyong leksyon?

2. Angkop ba ito sa edad ng mga tinuturuan?

3. Sulit ba ang halaga ng pagkabili/ o ang oras na ginugol at gastos upang gumawa nitong audio-visual aid?

4. Paano ito nakakatulong sa pag-abot sa mga layunin na itinakda mo para sa aralin?

5. Ito ba ay malinaw at madaling maunawaan?

Tandaan: Ang mga tulong sa pagtuturo ay para dito… tulong. Huwag ka aasa sa mga ito lamang. Ang ating tiwala ay nasa Salita ng Dios na ginagamit ng Espiritu ng Dios upang kumilos sa buhay ng mga mag-aaral.

Ang mabuting magsasaka ay gumagamit ng pinakamabuting kagamitan na mayroon siya upang magtanim sa bukid. Subalit nalalaman niya na ang binhi, hindi ang mga gamit, ang nagdadala ng pag-aani.

# PANSARILING PAGSUSULIT

1. Isulat ang Susing Mga Talata na kinabisa mo.

2. Ano ang mga gamit na tulong sa pagtuturo?

3. Anu-ano ang mga "audio-visual aids"?

4. Bakit mahalaga ang mga "audio-visual aids"?

5. Anong uri ng "audio-visual aids" ang ginamit ni Jesus?

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nasa katapusan ng huling kabanata ng manwal na ito.)

# PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

1. Lumikha ka ng audio (naririnig) o visual (nakikita) na gamit upang makatulong sa aralin na balak mong ituro.

2. Suriin mo ang tulong sa pagtuturo na nilikha mo ayon sa mga tanong na ibinigay sa kabanatang ito:

    1) Ang gamit ba o gawain ay kaugnay ng aralin? Nakakatulong ba ito na ipaliwanag ang aralin nang malinaw?

    2) Angkop ba ito sa edad na tinuturuan mo?

    3) Sulit ba ang ginastos mo kung ito'y binili/ o ang oras mo at gastos kung ito ay ginawa mo?

    4) Paano ito nakakatulong sa pag-abot ng iyong mga layunin sa araling ito?

    5) Malinaw ba ito at madaling maunawaan?

# IKA-WALONG KABANATA

## PAGSUSURI SA MGA TAGAPAKINIG

**MGA LAYUNIN:**

Sa pagtatapos ng kabanatang ito, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

- Ibigay ang kahulugan ng "pagsusuri sa mga tagapakinig."
- Ipaliwanag ang kahalagahan ng pagsusuri sa mga tagapakinig.
- Ibigay ang buod ng pagsusuri sa mga tagapakinig.
- Ibuod ang mga katangian ng iba't ibang grupo ng mga edad.

**SUSING MGA TALATA:**

> **Datapuwat si Jesus sa Kaniyang sarili ay hindi rin nagkatiwala sa kanila, sapagkat nakikilala Niya ang lahat ng mga tao,**
>
> **Sapagkat hindi Niya kinakailangan na ang sinoman ay magpatotoo tungkol sa tao; sapagkat nalalaman nga Niya ang isinasaloob ng tao. (Juan 2:24-25)**

### PAMBUNGAD

Bago ka magturo, mahalagang makilala mo ang iyong mga tagapakinig, magtakda ka ng mga layunin, at iplano ang aralin. Ang araling ito ay nagpapaliwanag kung paano mo susuriin ang iyong tagapakinig. Ang mga susunod na kabanata ay tungkol sa pagtatakda ng mga layunin at papaplano ng aralin.

### PAGSUSURI SA MGA TAGAPAKINIG

Ang "tagapakinig" ay ang grupo ng mga taong tuturuan mo. Ang "pagsusuri" ay ang pag-aralan ito ng detalyado, suriin ang kanilang mga katangian, pag-aralan ang mga bahagi ng kabuuan. Ang pagsusuri ng tagapakinig ay pag-aaral ng mga katangian ng grupo ng mga tao na iyong tuturuan.

### ANG KAHALAGAHAN NG PAGSUSURI

Ang pagsusuri sa tagapakinig ay mahalaga sapagkat ang pagkatuto ay nakasalalay sa mga bagay tulad ng wika, edukasyon, kultura, mga kakayahang pisikal, espirituwal na paglago, kasarian, may asawa o wala, estado sa lipunan at pananalapi, mga personal na pangangailangan, at edad.

Kung hindi mo susuriin ang iyong tagapakinig ay maaaring magturo ka ng mataas o mas mababa sa kanilang naabot sa edukasyon/o sa kanilang espirituwal na paglago. Maaaring

hindi mo magamit ang wikang nauunawaan nila. Maaaring ang mga aralin ay walang kaugnayan sa kanilang estado sa lipunan at pananalapi o sa kanilang mga personal na pangangailangan.

Hindi posibleng maalaman mo ang lahat ng bagay tungkol sa bawat tao sa klase. Subalit isaalang-alang mo ang nakararami at hilingin mo ang tulong ng Espiritu Santo na matugunan ang kanilang mga pangangailangan.

Naunawaan ni Jesus ang Kaniyang mga tagapakinig. Alam Niya ang kanilang mga ugali at uri ng pamumuhay sapagkat isa Siya sa kanila. Alam din ni Jesus ang kanilang pangangailangan:

> **Datapuwat si Jesus sa Kaniyang sarili ay hindi rin nagkatiwala sa kanila, sapagkat nakikilala Niya ang lahat ng mga tao,**
>
> **Sapagkat hindi Niya kinakailangan na ang sinoman ay magpatotoo tungkol sa tao; sapagkat nalalaman nga Niya ang isinasaloob ng tao. (Juan 2:24-25)**

Maipakikita sa iyo ng Dios ang ilang bagay tungkol sa mga tagapakinig, subalit ikaw man ay matututo ng mga praktikal na mga bagay na makatutulong sa iyo sa larangang ito. Ginawa ito ni Apostol Pablo:

> **Datapuwat nang matalastas ni Pablo na ang isang bahagi ay mga Saduceo at ang iba'y mga Fariseo, ay sumigaw siya sa Sanedrin, Mga kapatid na lalake, ako'y Fariseo, anak ng mga Fariseo: ako'y sinisiyasat tungkol sa pagasa at pagkabuhay na maguli ng mga patay. ( Gawa 23: 6)**

Kung si Pablo ay naglilingkod sa mga Judio, binibigyan niya ng diin ang kaniyang pagka Judio. Kung ang pinagsasalitaan niya ay mga Romano o taga ibang bansa, binabago niya ang kaniyang paraan. Alam ni Pablo ang kahalagahan ng pagsusuri ng kaniyang tagapakinig, kinakausap niya sila sa kanilang sariling wika, at gumagamit ng estilo na nauunawaan nila:

> **Datapuwat sinabi ni Pablo, Ako'y Judio, na taga Tarso, … at ipinamamanhik ko sa iyo, na ipahintulot mo sa aking magsalita sa bayan…**
>
> **At nang marinig nilang sila'y kinakausap niya sa wikang Hebreo, ay lalo pang tumahimik sila: at sinabi niya… (Gawa 21:39 at 22:2)**

## PAANO MAGSURI NG TAGAPAKINIG

Narito ang mga hakang upang tulungan kang suriin ang mga tagapakinig na iyong tuturuan:

1. Idalangin mo sa Dios na ihayag sa iyo ang kanilang espirituwal, emosyonal, pagiisip, pisikal, at materyal na pangangailangan:

**Ngunit kung nagkukulang ng karunungan ang sinoman sa inyo, ay humingi sa Dios, na nagbibigay ng sagana sa lahat at hindi nanunumbat; at ito'y ibibigay sa kaniya. (Santiago 1: 5)**

2. Hinimok tayong nasain (hanapin) ang mga kaloob na espirituwal (I Corinto 12:31). Hingin mo sa Dios na bigyan ka ng espirituwal na kaloob ng salita ng karunungan at salita ng kaalaman. Ang mga kaloob na ito ay nagbibigay ng makalangit na kaalaman sa mga tao at sa kanilang mga problema na pinagsanib ng salita ng karunungan upang makatulong sa kanila. Ang kaloob ng pagkilatis ng mga espiritu ay makatutulong din. (Sa lalong pag-aaral ng mga kaloob na espirituwal, tingnan ang kurso ng Harvestime International Institute, "*Ang Ministeryo Ng Espiritu Santo").*

3. Magmasid at makihalubilo sa iyong mga estudyante. Marami ang matututuhan mo sa pagmamasid at pakikihalubilo sa kanila. Basahin mo ang mga Evangelio at tingnan kung paano inobserbahan ni Jesus ang Kaniyang mga alagad at kung paano ito naka-apekto sa Kaniyang pagtuturo.

4. Kung ikaw ay naglilingkod sa ibang bayan, pagsumikapan mong malaman ang lahat ng tungkol sa mga tao doon sa pamamagitan ng pagtatanong, pagmamasid, at pagbabasa ng mga aklat tungkol sa kanilang kultura.

5. Kung posible, bisitahin mo ang mga tahanan ng iyong mga estudyante. Malaki ang matututuhan mo kapag nakita mo ang kanilang sariling kapaligiran.

6. Kung ikaw ay naglilingkod sa mga bata, kilalanin mo ang kanilang mga magulang. Itanong mo sa kanila ang mga kakaibang pangangailangan ng kanilang mga anak at makipagtulungan ka sa kanila sa larangang ito.

7. Gamitin mo ang patnubay sa pagsusuri ng mga tagapakinig sa araling ito.

## PATNUBAY SA PAGSUSURI NG MGA TAGAPAKINIG

Gamitin ang patnubay na ito sa pagsusuri ng iyong tagapakinig:

**WIKA:**

Dapat maunawaan ng estudyante ang wikang ginagamit sa pagtuturo. O, di kaya'y, dapat gumamit ng tagapagsalin.

**Suriin ang Iyong Mga Tagapakinig:**

-Ang wika ba nila ay katulad ng sa iyo?

-Mayroon ba sa grupo na hindi nakauunawa ng wika mo? Kung gayon, kailangan ng tagapagsalin.

**EDUKASYON:**

Ang kahirapan ng aralin ay dapat ibagay sa lebel ng pinag-aralan ng karamihan sa grupo. Ang iba ay nag-aral at ang iba naman ay hindi. Ang iba ay mabagal matuto, at ang iba naman ay mabilis.

**Suriin ang Iyong Mga Tagapakinig:**

-Ano ang natapos ng karamihan sa mga estudyante? Sila ba ay hindi nakakabasa, nakaabot ng elementarya, high school, o college?

-May mga estudyante ka bang may problema sa edukasyon? Kung gayon, anu-ano yaon at paano mo ito lulutasin?

**KULTURA:**

Ang kultura ay may kinalaman sa pagkatuto. Ang mga halimbawa ng guro ay dapat nauunawaan sa kultura. Nakaka-apekto ang kultura sa ating pagiisip at sa ating pananaw sa palibot natin. Mas madaling matuto ang mga tao kung ang mga aralin ay kaugnay ng kanilang palibot. Ang kultura rin ay may kinalaman sa wastong pagtugon. Halimbawa, ang ibang kultura ay hindi mapagpakita ng emosyon. Ang iba naman ay emosyonal. Ang pagtugon ng mga estudyante sa Evangelio ay apektado ng kanilang kultura.

Sa ibang kultura hindi katanggap-tanggap para sa babae na turuan ang lalake o ang lalake ay turuan ang babae. Sa iba naman ay kinakailangang ang mga guro ay aprobado ng matanda o pinuno ng tribo bago makapagturo. Baka kailangan mong magpalit ng kasuotan o ng anyo upang ikaw ay maging katanggap-tanggap.

Mahalaga na gumawa sa loob ng kultura, hangga't maaari, huwag lamang ito laban sa mga prinsipyo ng Kasulatan o makokompromiso ang paglalahad ng Evangelio.

**Suriin ang Iyong Mga Tagapakinig:**

-Anu-anong kultura ang kinakatawan?
-Sa anong paraan makaka-apekto ang kultura sa iyong pagtuturo?
-Paano makaka-apekto ang kultura sa pagsasagawa ng iyong leksiyon?
-Sa paanong paraan makaka-apekto ang kultura sa pagtugon ng mga estudyante?
-Kailangan mo bang baguhin ang paraan ng iyong pagtuturo upang maging katanggap-tanggap sa kulturang ito?

**MGA PISIKAL NA KAKAYAHAN:**

May kinalaman ang kakayahang pisikal sa pagkatuto. Halimbawa, ang guro ng mga estudyanteng hindi makarinig o makakita ay dapat baguhin ang kaniyang paraan ng pagtuturo.

**Suriin ang Iyong Mga Tagapakinig:**

-Ilipat ang mga may problema sa pandinig at pagkakita sa unahan.
-Siguruhin na ang mga tulong sa pagtuturo ay sapat ang laki para makita.
-Gumamit ng "interpreter" para sa pipi at bingi [sign language], kung maaari.
-Baka kailangan ang espesyal na tulong para sa mga may kapansanan.
-Ipanalangin mo ang kagalingan ng Dios ay mapasa kanila.

**PAGLAGONG ESPIRITUWAL:**

Ang iyong mga tagapakinig ay maaaring may mga hindi mananampalataya, mga bagong hikayat, malalim na sa pananampalataya, o magkakahalo ang tatlong ito. Nagbabala si Pablo na ang iba ay hindi pa nakahanda sa "karne ng Salita" [malalalim na katotohanang espirituwal]. Ang mga tao ay dapat pakanin ng "gatas" ng Salita [mga panimulang katotohanan] bago tumungo sa malalalim na mga paksa sa Biblia (I Corinto 3:1-2).

**Suriin ang Iyong Mga Tagapakinig:**

-Karamihan ba ay hindi mananampalataya? Ito ay maaaring maging tutoo sa "open air crusade." Ang mensahe mo ay dapat para sa mga hindi pa mananampalataya.

-Karamihan ba sa mga tagapakinig ay mga <u>bagong</u> mananampalataya? Kung gayon, kailangan nila ng mga pagtuturo sa mga panimulang katotohanan ng pananampalataya.

-Karamihan ba ay mga mananampalataya? Ito ay maaaring totoo sa isang retreat o tanging pulong para sa mga miembro ng iglesia. Subalit huwag mong isipin na lahat ay mananampalataya na. Laging magbigay daan para sa mga tao na magsisi at tumanggap kay Jesus bilang Tagapagligtas.

-Ano ang nalalaman mo tungkol sa kanilang lalim sa buhay espirituwal?

**KASARIAN:**

Ang kasarian ay may kinalaman sa pagtuturo, kung ang tagapakinig man ay puro lalake, puro babae, o magkahalo. Halimbawa, ang aralin tungkol sa responsabilidad ng asawang lalake ayon sa Biblia, na mahalin ang kanilang asawang babae, ay mas angkop para sa grupo ng mga lalake kaysa may kahalong babae.

**Suriin ang Iyong mga Tagapakinig:**

-Puro ba sila mga lalake?
-Puro ba sila mga babae?
-Magkahalo ba ang babae at lalake?

**MGA MAY ASAWA:**

Ang mga may asawa ay may kakaibang mga problema at pangangailangan kung ihahambing sa mga walang asawa, mga hiwalay sa asawa, at mga namatay na ang asawa. Ang mga taong may mga anak ay iba rin ang mga hamon na kinakaharap kaysa sa mga mag-asawang walang anak.

**Suriin ang Iyong mga Tagapakinig:**

-Walang asawa
-May asawa at mga anak
-May asawa at walang anak
-Balo at may anak
-Balo at walang anak
-Hiwalay sa asawa at hindi muling nag-asawa, magisang pinalalaki ang mga anak
-Hiwalay sa asawa at hindi muling nag-asawa, walang anak
-Hiwalay sa asawa at nag-asawa kauli, walang anak
-Hiwalay sa asawa at nag-asawa kauli, may mga anak

**KALAGAYAN SA LIPUNAN AT SA PANANALAPI:**

Iangkop ang iyong pagtuturo ayon sa kalagayan sa lipunan at pananalapi ng karamihan sa mga tagapakinig. Iba ang pakikitungo ni Jesus sa babae sa balon (Juan 4) kaysa kay Nicodemo (Juan 3). Ang babae ay nasa mababang kalagayan sa lipunan at pananalapi. Si Nicodemo ay nasa mataas na kalagayan.

Ang sabi ni Pablo ay dapat tayong makibagay upang maibahagi natin ang Evangelio:

> **…sa lahat ng mga bagay ay nakibagay ako sa lahat ng mga tao, upang sa lahat ng mga paraan ay mailigtas ko ang ilan. (I Corinto 9:22) (Tingnan din ang mga talatang 19-21).**

**Suriin ang Iyong mga Tagapakinig:**

-Ano ang pangkalahatang kabuhayan nila? Sila ba ay nasa mataas, gitna, o mababang klase sa kabuhayan? Marami ba silang matinding pangangailangang pinansiyal?

-Anu-ano ang trabaho nila? Mga estudyante, nasa ministeryo, may negosyo at mga propesyonal na manggagawa, retirado, mga maybahay, mga trabahador, o walang trabaho?

-Saan sila nakatira? Sa siyudad, sa barrio, sa liblib na pook, sa lugar ng mahihirap, sa lugar ng mayayaman at pinakamayaman? Madalas ba silang lumipat? Sila ba ay walang mga bahay?

**MGA PERSONAL NA PANGANGAILANGAN:**

Mahalagang malaman ang pisikal, pagiisip, espirituwal, emosyonal, at materyal na pangangailangan ng isang grupo. Mahalaga ito sa pagkuha ng atensiyon, ng "application" at sa pagtugon nila sa iyo.

**Suriin ang Iyong mga Tagapakinig:**

-Mga pangangailangang esprituwal:

-Takot
-Kalungkutan
-Pagkasira ng kalooban
-Kapaitan
-Hindi makapagpatawad
-Pagtingin sa sarili
-Galit, init ng ulo, at iba pang problema sa disposisyon
-Pagkamuhi
-Nakukunsiensiya
-Pagseselos
-Pagrerebelde

-Pinansiyal na pangangailangan:

-Kulang sa pera para sa mga simpleng pangangailangan
-Kailangan ng trabaho

Mga pangangailangang pisikal:

-Pagkakasakit
-Problema sa timbang
-Problema sa hitsura

Mga espesyal na pangangailangan:

-Paghihiwalay ng mag-asawa
-Gustong magpakamatay
-Imoral
-Paglalaglag ng bata
-Drugs
-Sigarilyo
-Alak

-Kulam
-Mababang pagtingin sa iba
-Inaalihan ng demonio
-Pagluluksa
-Tsismis, pagrereklamo, pagmumura, masasamang salita
-Mga kulto
-Masasamang ugali at kinagawian
-Pagsasanay sa mga bata

**EDAD:**

Ang nilalaman at hirap ng aralin ay dapat ibagay sa edad ng mga estudyante. Ang ikli ng pakikinig at abilidad na matuto ay nag-iiba sa iba't ibang edad. Ang mga tao na nag-aral tungkol sa paglago ng tao sa pagiisip, pisikal, sosyal, at espirituwal ay tinukoy ang iba't ibang mga katangian ng iba't ibang edad. Ang mga ito ay pangkalahatang mga katangian na sumasaklaw sa mga estudyante sa bawat grupo ng edad. Ang mga katangiang ito ay maaaring mag-iba sa ibang kultura:

**2-3 na Taon:**

A. Pisikal:

1. Mahilig manggaya; matulungin.
2. Laging kumikilos; kailangan ng mga aktibidades gayon din ng pahinga.
3. Hindi makatagal sa pagod, sensitibo ang nervous system.
4. Mahilig humawak ng mga bagay; mahilig mag-imbestiga.
5. Mahilig sa ritmo at tula.
6. Hindi magtugma ang maliliit na laman. Malalaking laman ay pinalalago pa.
7. Lumalaki at natututo habang naglalaro.

B. Pag-iisip:

1. Mahilig magkunwari.
2. Hanggang 3- 4 minuto lang maaaring makinig.
3. Gusto ng pamilyar at inuulit.
4. Limitado ang alam na salita; gusto ng simpleng mga kuwento.
5. Natututo sa pagtingin, pakikinig, paghipo, pag-amoy, panlasa,
6. Sumasabad sa mga kuwento; nakakaawit ng mga simpleng kanta.
7. Natatandaan ang mga detalye.
8. Naniniwala kung ano ang sinabi sa kaniya.
9. Hindi natututo sa direchong pagsasabi.
10. Lumalago ang sariling personalidad.
11. Sensitibo sa emosyon ng iba.

C. Sosyal:

1. Mahiyain, takot sa maraming tao.
2. May mga kinatatakutan na nasa isip lamang.
3. Kailangan ng indibiduwal na atensiyon.
4. Naglalarong mag-isa. Kailangang matutong makipaglaro sa iba.
5. Makasarili; turuang magbahagi at tumulong.
6. Mahilig mag-drama ng mga kuwento.
7. Manggagaya.
8. Kailangan ng palagiang disiplina.
9. Madaling mapagod; naiinis sa kaguluhan.
10. Nais malugod sa kaniya ang mga magulang at guro.
11. Kailangan ng pagibig, pag-unawa, at seguridad.

D. Espirituwal:

1. Nauunawaan kung paano magpasalamat at bigyan kaluguran ang Dios; na ang Biblia ay aklat ng Dios; na ang iglesia ay tahanan ng Dios.
2. Iniisip ang Dios bilang tunay at mapagmahal na persona.
3. Natututo tungkol sa Dios sa pamamagitan ng kalikasan at mga karaniwang karanasan na ang Dios ay binabanggit.
4. Kailangang madama niya na mahal siya ng guro at ng Dios.
5. Kung naturuan nang tama, nagtitiwala at dumidepende sa Dios.
6. Nananalangin kung hinihimok.
7. Natututong magbigay sapagkat iniibig Niya si Jesus.

**4-5 na Taon:**

A. Pisikal:

1. Kaya nang alagaan ang sarili.
2. Nakapagbibihis nang mag-isa.
3. Mahilig sa mga pisikal na aktibidades.
4. Madaldal.
5. Kung minsan ay may sumpong.
6. Lumalakas pa ang mga laman.
7. May lakas na sa paglalaro.

B. Pag-iisip:

1. Kaya ang programa na hindi masyadong paiba-iba.
2. Maaaring makinig ng 10 minuto.
3. Mahusay ang imahinasyon.
4. Hindi gaanong nauunawaan ang oras at espasyo.
5. Madaling makadama ng pagibig at awa.
6. Lumalago sa pag-iisip.

7. Makatotohanan.
8. Nakasasaulo ng maiikling talata.
9. Nakahanda sa mga bagong emosyonal at intelektuwal na karanasan.

C. Sosyal:

1. Nakahandang humarap sa mga bagong karanasang sosyal.
2. Magaling sa ilang uri ng laro.
3. Natututong makisama sa iba.
4. Mahilig maglaro ng mga larong may pagtutulungan.
5. Mas disiplinado.
6. Makasarili; kailangan ng praktis sa pagbibigay.
7. Natututong makipagkaibigan.
8. Natututong maging lider.
9. Marubdob magmahal at gustong mabigyang kasiyahan ang iba.
10. Mahilig mag-drama ng mga kuwento.

D. Espirituwal:

1. Taos sa puso ang pagsamba sa Dios; pinahahalagahan ang Dios sa pamamagitan ng kalikasan.
2. Nakapagsasalita tungkol sa Dios sa isang personal na paraan.
3. Nauunawaan na mahal siya at inaalagaan ng Dios.
4. Alam na ang pagsuway ay kasalanan.
5. Natututuhan ang katunayan ng presensiya ng Dios, malasakit, patnubay, pagtustos, at kaalaman.
6. Mapagtiwala, subalit dapat turuang magtiwala at sumunod sa Dios.

**<u>6-8 na Taon:</u>**

A. Pisikal:

1. Bumabagal ang paglaki.
2. May biglang bugso ng lakas.
3. Madaling mapagod.
4. Kailangan ng iba't-ibang mga gawain.
5. Turuang tapusin ang sinimulan.
6. Mahilig humawak sa mga bagay.

B. Pag-iisip:

1. Madaling matuwa at maawain.
2. Gusto ng espesyal na pagmamahal at patnubay.
3. Mahilig sa likhang-isip, pangangatuwiran.
4. Natututo sa pamamagitan ng mga sentido, karanasan, at mga salita.
5. Gusto ng mga kuwento sa Biblia na nagpapakita ng kapangyarihan ng Dios.

6. Mahilig lumutas ng mga problema sa pag-iisip.
7. Natututong mamili.
8. Madaling magkabisa ng mga salita kaysa isipan.
9. Nagpapasimulang pahalagahan ang heograpiya at kasaysayan.

C. Sosyal:

1. Lumalago pag pinupuri sa tamang ginagawa.
2. Kailangang turuang maging matulungin, ng kabutihan, pakikipagtulungan, huwag maging maramot, konsiderasyon.
3. Gumagaya sa matatanda at nais ng pagsang-ayon nila.
4. Nasisiyahan sa mga kuwento ng mga batang ka-edad nila.
5. Nagrerebelde kung minsan; nagkukuwento ng hindi totoo.
6. Mas gusto ng mga aktibidades na walang paligsahan.
7. Namimili ng mga kaibigan; madalas magpalit ng best friend.

D. Espirituwal:

1. Nakikinabang sa mga ehemplo ng mga malalim na sa pananampalataya.
2. Nararanasan ang pagibig at kapatawaran ng Dios.
3. Natututo ng paggalang sa pamamagitan ng halimbawa.
4. Madalas ay nakahanda nang tanggapin si Cristo bilang Tagapagligtas.
5. Natututong manalangin at mabuhay para kay Jesus.
6. Nakalulutas ng problema sa pamamagitan ng pagbabasa ng Biblia.
7. Kailangang maturuan na ikumpisal agad ang kasalanan.
8. Nagtatanong tungkol sa kamatayan.
9. Mahilig sa aksiyon at mga kuwento tungkol sa mga misyonero.

**9-11 na Taon:**

A. Pisikal:

1. Nasa pinakamabuting kalusugan ng buhay.
2. Aktibo at masigla.
3. Lumalago na sa pagiging independiyente.
4. Hindi mahilig mag-ayos o maglinis.
5. Mahilig sa mga aktibidades na panglabas.
6. Lumalaki unti-unti.

B. Pag-iisip:

1. Nagagamit ang Biblia upang maghanap ng mga reperensiya sa paglutas ng mga problema; gayon din ang mga mapa at diksiyonaryo.
2. Mahusay magsaulo; maliksi ang isip at sinusuri ang sariling gawa.
3. Nauunawaan na ang oras at espasyo.
4. Interesado sa mga problema.

5. Sabik sa kaalaman; aktibo.
6. Maraming kinahihiligan; nakakasulat ng mga tula, kuwento.
7. Malikhain kung bibigyan mo ng panahon, interes, at pagunawa.
8. Nais makita ang sariling paglago.
9. Interesado sa kalikasan at mga taong matatapang.
10. Mas naitutuon ang pag-iisip sa ginagawa.

C. Sosyal:

1. Natuturuang taasan ang pamantayan.
2. Interesado sa patas na pagtrato.
3. Mahilig makisali sa gawain sa klase.
4. Mas gusto ang sariling mga kaibigan; ayaw sa opposite sex.
5. May katapatan sa grupo.
6. Humahanga sa mga lider.
7. Turuang gumalang sa namamahala.
8. Hindi na gaanong mahiyain kaysa noong siya ay mas bata pa.

D. Espirituwal:

1. Nakahanda na sa kaligatasan.
2. Tumutugon sa mga turo ng paglago kay Cristo.
3. Nakauunawa na ng mga katotohanan tungkol sa doktrina.
4. Kailangang paalalahanan tungkol sa pang araw-araw na debosyon.
5. Mapupukaw ang nasa na mahikayat ang kapamilya at mga kapitbahay.

**<u>12-14 na Taon:</u>**

A. Pisikal:

1. Mabilis lumaki at hindi pantay.
2. Mas madali lumago ang mga babae kaysa lalake.
3. Napapahiya sa pagiging "clumsy" dahil sa hindi pantay na paglaki.
4. Biglang bugso ng lakas at bigla ring pagod.
5. Madalas ito ang pinakamahirap na panahon ng buhay.

B. Pag-iisip:

1. Mas matalim ang pag-iisip; mahusay magsaulo kung interesado.
2. Mahilig magbiro.
3. Nangangarap ng gising, iniisip na siya ay bida.
4. Sobra ang emosyon sa pagtugon.
5. Nais na siya ang gumawa ng mga desisyon sa buhay.
6. Sensitibo, pranka, nagbabago ang moods, pintasero, rebelde.

C. Sosyal:

1. Maaaring lumipat ang katapatan mula sa tahanan tungo sa paaralan, guro, o isang taong kaniyang hinahangaan.
2. Sumusunod sa karamihan.
3. Uhaw sa "mga karanasan"; nagkukuwaring walang pakialam.
4. Takot maituring na isip bata; nagpupumilit na maging adult.
5. Nagkaka-interes sa opposite sex.
6. Gustong maging importante, magkaroon ng mga kaibigan at tanggapin ng barkada.

D. Espirituwal:

1. Tumitingala sa matatanda para sila pangunahan.
2. Laging nagtatanong.
3. Kailangang kilalanin ang pangangailangan ng Tagapagligtas at kasiguruhan ng kaligtasan.
4. Kailangan ng patnubay.

**15-18 na Taon:**

A. Pisikal:

1. Hindi na asiwa kumilos.
2. Nabubuo na ang pisikal na pag-uugali.
3. Nagmamalasakit sa kanilang personal na anyo.
4. Nakakagusto sa opposite sex.

B. Pag-iisip:

1. Marunong na mangatuwiran.
2. Mas natatandaan ang mga idea kaysa mga salita.
3. Mataas ang pangarap at madalas ay mapanglikha.
4. Hawak ang imahinasyon ng pangangatuwiran.

C. Sosyal:

1. Gusto humawak ng responsbilidad ng pagiging lider.
2. Nais makabilang sa isang grupo.
3. Nais maging katanggap-tanggap sa mga ka-edad.
4. Nag-aalala sa kinabukasan.
5. May dagdag na pagnanais tumulong sa iba.
6. Nagsusumikap na pigilin ang emosyon.
7. Naghahanap ng kaligayahan.
8. Madalas magkaroon ng sumpong.
9. Nagrerebelde sa namamahala.
10. Naghahanap ng seguridad.

D. Espirituwal:

1. Madalas magduda sa mga espirituwal na mga bagay.
2. Madaling tumugon sa mga panawagan na madamdamin.
3. Nais ng personal, aktibong Kristiyanismo na tunay.

**May gulang na:**

A. Pisikal:

Sa larangang pisikal ang mga may gulang na ay nakaabot na sa paglago sa sukat at taas. Mayroon silang abilidad na maupo nang matagal kaysa mga bata. Ang ibang matatanda ay maaaring may mga problema sa kalusugan kaysa ibang mas bata sa kanila. Ang iba ay nag-aalala tungkol sa kanilang hitsurang pisikal at abilidad kung hindi nila nagagampanan ang inaasahan sa kanilang kultura.

B. Pag-iisip:

Ang mga abilidad sa pag-iisip, mga damdamin at mga pagpapahalaga ay nakapirme na. Ang mga may gulang na ay nakapirme na ang mga ugali at mahirap nang mabago. Sa pangkalahatan, mas mahirap para sa matatanda ang matuto ng mga bagong bagay habang sila'y tumatanda. Mas matagal silang nakikinig kaysa mga bata. Maaari silang maturuan ng matagal at ng iba't ibang paraan. Karamihan sa mga may gulang na ay madaling maunawaan ang kanilang wika at kultura. Mas gusto nila na matuto ng mga konsepto kay sa magkabisa ng mga katotohanan.

C. Sosyal:

Karamihan sa mga may gulang na ay nakapirme na sa kanilang katayuang sosyal at pananalapi. Karamihan sa kanilang mga kaibigan ay naroon din sa ganoong katayuan. Ang iba ay maaaring nagsusumikap na bumuti ang kanilang katayuang sosyal at pananalapi. Karamihan ay nakapili na ng kanilang asawa o malapit nang mag-asawa.

D. Espirituwal:

Kailangan ng mga may gulang ng patnubay na espirituwal sa mahahalagang desisyon tulad ng pag-aasawa, ministeryo, mas mataas na pag-aaral, at sa pagpili ng trabaho. Kailangan din nila ng patnubay sa relasyon ng mag-asawa at mga kapamilya.

Ang mga mananampalataya ay nangangailangan ng dagdag na pagtuturo sa ikalalago ng kanilang buhay espirituwal upang sila ay makasangkot sa ministeryo ng iglesia. Kailangan nilang ma-diskubre at magamit ang kanilang kaloob na espirituwal. Ang mga hindi mananampalataya ay kailangang makarinig ng Evangelio at madala sa kaligtasan.

# PANSARILING PAGSUSULIT

1. Isulat ang Susing mga Talata na kinabisa mo.

____________________________________________________________

____________________________________________________________

2.Ano ang ibig sabihin ng "suriin ang tagapakinig"?

____________________________________________________________

____________________________________________________________

3.Bakit mahalaga ang pagsusuri ng tagapakinig?

____________________________________________________________

____________________________________________________________

4. Ibuod ang mga hakbang sa pagsusuri ng tagapakinig.

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

5. Piliin mo ang isang grupo o edad na naturuan mo na o balak mong turuan. Repasuhin mo ang mga katangian ng edad na ito na tinalakay sa araling ito. Isulat mo ang buod ng grupo ng edad na ito.

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nasa katapusan ng huling kabanata ng manwal na ito.)

# PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

1. Si Jesus ay may labingdalawang alagad. Gamitin mo ang mga natutuhan mo sa kabanatang ito at suriin mo ang mga tagapakinig na ito. Makikita mo ang impormasyon tungkol sa labingdalawang alagad sa Mateo, Marcos, Lucas, Juan, at sa aklat ng Mga Gawa.

2. Suriin mo ang mga tagapakinig na balak mong turuan.

3. Pag-aralan mo ang mga araling itinuro ni Jesus ka Nicodemo sa Juan 3 at sa babae sa balon sa Juan 4. Ang isa ay mataas ang kalagayan sa lipunan at matalino. Ang isa naman ay mababa ang uri. Ano ang pagkakaiba ng paraan at nilalaman ng leksyon nilang dalawa? Paano sila nagkatulad?

# IKA-SIYAM NA KABANATA

## PAGSASAAD NG MGA LAYUNIN

**MGA LAYUNIN:**

Sa pagtatapos ng araling ito, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

- Ibigay ang kahulugan ng salitang "layunin."
- Ipaliwanag ang kahalagahan ng mga layunin sa pagtuturo.
- Sumulat ka ng mga layunin.
- Gumamit ka ng listahan upang suriin ang mga layunin.
- Ipaliwanag ang pagkakaiba ng pangkalahatan at tiyak na mga layunin.
- Tukuyin ang pinakatampok na hangarin ng Biblikal na pagtuturo.

**SUSING TALATA:**

> **Na siya naming inihahayag, na pinaaalalahanan ang bawat tao at tinuturuan ang bawat tao, sa buong karunungan, upang maiharap naming sakdal kay Cristo ang bawat tao. (Colosas 1:28)**

### PAMBUNGAD

Natutuhan mo na ang tunay na paglagong espirituwal ay hindi sinusukat sa naririnig ng estudyante, kundi sa kung ano ang ginagawa niya sa kaniyang narinig. Sa kabanatang ito ay matututuhan mo kung paano magsaad ng mga layunin na tutulong sa iyo na makita kung ang iyong mga estudyante ay tunay na naunawaan ang aralin at ginagamit ang kanilang natutuhan.

### MGA LAYUNIN

Ang layunin ay ang hinahangad o ang katapusan ng gawain. Ito ay isang punto, tinutudla, o ang nais na maabot. Kapag ang guro ay nagsaad ng mga layunin, sumusulat siya ng mga nais abutin ng mga estudyante. Ito ay inilalarawan kung ano ang inaasahang magagawa ng estudyante pagkatapos ng aralin. Ang araling ito ay may mga layunin. Balikan mo ang pasimula ng araling ito at repasuhin ang mga layunin nito.

### ANG KAHALAGAHAN NG MGA LAYUNIN

Ang mga layunin ay mahalaga sapagkat:

1. Ito ang gumagabay sa guro sa pananalangin, sa mga plano, sa pagtuturo, at sa mga gawain sa ikatututo patungo sa tiyak na tinutudla. Alam mong tiyak kung ano ang

nais mong maganap sa bawat leksyon upang ikaw ay makapanalangin, makapagplano, makapagturo at maihanda mo ang mga aktibidades sa ikatututo.

2. Nasusukat nito ang bisa ng pagtuturo. Masasabi mo kung talagang natutuhan ng mga estudyante ang nais mong matutuhan nila.

3. Tinutulungan kang lalong mapagbuti ang iyong pagtuturo. Dahil sa nasusukat mo ang bisa ng iyong pagtuturo, masasabi mo kung ikaw ay nabigo o nagtagumpay. Matututo ka mula sa iyong mga pagkukulang at sa iyong tagumpay at magpatuloy kang lumago sa iyong kaalaman sa pagtuturo.

4. Tinutulungan ang mga estudyante na maging taga-gawa imbes na tagapakinig lamang ng Salita. Kung nagsasaad ka ng mga layunin at ipinaliliwanag ito sa mga estudyante bago ka magturo, malalaman nila kung ano ang inaasahan sa kanila.

## PAANO SUMULAT NG MGA LAYUNIN

### ISAAD ANG MGA LAYUNIN AYON SA GAGAWIN NG ESTUDYANTE:

Isaad ng tiyak kung ano ang nais mong ipagawa sa kanila. Narito ang layunin na nakasaad ayon sa gagawin ng estudyante:

> "Sa katapusan ng aralin, maipaliliwanag ng estudyante ang Juan 3:16."

Narito ang layunin na hindi tama ang pagkasaad:

> "Ituturo ko sa estudyante ang Juan 3:16."

Ang unang layunin ay tama ang pagkasaad sapagkat tinutukoy kung ano ang nais mong magawa ng estudyante pagkatapos ng aralin. Malalaman mo kung natutuhan niya ang leksyon kung naipaliwanag niya ang Juan 3:16.

Ang pangalawang layunin ay mali. Sinasaad doon ang nais mong gawin sa halip na ang nais mong matutuhan ng estudyante. Paano malalaman kung naturuan mo siya nang tama? Ang layunin ay walang paraan upang masukat ito.

### PASIMULAN ANG LAYUNIN SA PANDIWA:

Ang pandiwa ay isang salita na may aksyon na tumutukoy kung ano ang dapat na mangyari. Gumamit ka ng pambungad na ganito:

> "Sa pagtatapos ng araling ito, ang estudyante ay inaasahang magagawa ito:

At ilista mo ang mga layunin na nagpapasimula sa pandiwa. Sa "Para Sa Dagdag na Pag-aaral" na bahagi ng kabanatang ito, may listahan ng mga pandiwa na makakatulong sa

iyo sa pagsasaad ng mga layunin. Narito ang halimbawa ng isang layunin na nagpapasimula sa pandiwa:

> "Sa pagtatapos ng kabanatang ito, ang estudyante ay inaasahang maipaliliwanag ang plano ng kaligtasan."

"Paliwanag" ay isang salita na may aksyon. Sinasabi kung ano ang inaasahan mo na magawa ng estudyante pagkatapos ng aralin.

**ISAAD ANG LAYUNIN NA ISA-ISA:**

Isa lamang kakayahan ang isaad sa bawat layunin. Narito ang mga halimbawa:

Sa pagtatapos ng araling ito ang estudyante ay inaasahang:
Tama: Masabi nang kabisado ang Juan 3:16.
Mali: Masabi nang kabisado at ipaliwanag ang Juan 3:16.

Kung nais mong ipaliwanag din niya ito, gumawa ka ng dalawang magkahiwalay na layunin:

Sa pagtatapos ng araling ito ang estudyante ay inaasahang:
Masabi nang kabisado ang Juan 3:16.
Maipaliwanag ang Juan 3:16.

**ISAAD ANG LAYUNIN SA TAMANG HANAY:**

Ang bawat layunin ay kaugnay ng sinundan nito. Halimbawa, "Masabi ang Juan 3:16" ay tamang layunin na mauna kaysa "ipaliwanag ang Juan 3:16." Dapat malaman muna ito ng estudyante bago niya ito maipaliwanag.

**ISAAD ANG LAYUNIN SA GAWAING MASUSUKAT:**

Narito ang ilang halimbawa:

Sa pagtatapos ng kabanatang ito ang estudyante ay:
Tama: Maipaliliwanag ang Juan 3:16.
Mali: Mauunawaan ang Juan 3:16.

Kung maipaliwanag ng estudyante ang Juan 3:16, alam mo na naunawaan niya ito. Kung ang layunin na isinaad mo ay "Maunawaan ang Juan 3:16," hindi ito masusukat. Hindi sinasaad kung ANO ang gagawin ng estudyante upang malaman mo kung naabot mo ang layunin.

**GUMAWA KA NG LAYUNIN NA KAYANG ABUTIN:**

Kung napakahirap maabot ng mga layunin, ang mga estudyante ay masisiraan ng loob.

## LISTAHAN NG MGA TANONG

Gamitin mo ang listahan ng mga tanong na ito upang sukatin ang mga layunin na isinulat mo para sa mga estudyante:

1. Nakasaad ba ito ayon sa gagawin ng estudyante? Sinasaad ba kung ano ang inaasahan mo sa estudyante sa halip na kung ano ang iyong gagawin?

2. Ito ba ay maaaring masukat? Nakasulat ba ito sa paraang masasabi mo kung naabot mo ang layunin?

3. Ito ba ay tiyak? Malinaw bang isinasaad ang inaasahan sa esudyante na maabot?

4. Ito ba ay isa-isang nakasaad? Iisa ba ang tinutukoy na gawain sa bawat layunin?

5. Ito ba ay nasa tamang hanay? Kaugnay ba ito ng mga layunin na sinundan?

6. Ito ba ay kayang abutin? Siguruhin mo na hindi masyadong mahirap para sa estudyante na maabot ito.

7. Ito ba ay Biblikal?

## MGA PANGKALAHATAN AT MGA TIYAK NA LAYUNIN

Maglalagay ka ng pangkalahatan at mga tiyak na layunin para sa iyong mga estudyante:

### PANGKALAHATANG MGA LAYUNIN:

Ang pangkalahatang mga layunin ay para sa iyong buong pagtuturo. Ang mga ito ay mga layunin na dapat maabot ng mga estudyante sa paglipas ng panahon. Narito ang mga pangkalahatang mga layunin na dapat tudlain ng bawat guro. Ang mga layuning ito ay nakasaad sa mga gawain ng estudyante na masusukat:

Dahil sa araling aking itinuro, ang estudyante ay:

Tutugon sa Evangelio:

Madaling makita ang layuning ito. Ang estudyante ba ay nagsisi at tumalikod sa kasalanan?

Tumanggap ng bautismo ng Espiritu Santo:

Dapat patnubayan ng guro ang bawat estudyante na tumanggap ng karanasang ito. Ang pagsasalita ng iba't ibang wika at kapangyarihan para magpatotoo ay makikita upang malaman mo kung naabot ang layuning ito.

Mabautismuhan sa Tubig:

Ang mga estudyanteng tumanggap na sa Panginoon ay dapat himukin na sumunod kay Jesus na publikong ihayag ang kanilang pananampalataya.

Magpakita ng Bungang Espirituwal:

Ang mahalagang layunin sa pagtuturo ay ang paglago hanggang sa maging katulad tayo ni Cristo. Kasali rito ang espirituwal na bunga sa sinasaad sa Galacia 5: 22-23. Kasama rin dito ang pagkakaroon ng uri ng pamumuhay sa Kaharian na nakabase sa mga prinsipyo na itinuro ni Jesus at tinalakay sa mga Sulat sa Bagong Tipan.

Diskubrehin ang mga Kaloob na Espirituwal:

Ipinakita ng Biblia na ang bawat mananampalataya ay binigyan ng kahit isang kaloob. Katungkulan ng isang Krsitiyanong guro na tulungan ang mga estudyante na madiskubre kung ano ang kanilang kaloob.

Gamitin ang kaloob na Espirituwal:

Hindi sapat na madiskubre ang iyong kaloob. Dapat himukin ang mga estudyante na gamitin ang mga kaloob na ito sa gawain ng ministeryo.

Magparaming Espirituwal:

Hindi kumpleto ang "cycle" ng pagtuturo hanggang ang estudyanteng tinuruan ay hindi naipapasa sa iba ang kaalamang ito. Tingnan ang II Timoteo 2:2.

Magkaroon ng Personal na Pag-aaral ng Biblia:

Ang pagkakaroon ng personal na pag-aaral ng Biblia ay isang mahalagang pang-kalahatang layunin. Ang paraan ng pagtuturo mo ng Biblia ay dapat makaganyak sa kanila na pag-aralan ito nang sarilinan. Ang Harvestime International Institute na kursong, "*Mga Mabibisang Paraan Ng Pag-aaral Ng Biblia,"* ay makakatulong sa iyong mga estudyante na personal na pag-aralan ang Biblia sa iba't ibang paraan.

Gumamit ng mga Materiales sa Pagsasaliksik ng Biblia:

Kung mayroon kayong mga materiales sa pagsasaliksik ng Biblia tulad ng mga diksiyonario, konkordansya, atbp., ang mga estudyante ay dapat turuan ng paggamit ng mga ito. Ang Harvestime International Institute na kursong, "*Mga mabibisang Paraan ng Pag-aaral ng Biblia,"* ay tuturuan kayong matulungan ang mga estudyante sa paggamit nito.

Manalangin nang Regular:

Ang mga estudyante ay dapat turuang manalangin ng regular sa publiko at sa pribado.

Makilahok sa Lokal na Iglesia:

Ang mga estudyante ay dapat maging aktibong mga miembro ng isang lokal na iglesia.

**TIYAK NA MGA LAYUNIN:**

Ang mga tiyak na layunin ay yaong mga layunin para sa bawat leksiyon na iyong ituturo. Ang mga ito ay mag-iiba depende sa paksang tatalakayin. Repasuhin mo ang mga layunin na nakasaad sa pasimula ng mga aralin dito sa manwal na ito. Pansinin kung paanong ang tiyak na mga layunin ay nagkakaiba sa bawat kabanata depende sa paksa ng aralin.

## ANG HANTUNGANG TINUTUDLA

Ipinakikita ng Biblia ang hantungang tinutudla, ang pinakahuling layunin ng lahat ng pagtuturo ng Biblia:

> **Na siya naming inihahayag, na pinaaalalahanan ang bawat tao at tinuturuan ang bawat tao, sa buong karunungan, upang maiharap naming sakdal kay Cristo ang bawat tao. (Colosas 1:28)**

Ang pinakahuling layunin ng pagtuturo at pangangaral ay upang ihanda ang mga estudyante na tumayo sa harap ng Dios, ginanap na kay Cristo Jesus.

# PANSARILING PAGSUSULIT

1. Isulat ang Susing Talata na kinabisa.

_______________________________________________________________________

_______________________________________________________________________

2. Ibigay ang kahulugan ng "layunin."

_______________________________________________________________________

3. Bakit mahalaga ang mga layunin sa pagtuturo?

_______________________________________________________________________

_______________________________________________________________________

4. Ano ang pagkakaiba ng pangkalahatan at tiyak na mga layunin?

_______________________________________________________________________

_______________________________________________________________________

5. Alin sa mga layuning ito ang tama ang pagkakasaad?

   Sa pagtatapos ng aralin, ang estudyante ay dapat:
   <u>Halimbawa A</u>: Alam ang Juan 3:16.
   <u>Halimbawa B:</u> Bigkasin ang Juan 3: 16.

   Ang Halimbawa ______ ay tama.

6. Ano ang pinakahuling layunin ng pagtuturo ng Biblia?

_______________________________________________________________________

_______________________________________________________________________

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nasa katapusan ng huling kabanata ng manwal na ito.)

# PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

1. Gamitin ang sumusunod na tsart sa pagpili ng mga pandiwa na gagamitin sa pagsulat ng mga layunin:

**MGA HALIMBAWA NG MGA PANDIWA**

**Kung ang hantungan ay:**

| **Kaalaman** | **Pagkaunawa** | **Kakayahan** |
|---|---|---|
| Gamitin ang mga pandiwang ito: | Gamitin ang mga pandiwang ito: | Gamitin ang mga pandiwang ito: |
| Panganlan | suriin | tulungan |
| Repasuhin | kilatisin | patnubayan |
| Maglista | sa pagitan ng | ituro |
| Sabihin | paghambingin | planuhin |
| Ilista | ibigay ang pagkakaiba | itanong |
| Bigkasin | ibigay ang kahulugan | saliksikin |
| Alalahanin | ibigay ang pagkakaiba | isagawa |
| Isulat | ilagay sa tamang grupo | isaloob |
| Tukuyin | piliin | ipakita |
| Kabisahin | piliin | gamitin |
| Tuntunin | paghiwalayin | isagawa |
| Maalaman | saliksikin | lutasin |
| Makasanayan | kilatisin | danasin |
| Kasama ng | diskubrehin | ipaliwanag |
| Ibigay kahulugan | pagparisin | sabihin |
| Ilarawan | paramihin | tulungan sa |
| Kilalanin | ayusin | idalangin |
| Panganlan | ipaliwanag | ipakita |
| Ibanghay | pahalagahan | ayusin |
| Ulitin ang sinabi | ituro ang lugar | mag-desenyo |
| Ibuod | pagsalabayan | ipakita |
| | | saliksikin |
| | | palaguin |
| | | pag-aralan |

2. Sumulat ng tiyak na mga layunin para sa aralin na nais mong ituro. Gamitin mo ang listahan ng mga tanong upang suriin ang mga layunin na iyong isinulat.

____1. Nakasaad ba ito ayon sa gagawin ng estudyante? Sinasaad ba kung ano ang inaasahan mo sa estudyante sa halip na kung ano ang iyong gagawin?
____2. Ito ba ay maaaring masukat? Nakasulat ba ito sa paraang masasabi mo kung naabot mo ang layunin?
____3. Ito ba ay tiyak? Malinaw bang isinasaad ang inaasahan sa esudyante na maabot?
____4. Ito ba ay isa-isang nakasaad? Iisa ba ang tinutukoy na gawain sa bawat layunin?
____5. Ito ba ay nasa tamang hanay? Kaugnay ba ito ng mga layunin na sinundan?

____6. Ito ba ay kayang abutin? Siguruhin mo na hindi masyadong mahirap para sa estudyante na maabot ito.
____7. Ito ba ay Biblikal?

3. Gamitin ang sumusunod na outline upang pag-aralan ang mga layunin na ibinigay ng Dios para sa mga kaloob ng ministeryo:

**<u>EFESO 4: 11-16</u>**

A. Ang Iba't ibang Ministeryo: Ang mga iba'y apostol, ang mga iba'y propeta, ang mga iba'y evangelista, ang mga iba'y pastor at guro:

B. Ang Gawain: Sa ikasasakdal ng mga banal, sa gawaing paglilingkod, sa ikatitibay ng katawan ni Cristo,

   1. Mga Nais na Hantungan: Hanggang sa abutin nating lahat ang pagkakaisa ng pananampalataya at ang pagkakilala sa Anak ng Dios, hanggang sa lubos na paglaki ng tao, hanggang sa sukat ng pangangatawan ng kapuspusan ni Cristo;

   2. Mga Posibleng Damdamin: Upang tayo'y huwag nang maging mga bata pa,

      a) Hindi kanais-nais: Na napapahapay dito't doon at dinadala sa magkabi-kabila ng lahat na hangin ng aral, sa pamamagitan ng daya ng mga tao, sa katusuhan, ayon sa mga lalang ng kamalian.
      b) Kanais-nais: Kundi sa pagsasalita ng katotohanan na may pagibig, ay mangagsilaki sa lahat ng mga bagay sa Kaniya, na Siyang pangulo, samakatuwid bagay si Cristo, na dahil sa Kaniya'y ang buong katawan na nakalapat na mabuti at nagkakalakip sa pamamagitan ng tulong ng bawat kasukasuan, ayon sa paggawang nauukol sa bawat iba't ibang sangkap, ay nagpapalaki sa katawan sa ikatitibay ng kaniyang sarili sa pagibig.

# IKA-SAMPUNG KABANATA

## PAGHAHANDA NG ARALIN

**MGA LAYUNIN:**

Sa pagtatapos ng kabanatang ito, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

- Tukuyin ang mga bagay na totoo sa lahat ng sitwasyon sa pagtuturo.
- Tukuyin ang mga bahagi ng plano sa pagtuturo.
- Ibigay ang buod ng mga hakbang sa paggawa ng plano sa pagtuturo.
- Magplano ng aralin.

**SUSING TALATA:**

> **Ang dila ng may unawa ay nagbubunga ng kaalaman…(Kawikaan 15:2)**
> **Magandang Balita Biblia**

**PAMBUNGAD**

Pinag-aralan mo na ang mensahe na itinuro ni Jesus. Natutuhan mo na ang mga paraan ng pagtuturo, paano gumamit ng mga tulong sa pagtuturo, pagsusuri ng tagapakinig, at paano magsaad ng mga layunin. Ngayon sa kabanatang ito ay pagsasamahin mo ang lahat ng mga ito sa pagpaplano mo ng aralin.

**ANG PANAHON NG PAGTUTURO**

Sa pagpaplano mo ng aralin, tandaan na ang mga sumusunod na mga bagay ay matatagpuan sa bawat panahon ng pagtuturo:

**MGA MAKALANGIT NA TULONG:**

Ang Dios Ama, Anak, at Espiritu Santo ang mga makalangit na tulong sa likod ng pagtuturo ng Biblia. Ang Espiritu Santo ang kapangyarihan na tumutulong sa guro na magturo at nagbubukas ng pang-unawa ng mga estudyante. (Repasuhin ang Ikalawang Kabanata).

**ANG GURO:**

Ang guro ang nakaaalam ng katotohanan na ituturo:

> **… at Siya'y nagpasimulang turuan sila ng maraming bagay. ( Marcos 6:34)**

(Repasuhin ang Una at Pangalawang Kabanata, "Isang Guro Na Mula sa Dios").

**ANG ESTUDYANTE:**

Ang estudyante ay isang matapat na lalake o babae na matamang nakikinig sa aralin. Natututo siya sa kaniyang nakikita, naririnig, at nauunawaan:

> **…sinasaysay Niya sa kanila ang Salita, ayon sa makakaya ng kanilang pakinig. (Marcos 4:33)**

Higit pa sa mga katotohanan ng Biblia ang dapat ituro ng guro. Ang mga katotohanan lamang ay hindi makahulugan. Dapat maunawaan at isagawa ito ng estudyante. Sa Mateo 13 sa talinhaga ng manghahasik, ang binhi na nahulog sa tabi ng daan ay inagaw sapagkat hindi ito naunawaan ng nakikinig (Mateo 13:19). Dapat maunawaan ng mga estudyante ang kahulugan ng itinuturo ayon sa kanilang personal na karanasan. (Repasuhin ang Ikawalong Kabanata).

**ANG WIKA:**

Ang wika na ginagamit sa pagtuturo ay dapat nauunawaan ng estudyante o kaya ay dapat gumamit ng tagapagsalin. (Repasuhin ang Ikawalong Kabanata).

**ANG KAPALIGIRAN:**

Mas natututo ang mga tao kung ang leksyon ay kaugnay ng kanilang kinikilusan. Dapat ang kanilang natututuhan ay praktikal at magagamit sa mga problemang kinakaharap nila sa buhay. Ang mensahe ay dapat makatulong sa mga pangangailangan sa tahanan, sa trabaho, o sa ministeryo. (Tingnan ang Ikawalong Kabanata).

**ANG LEKSIYON:**

Ang aralin na dinadala ay Salita ng Dios, ang Biblia. Ang Biblia ang pinakamahalagang aklat sa pagtuturo. Maaaring gumamit ng ibang mga aklat o materiales, subalit ang Biblia ang pinakapinal na awtoridad. (Repasuhin ang Ikatlo at Ika-Apat na Kabanata).

**ANG MGA LAYUNIN:**

Ang bawat leksyon ay dapat kaugnay ng pangkalahatan at tiyak na layuning espirituwal. (Repasuhin ang Ika-Siyam na Kabanata).

**MGA PARAAN:**

Ang bawat leksyon ay itinuturo sa pamamagitan ng paggamit ng mga pamamaraan. (Repasuhin ang Ika-Lima at Ika-Anim na Kabanata).

## ISANG HALIMBAWA

Narito ang isang halimbawa ng mga bagay na matatagpuan sa pagtuturo na ginagamit ang Juan 4:

**Mga Makalangit na Tulong:** Ibinigay ni Jesus ang mensahe ng Dios Ama, binigyang kapangyarihan ng Espiritu Santo.

**Guro:** Si Jesus

**Estudyante**: Ang babae sa tabi ng balon.

**Wika:** Kinausap siya ni Jesus sa linguahe na nauunawaan niya.

**Kapaligiran:** Ito ay ang balon ni Jacob. Ginamit ni Jesus ang kapaligiran upang ituro ang aralin.

**Leksyon:** Ang Dios ay espiritu at ang mga sumasamba sa Kaniya ay dapat sumamba sa espiritu at katotohanan. Si Jesus ang pinagmumulan ng tubig na buhay.

**Mga Layunin:** Upang ipakita sa babae na ang tunay niyang pangangailangan ay hindi tubig na pisikal kundi tubig na buhay.

**Mga Pamamaraan:** Ginamit ni Jesus ang isang karaniwang bagay [tubig] bilang tulong sa pagtuturo upang makuha ang kaniyang atensiyon. Gumamit si Jesus ng mga kabaligtaran sa paghahambing ng natural na tubig at buhay na tubig. Ginamit Niya ang pakikipag-usap, pagtatanong, at pagtukoy sa tradisyon. Sumitas Siya mula sa Lumang Tipan at ginamit itong sitwasyon upang tukuyin ang pangangailangan ng babae. Iniugma Niya ang leksyon sa buhay ng babae at naghintay ng personal na pagtugon.

## PAGHAHANDA NG ARALIN

Nakahanda ka nang magplano ng aralin. Sundin mo ang mga hakbang na ito:

### UNANG HAKBANG – Espirituwal na Paghahanda:

Ihanda mo ang iyong puso:

> **Ang mga paghahanda ng puso ay ukol sa tao: Ngunit ang sagot ng dila ay mula sa Panginoon. (Kawikaan 16: 1)**

Ihanda mo ang iyong isipan:

> **Ngunit kung nagkukulang ng karunungan ang sinoman sa inyo, ay humingi sa Dios, na nagbibigay ng sagana sa lahat at hindi nanunumbat; at ito'y ibibigay sa kaniya. (Santiago 1:5)**

Idalangin mo na ihanda ng Dios ang mga puso ng mga estudyante na tanggapin ang Salita. Idalangin mo ang iyong sarili, na pahiran ka ng Dios at tulungan ka sa pagbabahagi mo ng Salita.

**IKALAWANG HAKBANG – Pag-aralan ang Leksyon:**

Basahin mo ang reperensya ng leksyon mula sa Biblia. Basahin mo ang mga nakapalibot na mga reperensya na nagbibigay ng "background" ng leksyon. Pagbulay-bulayan mo ang talata sa pamamagitan ng mabagal, at nag-iisip na pagulit sa pagbasa. Pag-aralan mo ang lahat ng sinasabi ng Biblia tungkol sa paksa na iyong ituturo. Kung mayroon kang mga kagamitan ng pananaliksik tulad ng konkordansya, "word study book", at mga komentaryo, gamitin mo ang mga ito sa iyong pananaliksik:

> **Pagsikapan mong humarap na subok sa Dios, manggagawang walang anomang ikahihiya, na gumagamit na matuwid ng salita ng katotohanan. (II Timoteo 2:15)**

Habang ikaw ay nag-aaral, isulat mo ang mga importanteng mga puntos at mga isipang dinadala sa iyo ng Espiritu Santo. Gagamitin mo ang mga ito sa paggawa mo ng banghay ng iyong aralin.

**IKATLONG HAKBANG – Suriin mo ang Tagapakinig:**

Gamitin mo ang mga natutuhan mo sa Ika-Walong Kabanatang kursong ito sa pagsuri mo ng iyong mga tagapakinig.

**IKA-APAT NA HAKBANG – Magtakda ng mga Layunin:**

Ginagamit ang mga puntos na isinulat mo at inilalagay sa iyong isip ang uri ng mga taong makikinig sa iyo, magtakda ka na ng mga layunin. (Repasuhin ang Ika-Siyam na Kabanata ng kursong ito, "Pagsasaad ng mga Layunin.").

**IKALIMANG HAKBANG – Gumawa ng banghay ng mga Pangunahing Bahagi ng Aralin:**

Mayroong apat na pangunahing bahagi ng paggawa ng plano sa pagtuturo ng aralin sa Biblia: Ang pambungad, ang katawan ng aralin, ang pagsasagawa, at ang pangwakas. Ang isang banghay ay may maikling pangungusap na nagbubuod ng mga mahahalagang katotohanan na nais mong dalhin sa bawat bahagi ng aralin. Ang banghay o outline ay mahalaga sapagkat ito ang gabay mo na huwag ka lumabas sa paksang tinatalakay. Tinutulungan ka ring matandaan ang mga mahahalagang katotohanan na nais mong ituro sa mga estudyante. Gamitin mo ang mga puntos na isinulat mo sa iyong pag-aaral ng leksyon sa pagsulat ng banghay.

Narito ang paraan ng pagsulat ng banghay:

**Pamagat:** Ang pamagat ang tumutulong sa mga tao na matandaan ang paksa. Tinutulungan din nito ang guro na maging tiyak sa pakay ng aralin. Pumili ka ng pamagat na nagpapakita ng importanteng katotohanan ng paksa. Itanong mo sa iyong sarili, “Ano ang nais kong ituro sa araling ito?” Isulat ang pamagat sa pasimula na iyong outline.

**Pambungad:** Ito ang pasimula ng aralin. Mahalaga na ang pambungad ay makukuha ang interes ng estudyante o kaya’y hindi na siya magpapatuloy na makinig.

Si Jesus ay hindi nagkaroon ng iisang pambungad. Nakuha Niya ang atensiyon ng Kaniyang mga tagapakinig sa paggamit ng iba’t ibang paraan. Kung minsan ay pasisimulan Niya ito sa pagsasabi ng, “Katotohanan, katotohanan.” Kapag sinabi ni Jesus na “Katotohanan, katotohanan,” pareho rin ito ng pagsasabi ng “Makinig kayong mabuti… ito ay mahalaga!”

Nakuha rin ni Jesus ang atensiyon ng Kaniyang kausap sa pamamagitan ng pagsisimula sa isang bagay na interesado ang kausap Niya. Halimbawa, binuksan Niya ang pakikipag-usap sa babae sa tabi ng balon sa Juan 4 sa pamamagitan ng pahingi ng tubig na maiinom:

> **Dumating ang isang babaeng taga Samaria upang umigib ng tubig: sa kaniya’y sinabi ni Jesus, Painumin mo Ako. (Juan 4:7)**

Naparoon siya sa balon upang umigib ng tubig, kaya pinasimulan Niya ang usapan sa paksa ng kaniyang interes. Ang pambungad na ito ang nagpasimula ng talakayan tungkol sa espirituwal na leksyon tungkol sa tubig na buhay.

Kung ang tagpakinig ay interesado sa Kautusan ni Moises, ito ang ginagamit ni Jesus na pambungad. Kung ang interes nila ay nasa Kaharian na ipinangako sa Israel, yaon ang gagamitin Niyang pambungad. Kung pasisimulan mo ang iyong aralin ng pambungad na interesado ang iyong mga tagapakinig, kinukuha mo ang kanilang atensiyon upang ikaw ay makapagbahagi ng Evangelio.

Gumamit din si Jesus ng mga bagay na karaniwan, mga tanong at mga sagot, mga talinhaga, mga kasaysayan ng mga kaso, mga Kasulatan, mga kabaligtaran, at mga problema bilang pambungad upang kunin ang kanilang atensiyon. Ginamit din Niya ang mga okasyon na bahagi ng pang araw-araw na buhay. Nagpasimula Siya sa mga nalalaman na ng mga tao at mula roon ay inakay sila sa mga tiyak na katuruan.

Ang pambungad ay dapat:

-Maikli: Kung ito ay mahaba, mawawalan na ng interes ang tagapakinig.

-Nakakakuha ng atensiyon: Kailangang makuha ang interes ng tagapakinig; ituon mo ito sa isang pangangailangan.

-Matatandaan: Dapat ito ay madaling matandaan.

-May kaugnayan sa buhay: Ang pambungad ay naghahanda sa mga katotohanang ituturo mo at sa mahalagang aral na kaugnay nito.

Maghanda ng isang pambungad na kukuha ng interes ng iyong mga estudyante. Sa iyong baghay, isulat mo ang buod kung paano mo ipakikilala ang aralin.

**Katawan:** Ang "katawan" ang naglalaman ng ituturo mo. Sa araling itinuro ni Jesus sa babae sa tabi ng balon, ang katawan ng Kaniyang aralin ay nakatuon sa tubig na buhay. Ipinakita ang pinanggagalingan ng tubig na buhay, isang pagkakaiba ng buhay at natural na tubig, ang pagtugon ang kinakailangan upang matanggap mo ang tubig na buhay, at ang mga resulta ng paginom ng tubig na buhay:

-Ang Pinagmumulan:

> **Sumagot si Jesus at sa kaniya'y sinabi, Kung napagkikilala mo ang kaloob ng Dios, at kung sino ang sa iyo'y nagsasabi, Painumin mo Ako; ikaw ay hihingi sa Kaniya, at ikaw ay bibigyan Niya ng tubig na buhay… (Juan 4:10)**

-Pagkakaiba ng Buhay at Natural na Tubig:

> **…Ang bawat uminom ng tubig na ito ay muling mauuhaw: Datapuwat ang sinomang umiinom ng tubig na sa kaniya'y Aking ibibigay ay hindi mauuhaw… (Juan 4: 13-14)**

-Ang Kinakailangang Tugon:

> **…ikaw ay hihingi sa Kaniya, at ikaw ay bibigyan Niya ng tubig na buhay… Datapuwat ang sinomang umiinom ng tubig na sa kaniya'y aking ibibigay ay hindi mauuhaw magpakailan man… (Juan 4: 10, 14)**

-Ang mga Resulta:

> **… ay hindi mauuhaw magpakailan man; ngunit ang tubig na sa kaniya'y Aking ibibigay ay magiging isan balon ng tubig na bubukal sa kabuhayang walang hanggan. (Juan 4:14)**

Narito ang madaling paraan upang ayusin ang katawan ng aralin sa isang banghay:

I. Unang mahalagang punto.

   A. Dagdag na pangungusap para sa unang punto.
      1. Dagdag na punto.
      2. Dagdag na punto.

   B. Dagdag na pangungusap para sa unang punto.
      1. Dagdag na punto.

C. Dagdag na pangungusap para sa unang punto.

II. Pangalawang mahalagang punto.

(Maglista ng mga pangungusap tungkol sa pangalawang mahalagang punto katulad ng sa unang mahalagang unang punto.)

Siguruhin na ang mga puntos ay maayos ang hanay na sumusunod sa texto tungkol sa aralin. Ang mga mahahalagang puntos ay dapat kaugnay ng unang idea at ang mga karagdagang puntos ay dapat kaugnay ng mahahalagang puntos. Pagdugtungin ang mga puntos sa pamamagitan ng pag-uugnay ng puntos sa mga sinundan. Ipagpatuloy ang outline hanggang matapos ang mahahalagang puntos ng aralin. Ang bilang ng mga puntos ay magbabago depende sa mga aralin.

**<u>Pagsasagawa:</u>** Kung iniuugnay mo ang mga katotohananng Salita ng Dios sa pang-araw-araw na buhay, ito ay tinatawag na "pagsasagawa." "Naiuugnay" mo ang iyong itinuturo sa mga tunay na situwasyon ng buhay. Matapos maituro ang isang katotohanan mula sa Biblia, ito ay dapat maisagawa sa buhay at ministeryo ng nakikinig. Dapat masagot ang tanong na ito: "Paano nakaka-apekto itong katotohanang ito sa akin?"

Sa halimbawa ni Jesus at ng babae sa tabi ng balon, tinuruan Niya siya ng tubig na buhay at pagkatapos ay isinagawa ang aralin. Sinabi Niya sa kaniya na ang tubig na buhay na ito ay dapat nasa loob niya at babago ng kaniyang buhay. Ipinakita Niya sa kaniya kung paano siya makasasamba sa tunay na Dios sa espiritu at katotohanan.

Ang pagsasagawa ay maaaring gawin ginagamit ang mga paraan ng pagtuturo na natutuhan mo sa Ika-Lima at Ika-Anim ng Kabanata. Ang pagtatanong at pagsagot sa mga tanong ay mahusay na paraan na maisagawa mo ang mga katotohanang iyong naituro. Bayaan ang mga estudyante na gumawa ng mga "application" o pagsasagawa nito.

Ang mga paraan ng pagsasagawa ay dapat kunin sa mga tunay na karanasan ng buhay na kaugnay ng leksyon. Makakakuha ka ng mga ilustrasyon mula sa Biblia, sa kasaysayan, sa mga talambuhay ng mga tanyag na mga tao, mga talinhaga, mga imno, sa pagbabasa ng mga aklat, at sa pamamagitan ng personal na obserbasyon at karanasan. Mas madali matuto ang mga tao kung ito ay ginagawa nila. Ang mga estudyante ay dapat <u>gawin</u> ito upang sila ay matututo:

> **Kung nalalaman ninyo ang mga bagay na ito, kayo ay mapapalad kung inyong mga gawin. (Juan 13:17) ( Repasuhin din ang Santiago 5).**

"Ang pagsasagawa" ay "application." Ang pagsasagawa ng aralin ay maaaring sa pamamagitan ng mga proyekto at mga aktibidades na nakakatulong sa mga estudyante na maisagawa ang mga katotohanang natutuhan nila. Sa outline mo ng pagtuturo, isulat mo kung paano mo isasagawa ang mga katotohanang naituro mo. Isali mo ang mga paraan at mga aktibidades na iyong gagamitin.

**Pangwakas:** Ang pangwakas ang pagtatapos ng aralin. Dapat ay kasama rito ang buod ng mga mahahalagang puntos na tinalakay sa katawan ng leksiyon. Ang buod ay hindi dapat nakakabagot na pagrepaso ng mga katotohanan. Magagamit mo ang ibang mga paraan na binanggit sa Ika-Lima at Ika-Anim na Kabanata upang magbalik-aral. Maaari kang magbigay ng ilustrasyon o sinabi ng isang tao, magtanong o magbigay ng tiyak na direksiyon. Ang balik-aral ay mahalaga. Madalas mag-ulit si Jesus ng mga espirituwal na katotohanan. Ulitin mo ang mga katotohanan sa iba't ibang paraan upang masiguro mo na nauunawaan ng mga estudyante ang aralin.

Dapat ding bigyan ng pagkakataon na tumugon ang mga estudyante sa pangwakas na bahagi. Pag nagtatapos si Jesus ng aralin, lagi Siyang umaaasa sa pagtugon. Sa tabi ng balon, sinabi ni Jesus sa babaeng Samaritana, "Humayo ka at tawagin mo ang iyong asawa." Ang pagtugon niya rito ang naging paraan upang magkumpisal siya ng kaniyang kasalanan. Hindi sapat na makinig lamang ng Salita. Hindi sapat na maalaman kung paano ito maisasagawa sa ating mga buhay. Dapat tayong tumugon sa ating natutuhan.

Ang pagtugon ay posible lamang kung ang katotohanan ay may kaugnayan sa atin. Kaya ang "application" na bahagi ng aralin ay mahalaga. Dapat nating maunawaan kung paano may kaugnayan sa atin ang aralin upang tayo ay makatugon. Ang kapahayagan ay nangangailangan ng pagtugon. Ang kapahayagan na walang "application" ay impormasyon lamang, at ang impormasyon ay hindi nagbabago ng buhay. Kahit ang kapahayagan ng Dios sa pamamagitan ng kagandahan ng kalikasan ay nangangailangan ng pagtugon mula sa tao:

> **Sapagkat ang nakikilala tungkol sa Dios ay hayag sa kanila; sapagkat ito'y ipinahayag ng Dios sa kanila.**
>
> **Sapagkat ang mga bagay niyang hindi nakikita buhat pa nang lalangin ang sanglibutan ay nakikitang maliwanag, sa pagkatanto sa pamamagitan ng mga bagay na ginawa Niya, maging ang walang hanggan Niyang kapangyarihan at pagka Dios; upang sila'y walang madahilan.**
> **( Roma 1: 19-20)**

Mga halimbawa ng mga pagtugon sa aralin ay ang pagtanggap kay Jesus bilang Tagapagligtas, paglapit sa panalangin upang tumanggap ng kagalingan o ng Bautismo ng Espiritu Santo, pagsisisi ng kasalanan, at pagtatalaga sa Kristiyanong paglilingkod. Ang isang tawag sa pagtugon ay hindi dapat batay sa emosyon. Nilinaw ni Jesus na ang tumugon sa Evangelio ay may halaga ( Tingnan ang Marcos 8: 34-35).

Pagpasiyahan mo kung paano mo susuriin ang mga layunin mo kung ang mga ito ay naabot o hindi. Dapat bang bigyan ng pagsusulit ang mga estudyante? Nais mo bang gumawa sila ng proyekto o isang gawain upang magamit ang kanilang natutuhan? Sumulat ka ng buod kung paano mo tatapusin ang aralin. Huwag mong kalimutan ang tawag sa pagtugon. Paano mo nais na tumugon sila sa aralin mong itinuro?

**IKA-ANIM NA HAKBANG – Pumili ka ng Pamamaraan at Mga Gamit:**

Pumili ka ng mga pamamaraan na gagamitin sa pagtuturo ng aralin. Narito ang listahan ng mga pamamaraan na pinag-aralan mo na mapagpipilian:

-Mula sa Nalalaman tungo sa hindi nalalaman
-Pangkalahatan tungo sa tiyak
-Ginagamitan ng mga bagay na nakikita
-Mga tanong at mga sagot
-Mga Talinhaga
-Mga kasaysayan ng mga kaso
-Paggamit ng Kasulatan
-Mga Kabaligtaran
-Mga Problema
-Mga Okasyon

Siguruhin mo na ang paraang napili mo ay angkop sa makikinig at sa aralin. Planuhin mo ang mga gamit na tulong sa pagtuturo kasama ng leksyon at mga aktibidades na mayroong pagkasangkot ng mga estudyante.

**IKAPITONG HAKBANG – Ayusin ang mga materiales:**

Isaayos mo ang mga materiales na kailangan sa pagtuturo ng leksyon. Kasama na rito ang iyong outline sa pagtuturo, ang Biblia, mga nakasulat na materiales para sa mga estudyante, mga tulong sa pagtuturo, at anumang mga gamit na kailangan sa mga aktibidades na gagawin.

# PANSARILING PAGSUSULIT

1. Isulat ang Susing Talata na kinabisa.

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

2. Anu-anong mga bagay ang matatagpuan sa bawat situwasyon ng pagtuturo?

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

3. Anu-ano ang apat na mahahalagang bahagi ng paghahanda ng aralin na tinalakay dito?

______________________________ ______________________________

______________________________ ______________________________

4. Isulat ang mga hakbang ng paghahanda ng aralin na tinalakay sa kabanatang ito:

Unang Hakbang: ______________________________________________________

Ikalawang Hakbang: ___________________________________________________

Ikatlong Hakbang: ____________________________________________________

Ika-Apat na Hakbang: _________________________________________________

Ika-Limang Hakbang: __________________________________________________

Ika-Anim na Hakbang: _________________________________________________

Ika-Pitong Hakbang: ___________________________________________________

5. Gamitin ang outline sa “Para Sa Dagdag Na Pag-aaral” na bahagi ng paghahanda ng aralin.

( Ang mga sagot sa pagsusulit ay nasa katapusan ng huling kabanata sa manwal na ito.)

# PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

1. Isa sa mga pinakamahalagang layunin ng pagtuturo ay ang maakay ang mga estudyante na tanggapin si Jesucristo bilang sariling Tagapagligtas. Posibleng maganap ito kahit sa mga bata. Kailangan lamang na ang bata ay may sapat nang gulang para makapag-desisyon.

-Mga halimbawa ng mga bata na lumapit sa Dios ay si Jose, si Samuel, si Jeremias, si Daniel, si Juan Bautista at si Timoteo.

-Ang pagkakumberti ay dumating sa bata: Mateo 18:3

-Ang kababaang-loob ay isang katangian ng mga bata na nagpapadali sa kanila na tanggapin ang Evangelio: Mateo 18:4

-Ang maliit na bata ay maaaring manampalataya: Mateo 18:6

-Ang maging dahilan para ikatisod ng bata ay isang maselang bagay: Mateo 18: 6,8

-Ang bata ay mahalaga sa Dios: Mateo 18:10

-Nagtuturo si Jesus tungkol sa mga bata nang isinalaysay Niya ang nawalang tupa: Mateo 18:12,13

-Hindi kalooban ng Ama na mawala ang isang bata: Mateo 18:4

2. Suriin ang mga karaniwang bagay sa pagtuturo ni Jesus kay Nicodemo sa Juan 3:

Makalangit na tulong:

___________________________________________________________________________

Guro:

___________________________________________________________________________

Estudyante:

___________________________________________________________________________

Wika:

___________________________________________________________________________

Kapaligiran:

___________________________________________________________________________

Aralin:

---

Mga Pamamaraan:

---

3. Suriin ang estraktura ng ilang mensahe ni Jesus na nakatala sa Biblia. Para sa bawat isa, isipin ang mga katanungang ito:

Pambungad: Anong paraan ang ginamit Niya upang kumuha ng atensiyon? Paano Niya pinasimulan ang pagtuturo?

Katawan ng Mensahe: Anu-ano ang mga mahahalagang katotohanan na itinuro Niya? Anu-anong paraan ang ginamit Niya upang turuan sila?

Pagsasagawa: Paano Niya ibinagay ang mga katotohanan sa Biblia sa buhay ng mga nakikinig?

Pangwakas: Paano tinapos ni Jesus ang mensahe? Ano ang hiniling Niyang pagtugon?

4.Gamitin mo itong banghay (outline) sa paghahanda mo ng araling ituturo.

## ISANG BANGHAY SA PAGHAHANDA NG MGA ARALIN

**Pamagat ng aralin:** ______________________________________________

**Texto sa Biblia:** ________________________________________________

**Tagapakinig:** Ibigay ang buod ng nalalaman mo tungkol sa mga tagapakinig na balak mong turuan:

__________________________________________________________________________

__________________________________________________________________________

**Mga Layunin:** Sa pagtatapos ng araling ito, inaasahang ang estudyante ay magagawa ang mga ito:

__________________________________________________________________________

__________________________________________________________________________

__________________________________________________________________________

### Banghay ng Aralin

**Pambungad:** Paano ko uumpisahan ang leksyon?

__________________________________________________________________________

**Katawan:** (Ibanghay ang mahahalagang mga puntos).

__________________________________________________________________________

__________________________________________________________________________

__________________________________________________________________________

__________________________________________________________________________

__________________________________________________________________________

__________________________________________________________________________

**Pagsasagawa:** Paano ko ibabagay ang araling ito sa buhay ng aking mga estudyante?

_________________________________________________________________________

**Pangwakas:** Planuhin ang bawat isa sa mga sumusunod:

Buod ng aralin: Kung paano ko ibibigay ang buod ng aralin:

__________________________________________________________________________

Pagtataya: Kung paano ko malalaman kung naabot ng mga estudyante ang mga layunin:

__________________________________________________________________________

Ang tawag sa pagtugon: Kung anong pagtugon ang hihilingin ko sa mga estudyante:

____________________________________________________________________________

**Mga Pamamaraan ng Pagtuturo:** Mga pamamaraan ng pagtuturo na gagamitin ko sa pagtuturo ng aralin:

(Narito ang listahan ng mga pamamaraan ng napag-aralan mo na pagpipilian.)

____Mula sa nalalaman tungo sa hindi nalalaman
____Pangkalahatan tungo sa tiyak
____Mga bagay na nakikita
____Mga tanong at mga sagot
____Mga Talinhaga
____Kasaysayan ng mga kaso
____Paggamit ng Kasulatan
____Mga Kabaligtaran
____Mga Problema
____Mga Okasyon

Iba pang pamamaraan: ____________________________________________________

**Mga Tulong sa Pagtuturo:** Mga tulong sa pagtuturo na gagamitin ko sa araling ito:

_______________________________________________________________________

_______________________________________________________________________

**Mga Materiales na Kailangan:** Mga gamit na kailangang dalhin ko sa klase:

____Biblia ____Gamit sa pagtuturo ____"Visual aids"

Iba pa: __________________________________________________________

# IKA-LABINGISANG KABANATA

## PAGTATAYA (EVALUATION)

**MGA LAYUNIN:**

Sa pagtatapos mo ng kabanatang ito, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

- Ibigay ang kahulugan ng "pagtataya."
- Ipaliwanag kung bakit mahalaga na suriin ang pagtuturo.
- Maglista ng apat na paraan ng pagtataya ng pagtuturo ng Biblia.
- Tukuyin ang mga dahilan ng problema sa situwasyon ng guro/estudyante.
- Tingnan ang mga problema bilang mga hamon sa halip na mga hadlang.

**SUSING TALATA:**

> **Upang inyong kilalanin ang mga bagay na magagaling; upang kayo'y maging mga tapat at walang kapintasan hanggang sa kaarawan ni Cristo. (Filipos 1:10)**

### PAMBUNGAD

Natuto ka nang magsaad ng mga layunin, magplano, at magturo ng aralin mula sa Biblia na gumagamit ng iba't ibang mga pamamaraan. Subalit paano mo malalaman kung epektibo ang iyong pagtuturo? Paano mo malalaman kung ang mga layuning espirituwal ay naaabot at ang mga buhay ng iyong tinuturuan ay natutulungan at nababago? Ang kasagutan sa mga tanong na ito ay nasa pagtataya.

### PAGTATAYA

Ang pagtataya ay isang proseso ng pagsusuri ng isang bagay. Kung tinataya mo ang iyong pagtuturo sinusuri mong mabuti ang resulta kung ang iyong ministeryo ay epektibo. Mahalaga na ikaw ay magsuri upang lalong lumago ang kakayahan mong ibinigay sa iyo ng Dios. Sabi ni Pablo, dapat nating palaguin ang ating pagkaunawa…

> **Upang inyong kilalanin ang mga bagay na magagaling; upang kayo'y maging mga tapat at walang kapintasan hanggang sa kaarawan ni Cristo. (Filipos 1:10)**

### ANG BATAYAN NG PAGTATAYA

Ang pagtataya sa pagtuturo ng Biblia ay nakabatay sa mga sumusunod:

**MGA LAYUNIN:**

Maaari mong itaya ang pagtuturo ayon sa mga layunin. Naabot ba ng mga estudyante ang mga layuning itinakda? Dapat ang mga layunin mo ay nasusukat upang malaman mo kung naabot ito.

Nagtakda ng mga layunin si Jesus para sa Kaniyang mga alagad at sinukat Niya ang mga resulta ng kanilang pagkatuto:

> **At pinalapit Niya sa Kaniya ang labingdalawa, at nagpasimulang sinugo sila na daladalawa…**
>
> **At ang mga apostol ay nangagpisan kay Jesus; at isinaysay nila sa Kaniya ang lahat ng mga bagay na kanilang ginawa, at ang lahat ng kanilang itinuro. (Marcos 6:7,30) (Tingnan din ang Lucas 9).**

**PAGSUSULIT:**

Nasusukat ng pagsusulit kung ang estudyante ay natuto. Tinuturuan at sinusubok tayo ng Dios sa pamamagitan ng mga karanasan sa buhay. Tinaya ni Jesus ang mga alagad sa pamamagitan ng pagsusulit:

> **Itinanaw nga ni Jesus ang Kaniyang mga mata, at pagkakita na ang lubhang maraming tao'y lumalapit sa Kaniya, ay sinabi kay Felipe, Saan tayo magsisibili ng tinapay, upang mangakakain ang mga ito?**
>
> **At ito'y sinabi Niya upang sila'y subukin; sapagkat nalalaman Niya sa Kaniyang sarili kung ano ang Kaniyang gagawin. (Juan 6: 5-6)**

Maaaring mga pormal na pagsusulit ang gamitin tulad ng "Pansariling Pagsusulit" sa manwal na ito. Maaari ring pasalita, kung saan ang mga estudyante ay sasagot ng mga tanong. Ang impormal na pagsusulit ay nagaganap kung nakakaranas sila ng mga problema sa buhay at sa ministeryo. Kung paano sila tutugon sa mga sitwasyong ito ay higit na mahalaga kaysa pagtugon sa pormal na pagsusulit.

**PAGTUGON:**

Ang pagtuturo ay tinataya rin sa pagtugon ng estudyante:

-Nakikinig ba ang mga estudyante sa leksyon?

-Tumugon ba sila sa panawagan ng guro? Halimbawa, kung ang panawagan ay para sa kaligtasan, tumugon ba ang mga hindi mananampalataya? Kung ang panawagan ay para sa kagalingan o bautismo sa Espiritu Santo, may tumugon ba sa kanila? Nakikita ba ang paglagong espirituwal bilang tugon sa pagtuturo? Tandaan: Ang paglagong espirituwal ay

hindi nasusukat sa kung ano ang narinig ng estudyante, kundi kung ano ang ginagawa niya sa kanyang narinig.

## PAGTUTURO NG GURO:

Ang pagtuturo ng guro ay bahagi rin ng proseso ng pagtataya. Gamitin mo ang listahan ng mga tanong sa "Para Sa Dagdag Na Pag-aaral" na bahagi ng araling ito upang tayahin ang iyong pagtuturo.

## PAGSUSURI NG MGA PROBLEMA

Huwag kang masiraan ng loob kung sa iyong pagtataya ay makakita ka ng mga problema sa iyong pagtuturo. Ang pagtukoy sa mga problema ay pagkakataon upang ang mga ito ay maiwasto. Kahit si Jesus ay nakaranas ng mga problema sa relasyon Niya sa Kaniyang mga estudyante. Tingnan mo ang mga sumusunod:

-Basahin ang Lucas 9:54-56. Nang makita ni Santiago at ni Juan na tinanggihan si Jesus, nais nilang magpaulan ng apoy mula sa Langit upang pugnawin ang mga tao. Hindi nila naunawaan ang mensahe ni Jesus nang sabihin Niya…

> **Sapagkat naparito ang Anak ng tao hindi upang ipahamak ang mga tao kundi upang iligtas sila…( Lucas 9: 56) MBB**

-Nang magpasimula si Jesus na magturo na Siya ay dapat mamatay para sa mga kasalanan ng sangkatauhan, sinaway Siya ni Pedro. Kinailangan siyang iwasto ni Jesus (Marcos 8:31-33).

-Kahit na may kapangyarihan si Jesus na magpalayas ng mga demonio, ang mga alagad ay hindi nagtagumpay sa paglilingkod sa isang batang inaalihan ng demonio (Marcos 9:13-28).

-Basahin mo ang Marcos 10: 35-45. Tinanong ni Santiago at ni Juan kung maaari silang maupo sa tabi Niya sa darating Niyang Kaharian. Ang ibang mga alagad ay nagalit kay Santiago at kay Juan nang marinig nila ito. Lahat sila ay hindi nasakyan ang mensaheng itinuro ni Jesus:

> **Datapuwat sa inyo ay hindi gayon: kundi ang sinomang ibig na dumakila sa inyo, ay magiging lingkod ninyo;**
>
> **At ang sinoman sa inyo ang mag-ibig manguna, ay magiging alipin ng lahat,**
>
> **Sapagkat ang anak ng Tao rin naman ay hindi naparito upang paglingkuran, kundi upang maglingkod, at ibigay ang Kaniyang buhay na pangtubos sa marami. (Marcos 10: 43-45)**

-Ang mga alagad ay nagsitulog sa pinakamaselang oras ng pangangailangan ni Jesus at nang sila ay hinilingang manalangin (Marcos 14: 32-42).

-Isa sa mga alagad ay ipinagkanulo si Jesus, ang isa ay itinatuwa Siya, at ang natira ay nagsitakbo nang Siya ay ma-aresto (Marcos 14: 43-72).

-Ang mayamang batang pinuno ay tumanggi sa tawag ni Jesus sa pagka-alagad (Marcos 10: 17-22).

Dahil sa si Jesus ay walang kasalanan, ang mga problema sa relasyon nila ng Kaniyang mga estudyante ay hindi Siya ang dahilan. Ang problema ay ang mga estudyante. Ang Dios ay hindi nagkukulang. Ang Kaniyang Salita ay hindi nagkakabula. Si Jesus ay hindi nabibigo. Kung may mga problema tungkol sa relasyon ng guro/estudyante, may dalawang larangan lamang na maaaring suriin. Ang problema ay alin sa dalawa, ang guro o ang estudyante.

Narito ang mga karaniwang dahilan ng mga problema sa relasyon ng guro at estudyante:

**ANG GURO:**

Hindi Nakasaad ang mga Layunin: Ito ang dahilan kung bakit walang naabot.

Hindi Tamang Pagsusuri ng Tagapakinig: Ang guro ay hindi maayos ang relasyon sa mga estudyante sa larangan ng kultura, edukasyon, o espirituwal.

Kulang sa Tamang Preparasyon: Hindi sapat ang oras na ibinigay sa pagpapaliwanag ng aralin.

Kulang sa Pananalangin: Kulang sa oras ng panalangin para sa mga estudyante at sa leksyon.

Maling Pamamaraan: Ang pamamaraan ay hindi angkop sa araling itinuro, sa edad o kultura. Ang pamamaraan ay hindi nakaganyak sa mga estudyante na makinig.

Disiplina: Walang disiplina ang klase at ang mga estudyante ay hindi makapakinig nang husto sa aralin.

Hindi Tamang Pagtuturo: Masyadong mabilis ang pagsasalita ng guro, o masyadong mabagal, hindi sapat ang lakas ng tinig upang marinig o may mga hadlang sa komunikasyon.

**ANG ESTUDYANTE:**

Kawalan ng Pananampalataya: Hindi si Jesus makapaglingkod sa Kaniyang sariling bayan dahil sa kawalan ng pananamapalataya ng mga nakikinig (Mateo 13:58).

Ang Binhi ng Salita ng Dios ay Hindi Nahulog Sa Mabuting Lupa: Basahin mo ang talinhaga ng manghahasik sa Mateo 13:1-9, 18-23. Inagaw ni Satanas ang Salita, nalanta ito nang dumating ang mga pagsubok, o ito'y namatay dahil sa mga alalahanin ng sanglibutan.

Hindi Pakikinig: Ang estudyante ay hindi nakinig dahil sa mga istorbo o problema sa disiplina. Pinahintulutan nila si Satanas na agawin ang Salita mula sa mabuting lupa ng kanilang mga puso (Mateo 13: 19).

Ayaw Tumugon: Ang estudyante ay hindi naging tagagawa ng Salita. Narinig niya ang Salita at hindi naman siya tumanggi sa Salita subalit tinanggihan niyang isagawa ito sa kaniyang buhay (Repasuhin ang Santiago 1: 22-25). Ito ang naging problema ng mayamang batang pinuno na tumanggi sa tawag ng Panginoon na sumunod sa Kaniya (Marcos 10: 17-22).

Pagtanggi sa Mensahe: Tinanggihan ng estudyante ang mensahe. Ito ang problema nang ang ilan sa mga alagad ni Jesus ay tumalikod sa pagsunod sa Kaniya (Juan 6:53-66).

## PAGGAMIT NG MGA PROBLEMA

Huwag kang masiraan ng loob sa mga problema sa pagtuturo. Gamitin mo ang mga ito bilang mga pagkakataon sa pag-unlad ng iyong mga taktika sa pagtuturo. Ang mga problema ay maaaring iwasto sa pamamagitan ng panalangin at pagbabago. Ang guro ay maaaring magbago upang maiwasto ang problema. Ang mga estudyante ay maaari ring magbago upang iwasto ang problem.

Hindi sumuko si Jesus sa Kaniyang mga alagad. Hindi Siya nasiraan ng loob sa kanilang mga pagkakamali at pagkabigo. Nakita Niya kung ano ang maaari nilang maabot kung hahayaan nila ang Espiritu Santo ay kumilos sa kanilang mga buhay. Sa wakas, pinatunayan nilang sila ay karapatdapat sa pagtitiwalang ito. Sa aklat ng Mga Gawa nasumpungan natin itong mga nag-aalinlangang, matatakutin, at nagtatatuwang mga lalake na naging mga dakilang lider ng unang Iglesia.

Maaari mong makita ang mga problema bilang mga oportunidad o hadlang. Kung itinuturing mo ang mga problema na hadlang, ikaw ay masisiraan ng loob at titigil na. Kung ang pagtingin mo rito ay mga oportunidad, ikaw ay lalagong espirituwal at lalong uunlad sa pagtuturo ng Biblia.

# PANSARILING PAGSUSULIT

1. Isulat ang Susing Talata na kinabisa mo.

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

2. Ibigay ang kahulugan ng "pagtataya."

______________________________________________________________________

3. Bakit mahalaga na tayahin ang iyong pagtuturo?

______________________________________________________________________

4. Maglista ka ng apat na pamamaraan ng pagtaya ng pagtuturong Biblikal.

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

5. Ibigay ang buod ng karaniwang mga problema sa sitwasyon ng guro at estudyante.

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

6. Paano mo magagamit ang mga problema sa isang positibong paraan?

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nasa katapusan ng huling kabanata ng manwal na ito.)

# PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

## PAGTATAYA NG IYONG PAGTUTURO

Tayahin mo ang iyong sarili bilang isang guro. Basahin mo ang bawat tanong at bilugan ang bilang na iniisip mong tama sa iyo. Sumahin mo ang total ng mga bilang na binilugan. Maganda ang iskor na 85 at pataas; 40 at pababa ay mahina. Sa pagitan nito ay naglalaro sa (40-60) Katamtaman (61-84) ay mabuti. Ang kahulugan ng mga bilang ay: 1= hindi kailan man, 2=bihira, 3=kung minsan, 4= madalas, 5= palagi.

**PREPARASYON:**

| | |
|---|---|
| Inihahanda ko ang aralin higit pa sa isang linggo. | 5 4 3 2 1 |
| Ang Biblia ang sentro ng paghahanda ko ng aralin. | 5 4 3 2 1 |
| May sistema ako ng paghahanda ng leksyon. | 5 4 3 2 1 |
| Tinatandaan ko ang mga pangangailangan ng aking mga estudyante. | 5 4 3 2 1 |
| Isinusulat ko ang tiyak na layunin para sa bawat aralin. | 5 4 3 2 1 |
| Sumusulat ako ng plano sa pagtuturo. | 5 4 3 2 1 |
| Regular kong idinadalangin ang aking gawain. | 5 4 3 2 1 |
| Nagsusumikap akong mapaunlad ang aking pagtuturo sa pamamagitan ng pagbabasa, pagdalo sa mga miting at mga kurso sa pagsasanay. | 5 4 3 2 1 |

**PRESENTASYON:**

| | |
|---|---|
| Sa pasimula pa lang ay nakukuha ko na ang interes ng mga estudyante. | 5 4 3 2 1 |
| Pinababasa ko ang mga talata sa Biblia na may kahulugan. | 5 4 3 2 1 |
| Nagtatapos ako nang may panawagan sa pagtugon. | 5 4 3 2 1 |
| Gumagamit ako ng iba't ibang mga pamamaraan sa pagtuturo. | 5 4 3 2 1 |
| Nasusundan ko ang paksa hanggang sa katapusan, na hindi lumilihis. | 5 4 3 2 1 |
| Binibigyan ko ng tamang diin ang pinakamahalagang katotohanan. | 5 4 3 2 1 |
| Isinasagawa ko ang aking itinuturo sa buhay at ministeryo. | 5 4 3 2 1 |

**PAGTUGON:**

| | |
|---|---|
| Ang mga estudyante ay lalong nagka-interes na mag-aral ng Biblia. | 5 4 3 2 1 |
| Ang aking pagtuturo ay nakakatulong sa pagbabago ng buhay. | 5 4 3 2 1 |
| Ang aking pagtuturo ay umaabot sa mga nawawala para kay Cristo. | 5 4 3 2 1 |
| Ang mga estudyante ay nagiging tapat sa mga kaugnayan sa Iglesia sa pamamagitan ng aking pagtuturo. | 5 4 3 2 1 |
| Ang aking pagtuturo ay tumutulong sa pagpapalagong espirituwal. | 5 4 3 2 1 |

# IKA-LABINGDALAWANG KABANATA

## PAGPILI AT PAGBUBUO NG KURIKULUM

**MGA LAYUNIN:**

Sa pagtatapos ng kabanatang ito, inaasahang masasagot mo ang mga ito:

- Ibigay ang kahulugan ng "Biblikal na kurikulum."
- Ipaliwanag ang kahalagahan ng Biblikal na kurikulum.
- Pumili ng angkop na kurikulum.
- Bumuo ng iyong sariling Biblikal na kurikulum.

**SUSING MGA TALATA:**

> **Ang lahat ng mga kasulatan na kinasihan ng Dios ay mapapakinabangan din naman sa pagtuturo, sa pagsansala, sa pagsaway, sa ikatututo na nasa katuwiran:**
>
> **Upang ang tao ng Dios ay maging sakdal, tinuruang lubos sa lahat ng mga gawang mabuti. (II Timoteo 3:16-17)**

**PAMBUNGAD**

Ang Biblia ang basehan ng lahat ng pagtuturo sa iglesia. Subalit ang mga Kristiyanong manunulat ay nakabuo ng mahuhusay na materiales na makakatulong sa pag-aayos ng pagsasanay sa mga grupo ng mag-aaral. Ang aralin na ito ay tungkol sa pagpili ng Biblikal na kurikulum.

**BIBLIKAL NA KURIKULUM**

Ang salitang "kurikulum" ay nangangahulugan ng ayos na kurso ng pag-aaral. Maaari itong gamitin sa isang kurso o sa lahat ng mga kurso na ginagamit sa paaralan. Ang "Biblikal na kurikulum" ay isang inayos na kurso ng pag-aaral na Biblia ang paksang aralin.

**ANG KAHALAGAHAN NG BIBLIKAL NA KURIKULUM**

Ang Biblikal na kurikulum ay isang mahalagang kagamitan sa pagtuturong Kristiyano. Narito ang ilang dahilan:

-Ito ay nagbibigay ng mga materiales na nagdaan sa pagsasaliksik na maaaring hindi mo mahanap sa iba o magawa.

-Mayroon itong mga nakahandang leksiyon at mga aktibidades para sa mga estudyante.

-Mayroon itong banghay o outline sa pagtuturo ng aralin.

-Nagbibigay ito ng mga mungkahi kung paano ituturo ang aralin.

-Ang ibang kurikulum ay may handa nang mga layunin para sa bawat leksyon.

-Karamihan sa mga kurikulum ay inihanda para sa mga tiyak na lebel ng edad. Ito ay inihanda ng mga tao na sanay gumawa sa ganoong grupo ng edad.

-Ang organisadong kurikulum ay may malawak na sakop ng mga katotohanang Biblikal. Karamihan sa mga guro ay may mga paboritong bahagi ng Biblia na nasisiyahan silang ituro. Ang mga organisadong kurikulum ay sakop ang buong Biblia sa isang haba ng panahon.

-Nagbibigay ito ng paraan para maisaayos ang pagtuturo sa iba't ibang mga edad sa iglesia lokal.

## PAGPILI NG KURIKULUM

Ang pinakamahalagang dapat tandaan sa pagpili ng kurikulum ay ang kurikulum na sinulat ng tao ay hindi ang ating pinal na awtoridad. Ang Biblia lamang ang ating awtoridad para sa isang Krsitiyanong guro. Ang kurikulum ay dapat suriing mabuti upang malaman kung ito ay tama ang doktrina.

Narito ang paraan ng pagpili ng kurikulum:

1. Sa "Para Sa Dagdag Na Pag-aaral" na bahagi ng kabanatang ito, may listahan ng mga naglilimbag ng mga aklat sa America. Kung hindi sila naglilimbag ng mga materiales sa iyong wika, maituturo ka nila kung saan mayroon. Sumulat ka sa iba't ibang mga tagalimbag at humingi ka ng impormasyon tungkol sa kanilang mga programa. Humingi ka ng mga sampol na materiales. Kung ang iglesia mo ay bahagi ng isang organisadong denominasyon, maaari silang may sariling kurikulum. Sumulat sa headquarters ng iyong denominasyon at humingi ka ng mga sampol. Huwag mo kalimutang isali ang Harvestime International Institute para sa pagsasanay mo ng mga may gulang na.

2. Habang naghihintay ka na dumating ang mga materiales, sumulat ka ng mga pangkalahatang layunin para sa iyong programa ng pagtuturo. (Gamitin mo ang mga natutuhan mo sa Ika-Siyam na Kabanata ng kursong ito.) Anu-ano ang mga pangkalahatang mga layunin mo sa mga grupong inihahanap mo ng materiales? Kailangang alam mo ang mga layunin upang mataya mo ang kurikulum kung tinatagpo nito ang mga layunin.

3. Pagkatanggap mo ng mga sampol na materiales, gamitin mo ang listahan ng mga tanong dito upang itaya ang materyal. Kung iba ang magtuturo nitong kurikulum, bayaan mong magpatulong sila sa iyo na repasuhin ang materiales.

4. Pagkapili mo ng kurikulum na nais mong gamitin, mag-order ka na sa koreo. Gamitin mo ang "order form" mula sa tagalimbag na kasama ng sampol na pakete. Siguruhin mong kasama ang exaktong bayad para sa materiales. Itago mo ang <u>kopya</u> ng iyong order upang ma-tsek mo kung tama ang order mo.

5. Pagdating ng order, buksan agad ang pakete upang masiguro na tama ang ipinadala sa iyo. Ihambing mo ang listahan mo sa orihinal na ipinadala mo. Kung may pagkakamali, ipaalam agad sa tagalimbag.

6. Maaari mong sanayin ang iba sa paggamit ng kurikulum. Ang Ika-Labingapat na Kabanata sa kursong ito, *"Pagsasanay Ng Guro,"* ay tutulong sa iyo sa paggawa nito.

7. Itago mo ang materiales sa ligtas na lugar hanggang ikaw ay handa nang gamitin ito.

## PAGBUBUO NG BIBLIKAL NA KURIKULUM

Kung wala kang pondo sa pagbili ng kurikulum, ikaw mismo ang bumuo nito. Sa Ika-Sampung Kabanata ng kursong ito natuto kang gumawa ng aralin mula sa Biblia. Gamitin mo ang kakayahang ito sa pagsulat ng serye ng mga araling ganito. Isulat mo ang mga aralin na detalyado. Sa wakas, makabubuo ka rin ng iyong kurso sa pagsasanay. Kunin mo ang serye ng mga leksyon at gamitin mo ang tsart sa kabanatang ito sa pagtataya. Tutulungan ka ng tsart na ito kung paano mo lalong mapabubuti ang mga materiales na inihanda mo.

Mas mabagal bumuo ng Biblikal na kurikulum kaysa bumili nito, subalit may mga bentahe ito:

-Matutumbok mo ang pangangailangan ng tagapakinig at kultura ng iyong tuturuan.
-Matitiyak mo ang doktrinang nilalaman nito.
-Maihahanda mo ito upang tugunin ang mga espirituwal na mga layunin.

## LISTAHAN NG PAGTATAYA NG KURIKULUM

Gamitin ang checklist na ito sa pagtataya ng mga materiales ng kurikulum:

### MGA MATERIALES NG MGA GURO:

**Mga Layunin:**

-Anu-ano ang mga nakasaad na mga layunin?
-Katulad din ba ito ng mga layunin na inihanda mo sa pagtuturo/pagkatuto?
-Tiyak ba ang mga ito na maaari mong masukat kung ito'y naabot mo?

**Mga Nilalaman:**

-Ito ba ay tama ang doktrina?
-Angkop ba ito sa iyong kultura?
-Angkop ba ang Biblikal na nilalaman nito para sa edad na paggagamitan?
(Hindi masyadong simple para sa mas matandang estudyante o masyadong mahirap para sa mas batang mga estudyante).
-Makakatulong ba ito sa mga mag-aaral na maunawaan ang kanilang papel bilang bahagi ng komunidad na Kristiyano, sa pagsamba, sa estraktura, sa paniniwala, sa kasaysayan, at sa misyon?
-Ang nilalaman ba nito ay natutulungang suportahan ang programa ng iyong iglesia?

**Karanasan Sa Buhay:**

-Paano ipinakikita ng nilalaman ang kahulugan ng buhay Kristiyano? Ito ba ay sang-ayon sa iyong mga layunin?
-Paano nito ipinakikita ang relasyon ng pamumuhay Kristiyano sa pagkaalam ng Biblia?
-Binibigyan ba nito ng pagkakataon na isagawa at isalamin ang Kristiyanong pamumuhay?
-Paano iniuugnay ng leksyon sa Kristiyanismo ang pamilya, paaralan, komunidad, mundo, at kapaligiran?

**Anyo at Hanay ng Pagkasulat:**

-Maganda ba tingnan ang "format" ng aklat?
-Malinaw ba ang banghay ng bawat aralin upang madaling maunawaan ng guro ang mga hakbang sa pagtuturo?
-May mga tanging bagay ba na nakakatulong sa guro na maunawaan ang banghay?
-Anu-anong mga pamamaraan ng pagtuturo ang iminungkahi? Alin dito ang komportable na gamitin ng guro? Alin sa mga bagong paraan ang madaling matutuhan?
-Ang mga tagulibin ba sa mga aktibidades ay malinaw at madaling sundan?
-Anu-ano pa ang dagdag na mga gamit ang iminungkahi na gamitin bukod sa nasa aklat? Alin dito ang kailangan? Alin dito ang madaling mabili?
-Nakapaloob ba sa aklat ng guro ang mga materiales tungkol sa edad at lebel ng pagkatuto ng mga mag-aaral na makakatulong sa guro?
-Mayroon bang dagdag na impormasyon tungkol sa aralin na magpapayaman sa kaalaman ng guro?

## MGA MATERIALES NG MGA ESTUDYANTE:

### Babasahing Aklat:

-Makulay ba ang mga ilustrasyon [mula sa pananaw ng isang bata?]
-Madali bang basahin ng bata ang mga titik?
-Magiging interesado ba ang bata sa estilo at wikang ginamit nito?
-Ang kuwento ba ay abot sa pagkaunawa ng bata?

### Aklat na Sinasagutan (Workbook):

-Magiging interesado ba ang mga bata sa mga sasagutang mga gawain?
-Masyado ba itong mahirap? Masyadong madali?
-Nakapagpapayaman ba ito sa pagkaunawa ng aralin? Paano?
-Sulit ba ang tulong na maibibigay nito ayon sa halaga ng aklat?
O mas mabuting bumuo ng mga aktibidades na angkop sa klase?

### Pakete ng Mga Aktibidades:

-Aling mga aktibidades ang mas gamitin? Gaano kadalas?
-Kung susuriin, maayos ba ang bawat bilang: poster, larawan, atbp.?
-Ang mga minungkahing aktibidades ba ay gamitin ng mga bata, o maaaring gumawa ng mga aktibidades na katulad din nito na kaunti lang ang trabaho at gastos?

### Papel na Inuuwi:

-Ano ang layunin ng papel na ito na nakikita sa desenio at nilalaman?
-Makatutulong ba ito sa pagkaunawa ng leksyon pag ginamit sa bahay?
-Nakapagpapayaman ba ito sa materyal na ginagamit sa klase?
-Magkakaroon ba ng kaugnayan ang mga liban at ng buong klase?
-Gaano kahalaga ito bilang kontak sa mga pamilya ng mga bata na nasa klase? Sa mga liban sa klase?
-Sulit ba ang halaga? Bakit sulit o bakit hindi?

## ANG PANGKALAHATANG PLANO NG KURIKULUM:

-Anu-ano ang mga tinutudla sa loob ng anim, walo, o labingdalawang taong panahon?

-Ilista ang mahahalagang nilalaman ng bawat unit sa loob ng labingdalawang taon.

-Suriin ang "daloy" ng nilalaman:

> -Paano ginamit ang materiyal na Biblikal: sunu-sunod? Ayon sa paksa? Iba pa?
> -Anu-ano ang mga bentahe/kawalan ng bentahe ng deseniong ito?
> -Saang lugar nauulit ang materyal?
> -Pinatitibay ba nito ang pagkatuto? Nagpapalalim ng pagkaunawa?

Pumupuno ng puwang?
-Ang mga yunit ba ay nakaplano upang bigyan diin ang mga okasyon? Nakatutulong ba ang mga ito?

-Ang halaga ba ay kaya ng iyong kongregasyon? Ang programa ba ay angkop sa kakayahan ng mga guro na magtuturo?

-May puwang ba para sa nais idagdag o ibawas para sa mga tanging pag-aaral na hindi makasisira sa programa [tulad ng proyekto sa pagmimisyon, pagsamba, pagkakatiwala]?

# PANSARILING PAGSUSULIT

1. Isulat ang Susing Mga Talata na kinabisa.

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

2. Ibigay ang kahulugan ng "Biblikal na kurikulum."

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

3. Ano ang kahalagahan ng Biblikal na kurikulum?

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

4. Paano ka makabubuo ng iyong sariling kurikulum?

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nasa katapusan ng huling kabanata ng manwal na ito.)

# PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

1. Karamihan sa mga naglilimbag ng mga Biblikal na kurikulum ay sumusunod sa isang plano sa kanilang materyal. Pag-aralan ang mga sumusunod na impormasyon kung paano ginagawa ang pagpaplano ng modernang kurikulum:

## MGA PLANO NG MODERNANG KURIKULUM

Narito ang apat na mga paunang plano na sinusunod ng mga ebangelikong tagalimbag sa paglalagay ng antas sa kanilang mga leksyon. Upang itaya ang kurikulum, dapat mong pag-aralan ang bentahe at kawalan ng bentahe ng bawat isang plano batay sa iyong sariling mga pangangailangan at layunin:

### MAGKAKATULAD NA ANTAS:

Paano Inaayos Ang Kurikulum:

Magkakatulad ang bahagi ng Biblia na pinag-aaralan ng bawat edad.

Mga Bentahe:

1. Ang isang maliit na iglesia ay maaaring pag-isahin ang mga bata sa leksyon na kaugnay ng pagsamba.
2. Lahat ng mga miembro ng pamilya ay maaaring pagusapan ang parehong leksyon sa bahay.

Kawalan ng Bentahe:

1. Ang mga aralin ay nauulit sa loob ng 5-7 taong pag-ikot, nalilimitahan ang nasasakop na paksa sa Biblia.
2. Ang nilalaman ng paksa sa Biblia ay hindi laging angkop sa lahat ng edad.

### NAGKAKAISANG ANTAS:

Paano inaayos ang kurikulum:

Magkakaibang nilalaman, magkakaugnay sa isang paksa ang itinuturo sa bawat edad.

Mga Bentahe:

1. Ang magkakaibang edad ay maaaring magkita sa isang paksa sa pagsamba.
2. Sa tahanan ay posibleng pag-usapan ang paksa.

Kawalan ng Bentahe:

1. Sa limitadong bilang ng mga paksa ay mahirap masakop ang buong Biblia.
2. Ang mga leksyon sa bawat departamento ay ibinabatay sa paksa, sa halip na sa pangangailangan ng mga estudyante.

**PANG DEPARTAMENTONG ANTAS:**

Paano inaayos ang kurikulum:

Magkakaiba ang pinag-aaralan sa Biblia ng bawat edad.

Mga Bentahe:

1. Lahat ng aktibidades ay kaugnay ng leksyon sa Biblia sa bawat edad.
2. Ang mga aralin ay naiuugnay sa sosyal, sikolohikal, emosyonal, at pag-iisip na antas ng mga mag-aaral.

Kawalan ng Bentahe:

1. Limitado ang mga pagtalakay sa bahay, dahil sa iba't iba ang pinag-aaralan ng mga magulang at mga anak.

**SARADONG ANTAS:**

Paano inaayos ang kurikulum:

1. Iba't ibang leksyong sa Biblia ang ibinibigay sa mga mag-aaral sa bawat edad.

Mga Bentahe:

1. Maipaplano ang kurikulum upang maging angkop sa bawat antas ng paglago ng mag-aaral.

Kawalan ng Bentahe:

1. Limitado ang mga diskusyon sa bahay.
2. Mahirap iugnay ang mga aktibidades sa isang paksa, dahil sa ang bawat edad ay may ibang leksyon.

2. Gamitin ang sumusunod na listahan upang sumulat at humingi ng mga sampol ng Biblikal na kurikulum. Lahat ng mga address ay nasa U.S.A.:

American Bible Society
450 Park Ave,
New York, N.Y. 10022

Assemblies of God
434 W. Pacific
Springfield , Mo. 65801

Christian Booksellers Association
5611 W. Chicago Ave.
Chicago, Ill. 60651

Warner Press (Church of God)
1303 E. 5th St.
Anderson, Ind

Committee on Religious Educ. For the Mentally Retarded
210 N. Broadway
St. Louis, Mo. 63102

Concordia Publishing House
(Missouri Synod Lutheran)
3558 S. Jefferson Ave.
St. Loius, Mo. 63118

David C. Cook Publishing Co.
850 N. Grove
Elgin, Ill.

Evangelical Missions Information Service
1405 G St. N.W.
Washington, D.C. 20005

Evangelical Teacher Training Assn.
499 Gunderson
Wheaton, Ill. 60188

Gospel Light Publications
725 E. Colorado Blvd.
Glendale, CA 91205

Gospel Publishing House
1445 Boonville Ave.
Springfield, Mo. 65802

Greater Chicago Sunday School Assn.
5200 W. Washington Blvd.
Chicago, Ill. 60644

Moody Press
820 N. LaSalle St.
Chicago, Ill. 60610

National association of Directors of Christian Education
175 N. Franklin St.
Chicago, Ill. 60606

National Sunday School Assn.
175 N. Franklin St.
Chicago, Ill. 60606

Scripture Press
1825 College Ave.
Wheaton, Ill. 60188

Southern Baptist Convention
127 9th Ave., No.
Nashville, Tenn. 37203

Standard Publishing
8100 Hamilton Ave.
Cincinnati, Ohio 45231

Zondervan Publishing House
1415 Lake Dr., S.E.
Grand Rapids, Mich. 49506

# IKA-LABINGTATLONG KABANATA

## PAGTUTURO SA MGA HINDI NAKAKABASA AT HINDI NAKAKASULAT

**MGA LAYUNIN:**

Sa pagtatapos ng kabanatang ito, inaasahang masasagot mo ang mga sumusunod:

- Tukuyin ang mga estudyanteng hindi nakakabasa at hindi nakakasulat.
- Ibuod ang mga patnubay sa pagtuturo ng mga estudyanteng hindi nakakabasa at hindi nakakasulat.

**SUSING TALATA:**

> **Ang pagkatakot sa Panginoon ay pasimula ng karunungan: At ang pagkakilala sa Banal ay kaunawaan. (Kawikaan 9: 10)**

**PAMBUNGAD**

Ang ibang mga guro ay humaharap sa hamon ng pagtuturo ng mga estudyanteng hindi nakakabasa at hindi nakakasulat. Ang “illiterate” na estudyante ay isang hindi nakakabasa o nakakasulat ng kaniyang wika. Kung balak mong magturo ng mga estudyanteng hindi nakakabasa o nakakasulat, kailangan mong pag-aralan ang leksyon na ito. Kung hindi ka naman magtuturo ng mga ganitong estudyante, maaari ka nang lumipat sa Ika-Labingapat na Kabanata.

**SILA BA AY MAAARING TURUAN?**

Ang isang tao ay maaaring matuto kahit na hindi siya nakakabasa o nakakasulat. Halimbawa, ang pag-aaral ng wika ay mahirap matutuhan, subalit ang mga maliliit na bata ay natututong magsalita ng kanilang wika kahit hindi sila nakakabasa o nakakasulat. Posibleng turuan ang mga estudyante ng mga katotohanan ng Dios kahit hindi nila ito nababasa para sa kanilang sarili.

Isa sa mga utos ng Dios ay isalin ang Kaniyang Salita sa pamamagitan ng pananalita:

> **At ang mga salitang ito, na Aking iniuutos sa iyo sa araw na ito, ay sasa iyong puso;**
>
> **At iyong ituturo ng buong sikap sa iyong mga anak, at iyong sasalitain tungkol sa kanila pagka ikaw ay nakaupo sa iyong bahay, at pagka ikaw ay**

> **lumakad sa daan, at pagka ikaw ay nahihiga at pagka ikaw ay bumabangon. (Deuteronomio 6: 6-7)**

Nagturo si Jesus na hindi gumagamit ng nakasulat na materyal. Hindi namigay ng mga nakasulat na mga aralin o inutusang bumasa ang Kaniyang mga estudyante mula sa Biblia.

Masasabi nating nagturo si Jesus ng mga taong hindi nakakabasa o nakakasulat sapagkat kasali ang mga mahihirap sa Kaniyang mga tagapakinig na walang itutustos sa pag-aaral. Ang mga taong ito ay hindi bumasa o sumulat ng mga araling itinuro ni Jesus. Umasa sila sa komunikasyong pasalita upang matuto.

Kung ikaw ay magtuturo ng Evangelio sa lahat ng mga tao, planuhin mo ring magturo ng mga hindi nakakabasa o nakakasulat. Hindi mo maaaring maabot ang lahat sa pamamagitan ng nakasulat na Salita ng Dios at hindi mo maaaring sabihin na mag-aral muna silang bumasa bago sila maturuan ng Evangelio.

Ang pag-aaral tungkol sa Dios ay hindi nakasalalay sa edukasyon kundi sa damdamin ng puso:

> **Ang pagkatakot sa Panginoon ay pasimula ng karunungan: at ang pagkakilala sa Banal ay kaunawaan. (Kawikaan 9:10)**

## PAGTUTURO NG MGA ESTUDYANTENG HINDI NAKAKABASA AT NAKAKASULAT

Narito ang mga tagubilin sa pagtuturo ng mga estudyanteng hindi nakakabasa at nakakasulat:

### PASIMULAN MO SA KANILANG MGA LIDER:

Ang mga taong "illiterate" ay nakikinig at sumusunod sa kanilang mga lider. Kung magagawa mo na ang mga lider ay tumugon sa mensahe, mas madaling dalhin ito sa mga tao. Kapag ang mga lider ay tumanggap ng mensahe, madali nilang maipapasa ito sa iba sapagkat sanay sila na nagpapahayag nang walang nakasulat na babasahin.

### IANGKOP MO ANG MENSAHE SA KULTURA:

Natutuhan mo na ang mnesahe ay dapat may kaugnayan sa nakikinig upang makuha mo ang kanilang atensiyon, gumawa ng aplikasyon, at makuha ang tamang pagtugon. Pag-aralan mo ang kultura ng taong "illiterate." Anu-ano ang iniintindi nila sa pang araw-araw na buhay? Anu-ano ang mga problema at mga hamon na kanilang kinakaharap sa kanilang kultura? Dapat ay may relasyon ang iyong mensahe sa mga ito upang makuha mo ang kanilang atensiyon, gumawa ng tamang aplikasyon, at matamo ang pagtugon mula sa kanila.

## IBAGAY MO ANG MGA PAMAMARAAN NG PAGTUTURO SA KULTURA:

Karamihan sa mga kultura ay may paraan ng pagpasa ng impormasyon mula sa isa tungo sa isang tao. Ang ibang kultura ay ginagawa ito sa pamamagitan ng pagkukuwento. Ang iba naman, sa pamamagitan ng mga awit at tugtugin ay nasasabi ang mensahe. Pag-aralan mo ang kultura at tingnan mo kung ano ang pinakamabuting paraan ng pagpasa ng mensahe. Tukuyin mo ang paraan na karaniwang ginagamit nila at gamitin mo ito sa pagtuturo ng mga katotohanan sa Biblia.

## GAMITIN MO ANG KAPALIGIRAN:

Gamitin mo ang kapaligiran ng taong "illiterate." Pumili ka ng mga simpleng bagay mula sa kanilang kultura at gamitin mo itong mga tulong sa pagtuturo. Tandaan mo kung paanong si Jesus ay gumamit ng mga bato, mga bulaklak, mga binhi, mga ibon, isda, mga kandila, at mga gusali? Baka kailangan mong lumikha ng mga talinhaga upang ipakita ang mga katotohanan. Gumamit si Jesus ng mga talinhaga tungkol sa pangingisda, pagtatanim at pag-aani, atbp., sapagkat ito ang nauunawaan ng mga nakikinig sa Kaniya. Maaaring hindi maunawaan ng iyong mga tagapakinig ang ganitong mga ilustrasyon. Pag-aralan mo ang kapaligiran ng mga taong "illiterate" na tinuturuan mo. Gamitin mo ang kapaligiran upang lumikha ng mga modernang talinhaga bilang ilustrasyon ng mga katotohanan sa Biblia.

## ULITIN MO ANG SIMPLENG MGA PRINSIPYO:

Gawin mong simple ang mga leksyon. Ituro mo ang mga simpleng pangunahing mga prinsipyo. Ulitin mo nang ilang beses ang mga puntos upang masiguro na naunawaan ito ng mga estudyante. Bayaang bigkasin nila nang pasalita ang mga katotohanang ito.

## MAGBUOD:

Sa pagtatapos ng aralin, ibuod mo ang leksyon upang matandaan ang mga pangunahing katotohanan na itinuro mo. Halimbawa, sa pagtuturo ng pagiging "born again" mula sa Juan 3 maaari mong sabihin sa pagtatapos: "Dapat kang ipanganak na muli. Ito ay kapanganakang espirituwal, hindi pisikal. Kayo ay maaaring ipanganak na muli sa pamamagitan ng pagsisisi ng kasalanan at pagtanggap kay Jesus bilang iyong Tagapagligtas."

## MAGTANONG:

Pagkatapos mong magturo ng aralin, magtanong ka upang masiguro mo na ang mga pangunahing prinsipyo ng aralin ay naunawaan nila.

## TUMAWAG NG PAGTUGON:

Ang isang paraan ng pagtitiyak na naunawaan ng mga estudyante ang aralin ay tumawag ka ng pagtugon. Halimbawa, sa pagtatapos ng aralin sa Juan 3, itanong mo "Ilan sa inyo ang nais makaranas ng kapanganakang muli?"

## ANG BIBLIA: ANG AKLAT NG DIOS

Ang Biblia ay isang nakasulat na mensahe na ipinasulat ng Dios sa tao. Naririto ang Kaniyang mga Salita. Nais Niya na lahat ng mga tao ay makabasa nito. Dahil dito, maraming mga Kristiyanong lider ang nagtuturo ng pagbasa. Ang programang ito ay nagtuturo sa mga "illiterate" na bumasa at sumulat upang sila mismo ay makabasa ng Salita ng Dios. Kung interesado kang gawin ito, tingnan ang "Para Sa Dagdag Na Pag-aaral" sa bahagi ng kabanatang ito. Subalit tandaan mo, hindi kinakailangan na ang isang tao ay nakakabasa at nakakasulat upang tumugon sa Evangelio.

# PANSARILING PAGSUSULIT

1. Isulat ang Susing Talata na kinabisa mo.

___

___

___

___

2. Ibigay ang kahulugan ng “illiterate.”

___

___

3. Ibigay ang buod ng mga tagubilin sa pagtuturo ng mga taong hindi nakakabasa at nakakasulat.

___

___

___

___

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nasa katapusan ng huling kabanata sa manwal na ito.)

# PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

1. Humanap ka ng taong hindi nakakabasa at hindi nakakasulat at ibahagi mo ang Evangelio na ginagamit ang mga tagubilin na ibinigay sa kabanatang ito.

2. Kung interesado ka na magpasimula ng isang programa na nagtuturo sa mga tao na bumasa at sumulat sa sarili nilang wika, sumulat ka sa address na ito para humingi ng impormasyon:

Laubauch Literacy
Box 13
Syracuse, N.Y. 13210
U.S.A.

# IKA-LABING APAT NA KABANATA

## PAGSASANAY NG GURO

**MGA LAYUNIN:**

Sa pagtatapos ng kabanatang ito, inaasahang masasagot mo ang mga sumusunod:

- Tukuyin mo ang dalawang pangunahing pangangailangan ng pagsasanay ng guro.
- Ibuod mo ang mga hakbang sa paghahanda ng programa sa pagsasanay ng guro.
- Ipaliwanag kung paano manghimok ng mga estudyante na magsasanay sa pagtuturo.
- Ibuod ang mga tagubilin sa pagdaraos ng mga klase sa pagsasanay ng mga guro.
- Ibuod ang mga tagubilin sa paglalagay ng mga sinanay nang mga guro sa iglesia.
- Maglista ng mga paraan kung paanong ang isang guro ay tatayahin.

**SUSING TALATA:**

> **Sapagkat ang mga salitang sa Akin ay ibinigay Mo ay ibinigay Ko sa kanila; at kanilang tinanggap, at nangakilala nilang tunay na nagbuhat Ako sa Iyo, at nagsipaniwalang Ikaw ang nagsugo sa Akin. (Juan 17: 8)**

**PAMBUNGAD**

Sinanay ni Jesus ang mga alagad at sa pagtatapos ng pagsasanay ay sinabi Niya…

> **Sapagkat ang mga salitang sa Akin ay ibinigay Mo ay ibinigay Ko sa kanila… (Juan 17: 8)**

Ang Biblikal na plano ng pagpaparaming espirituwal ay magturo ng mga taong tapat na magtuturo naman ng iba (II Timoteo 2:2). Kung susundin mo ang planong ito, lagi ka dapat nagsasanay ng mga guro. Ang araling ito ay tungkol sa pagsasanay ng mga guro. Sa kabanatang ito, dalawang pangunahing pangangailangan para sa pagsasanay ng guro ang tinalakay at mga praktikal na hakbang ang ibinigay sa pagpaplano ng isang programa ng pagsasanay. Mga tagubilin din ay ibinigay kung paano mo hihimukin ang mga estudyante para magsanay, paano idaraos ang mga klase, at kung paano ilalagay sa iglesia ang mga gurong sinanay na.

**DALAWANG PANGUNAHING PANGANGAILANGAN SA PAGSASANAY**

May dalawang pangunahing pangangailangan sa pagsasanay ng guro sa iglesia: bago maglingkod at habang naglilingkod.

**PAGSASANAY BAGO MAGLINGKOD:**

Ang pagsasanay na ito ay ibinibigay bago ang isang mananampalataya ay magpasimulang maglingkod sa iglesia bilang isang guro. Ito ay programa ng pag-aaral na tutulong sa kaniya kung paano siya magtuturo.

**PAGSASANAY HABANG NAGLILINGKOD:**

Ang pagsasanay na ito ay ibinibigay sa mga gurong naglilingkod na sa iglesia. Ang pagsasanay ay nakakatulong sa kanila na lalong palaguin ang kanilang kaloob sa pagtuturo. Ibinigay ni Jesus ang dalawang uri ng pagsasanay na ito sa Kaniyang mga alagad.

## PAGPAPLANO NG PROGRAMA PARA SA PAGSASANAY NG GURO

Narito ang mga hakbang sa pagpaplano ng isang programa para sa pagsasanay ng mga guro sa iyong iglesia:

1. Kunin ang kooperasyon ng pastor o lider sa iglesia.

2. Hilingin ang tulong ng mga epektibong guro na tumulong sa pagsasanay ng mga guro.

3. Makipagpulong sa mga lider na ito upang ayusin ang:

-Mga layunin sa pagsasanay: Tukuyin ang mga pangangailangan ng mga guro sa ngayon at ng mga darating pang guro. Isaad ang mga layunin na gusto mong maabot sa programa ng pagsasanay.

-Mga petsa, oras, at lugar kung saan idaraos ang pagsasanay.

-Mga lider na magtuturo sa pagsasanay: Sino ang magtuturo ng ano at kailan?

-Mga kinakailangan sa pagsali sa programa: Sino ang papayagan mong magsanay? Dapat sila ay “born again” na, subalit maaaring mayroon pang ibang kinakailangan bago sumali sa pagsasanay. (Tingnan ang mga mungkahi sa “Para Sa Dagdag Na Pag-aaral” na bahagi ng kabanatang ito).

-Mga pamantayan sa pagtatapos ng programa: Ano ang kinakailangan upang ma-kumpleto ang pagsasanay? (Para sa mga mungkahi, tingnan ang “Para Sa Dagdag Na Pag-aaral” na bahagi ng kabanatang ito).

-Uri ng iskedyul sa pagsasanay: (Tingnan ang “Para Sa Dagdag Na Pag-aaral” para sa iba’t ibang uri ng oras ng pagsasanay).

-Budget para sa pagsasanay ng guro: Magkano ang magagasta rito? Saan manggagaling ang pondo?

-Mga materiales na gagamitin sa pagsasanay: Ang kursong ito ay maaaring gamitin sa pagsasanay ng mga guro. Maaari mong dagdagan ng mga gamit mula sa iyong denominasyon o ng kurikulum na balak mong gamitin.

4. Maghanda ng isang taong kalendaryo at ilista lahat ng mga sesyon ng pagsasanay doon. Ilagay mo ang mga petsa, mga oras, at mga lugar.

5.Maghanda ng isang "ministry description" para sa mga guro. Ito ang magtutukoy ng mga <u>responsabilidad</u> ng isang guro para doon sa mga nagbabalak kumuha ng pagsasanay. (Tingnan ang "Para Sa Dagdag Na Pag-aaral" para sa sampol ng "ministry description").

6. Maghanda ng "Teacher's Pledge" para pirmahan ng mga bagong guro. Ito ay dokumento na nagpapakita ng <u>pangako</u> ng guro. (Tingnan ang "Para Sa Dagdag Na Pag-aaral" para sa isang sampol ng panunumpa).

## MAGHANAP NG MGA GURONG MAGSASANAY

Narito ang mga hakbang sa paghahanap ng mga taong dadalo sa pagsasanay ng mga guro:

1. Anyayahan ang mga nagtuturo nang guro para sa pagsasanay.

2. Ipahayag ito sa mga gawain sa iglesia. Magtanong sa mga nagbabalak magturo at hilingin na sila ay makipag-usap sa iyo.

3. Kausapin yaong mga nakikilala mo na sa palagay mo ay may kaloob ng pagtuturo.

4. Repasuhin ang mga aplikante na hindi pa nagtuturo upang masiguro na tumatagpo sila sa mga kahilingan na itinakda para sa mga magsasanay ng pagtuturo.

5. Pagsabihan ang lahat ng nakapasa sa "requirements" at tiyakin ang petsa, oras, at lugar na pagdarausan ng unang sesyon.

## PAGSASAGAWA NG PAGSASANAY

Narito ang ilang mga tagubilin para sa pagsasagawa ng pagsasanay ng mga guro:

1. Laging mag-umpisa sa oras.

2. Pasimulan ito sa panalangin at hilingin ang Espiritu Santo na pahiran ang mga guro at buksan ang mga puso at isipan ng mga estudyante.

3. Kunin ang attendance. Dapat ay may kinakailangang bilang ng pagdalo upang makumpleto ang kurso.

4. Siguruhin na ang bawat estudyante ay may kopya ng mga materiales tungkol sa leksyon na ituturo.

5. Ihanda ang lahat ng kinakailangan sa pagtuturo ng aralin. Halimbawa, ang mga "visual aids", manual sa pagtuturo, at iba pang gagamitin. Gamitin ang mga pamamaraan ng pagtuturo na natutuhan mo sa kursong ito.

6. Mag-ukol ka ng panahon sa mga tanong at sagot tungkol sa tinalakay sa sesyon.

7. Bigyan ang mga estudyante ng takdang aralin na gagawin bago dumating ang susunod na klase. Maaari itong pagbasa, pagsulat, o mga asignatura sa pagtuturo.

8. Malibang kumilos ang Espiritu Santo sa isang hindi pangkaraniwang paraan, tapusin ang klase sa takdang oras. Pauwiin ang mga estudyante sa oras.

## PAGLALAGAY SA PUWESTO NG MGA GURO

Hindi epektibo ang pagsasanay ng mga guro malibang ang mga sinanay ay nagagamit sa pagtuturo. Narito ang ilang mga tagubilin sa paglalagay ng mga guro sa programang pang-edukasyon ng iglesia:

### ISANGGUNI SA PASTOR:

Saan kailangan ang mga guro? Saan niya iniisip magiging epektibo ang isang indibiduwal? Ang pastor ang lider na itinakda ng Dios sa iglesia. Siya ang nangangasiwa ng programa ng pagtuturo sa iglesia. Siya rin ang responsable sa paggabay ng mga may kaloob sa paglilingkod sa iglesia.

### ILAGAY AYON SA TAWAG AT KAKAYAHAN:

Isaalang-alang ang abilidad ng taong inilalagay sa puwesto. Magiging epektibo ba siya sa grupo na tuturuan niya? Tinawag ba siya ng Dios dito sa grupong ito? Halimbawa, si Apostol Pablo ay epektibo sa mga Gentil sapagkat tinawag siya ng Dios, dagdag na ang kaniyang "background" at mga kakayahan.

### ILAGAY AYON SA INTERES NG EDAD NA TUTURUAN:

Ang ibang mga tao ay hindi interesado sa pagtuturo ng mga bata. Ang ilan naman ay asiwa sa mga may edad na. Lahat ng mga edad ay kailangang turuan, subalit ang isang guro ay dapat may interes at tawag upang gumawa sa isang grupo ng edad.

## BIGYAN NG PAGKAKATAONG MAGSANAY NG PAGTUTURO:

Bayaan ang bagong guro ay magturo kung hindi makakarating ang dating guro. At bigyan din ng pagkakataong magturo siya na minamasdan ng guro na may karanasan na. Pagkatapos ng aralin, ang gurong nagmasid ay makapagbabahagi ng ilang mga mungkahi sa ikauunlad ng kanyang pagtuturo. Ito ay ginagawa nang sila lamang dalawa ang nakakarinig.

## PAGTAYA NG GURO

Ang gurong naglilingkod sa iglesia ay dapat laging tinataya ang kaniyang ministeryo. Ginawa ni Jesus ito sa Kaniyang mga alagad matapos silang suguin upang magministeryo. Nag-report sila ng lahat ng kanilang sinabi at ginawa (Marcos 6:7 at 30). Ang pagtataya ay tumutulong sa pagtukoy at pagwawasto ng problema sa pagtuturo. Binibigyan din ang mga espirituwal na lider sa iglesia ng pagkakataong tumulong sa guro sa ikauunlad ng kanilang kaloob ng pagtuturo.

Narito ang ilang paraan upang tayahin ang guro:

1. Maaaring gamitin ang mga kaalaman sa pagtataya ng guro na natutuhan sa Ika-Labingisang Kabanata ng kursong ito. Hayaan ang bawat guro na gumawa din ng sariling pagtataya, pagkatapos ay magkasama kayong repasuhin ang mga resulta.

2. Itaya ang pagtuturo ayon sa ministeryo: Natutupad ba ang hinihiling ng ministeryo dahil sa kanilang pagtuturo?

3. Tinutupad ba nila ang kanilang sinumpaang pangako bilang guro na kanilang pinirmahan?

4. Panoorin mong aktuwal ang guro sa kaniyang pagtuturo. Epektibo ba niyang naihahatid ang Salita ng Dios sa kaniyang mga estudyante? Paano niya lalong mapabubuti ang paglalahad ng aralin? Magbahagi ng ilang positibong mga mungkahi sa ikauunlad ng kaniyang pagtuturo.

5. Tayahin ang bunga. Sinasabi sa Biblia na ang “bunga” [resulta ng ministeryo] ay nakikita (Lucas 6: 43-44).

Tandaan: Ang pagtataya at pagwawasto ay dapat laging gawin na may pagmamahal at sa isang positibong paraan.

# PANSARILING PAGSUSULIT

1. Isulat ang Susing Talata na kinabisa mo.

_______________________________________________

_______________________________________________

2. Anu-ano ang dalawang pangunahing pangangailangan sa pagsasanay ng guro?

_______________________________________________

3. Ibuod ang mga hakbang sa pagpaplano ng programa sa pagsasanay ng guro.

_______________________________________________

4. Paano ka maghahanap ng mga estudyante sa pasasanay ng guro?

_______________________________________________

5. Ibuod ang mga tagubilin sa pagdaraos ng pagsasanay ng mga guro.

_______________________________________________

_______________________________________________

6. Ibuod ang mga tagubilin sa paglalagay sa puwesto ng mga sinanay na mga guro sa iglesia.

_______________________________________________

_______________________________________________

7. Maglista ng limang paraan ng pagtataya sa isang guro.

____________________ ____________________

____________________ ____________________

____________________

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nasa katapusan ng huling kabanata sa manwal na ito.)

# PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

Ang sumusunod na patnubay ay nagbubuod ng napag-aralan mo na sa kabanatang ito. Magagamit mo ito sa pagpaplano ng programa sa pagsasanay ng guro:

1. Maglista ka ng mga layunin para sa pagsasanay na ito:
   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

2. Ilagay mo ang mga petsa, mga oras, at mga lugar sa isang kalendaryo sa buong isang taon. (Gumamit ka ng kalendaryo sa paggawa nito).

3. Magtakda ka ng mga **kinakailangan (requirements)** para matanggap ang isang aplikante na dadalo. Siya ay dapat:

-Isang born again na mananampalataya.
-Nabinyagan na sa tubig.
-Nabautismuhan na sa Espiritu Santo.
-Regular na dumadalo sa mga gawain sa iglesia (o kaanib ng iglesia).
- Maganda ang reputasyon sa iglesia at komunidad.
-Tumatagpo sa mga katangian ng Biblia para sa mga lider.
-Nagpapakita ng bunga ng Banal na Espiritu at pag-uugali ni Cristo sa araw-araw niyang pamumuhay.

4. **Magtakda ng mga pamantayan para makumpleto ang programa.** Narito ang ilang mga mungkahi:

Ang mga aplikante ay dapat:

-Dumalo sa lahat ng sesyon ng pagsasanay malibang may sakit o may mahigpit na pangangailangan na aprobado ng lider.
-Kumpletuhin lahat ng asignatura.
-Magpraktis ng pagtuturo kahit minsan, na may nagmamasid na lider.

5. Itakda ang **uri ng pagsasanay ng guro.** Narito ang ilang mga mungkahi:

-Maikling pagsasanay bilang bahagi ng regular na pagpupulong ng mga guro: Kung regular na nagpupulong ang mga guro ng iglesia, gamitin ang bahagi ng miting para sa pagsasanay ng mga nagtuturo na.

-Sa oras ng Sunday School: Kung ang iyong iglesia ay may oras para sa Sunday School, magsanay ng mga bagong guro sa isang espesyal na klase sa oras na ito.

-Pansariling pag-aaral: Bigyan ang mga potential na mga guro ng kopya ng manwal na ito at bayaan silang sumagot sa leksyon sa indibiduwal na pag-aaral.

-Isang gabing pagsasanay: Magtagpo isang gabi sa isang linggo upang magsanay.

-Serye: Magtagpo sa isang serye ng mga miting upang magsanay. Halimbawa, Lunes hangang Biyernes ng isang linggong itinakda.

-Retreat: Dalhin ang mga guro sa isang camp o retreat at doon idaos ang pagsasanay.

-Isahan: Itakda mo ang isang gurong may karanasan upang sanayin ang isang baguhan, na isahan.

-Sama-samang pagsasanay: Maaaring magsama-sama ang iba't ibang iglesia ng isang denominasyon upang magsanay.

-"Audio-visual" na pagsasanay: Kung mayroon kayong audio o video tape na mga kagamitan, maaaring i-rekord ang pagsasanay at bayaan ang mga estudyante ay mag-aral sa kanilang sarili.

6. Piliin ang **mga lider na magtuturo**, anu-ano ang ituturo, at kailan sila magtuturo. Gumawa ka ng tsart na may ganitong "heading:"

| Pangalan | Mga Petsa | Mga Paksa |
|---|---|---|

7. Anu-anong mga materiales ang gagamitin mo sa pagsasanay?

Pangalan ng kurso ng pagsasanay: ____________________________________________

Pangalan ng Naglimbag/ Address: ____________________________________________

(Huwag kalimutan… Maaari mong gamitin ang manwal na ito ng Harvestime upang magsanay ng mga guro.)

8. Maghanda ng budget:

Magkano ang magagasta sa pag-aanunsiyo nitong programa? P ________

Magkano ang mga materiales sa pagsasanay? P ________

Iba pang gastusin: P ________

9. Maghanda ng pagtukoy ng mga responsabilidad sa ministeryo para sa mga papasok na mga guro. Narito ang halimbawa na maaaring sundan:

<u>SAMPOL NG TINUKOY NA MINISTERYO</u>

Guro Ng Mga May Edad

<u>Titulo ng Ministeryo:</u> Guro Ng Mga May Edad.

<u>Gawain sa Ministeryo:</u> Narito ang mga responsabilidad ng guro sa Mga May Edad:

-Paghahanda at pagtuturo sa linggo-linggong sesyon ng klase.

Araw______________ Oras _______________ Lugar _________________

-Paghahanap ng mga bagong miembro na sumanib sa klase.

-Subaybayan ang mga estudyanteng liban at ang mga hindi na dumadalo upang malaman ang mga problema, paglingkuran sila, at ibalik bilang aktibong miembro.

-Nanghihikayat ng mga kaluluwa para sa Panginoong Jesuscristo.

-Naglilingkod sa mga espirituwal na pangangailangan ng mga miembro ng klase na mga mananampalataya na, pinangungunahan sila sa espirituwal na paglago, at tinuturuan sila upang magamit din sa gawain ng minsteryo.

-Hinihimok ang mga miembro ng klase na maging aktibong bahagi ng buong iglesia.

-Kumpletuhin ang mga kinakailangang rekord sa iglesia patungkol sa klaseng ito, tulad ng rekord ng pagdalo, atbp.

<u>Mga Personal Na Hinihiling:</u>

-Tinawag ng Dios sa ministeryong ito.
-Tagpuin ang mga hinihiling ng Biblia na mga katangian bilang lider.
-Pagtatapos ng pagsasanay sa pagtuturo na ibinigay ng iglesiang ito.
-May kakayahang magbahagi ng mensahe nang malinaw.
-Isang aktibong kaanib ng iglesiang ito.
-Kasang-ayon sa doktrinang pinaniniwalaan ng iglesiang ito.
-Sumusuporta at nakikipagtulungan sa mga lider ng iglesia.

<u>Oras na Ibibigay:</u>

-Personal na oras ng paghahanda para sa klase.
-Regular na oras ng pagtuturo sa klase: Dalawang oras kada linggo.
-Buwanang pulong ng “staff.”

-Taunang pagsasanay ng mga gurong nagtuturo na.
-Oras sa pakikisalamuha, “fellowship”, pagsubaybay, at ministeryo sa mga estudyante.

10.Maghanda ng **“Teacher’s Pledge of Commitment.”** Narito ang halimbawa:

## TEACHER’S COMMITMENT

Sa pagtanggap kay Jesucristo bilang personal na Tagapagligtas, at ngayon ay namumuhay na kasama Niya, kinikilala ko na ang pagdadala ng iba kay Cristo sa pamamagitan ng Kaniyang Salita ay isang mataas na tawag. Dahil sa pagpili sa akin bilang guro at umaasa sa tulong at patnubay ng Espiritu Santo, ipinangangako ko na:

-Sumasang-ayon ako sa mga doktrina ng aking iglesia, at hindi ako magtuturo ng anumang laban dito.
-Maglalaan ako ng oras araw-araw para sa panalangin at pag-aaral ng Biblia.
-Mataimtim kong idadalangin ang pagkahikayat ng aking mga estudyante at ang paglagong espirituwal ng mga Kristiyano na.
-Tapat akong mag-uukol ng panahon sa paghahanda ng leksyon, at maghahanda akong espirituwal sa pamamagitan ng pamumuhay ayon sa aking mga itinuturo.
-Magiging tapat ako sa pagtuturo sa iglesia.
-Magtuturo ako mula sa Salita ng Dios, itataguyod ang pag-aaral ng Biblia ng aking mga estudyante at hihimukin silang makisangkot sa klase.
-Tapat akong dadalo at itataguyod ang mga gawain sa iglesia, at susuportahan ko ang iglesia sa pananalapi at sa pananalangin.
-Dadaluhan ko ang mga pulong ng departamento ng iglesia, malibang may sagabal na mapananagutan ko sa Panginoon.
-Kung may dahilan na hindi ko matupad ang aking mga responsabilidad, kakausapin ko ang aking mga lider at isusuko ko ang aking klase kung kinakailangan.

Pangalan: ________________________________________ Petsa: _______________

# IKA-LABINGLIMANG KABANATA

## ANG PAMBUNGAD SA PANGANGARAL

**MGA LAYUNIN:**

Sa pagtatapos ng kabanatang ito, inaasahang masasagot mo ang mga sumusunod:

- Ibigay ang kahulugan ng pangangaral.
- Tukuyin ang mga paksa kung saan dapat ituon ang Biblikal na pangangaral.
- Ipaliwanag ang kahalagahan ng kapahayagan ng kapangyarihan ng Dios kung nangangaral ng Salita.
- Tukuyin ang anim na mga babala ng Biblia tungkol sa pangangaral.

**SUSING MGA TALATA:**

> **Paano nga sila magsisitawag doon sa hindi nila sinampalatayanan? At paano sila magsisisampalataya sa Kaniya na hindi nila napakinggan? At paano sila mangakikinig na walang tagapangaral? At paano silang magsisipangaral, kung hindi sila mga sinugo? (Roma 10: 14-15a)**

**PAMBUNGAD**

Ang kabanatang ito ang nagpapakilala ng paksang pangangaral na Biblikal. Ipinaliliwanag ang pangangaral, ipinakikita ang mga paksa ng Biblikal na pangangaral, ipinaliliwanag ang kahalagahan ng kapahayagan ng kapangyarihan ng Dios kung nangangaral, at tinutukoy ang mga babala sa Biblia tungkol sa pangangaral. Sa susunod na kabanata ay matututuhan mo kung paano maghanda ng isang sermong Biblikal.

**PAGTUTURO AT PANGANGARAL**

Natutuhan mo ang kahulugan ng "pagtuturo" sa Unang Kabanata ng kursong ito:

> Ang pagtuturo ay ang pagbibigay ng tagubilin sa iba. Kasama rito ang pagpapakita, paggawa upang ipakita, pagbibigay ng impormasyon, pagbabahagi ng kaalaman, pagsasanay, at pagpatnubay sa pag-aaral ng iba.

Narito ang kahulugan ng "pangangaral":

> Ang pangangaral ay ang pagbibigay ng isang talumpati [isang sermon o masistemang pagsusuri ng isang paksa] na nagtuturo sa iba sa isang pormal na paraan.

Ang pangangaral at pagtuturo ay magkahawig, sa dahilang kapwa sila nagsasaad ng mga katotohanan ng Salita ng Dios sa iba. Matututuhan mo sa susunod na kabanata na ang paghahanda ng isang sermon ay katulad din ng paghahanda ng leksyon sa pagtuturo. Subalit ang pangangaral at pagtuturo ay nagkakaiba sa paraan ng pagtuturo at ang estilo ng pagsasalita.

## PINAGSANIB NA PANGANGARAL AT PAGTUTURO

Ang epektibong pagbabahagi ng Evangelio ay pinagsasanib ang pangangaral at pagtuturo. Si Jesus ay nagturo at nangaral:

> **At nililibot ni Jesus ang lahat ng mga bayan at mga nayon, na nagtuturo sa mga sinagoga nila, at ipinangangaral ang Evangelio ng Kaharian, at pinagagaling ang sarisaring sakit at ang sarisaring karamdaman.
> (Mateo 9: 35)**

( Tingnan din ang Mateo 4:17,23; 9:35; 11: 1,5; Marcos 1:14, 38-39; 2:2; Lucas 4:43-44; 9:6; 20:1; I Pedro 3: 19; 4:6).

Isa sa mga paunang misyon ni Jesus ay ang mangaral:

> **Sumasa Akin ang Espiritu ng Panginoon, Sapagkat Ako'y pinahiran Niya upang ipangaral ang mabubuting balita sa mga dukha…upang itanyag sa mga bihag ang pagkaligtas…Upang itanyag ang kaayaayang taon ng Panginoon. (Lucas 4: 18-19)**

Namatay si Jesus upang ang pagsisisi at pagpapatawad ng mga kasalanan ay maipangaral:

> **At sinabi Niya sa kanila, Ganyan ang pagkasulat, na kinakailangang maghirap ang Cristo, at magbangong muli sa mga patay sa ikatlong araw.**
>
> **At ipangaral sa Kaniyang pangalan ang pagsisisi at pagpapatawad ng mga kasalanan sa lahat ng mga bansa, magbuhat sa Jerusalem. (Lucas 24: 46-47)**

## ANG UTOS UPANG MANGARAL

Ang mga alagad ay inutusan ni Jesus na mangaral:

> **At naghalal Siya ng labingdalawa, upang sila'y makisama sa Kaniya, at upang sila'y suguin Niyang magsipangaral. (Marcos 3: 14)**
>
> **At samantalang kayo'y nangaglalakad, ay magsipangaral kayo, na mangagsabi, ang Kaharian ng Langit ay malapit na. (Mateo 10:7)
> (Tingnan din ang Mateo 10: 27; Lucas 9: 2,60 ).**

Ang tinutudla ng unang iglesia ay ang ipangaral ang Evangelio sa mga hindi pa nakakarinig nito:

> **Upang ipangaral ang Evangelio sa mga dako pa roon ng lupain ninyo, at huwag kaming mangagmapuri sa hangganan ng iba tungkol sa mga bagay na nangahahanda na sa amin. (II Corinto 10: 16)**

Tulad ng pagtuturo, ang pangagaral ay hindi lamang ginagawa sa loob ng iglesia:

> **At sa araw-araw, at sa templo at <u>sa mga bahay-bahay</u>, ay hindi sila nagsisipagtigil ng pagtuturo at pangagaral, na si Jesus ang Siyang Cristo. (Gawa 5: 42)**

Hindi rin nakakulong ang pangangaral sa mga "full-time" na mga pastor at ministro. Ang mga mananampalataya sa unang iglesia ay nagsipangalat dahil sa paguusig at…

> **…Ang mga nagsipangalat nga ay nagsipaglakbay, na ipinangangaral ang Salita. (Gawa 8: 4) ( Tingnan din ang Gawa 11: 19-20).**

Bilang mga mananampalataya, tayo ay inutusan din na mangaral ng Evangelio sa mga bansa ng mundo:

> **At ipangangaral ang Evangeliong ito ng Kaharian sa buong sanglibutan sa pagpapatotoo sa lahat ng mga bansa; at kung magkagayo'y darating ang wakas. (Mateo 24: 14)**

> **Magsiyaon kayo sa buong sanglibutan, at inyong ipangaral ang Evangelio sa lahat ng kinapal. ( Marcos 16: 15)**

## <u>ANG PAKSA NG PANGANGARAL</u>

Tulad ng pagtuturo, ang pangangaral ay dapat nakasalalay sa Salita ng Dios. Halimbawa, sa sermon ni Pedro sa Gawa 2, 12 sa mga 23 na mga talata ay mga sitas mula sa Kasulatan ng Lumang Tipan.

Ang Biblikal na pangangaral ay dapat nakatuon sa:

### <u>PAGSISISI AT KAPATAWARAN NG KASALANAN:</u>

> **At ipangaral sa Kaniyang pangalan ang pagsisisi at pagpapatawad ng mga kasalanan sa lahat ng mga bansa, magbuhat sa Jerusalem. (Lucas 24: 47)**

> **At sila'y nangagsialis, at nagsipangaral na mangagsisi ang mga tao. (Marcos 6:12) (Tingnan din ang Gawa 13: 38; 14:15).**

**ANG EVANGELIO NG KAHARIAN NG DIOS:**

**At ipangangaral ang Evangeliong ito ng Kaharian sa buong sanglibutan sa pagpapatotoo sa lahat ng mga bansa; at kung magkagayo'y darating ang wakas. (Mateo 24: 14)**

**(Tingnan din ang Mateo 9:35; 11:5; Marcos 1:14; 16:15; Lucas 4:18; Gawa 8:12; 14:7,21; 16:10; 20:25; Roma 1: 15; 15:19-20; I Corinto 15:1; II Corinto 2:12; 10:14; 11:7; Colosas 1:23; I Tesalonica 2:9).**

**ANG PAGKABUHAY NA MAGULI NG MGA PATAY:**

**…at ibinalita sa pangalan ni Jesus ang pagkabuhay na maguli sa mga patay. (Gawa 4:2) (Tingnan din ang Gawa 17:3,18).**

**ANG SALITA NG DIOS:**

**At maraming nagkatipon, ano pa't hindi na magkasya, kahit sa pintuan man: at sa kanila'y sinaysay Niya ang Salita. (Marcos 2:2)**

**Datapuwat ang Salita ng Panginoon ay namamalagi magpakailan man. At ito ang Salita ng mabubuting balita na ipinangaral sa inyo. (I Pedro 1: 25)**

**(Tingnan din ang Gawa 8:4,25; 13:5; 14:25; 15:35-36; 17:13; II Timoteo 4:2; Tito 1:3).**

**ANG SALITA NG PANANAMPALATAYA:**

**…Ang Salita ay malapit sa iyo, sa iyong bibig, at sa iyong puso: samakatuwid baga'y ang salita ng pananampalataya na aming ipinangangaral. (Roma 10: 8) (Tingnan din ang Galacia 1:23)**

**LAHAT NG MGA BAGAY PATUNGKOL KAY JESUS:**

**Na ipinangangaral ang Kaharian ng Dios, at itinuturo ang mga bagay na nauukol sa Panginoong Jesucristo… (Gawa 28:31)**

**Sa akin, na ako ang kabababababaan sa lahat ng lalong mababa sa mga banal, ay ibinigay ang biyayang ito, upang ipangaral sa mga Gentil ang mga di malirip na mga kayamanan ni Cristo. (Efeso 3: 8)**

**(Tingnan din ang Gawa 5: 42; 8: 5,35; 9:20; 17:3,18; Roma 16:25; II Corinto 1:19; 4:5; Colosas 1:28).**

**KAPAYAPAAN SA PAMAMAGITAN NI JESUCRISTO:**

> **Ang salita na Kaniyang ipinadala sa mga anak ni Israel, na ipinangangaral ang Evangelio ng kapayapaan sa pamamagitan ni Jesucristo… (Gawa 10:36) (Tingnan din ang Efeso 2: 17).**

**ANG KRUS:**

> **Sapagkat ang salita ng krus ay kamangmangan sa kanila na nangapapahamak; ngunit ito'y kapangyarihan ng Dios sa atin na nangaliligtas. ( I Corinto 1:18) (Tingnan din ang I Corinto 1:17-22).**

## ANG KAPAHAYAGAN NG KAPANGYARIHAN

Ang kapahayagan ng kapangyarihan ng Dios ay dapat kasama ng pangangaral at ng pagtuturo:

> **At nililibot ni Jesus ang lahat ng mga bayan at mga nayon, na nagtuturo sa mga sinagoga nila, at ipinangangaral ang Evangelio ng Kaharian, at pinagagaling ang sarisaring sakit at ang sarisaring karamdaman. (Mateo 9: 35)**

Ang sabi ni Pablo ay:

> **At ang aking pananalita at ang aking pangangaral ay hindi sa mga salitang panghikayat ng karunungan, kundi sa patotoo ng Espiritu at ng kapangyarihan:**
>
> **Upang ang inyong pananampalataya ay huwag masalig sa karunungan ng mga tao, kundi sa kapangyarihan ng Dios. (I Corinto 2: 4-5) ( Tingnan ang Marcos 1: 39; Lucas 9:6; Roma 15;19; I Corinto 1: 17-18).**

Ang kapahayagan ng kapangyarihan ay mahalaga sapagkat ito ang nagpapatunay sa pangangaral ng Salita:

> **At nagsialis sila, at nagsipangaral sa lahat ng dako, na gumagawang kasama nila ang Panginoon, at pinatototohanan ang Salita sa pamamagitan ng mga tandang kalakip. (Marcos 16:20)**

## ANG MANGANGARAL

Tinalakay na ang mga katangiang dapat makita sa isang guro. Ang mga katangiang ito ay dapat ding makita sa buhay ng isang nangangaral ng Evangelio. Ang Unang Kabanata ng Colosas ay may karagdagang tatlong katangian ng isang mangangaral:

**SIYA AY MINISTRO NI CRISTO:**

"Isang tapat na ministro ni Cristo" (talatang 7). Si Cristo ang dapat mataas sa lahat ng kaniyang pangangaral.

**SIYA AY MINISTERO NG EVANGELIO:**

"Ang Evangelio…na akong, si Pablo, ay ginawang ministro" (Talatang 23).

**SIYA AY MINISTRO NG IGLESIA:**

"…ang Iglesia, na ako'y ginawang ministro nito" (mga talatang 24-25).

## MGA BABALA NG BIBLIA

**DAPAT IPAMUHAY NG MANGANGARAL ANG KANIYANG IPINANGANGARAL:**

> **Ikaw nga na nagtuturo sa iba, hindi mo tinuturuan ang iyong sarili? Ikaw na nangangaral sa tao na huwag magnanakaw, ay nagnanakaw ka? ( Roma 2: 21)**
>
> **Ngunit hinahampas ko ang aking katawan, at aking sinusupil: baka sakaling sa anomang paraan, pagkapangaral ko sa iba, ay ako rin ay itakuwil. (I Corinto 9:27)**

**KUNG IKAW AY TINAWAG NA MANGARAL, WALA KANG DAPAT GAWIN KUNDI SUMUNOD:**

> **Sapagkat kung ipinangangaral ko ang Evangelio, ay wala akong sukat ipagmapuri; sapagkat ang pangangailangan ay iniatang sa akin; sapagkat sa aba ko kung hindi ko ipangaral ang evangelio. (I Corinto 9:16)**

**ANG PANGANGARAL AY NAKABATAY SA SALITA NG DIOS:**

> **Datapuwat kahima't kami, o isang anghel na mula sa Langit, ang mangaral sa inyo ng anomang evangelio na iba sa aming ipinangangaral sa inyo, ay matakuwil.**
>
> **Ayon sa aming sinabi nang una, ay muling gayon ang aking sinasabi ngayon, Kung ang sinoman ay mangaral sa inyo ng anomang evangelio na iba kay sa inyong tinanggap na, ay matakuwil. (Galacia 1: 8-9)**

## DAPAT AY TAMA ANG MGA MOTIBO:

**Tunay na ipinangangaral ng iba si Cristo sa kapanaghilian at sa pakikipagtalo; at ang mga iba naman sa mabuting kalooban. (Filipos 1: 15)**

# PANSARILING PAGSUSULIT

1.Isulat ang Susing Mga Talata na kinabisa mo.

2. Ibigay ang kahulugan ng "pangangaral."

3. Saang mga paksa dapat nakatuon ang Biblikal na pangangaral?

4. Maglista ng apat na babala tungkol sa pangangaral na tinalakay sa kabanatang ito.

5. Bakit mahalaga ang kapahayagan ng kapangyarihan ng Dios sa pangangaral ng Salita?

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nasa katapusan ng huling kabanata ng manwal na ito.)

# PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

Pag-aralan itong mga reperensya sa Biblia tungkol sa pangangaral:

## MGA REPERENSYA SA LUMANG TIPAN TUNGKOL SA PANGANGARAL

Awit 40:9; Eclesiastes 1:1,2,12; 7:27; 11:8-10; Isaias 61:1; Nehemias 6:7.

## MGA REPERENSYA SA BAGONG TIPAN TUNGKOL SA PANGANGARAL

Mateo 3:1; 4:17,23; 9:35; 10:7,23; 11:1,5; 12:41; 24:14,41; 26:13

Marcos 1:4,7,14,38-39; 2:2; 3:14; 6:12; 14:9; 16:15,20

Lucas 3:3,18; 4:18-19, 43-44

Mga Gawa 3:20; 4:2; 5:42; 8:4,5,12,25,35,40; 9:20,27; 10:36-37,42; 11:19-20; 13:5,24,38,42; 14:7,15,21,25; 15:21,35-36; 16:6,10; 17:3,13,18; 19:13; 20:7,9,25

Roma 1”15; 2:21; 10:8-15; 15:19-20; 16:25

I Corinto 1:17-18; 2:4; 9:14-16,18,27; 15:1-2,11,12,14

II Corinto 1:19; 2:12; 4:5; 10:14; 10:16; 11:4,7

Galacia 1:8,9,11,16,23; 2:2; 3:8; 4:13; 5:11

Efeso 2:17; 3:8; Filipos 1:15-18; Colosas 1;23,28; I Tesalonica 2:9; I Timoteo 2:7; 3:16; II Timoteo 1:11; 4:17; Tito 1:3; Hebreo 4:2,6; I Pedro 1:12,25; 3:19; 4:6; II Pedro 2:5

# IKA-LABING ANIM NA KABANATA

## PAGHAHANDA NG SERMON

**MGA LAYUNIN:**

Sa pagtatapos ng kabanatang ito, inaasahang masasagot mo ang mga sumusunod:

- Ibuod ang mga pangunahing mga hakbang sa pagpaplano ng sermon.
- Ibigay ang kahulugan ng sermon na nakabatay sa paksa (topical).
- Ibigay ang kahulugan ng sermon na nakabatay sa texto (textual).
- Ibigay ang kahulugan ng “expository” na pangangaral.

**SUSING TALATA:**

> **Ipangaral mo ang Salita; magsikap ka sa kapanahunan, at sa di kapanahunan, sumawata ka, sumaway ka, mangaral ka ng may buong pagpapahinuhod at pagtuturo. (II Timothy 4:2)**

### PAMBUNGAD

Sa araling ito, matututo kang mangaral ng sermong Biblikal. Matututuhan mo ang mga pangunahing prinsipyo ng pangangaral sa pamamagitan ng pag-aaral ng ilang mga sermon sa Biblia at ilan sa pinaka-epektibong mga sermon ng mga dakilang tao sa buong kasaysayan ng iglesia. Madidiskubre mo na ang pangangaral at pagtuturo ay madalas nagkakapareho, subalit nagkakaiba sa paraan ng presentasyon at estilo ng paghahatid.

### PANGANGARAL AT PAGTUTURO: PAANO SILA NAGKAKAIBA

Dito nagkakaiba ang pangangaral at pagtuturo:

**ANG MGA PAMAMARAAN:**

Ang paraan ng pagsasangkot sa nakikinig ay hindi karaniwang ginagamit sa pangangaral. Halimbawa, walang pagsasalabay o oras ng tanong at sagot kung ikaw ay nangangaral. Ang dahilan ay madalas mas malaki ang grupo ng nakikinig sa pangangaral. Dahil dito ang paraan ng pagdadala ng mensahe ay mas pormal.

**ANG ESTILO NG PAGDADALA NG MENSAHE:**

Sa pagtuturo, ang mga tao ay madalas nahahati sa mga edad. Ang klase ay puro sa mga may edad, mga kabataan, o mga bata. Sa pangangaral iba’t ibang edad ang nakikinig.

Ang kongregasyon ay hindi nahahati sa mga edad tulad ng sa Sunday School o mga grupo ng pag-aaral sa iglesia.
Dahil dito, dapat mong ibagay ang estilo ng pangangaral na angkop para sa lahat ng lebel. Huwag mo gawing napakahirap ng sermon na hindi mauunawaan ng mga bata at kabataan. At huwag mo namang gawing napaka-simple na mababagot naman ang mga may edad na.

**KURIKULUM:**

Ang mga Sunday School at paaralan ng mga bata ay madalas may kurikulum na nagbibigay ng paksa at leksyon na iyong ituturo. Walang ganito sa pangangaral. Sa pamamagitan ng direksyon na ibinibigay sa iyo ng Panginoon, dapat mong malaman ang uri at nilalaman ng iyong mensahe.

## PAGHAHANDA NG SERMON

Ang mga pangunahing hakbang sa paghahanda ng sermon ay katulad din ng natutuhan mo sa paghahanda ng leksyon sa pagtuturo. Dapat mong:

-Ihanda ang iyong espirituwal na kalooban.
-Suriin ang mga tagapakinig.
-Itakda ang mga layunin.

Ang pangunahing estraktura ng sermon ay tulad din ng pagtuturo ng lesksyon. Ang sermon mo ay dapat mayroong:

-Pamagat.
-Pambungad.
-Katawan.
-Pagsasagawa.
-Pangwakas.
(Repasuhin mo ang Ika-Sampung Kabanata, “Paghahanda ng Aralin”).

Tulad sa patuturo, kailangan mong makuha ang atensyon ng tagapakinig. Kailangan mong ituro ang aralin sa isang maayos na paraan. Kailangan mong ipakita kung paano ito maipamumuhay, at kailangan tumawag ka ng pagtugon sa ipinabatid mula sa Salita ng Dios.

## MGA URI NG SERMON

Mula sa pag-aaral ng mga sermon sa Biblia at ng sermon ng mahuhusay na mangangaral sa kasaysayan ng Iglesia, tatlong pangunahing uri ng mga sermon ang natukoy:

## UNANG URI – SERMON NA NAKABATAY SA PAKSA:

Ang ganitong sermon ay nakatuon sa mga tiyak na paksa tulad ng bungang espirituwal, pakikibakang espirituwal, mga kaloob na espirituwal, atbp.

### Paano Magplano ng Sermong Nakabatay Sa Paksa:

1. Pagpasiyahan ang pangkalahatang paksa ng sermon. Halimbawa, "panalangin" ang napili mong paksa.

2. Pagpasiyahan ang tiyak na tema: Sa anong tema ng panalangin ang nais mong ipangaral? Narito ang ilang mungkahi:

-Ang Pangangailangan ng Pananalangin
-Ang Kahalagahan ng Panalangin
-Mga Oras ng Panalangin
-Ang Kapangyarihan ng Panalangin
-Ang Pakay ng Panalangin
-Ang Paraan ng Pananalangin
-Ang Mga Resulta ng Pananalangin
-Ang Mga Hinihiling ng Panalangin
-Ang Mga Problema ng Panalangin
-Pananalangin sa Espiritu
-Pananatili sa Pananalangin
-Ang Dapat Masunod sa Panalangin
-Mga Tugon sa Panalangin
-Panalangin ng Pamamagitan
-Pananalangin sa Pamilya
-Mga Sagabal sa Panalangin
-Mga Panalangin sa Biblia
-Praktikal na Panalangin
-Mga Damdamin sa Panalangin
-Mga Dako ng Pananalangin
-Pagsamba sa Pananalangin
-Kalagayan ng Katawan sa Pananalangin
-Ang Pribilehiyo ng Pananalangin
-Pananampalataya at Panalangin
-Ang Sakop ng Panalangin

Piliin mo ang tiyak na tema ng iyong sermon. Hindi mo maaaring sakupin ang lahat ng aspeto ng isang paksa sapagkat, tulad ng nakita mo sa halimbawang ito, maraming tema sa isang paksa sa Biblia. Ang temang napili mo ay siyang magiging pamagat ng iyong sermon. Halimbawa, maaari mong piliin ang"Mga Sagabal sa Pananalangin."

3. Magsaliksik ka sa lahat ng sinasabi ng Biblia tungkol sa temang iyong napili. Kung mayroon kang mga kagamitan sa pananaliksik sa Biblia tulad ng konkordansya, mga komentaryo, at "word study books", gamitin mo rin ito sa iyong pag-aaral.

4. Gumawa ka ng banghay o outline na sinusunod ang apat na bahagi ng estraktura na natutuhan mo sa Ika-Sampung Kabanata sa Paghahanda ng Aralin:

-Pambungad
-Katawan
-Pagsasagawa
-Pangwakas

**<u>Isang Halimbawa ng Sermon Na Nakabatay Sa Paksa:</u>**

Ginagamit ang temang "Mga Sagabal sa Pananalangin," ang banghay mo ay maaaring maging tulad nito:

<u>Pamagat:</u> MGA SAGABAL SA PANANALANGIN

<u>Pambungad:</u> Ituon mo ang sermon sa mga problema ng karaniwang tao: Mga panalanging hindi natutugon at bakit hindi ito natutugon. Kukuha ito ng atensiyon sapagkat lahat ay nakaranas na nito.

<u>Katawan:</u> Talakayin ang mga sagabal sa panalangin na sinasaad sa Salita ng Dios:

-Maling motibo at kahilingan: Santiago 4: 2-3
-Anumang uri ng kasalanan: Isaias 59: 1-2
-Mga diosdiosan sa puso: Ezekiel 14: 1-3
-Hindi marunong magpatawad: Marcos 11:25
-Pagkamakasarili: Kawikaan 21:13
-Maling pagtrato sa asawa: I Pedro 3:7
-Banal na pagtingin sa sarili: Lucas 18:10-14
-Walang pananampalataya: Santiago 1: 6-7
-Hindi nananatili kay Cristo at sa Kaniyang Salita: Juan 15:7

<u>Pagsasagawa:</u>

I. Ipaliwanag kung paano nakakasagabal ang panalanging hindi natutugunan:

A. Sa buhay ng pamilya.
B. Sa ating paglagong espirituwal.
C. Sa ating ministeryo.

II. Hilingin sa mga nakikinig na isagawa ang mga katotohanang ito bilang indibiduwal:

A. Alin sa mga sagabal na ito ang bumabara sa aking mga panalangin?

<u>Pangwakas:</u>

I. Ibuod ang mga sagabal sa panalangin na tinalakay.

II. Tumawag ng pagkukumpisal at pagsisisi sa mga bagay na nakakahadlang sa panalangin.

**IKALAWANG URI –SERMON NA NAKABATAY SA TEXTO:**

Sa sermon na nakabatay sa texto, ang susing talata sa Biblia ang pinanggagalingan ng pangunahing katotohanan o texto ng aralin. Ang nalalabing bahagi ng mensahe ay itinatayo sa ibabaw ng isang pangunahing katotohanang ito.

**Paano Maghanda ng Sermong Nakabatay sa Texto:**

1. Piliin ang texto.

2. Mag-isip ng pamagat ng sermon batay sa texto.

3. Pag-aralan ang detalye ng texto. Pag-aralan ang ibang mga reperensya na may kaugnayan sa textong iyong napili. Kung ikaw ay may mga kagamitan upang magsaliksik ng Biblia tulad ng konkordansya, mga komentaryo, at "word study books," gamitin mo ito upang lalong pag-aralan ang texto.

4. Palawigin mo ang banghay na sinusunod ang apat na bahagi ng estraktura na natutuhan mo sa Ika-Sampung kabanata sa Paghahanda ng Aralin:

   -Pambungad
   -Katawan
   -Pagsasagawa
   -Pangwakas

**Isang Halimbawa ng Sermon Na Nakabatay sa Texto:**

Ang sermon ni Pedro sa Gawa 2: 14-36 ay isang magandang halimbawa nito. Kung si Pedro ay may pamagat sa sermong ito, maaari itong maging…ITO NA NGA YAON.

Pambungad: Pinasimulan ni Pedro ang mensahe sa pagbanggit ng isang texto sa Kasulatan:

> **Datapuwat ito yaong sinalita na sa pamamagitan ng propeta Joel:**
>
> **At mangyayari sa mga huling araw, sabi ng Dios, Na ibubuhos Ko ang Aking Espiritu sa lahat ng laman: At ang inyong mga anak na lalake at babae ay manganghuhula, At ang inyong mga binata ay mangakakakita ng mga pangitain, Ang inyong mga matatanda ay magsisipanaginip ng mga panaginip:**
>
> **Oo't sa Aking mga lingkod na lalake at sa Aking mga lingkod na babae, sa mga araw na yaon, Ibubuhos Ko ang Aking Espiritu; at magsisipanghula sila… (Gawa 2: 16-18)**

Nakuha ni Pedro ang atensiyon ng mga nakikinig sapagkat nakikita nila mismo ang katuparan ng hula na ito sa harap nila!

Katawan: Ang katawan ng sermon ni Pedro ay nakatuon sa texto.

I. Inilahad niya ang kasaysayan ng textong yaon na natutupad sa harap nila.
II. Ipinakita niya kung paano ito kaugnay ng kasaysayan ng Israel at ni Jesucristo.

Pagsasagawa: Gumawa siya ng personal na pagsasagawa…

> **Sapagkat sa inyo ang pangako, at sa inyong mga anak, at sa lahat ng nangasa malayo, maging ilan man ang tawagin ng Panginoon nating Dios sa Kaniya. (Gawa 2: 39)**

Pangwakas: Tumawag siya ng pagtugon…

> **At sinabi sa kanila ni Pedro, mangagsisi kayo, at mangagbautismo ang bawat isa sa inyo sa pangalan ni Jesucristo sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan; at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo. (Gawa 2: 38)**

At tumugon ang mga nakikinig…

> **Yaon ngang nagsitanggap ng kaniyang salita ay nangabautismuhan: at nangaparagdag sa kanila ng araw na yaon ay may tatlong libong kaluluwa. (Gawa 2:41)**

## IKATLONG URI –MGA "EXPOSITORY SERMON":

"Expository" ang tawag sa paraan ng pangangaral na nakatuon sa isang bahagi ng Kasulatan at ipinaliliwanag ito nang detalyado, bawat talata. Ang kahulugan ng "expository" ay "paghiwalayin at suriin ang mga bahagi ng kabuuan."

Ang expository ay mas detalyadong uri ng pangangaral kaysa sa nakabatay sa paksa o sa texto. Maaari itong mapokus sa isang paksa o bahagi ng Kasulatan, ipinaliliwanag ito ng detalyado, bawat talata at bawat salita. Maaari ring mapokus ito sa Biblia, pinag-aaralan ang aklat na detalyado, bawat kabanata, bawat talata, at pinag-uusapan ang kahulugan ng mga susing salita. Ang pangangaral na expository ay maaari ring mapokus sa isang talambuhay, pinag-aaralan bawat talata na nakatala patungkol sa isang karakter sa Biblia.

Dahil sa ang pangangaral na expository ay napaka detalyado, madalas ito ay nagiging serye ng mga mensahe. Hindi posibleng talakayin nang detalye ang isang bahagi sa Biblia, isang aklat, o isang personalidad sa isang sermon lamang. Ang bawat sermon sa serye ay dapat magkakaugnay. Kapag pinasimulan mo ang isang sermon ay ipakita mo kung ano ang kaugnayan nito sa mga nakaraang mga sermon. Ito ay magagawa mo sa pamamagitan ng pagbibigay ng buod ng mga nakaraang mga mensahe at pagpapaliwanag ng kaugnayan nito sa mensahe ngayon.

Bagamat ang bawat sermon ay kaugnay ng mga ibang sermon sa nakaraan, ang bawat sermon ay dapat kumpleto sa kaniyang sarili. Hindi lahat ng nakikinig ay nandoon sa bawat yugto ng serye. Dapat nilang maunawaan ang bawat sermon kahit hindi nila narinig ang iba.

**Paano Magplano Ng Sermon na Expository:**

1. Piliin ang texto, paksa, karakter sa Biblia, o aklat na nais mong bigyang diin sa mensahe o serye ng mga mensahe.
2. Pag-aralan nang detalyado kung ano ang itinuturo ng Biblia tungkol sa texto, paksa, karakter sa Biblia, o aklat. Kung mayroon kang konkordansya, mga komentaryo, at "word study books," gamitin mo ang mga ito sa iyong pananaliksik.

3. Magpasiya ka kung ang sermong ito ay maaaring gawin sa isang pangangaral lamang o kung kakailanganin nito ang serye ng mga sermon.

4. Maghanda ka ng pamagat at texto sa bawat mensahe sa seryeng ito.

5. Gumawa ka ng banghay o outline para sa bawat mensahe sa serye. Sundin ang apat na bahaging estraktura para sa bawat mensahe:

   -Pambungad
   -Katawan
   -Pagsasagawa
   -Pangwakas

**Isang Halimbawa ng Expository Sermon:**

Narito ang halimbawa ng outline ng isang expository sermon:

Pamagat: MGA KATANGIAN NG MGA BULAANG GURO

Texto: Aklat ni Judas

Pambungad: Judas 3-4

Katawan:

I. Ang pinanggalingan:

A. Yaong mga itinalaga nang una pa sa kahatulang ito (talatang 4).

II. Ang kanilang lakad:

A. Nagsipasok nang lihim (talatang 4).
B. Pagkabuyo sa pakikiapid at pagsunod sa nasa ng laman (talatang 7).
C. Nagsisilakad ayon sa kanikanilang masasamang pita (talatang 18).

III. Ang kanilang pananalita:

A. Hinahamak ang mga paghahari (mga talatang 8-10).
B. Nang-alipusta sa anomang bagay na hindi nila nalalaman (8-10).
C. Mga mapagbulong (talatang 16).
D. Mga madaingin ( talatang 16).
E. Nangagsasalita ng mga kapalaluan (talatang 16).
F. Mga manunuya (Talatang 18).

IV. Ang kanilang doktrina:

A. Pinalitan ng kalibugan ang biyaya ng Dios (talatang 4).
B. Itinatatwa ang ating iisang Guro at Panginoong Jesucristo (4).
C.Walang taglay na Espiritu (talatang 19).

V. Ang kanilang mga gawi:

A. Mga di banal (talatang 4).
B. Maruruming pangitain (talatang 8).
C. Inihahawa ang laman (talatang 8).
D. Nilalait ang mga puno ( mga talatang 8-10).
E. Nang-alipusta sa mga bagay na kanilang nauunawa (8-10).
F. Nagpapakita ng galang sa mga tao dahil sa pakikinabangin (16).
G. Nagsisigawa ng paghihiwalay (talatang 19).
H. Nabubuhay na may kalayawan (talatang 19).

Pagsasagawa: Ano ang gagawin mo bilang pagtugon sa mga taong ito: Judas 20-23.

Pagtatapos: Ibuod, tumawag ng pagtugon.

## MGA PANGKALAHATANG TAGUBILIN

Narito ang mga pangkalahatang tagubilin na tutulong sa iyong paghahanda ng anumang uri ng sermon.

## PAGPILI NG TEXTO:

Ang salitang "texto" ay galing sa salitang Griego na ang ibig sabihin ay "nilala o hinabi." Ang texto ay yaong kung saan ang mensahe ay umiikot. Dito dapat nakabatay ang sermon.

Ang paggamit ng texto mula sa Salita ng Dios bilang batayan ng sermon ay nagbibigay sa mangangaral ng awtoridad sa kaniyang mensahe. Sinasabi niyang "Ito ang sabi ng Panginoon" sapagkat sinasalita niya ang Salita ng Dios. Magagawa niya ito na may katapangan at awtoridad. Ginagawang Biblikal ng texto ang mensahe at nagbibigay ng kapanatagan sa tagapakinig na ang mangangaral ay nagpapahayag ng Salita ng Dios at hindi ng sarili niyang opinyon.

Narito ang mga tagubilin sa pagpili ng texto mula sa Salita ng Dios:

1. Manalangin ka at humingi ng patnubay mula sa Dios.
2. Regular na mag-aral ng Salita ng Dios. Ang mga texto at mga paksa sa ministeryo ay bunga ng iyong pag-aaral. Maglaan ka ng notebook para sa mga texto at mga isipan tungkol sa mga paksa na iyong natututuhan sa personal mong pag-aaral. Gamitin mo ito sa hinaharap sa paghahanda mo ng mga sermon.

3. Isaalang-alang mo ang mga pangangailangang espirituwal ng mga taong paglilingkuran mo. Halimbawa, ang isang grupo ng mga pastor ay karaniwang hindi na nangangailangan ng sermon tungkol sa kaligtasan. (Tandaan kung ano ang natutuhan mo sa pagsusuri ng tagapakinig sa Ika-Walong Kabanata.)

4. Bago ka mangaral sa isang texto, siguruhin mo na nauunawaan mo ito upang hindi malito ang mga nakikinig sa iyo.

6. Isaalang-alang mo ang buong kapahayagan ng katotohanan ng Dios. Huwag ka lang mangaral sa mga paborito mong texto o paksa na nais pakinggan ng mga tao. "LAHAT" ng kasulatan na kinasihan ng Dios ay mapapakinabangan.

## PAGPAPALIWANAG NG TEXTO:

Matapos mong piliin ang iyong texto, pag-aralan mo ang lahat ng itinuturo ng Biblia tungkol dito. Kung mayroon kang iba't ibang salin ng Biblia, pag-aralan mo ang mga ito para sa dagdag na pagkaunawa. Kung may mga komentaryo ka ng Biblia, basahin mo kung ano ang sinasabi ng iba tungkol sa textong ito. Ang mga paraan ng pag-aaral na ganito ay tutulong sa iyo upang maipaliwanag mo nang maayos ang texto.

Narito ang ilang mga pangunahing batas sa pagpapaliwanag ng Salita ng Dios na dapat mong gamitin sa iyong pag-aaral ng texto:

**Ang Batas Ng Makalangit Na Awtoridad:** Ang Biblia ang pangunahing awtoridad. Ang bawat bahagi ng Kasulatan ay kinasihan ng Dios.

**Ang Batas Ng Literal Na Pagpapaliwanag:** Ang Biblia ay nagsasabi kung ano ang ibig sabihin nito at dapat ipaliwanag nang literal malibang sinasabi ng kontexto na hindi ganoon. Kung minsan ay may mga simbolo at mga talinhaga na ginagamit sa Biblia upang ipakita ang isang katotohanan, subalit ito ay malinaw na ipinakikita sa kontexto ng Kasulatan.

**Ang Batas Ng Pagsasaalang-alang Ng Kontexto:** Ang bawat talata ay dapat pag-aralan ayon sa kontexto nito. Pag-aralan ang sinundan at kasunod ng texto. Maraming maling doktrina ang nalikha sa paghihiwalay ng texto mula sa kontexto nito. Sa pag-aaral ng isang talata sa kaniyang kontexto, itanong mo sa iyong sarili:

-Sino ang nagsasalita o sumusulat?
-Ano ang sinasabi nito?
-Kanino ito sinasabi?
-Bakit ito sinabi?
-Kailan ito sinabi?

**Ang Batas Ng Unang Pagbanggit:** Sa unang pagbanggit ng salita, talata, bagay, o insidente sa Biblia, madalas ito ay nagbibigay ng susi sa kahulugan sa ibang bahagi ng Biblia.

Halimbawa, sa Genesis 3 ay unang binanggit ang mga dahon ng igos. Dito, ginamit ni Adam ang mga dahon ng igos upang pagtakpan ang kaniyang kasalanan at pagkahubad. Ang mga dahon ng igos ay kumakatawan sa pansariling katuwiran, pagtalikod sa Dios, at ang pagsusumikap na ariing-ganap ang sarili sa harap ng Dios.

Kaya nga isinumpa ni Jesus ang puno na may mga dahon subalit walang bunga sa Mateo 21 at Marcos 11 at 13. Upang maunawaan natin ang ginawa Niyang ito, alalahanin natin ang batas ng unang pagbanggit at bumalik tayo sa Genesis 3. Ang mga dahon ng igos ang kumakatawan sa pagkakaroon ng sariling-katuwiran ng bansang Israel na tumanggi kay Jesus at hindi nagbunga ng tunay na bunga ng pagsisisi.

**Ang Batas Ng Pag-ulit:** Kapag may inulit sa Kasulatan ito ay upang bigyan ito ng diin. Ang ibig sabihin nito ay napakahalaga ng katotohanang ito na kailangan itong ulitin.

**Ang Batas Ng Buong Kapahayagan:** Ang buong katotohanan ng Salita ng Dios sa anumang paksa ay hindi dapat hanguin mula sa isa lamang bahagi ng Kasulatan. Ang total na kapahayagan ng sinasabi ng buong Biblia tungkol sa isang katotohanan ay dapat isa-alang-alang. Ang ibig sabihin nito ay dapat mong ipunin ang lahat ng itinuturo ng Biblia tungkol sa isang paksa. Kaya ang tawag dito ay batas ng "pagiipon ng lahat" ng kapahayagan. Hindi ka maaaring magtayo ng doktrina sa iilang mga talata tungkol sa isang paksa.

## PAGTITIPON NG MGA MATERYAL SA SERMON:

Kapag nakapili ka na ng texto, magipon ka na ng mga materiales para sa sermon. Ang pagtatanong ng mga tanong na ito ay makakatulong sa iyo:

1. Ano ang itinuturo ng Biblia tungkol sa paksang ito? Ang pinakamahalagang layunin ay ang maibahagi kung ano ang sinabi ng Dios sa Kaniyang Salita patungkol sa paksa. Ito ang dapat maging malaking bahagi ng iyong mensahe.

2. Ano ang na-obserbahan ko sa buhay at ministeryo na may kinalaman sa paksang ito? Anong mga halimbawa sa buhay at ministeryo ang kaugnay ng paksang ito? Paano mo nakita ang katotohanan ng Salita sa tunay na buhay? Magagamit mo ang mga halimbawang ito bilang ilustrasyon at pagsasagawa sa iyong mensahe.

3. Ano ang aking nabasa na tungkol sa paksang ito? Kung maaari, basahin at saliksikin ang mga isinulat ng mga iskolar ng Biblia sa iyong pagtitipon ng mga materiales sa sermon.

4. Sino ang kilala ko na may alam tungkol sa paksang ito? Mayroon bang sinuman na nagkaroon na ng karanasan tungkol sa textong ito? May kakilala ka ba na pinag-aralan na nang husto ang paksang ito? Sumangguni ka sa kanila bilang bahagi ng iyong preparasyon sa pangangaral ng paksang ito.

## ANG PANGHULING LAYUNIN

Ito ang huling kabanata ng kursong ito ng *"Mga Paraan Ng Pagtuturo."* Subalit sa katotohanan, ngayon ka lamang nagpapasimula sapagkat dapat kang magpatuloy mangaral at magturo hanggang ang panghuling layunin ay maabot:

> **Na Siya naming inihahayag, na pinaaalalahanan ang bawat tao, sa buong karunungan, upang maiharap naming sakdal kay Cristo ang bawat tao. (Colosas 1: 28)**
>
> **At hindi magtuturo ang bawat isa sa kaniyang kababayan, At ang bawat isa sa kaniyang kapatid, na sasabihing, Kilalanin mo ang Panginoon: <u>Sapagkat Ako'y makikilala ng lahat</u>, Mula sa kaliitliitan hanggang sa kadakidakilaan sa kanila. (Hebreo 8:11)**

# PANSARILING PAGSUSULIT

1. Isulat ang Susing Talata na kinabisa mo.

_______________________________________________

_______________________________________________

2. Ipaliwanag ang kaugnayan ng pangangaral at pagtuturo. Paano sila magkatulad? Paano sila nagkakaiba?

_______________________________________________

_______________________________________________

3. Ibuod mo ang mga pangunahing hakbang sa paghahanda ng isang sermon.

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

4. Ibigay ang kahulugan ng "Sermon na Nakabatay sa Paksa."

_______________________________________________

_______________________________________________

5. Ibigay ang kahulugan ng "Sermon na Nakabatay sa Texto."

_______________________________________________

_______________________________________________

6. Ibigay ang kahulugan ng "Expository Preaching."

_______________________________________________

_______________________________________________

7. Ibuod ang mga tagubilin sa pagpapaliwanag ng texto.

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

8. Ibuod ang mga mungkahi na ibinigay sa araling ito sa pagtitipon ng mga materiales para sa sermon.

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nasa katapusan ng huling kabanata ng manwal na ito.)

# PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

1. Pag-aralan ang mga sumusunod na mga dakilang sermon sa Biblia:

   -Ang Sermon ni Moises ng Pagpapaalam: Deuteronomio 29-33

   -Ang Sermon ni Josue ng Pagpapaalam: Josue 24: 2-15

   -Kinausap Ni Samuel ang Israel: I Samuel 12

   -Ang Mensahe ni Salomon ng Pagtatalaga: I Hari 8: 15-61

   -Nagsalita si Jeremias sa mga Tao sa Piesta: Jeremias 7

   -Halimbawa ng mga Sermon ni Jesus: Mateo 5-7; 11: 7-19; 12:25-37; 13; 15:10-20; 21:28-44; 24-25; Juan 3:3-21; 6:26-58; 14-16.

   -Mga Sermon ni Pedro: Gawa 2: 14-36; 3:12-26

   -Mga Sermon ni Pablo: Gawa 13: 16-41; 17:22-31; 20:17-35; 22:1-21; 26:2-23

   -Ang Huling Sermon ni Esteban: Gawa 7: 2-53

2. Gamitin mo ang “form” sa susunod na pahina upang suriin ang sermon na pinakikinggan mo. At gamitin mo rin ito upang suriin ang iyong sariling pangangaral.

**<u>"SERMON-EVALUATION FORM"</u>**

**<u>ORGANISASYON</u>**

**<u>PAMBUNGAD:</u>**

Nakukuha ba ang iyong atensiyon? _______ May natukoy bang pangangailangan? _____

Naipakikilala ba sa iyo ang paksa o pangunahing isipan? __________

Tama ba ang haba? _______ Mayroon bang tiyak na layunin? ___________

**<u>KATAWAN:</u>**

Malinaw ba ang pagkalahad? _______ Malinaw ba ang estraktura? _________

May pangunahing isipan ba ang sermon? ______ Masasabi mo ba ito? ______________

Malinaw ba ang mga paglilipat? ________ Nagrerepaso ba? _________________

Magkakaugnay ba ang mga puntos? ___________

Ang mga mahahalagang puntos ba ay may kaugnayan sa pangunahing isipan? _________

Ang mga maliliit na puntos ba ay kaugnay ng malalaking puntos? _____________

**<u>PAGSASAGAWA:</u>**

Mahalaga ba ang paksang ito? ____________ Angkop ba ito? ______________

Tama ba ang interpretasyon ng Biblia sa sermon? ________________

Ipinakikita ba ng tagapagsalita kung nasaan na siya sa texto? _____________

Ang pagtalakay ba ng paksa ay kumpleto? _________________

**<u>PANGWAKAS:</u>**

Ang sermon ba ay unti-unting naglakbay patungo sa "climax"? _____________

May sapat bang pagbubuod ng mga isipan? ________________

Epektibo ba ang panawagan sa pagtugon sa mensahe? ____________

## ESTILO

Tama ba ang gramatika ng tagapagsalita? _______

Tama ba ang pagbigkas ng mga salita? ___________

Mayaman ba ang kaniyang bokabularyo? _________

Tama ba ang paggamit ng mga salita? ___________

Ang pagpili ba niya ng mga salita ay nakadaragdag sa kahulugan ng sermon? _________

## PAGHAHATID

### PAGHAHATID NA PASALITA:

Nais ba ng tagapagsalita na siya'y marinig? _____________

Nadama mo bang nakikipag-usap siya sa iyo? ____________

Marunong ba siya makipagkaibigan? ____________

Ang paghahatid ba niya ay parang isang buhay na pag-uusap? _______________

Madali bang pakinggan ang kaniyang tinig? __________ Ito ba'y malinaw? __________

May pag-iiba ba ang kaniyang tinig?_______

Nagbabago ba ang lebel ng kaniyang boses? ________________

Humihinto ba siya paminsan-minsan? ____________________

### PISIKAL NA PAGHAHATID:

Kasali ba ang kaniyang buong katawan sa pagsesermon? __________

Gumagamit ba siya ng mga kilos ng kamay at iba pang bahagi ng katawan? _________

Mayroon ba siyang mga kilos na nakaka-abala sa nakikinig? ___________

Maayos ba ang kaniyang tindig? _______ Ang tagapagsalita ba ay may buhay? ________

Maganda ba siya magpahayag sa kaniyang mukha? ______________

## <u>MANGARAL NA MAY RESULTA</u>

Ni Charles G. Finney

Ano ang motibo mo sa pangangaral? Kung ang pakay mo ay para ikaw ay tumanyag – natural, ang iyong pangangaral ay angkop sa iyong layunin at hindi upang manghikayat ng mga kaluluwa para kay Cristo!

Iniiwasan mo bang ipangaral ang mga doktrina na makakasakit sa karnal na pag-iisip? Nag-aalala ka ba na ang mga nakikinig ay magsabi sa iyo –tulad ng sinabi nila kay Cristo—"Matigas ang pananalitang ito; sino ang makaririnig noon?" Iniiwasan mo bang magbitiw ng mga tiyak na pananalita? Natatakot ka bang maligalig ang mga budhi ng mga nakikinig, na baka sila mabagabag tungkol sa kanilang kaluluwa?

Tungkol naman sa mga taktika ng pagtuturo? Gumagamit ka ba ng mabubuting ilustrasyon? Naghahanap ka ba ng mga nakagaganyak na paraan upang ulitin ang mga mahahalagang mga pangungusap? Binibigyan mo ba ng diin ang mga pangunahing isipan sa pagpili ng mga salita at sa tono ng iyong boses? Ang mga paraang ito ay makakatulong upang matandaan ng mga tao ang iyong sinabi!

Ang pinupuntirya mo lang ba ay ang mahipo ang damdamin ng iyong mga tagpakinig? Pagsumikapan mong maabot ang kanilang mga budhi! Nagpapatotoo ka ba mula sa iyong sariling karanasan tungkol sa kapangyarihan ng Evangelio? Ito ang magdadala ng sumbat sa mga nakikinig na mayroon ka ng isang bagay na kailangan nila.

Natatakot ka ba na mapukaw mo sa mga nakikinig ang mga hindi kaayaayang mga alalahanin kapag naalaala nila ang kanilang mga kasalanang hindi napagsisihan? Nais ng Diablo na tuligsahin mo ang kasalanan na pangkalahatan, subalit ayaw niyang babanggitin mo ang mga tiyak na kasalanan ng mga nakikinig! Huwag kang sumuko sa Diablo!

Ang mahihinang mga mangangaral ay iniiwasang anyayahan ang mga nakikinig na sundin ang katotohanan ngayon at dito. Subalit ang pagsunod na pinatagal ay hindi pagsunod! Maging malakas ka na ihayag ang utos ng Dios at magsumikap ka na tumugon agad. Asahan mo silang magsuko ng sarili. Asahan mong ibibigay nila ang kanilang puso sa Dios, ngayon din! Ikaw ba ay nag-iiwan ng impresyon na sila ay maaaring magpatuloy sa kasalanan, at pag-isipan muna ang bagay na ito kung kombeniente? Ito ba ang pinakamabuting paraan upang mangaral na may <u>resulta.</u>

Sinasabi mo ba sa mga tao na hindi sila puwedeng sumunod? Na dapat nilang hintayin na baguhin sila ng Dios? Ang pagbabago ay darating pagkatapos nilang tanggapin si Jesus sa kanilang puso! Himukin mo sila na tumanggap na sa Panginoon <u>ngayon</u>! Mabuting ipangaral na ang kaligtasan ay kaloob ng Dios. Subalit siguruhin mo na sabihin sa kanila na ang mga makasalanan ay hinatulan na! Sila ay napahamak na! Sa ganitong paraan, mauunawaan nila ang kahulugan ng biyaya at kaligtasan, at makikita kung gaano nila ito kailangan! Ipangaral mo ang Evangelio na isang gamot, subalit huwag mong itago o hindi

pansinin ang sakit ng makasalanan na magbubulid sa kanila sa walang hanggang kamatayan – sa Impiyerno!

# MGA SAGOT SA PANSARILING PAGSUSULIT

**UNANG KABANATA:**

1.Dahil dito magsiayon nga kayo, at gawin ninyong mga alagad ang lahat ng mga bansa, na sila'y inyong bautismuhan sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo:

Naituro ninyo sa kanila na kanilang ganapin ang lahat ng mga bagay na iniutos ko sa inyo: at narito, Ako'y sumasa inyong palagi, hanggang sa katapusan ng sanglibutan. (Mateo 28: 19-20)

2. Mateo 28: 18-19

3. Ang salitang "pagtuturo" ay nangangahulugang magpabatid, ipakita, ituro ang pamamaraan ng paggawa, magbigay ng impormasyon, magsanay, at patnubayan ang pag-aaral ng iba. Ang "guro" ay isa na nagtuturo. "Ang pagtuturo" ay ang pagpapabatid at pagsasanay ng iba.

4. Kailangan natin ang mga guro sapagkat tumutulong sila na magpaliwanag ng Salita ng Dios sa mga hindi mananampalataya [evangelismo] at sa mga mananampalataya [pagka-alagad]. Kung walang mga guro, ang mga tao ay mistulang mga tupa na walang pastor.

5. Ang posisyon ng "guro" bilang lider ay manguna at magpatnubay sa iglesia bukod sa pagtuturo. Ang mayroong kaloob ng pagtuturo ay nagtuturo, subalit walang hawak na posisyon bilang lider sa iglesia.

6. Ang pangungusap ay totoo.

7. Tayo ay dapat magturo sa lahat ng bansa at ng mga tapat na tao na magtuturo rin naman ng iba.

8. Ang dalawang pangunahing layunin ng pagtuturo ay evangelismo at pagka-alagad.

9. Ang tatlong babala mula sa Biblia na tinukoy dito ay:

-Ang pagtuturo ay dapat nakasalalay sa Salita ng Dios, hindi sa mga doktrina ng tao.
-Dapat ipamuhay ng mga guro ang kanilang itinuturo.
-Magkakaroon ng mga bulaang mga guro.

**IKALAWANG KABANATA:**

1.Ito rin ay naparoon sa Kaniya nang gabi, at sa Kaniya'y sinabi, Rabi, nalalaman namin na Ikaw ay isang guro na nagbuhat sa Dios; sapagkat walang makagagawa ng mga tanda na Iyong ginagawa, maliban na kung sumasa Kaniya ang Dios. (Juan 3:2)

2. Ihambing ang iyong sagot sa tinalakay sa Ikalawang Kabanata.

3.Ihambing ang iyong sagot sa tinalakay sa Ikalawang Kabanata.

4. Ihambing ang iyong sagot sa tinalakay sa Ikalawang Kabanata.

5. Jesuscristo.

6. Ihambing ang iyong sagot sa tinalakay sa Ikalawang Kabanata.

7. Ihambing ang iyong sagot sa tinalakay sa Ikalawang Kabanata.

8. Ihambing ang iyong sagot sa tinalakay sa Ikalawang Kabanata.

9. Juan 20:21

10. Kung paanong sinugo ng Ama si Jesus, gayon din naman tayong isinugo upang tuparin ang gayon ding mga layunin. Ang Kaniyang misyon ang ating misyon.

**IKATLONG KABANATA:**

1. At samantalang kayo'y nangaglalakad, ay magsipangaral kayo, na mangagsabi, Ang Kaharian ng Langit ay malapit na.

   Mangagpagaling kayo ng mga may sakit, mangagpabangon kayo ng mga patay, mangaglinis kayo ng mga ketong, mangagpalabas kayo ng mga demonio: tinanggap ninyong walang bayad, ay ibigay ninyong walang bayad.
   (Mateo 10: 7-8)

2. Ang pangunahing mensahe ni Jesus ay lahat ng bagay tungkol sa Kaharian ng Dios. Kasali rito ang kung paano makakapasok sa Kaharian [evangelismo] at kung paano mamuhay bilang bahagi ng Kaharian [pagka-alagad].

3. I Corinto 15: 1-4

4. Ang pangungusap ay totoo.

5. Kapangyarihan.

6. Ang Salita ng Dios, ang Banal na Biblia.

**IKA-APAT NA KABANATA:**

Walang Pansariling Pagsusulit sa Ika-Apat ng Kabanata.

**IKA-LIMANG KABANATA:**

1. At nililibot ni Jesus ang lahat ng mga bayan at mga nayon, na nagtuturo sa mga sinagoga nila, at ipinangangaral ang Evangelio ng Kaharian, at pinagagaling ang sarisaring sakit at ang sarisaring karamdaman. (Mateo 9: 35)

2-11. Ihambing ang iyong mga sagot sa mga tanong na ito sa tinalakay sa bawat paksa sa Ika-Limang Kabanata ng manwal na ito.

**IKA-ANIM NA KABANATA:**

1. At pagdating sa Kaniyang sariling lupain, ay Kaniyang tinuruan sila sa kanilang sinagoga, anu pa't sila'y nangagtaka, at nagagsabi, Saan kumuha ang taong ito ng ganitong karunungan, at ng ganitong mga makapangyarihang gawa? (Mateo 13:54)

2. 2-11. Ihambing ang iyong mga sagot sa mga tanong na ito na tinalakay sa bawat paksa sa Ika-Anim na Kabanata ng manwal na ito.

**IKA-PITONG KABANATA:**

1. At kinuha Niya ang isang maliit na bata, at inilagay sa gitna nila: at siya'y Kaniyang kinalong, na sa kanila'y sinabi Niya,

   Ang sinomang tumanggap sa isa sa ganitong maliliit na bata sa Aking pangalan, ay Ako ang tinatanggap: at ang sinomang tumanggap sa Akin, ay hindi Ako ang tinatanggap, kundi yaong sa Aki'y nagsugo. (Marcos 9: 36-37)

2. Ang mga gamit sa pagtuturo ay mga bagay na tumutulong sa iyong pagtuturo ng leksyon. Maaari itong isang gawain na tumutulong sa mga estudyante na maunawaan ang isang katotothanan sa Biblia. Maaari rin itong isang bagay na nakikita, naririnig, o nahihipo [isang "audio-visual aid"].

3. Ang kahulugan ng salitang "audio" ay naririnig. Ang kahulugan ng salitang "visual" ay nakikita. Ang isang "audio-visual aid" ay isang bagay na nakikita at naririnig na nakakatulong sa pagkatuto.

4. Ang mga gamit na tulong sa pagtuturo ay mahalaga sapagkat tayo ay natututo sa pamamagitan ng ating nakikita, naririnig, at paggawa.

5. Gumamit Siya ng mga simpleng bagay mula sa kapaligiran.

**IKA-WALONG KABANATA:**

1. Datapuwat si Jesus sa Kaniyang sarili ay hindi rin nagkatiwala sa kanila, sapagkat nakikilala Niya ang lahat ng mga tao,

   Sapagkat hindi Niya kinakailangan na ang sinoman ay magpatotoo tungkol sa tao; sapagkat nalalaman nga Niya ang isinasaloob ng tao. (Juan 2: 24-25)

2. Ang "tagapakinig" ay grupo ng mga tao na tuturuan mo. Ang "pagsusuri" ay ang pag-aralan ang isang bagay na detalyado, ang mga katangian nito, at pag-aralan ang mga bahagi ng kabuuan. Ang pagsusuri ng tagapakinig ay ang masusing pag-aaral ng mga katangian ng grupo ng mga taong iyong tuturuan.

3. Ang pagsusuri ng tagapakinig ay mahalaga sapagkat ang pagkatuto ay apektado ng wika, edukasyon, kultura, mga kakayahang pisikal, paglagong espirituwal, kasarian, kalagayan sa pag-aasawa, katayuan sa lipunan at pananalapi, mga personal na pangangailangan, at edad. Kung hindi mo kikilalanin ang iyong mga tagapakinig baka ang iyong pagtuturo ay hindi maging angkop sa kanilang naabot na edukasyon o kalagayang espirituwal. Maaaring hindi nila maunawaan ang wikang iyong gagamitin. Maaaring ang mga leksyon mo ay walang kaugnayan sa kanilang sosyal na katayuan at pananalapi, at sa kanilang mga personal na pangangailangan.

4. Ihambing ang iyong buod sa tinalakay sa Ika-Walong Kabanata.

5. Ihambing ang iyong buod sa ibinigay sa grupo ng edad na pinili mong isulat.

**IKA-SIYAM NA KABANATA:**

1. Na Siya naming inihahayag, na pinaaalalahanan ang bawat tao at tinuturuan ang bawat tao, sa buong karunungan, upang maiharap naming sakdal kay Cristo ang bawat tao. (Colosas 1: 28)

2. Ang layunin ay isang pakay o hantungan ng isang gawain. Ito ay isang punto, tinutudla, o nais na maabot. Kapag nagsasaad ng mga layunin ang isang guro, sumusulat siya ng mga bagay na aabutin ng kaniyang mga estudyante. Inihahayag ito upang ilarawan kung ano ang inaasahang magagawa ng mga estudyante pagkatapos ng aralin.

3. -Pinapatnubayan nito ang mga panalangin ng guro, mga plano, pagtuturo, at mga gawain ng pagkatuto para maabot ang hantungan.

   -Maaari itong gamitin upang sukatin kung epektibo ang pagtuturo.

-Tumutulong ito na mapabuti ang iyong pagtuturo.

-Nakakatulong ito sa mga estudyante na maging tagagawa ng Salita sa halip na tagapakinig lamang.

4. Ang mga pangkalahatang layunin ay mga tinutudla para sa pagtuturo na pangkalahatan. Ito ay mga layunin na dapat abutin ng mga estudyante sa loob ng isang takdang panahon. Ang mga tiyak na layunin ay naiiba ayon sa mga leksyon. Ito ay mga tiyak na layunin para sa bawat leksyon.

5. Ang layunin B ay tama. Nasasaad ito sa isang paraang maaaring maobserbahan.

6. Ang huling tinutudla ng pagtuturong Biblikal ay nasasaad sa Colosas 1: 28.

**<u>IKA-SAMPUNG KABANATA:</u>**

1. Ang dila ng pantas ay nagbabadya ng tuos na kaalaman. (Kawikaan 15: 2)

2. Ihambing ang iyong listahan sa tinalakay sa Ika-Sampung Kabanata.

3.
-Pambungad
-Katawan
-Pagsasagawa
-Pangwakas

4. Ihambing ang iyong buod sa tinalakay sa Ika-Sampung Kabanata.

5.Walang tama o maling sagot. Ang layunin ay ikaw ay matutong magplano ng leksyon na ginagamit ang mga natutuhan mo sa kabanatang ito.

**<u>IKA-LABING ISANG KABANATA:</u>**

1. Upang inyong kilalanin ang mga bagay na magagaling; upang kayo'y maging mga tapat at walang kapintasan hanggang sa kaarawan ni Cristo. (Filipos 1: 10)

2. Ang pagtataya ay proseso ng pagsusuri ng isang bagay.

3. Mahalaga na masusing suriin ang ating pagtuturo upang lumago ang kaloob na ibinigay sa atin ng Dios.

4.
-Mga layunin
-Pagtugon
-Pagsusulit
-Kasanayan sa pagtuturo

5. Ihambing ang iyong buod sa tinalakay sa Ika-Labingisang Kabanata.

6. Magagamit mo ito bilang mga oportunidad sa paglagong espirituwal at pagbabago. Lalo mo pang mapagbubuti ang iyong kakayahan bilang guro.

**IKA-LABINGDALAWANG KABANATA:**

1. Ang lahat ng mga kasulatan na kinasihan ng Dios ay mapapakinabangan din naman sa pagtuturo, sa pagsansala, sa pagsaway, sa ikatututo na nasa katuwiran:

   Upang ang tao ng Dios ay maging sakdal, tinuruang lubos sa lahat ng mga gawang mabuti. ( II Timoteo 3: 16-17)

2. Ang salitang "kurikulum" ay tumutukoy sa isang organisadong kursong pag-aaralan. Maaari itong tumukoy sa isang kurso o sa lahat ng mga kursong ginagamit sa paaralan. Ang "Kurikulum na Biblikal" ay isang organisadong kurso ng pag-aaral ng Biblia.

3. Ihambing mo ang iyong buod sa tinalakay sa Ika-labingdalawang Kabanata.

4. Gamitin mo ang mga natutuhan mo sa Ika-Sampung Kabanata upang makagawa ka ng serye ng mga leksyon sa Biblia. Isulat mo nang detalyado ang mga leksyon. Di magtatagal ay makagagawa ka ng iyong sariling kurikulum. Gamitin mo ang "Curriculum Evaluation Checklist" upang matulungan kang mapabuti ang mga materiales na ginawa mo.

**IKA-LABINGTATLONG KABANATA:**

1. Ang pagkatakot sa Panginoon ay pasimula ng karunungan. (Kawikaan 9:10)

2. Ang estudyanteng "illiterate" ay isang taong hindi nakakabasa o nakakasulat sa sarili niyang wika.

3. Ihambing mo ang iyong buod sa tinalakay sa Ika-Labingtatlong Kabanata.

**IKA-LABING APAT NA KABANATA:**

1. Sapagkat ang mga salitang sa Akin ay ibinigay Mo ay ibinigay Ko sa kanila; at kanilang tinanggap, at nangakilala nilang tunay na nagbuhat Ako sa Iyo, at nagsipaniwalang Ikaw ang nagsugo sa Akin. (Juan 17: 8)

2. Pagsasanay bago magturo at pagsasanay sa mga nagtuturo na.

3. Ihambing ang iyong buod sa tinalakay sa Ika-Labing apat na Kabanata.

4. Para sa pagtitipon ng mga magsasanay, tingnan ang nakalista sa Ika-Labing apat na Kabanata.

5. Ihambing ang iyong buod sa tinalakay sa Ika-Labing apat na Kabanata.

6. Ihambing ang iyong buod sa tinalakay sa Ika-Labing apat na Kabanata.

7. Maaari mong suriin ang isang guro:

-Ginagamit ang iyong mga natutuhan sa Ika-Labingisang Kabanata ng kursong ito.
-Ayon sa ministeryong ginagawa nila.
-Ayon sa pagtupad niya sa "Teacher's Pledge."
-Sa pamamagitan ng pagmamasid habang sila ay nagtuturo.
-Sa pamamagitan ng pag-o-obserba sa mga "bunga" ng kanilang pagtuturo.

**IKA-LABINGLIMANG KABANATA:**

1. Paano nga silang magsisitawag doon sa hindi nila sinasampalatayanan? At paano silang magsisisampalataya sa Kaniya na hindi nila napakinggan? At paano silang mangakikinig na walang tagpangaral?

   At paano sila magsisipangaral, kung hindi sila mga isinugo? (Roma 10: 14-15a)

2. Ang pangangaral ay ang pagtatalumpati [isang sermon o masistemang pagsusuri ng isang paksa] na nagtuturo sa iba sa isang pormal na paraan.

3. Ihambing ang iyong buod sa tinalakay sa Ika-Labinglimang Kabanata.

4.
   -Ang mga mangangaral ay dapat isa-buhay ang kanilang ipinangangaral.
   -Kung ikaw ay tiyak na tinawag upang mangaral, dapat kang sumunod.
   -Ang pangangaral ay dapat nakasalig sa Salita ng Dios.
   -Ang mga motibo ay dapat wasto.

5. Sapagkat ang kapahayagan ng kapangyarihan ng Dios ay nagpapatunay sa pangangaral ng Kaniyang Salita.

**IKA-LABING-ANIM NA KABANATA:**

1. Ipangaral mo ang Salita; magsikap ka sa kapanahunan, at sa di kapanahunan, sumawata ka, sumaway ka, mangaral ka ng may buong pagpapahinuhod at pagtuturo. ( II Timoteo 4:2)

2. Ang mga pangunahing pagkakaiba ng pangangaral at pagtuturo ay:

-Ang mga paraang ginagamit sa pangangaral ay iba kay sa pagtuturo. Ang paraan ng paghimok sa pakikilahok ng nakikinig ay madalas hindi ginagamit sapagkat mas marami ang tagapakinig dito.

-Ang estilo ng pagpapahatid ay iba sa pangangaral sapagkat iba't iba ang mga edad ng mga nakikinig. Dapat gumamit ng estilo na nauunawaan ng mga bata, mga kabataan, at mga may gulang na.

-Wala kang nakalimbag na kurikulum na tulad sa Sunday School. Sa tulong ng Panginoon, dapat mong ipagpasya ang uri at nilalaman ng iyong mensahe.

3. Ang mga pangunahing hakbang sa paghahanda ng sermon ay tulad din sa pagtuturo. Ang mga ito ay:

-Ihanda mo ang iyong espirituwal na kalooban.
-Suriin mo ang tagapakinig.
-Magtakda ka ng mga layunin.
-Gumawa ka ng outline na ginagamit ang pangunahing estraktura ng may pambungad, katawan ng mensahe, pagsasagawa, at ang pangwakas.

4. Ang sermon na nakabatay sa paksa ay nakatuon sa mga tiyak na paksa tulad ng ang bunga na espirituwal, pakikibakang espirituwal, mga kaloob na espirituwal, atbp. Pipili ka ng isang tema mula sa mga paksang ito at maghanay ka ng isang sermon.

5. Sa sermon na nakabatay sa texto, may isang susing talata mula sa Biblia kung saan umiinog ang leksyon. Ang nalalabing bahagi ng mensahe ay nakatayo sa ibabaw ng isang pangunahing katotohanang ito.

6. Ang "Expository preaching" ay mas detalyado na uri ng pangangaral kay sa nakabatay sa paksa o sa texto. Maaari itong magpokus sa isang tiyak na paksa o bahagi ng Kasulatan, isang aklat sa Biblia, o isang karakter sa Biblia. Ipinaliliwanag na detalyado lahat ng itinuturo, bawat talata, at kung minsan ay bawat salita.

7. Ihambing ang iyong sagot sa tinalakay sa Ika-Labing-anim na Kabanata.

8. Ihambing ang iyong sagot sa tinalakay sa Ika-Labing-anim na Kabanata.

9. Ihambing ang iyong sagot sa tinalakay sa Ika-Labing-anim na Kabanata.